Lunar Academy: School For The Hunters

by suneowara


GIFTED SERIES #2
LUNAR ACADEMY
SCHOOL FOR THE HUNTERS
SUNLOWARA

Table of Contents

1. Author's Note
2. Self-pub
3. Prologue
4. 1. Where she grew up
5. 2. Kill the Target
6. 3. Decision
7. 4. For the Family
8. 5. Lunar Academy
9. 6. The New Student
10. 7. The Grim Reapers
11. 8. The Phoenix
12. 9. A symbol that cannot be erased
13. 10. The Destroyer
14. 11. He's back
15. 12. A Dangerous Opponent
16. 13. First Mission
17. 14. His first target
18. 15. The heart of a Destroyer
19. 16. Orders from the Principal
20. 17. A reason
21. 18. Payback
22. 19. Surpass your limits
23. 20. Strategy
24. 21. Clash of Guilds
25. 22. Opponents
26. 23. Unexpected Guests
27. 24. Block A
28. 25. Advance
29. 26. Rivals
30. 27. Clash of Familiars

31. 28. Battle of the Greatest
32. 29. Third round
33. 30. The King and the Executioner
34. 31. The Rookie
35. 32. Losing is not an option
36. 33. Encounter
37. 34. Rebound Eyes
38. 35. A partner's role
39. 36. The strongest Heir
40. 37. Fooled
41. 37.5 The puppet master
42. 38. Difference
43. 39. The Gifts of Cronus
44. 40. Phoenix and Raven
45. 41. The right hand
46. 42. Intentions
47. 43. Rosa Town
48. 44. Leveling
49. 45. Pride
50. 46. Training
51. 47. Survival
52. 48. Awakening
53. 49. Progress
54. 50. Outcome
55. 51. Operation
56. 52. Betrayal
57. 53. An ally
58. 54. Origin
59. 55. The past
60. 56. One of us
61. 56.5 A brother
62. 57. The unexpected traitor

63. 58. The Principal
64. 59. The cursed gifted
65. 60. Even if it costs me my life
66. 61. A phoenix never dies
67. Epilogue
68. SPECIAL CHAPTER
69. Author's note
70. ?CHRISTMAS SPECIAL CHAPTER? PART 1
71. ?CHRISTMAS SPECIAL CHAPTER? PART 2

Author's Note

This is a work of fiction.

Names, characters, business, places, events, and incidents are either the product of the author's imagination or used in a fictitious manner.

Any resemblance to actual person, living or dead or any events is purely coincidental.

No part of this book may be reproduced or transmitted in any forms or by any means.

Plagiarism is a crime.

I'm not a perfect writer, you may encounter unedited parts, typos, graphical errors, grammatical errors, wrong spellings and other errors. This is not a perfect book. If you're looking for a perfect book don't continue reading!

You're free to tell me tell me if there are some errors. I will appreciate it.

There's always room for improvement.

Please, if you can't respect me as a writer, at least respect me as a person. All I ask is your patience, I promise I will do better.

????????

Please po, wala po sanang spoilers. I'm sorry, but I will delete comments that consists spoilers. Respeto na lang po sa ibang readers.

List of Gifted Series: (I **RECCOMMEND** you to read series 1 first. There's a number for a reason. Magkakasunod-sunod po ito.)

Gifted Series #1- Nocturne Academy

Gifted Series#2- Lunar Academy

Gifted Series#3- The Forgotten Queen

Gifted Series#4- Solar Academy

Enjoy reading.

????????

?? ????? ?? ???? ???? ??? ??? ?????, ? ??????x ????? ???? ????.

-??????? ?. ??????

????????

If you don't like the characters, STOP READING, simple as that. No need to give the story rude comments because it doesn't suits your taste. Do yourself a favor and DROP the story, you're doing me a favor too. I accept criticisms but not insults or backhanded compliments.

Be a responsible reader and RESPECT the author.

Self-pub

ENDED

PRE-ORDER! Payment first policy!

(PAYO) BOOK BUNDLE! NO SOLO!!! BUNDLE ONLY!!

Title:
Lunar Academy: School for the Hunters
The Forgotten Queen: The Cursed Gifted

Genre: Fantasy

PRE-ORDER AND PAYMENT STARTS NOW UNTIL JULY 1, 2022

DATE OF RELEASE: AUGUST OR SEPTEMBER

BOOK DETAILS:
Size: 5 x 8
Content: White Paper
Cover: MATTE laminated (c2s 220)
1 pages COLORED ILLUSTRATION, Glossy paper
Perfect bind/ Paperback

LA pages: 420
TFG pages: 200

INCLUSIONS:
6 photo cards
2 illustrations
4 book marks
2 post cards
2 organic tea bags
1 drip coffee
1 small bottle glass with the color of the lake (Guild)
1 metal mini book mark
1 memo pad
1 booklet (Gifts, Gods, and Heiress/Heir list from series 1 & 2 &3)
1 keychain
Freebies (stickers, candies, etc.)
Special Chapter each book (book only)
Sign of the author

PRICE: ?849 + SF

SF: CAN PAY LATER
NCR- 85
Nationwide- 100

MODE OF PAYMENT:

GCASH //
PALAWAN TO GCASH

More details on FB. PM @suneo for more details. **ENDED**

ENDED

Prologue

When the war ended centuries ago, the Gifteds were born. They are people that inherited powers and abilities from the Gods and Goddesses, and called them gifts.

There are three kinds of gifts.

The most common one is control type. Iyon 'yong mga Gifteds na kayang kontrolin ang kahit anong specialty ng mga Gods and Goddesses na napagmanahan nila. Just like the heir and heiress of Poseidon, most likely, kaya nilang kontrolin ang tubig.

The next one is counter type. Kadalasan ito 'yong mga Gifteds na kayang talunin ang mga kalaban nila nang hindi man lang gumagalaw. The moment they use their gift, may chansang hindi mo na sila mahawakan. Because with just using their eyes, they can control their ability.

The last and rarest one is takeover type. Though kahit sinong God ay pwedeng magkaroon ng gift na 'to, sobrang bihira lang ang chansang makakita ka ng ganitong gift. It is the ability to takeover something and have its abilities. Sa buong buhay ko ay dalawa lang ang kilala kong may ganitong gift. Liev and me.

Sa paglaki ko ay lagi akong nasasabihan na sobrang swerte ko raw sa gift ko. Na walang makatatalo sa akin dahil dito.

Having a takeover gift, to be the water itself, a body that can be a monster, or be a bomb yourself.

It really is an overpowered ability.

But I'm not dumb.

Malaki ang tiwala ko sa gift ko lalong-lalo na sa kakayahan ko. But I'm not stupid enough to not know my limits.

I may have the advantage to other gifteds, pero alam kong kapag dumating ang araw na makaharap ko sila ay wala akong chansa.

Ang tatlong tagapagmana ni Cronus. The God of all Gods.

Ang mga gifteds na ayokong makaharap kahit kailan man.

But fate is really something. Maybe I was born under a lucky star.

Because I've met all three of them.

1. Where she grew up

"'W-Wag, please wag! B-Babayaran kita! Babayaran kita nang malaki!-"

Tanging ang boses ng lalaking kaharap ko ang nagsisilbing ingay sa silid. The night is young, and the moonlight is our only light.

Nakaluhod siya sa akin at magkadikit ang kamay. Nagmamakaawa na 'wag kong kunin ang buhay niya. Punong-puno ng takot ang mga mata niya.

Nakatutok ngayon sa ulo niya ang baril ko at hinihintay ko na lang ang signal para kalabitin ang gatilyo.

"P-Parang awa mo na-"

Hindi na niya natuloy ang sasabihin niya nang tuluyan na siyang barilin ng kasama ko.

I gasped as my eyes widened. "Tsk! Liev anong ginagawa mo?!" giit ko. Kunot noo akong napatingin sa kaniya. Wala pang signal na barilin ang target namin!

"We have no time left. Umalis na tayo," he answered in a monotone voice. Mabilis siyang tumalon sa bintana.

Napaismid ko siyang pinanood na umalis. Wala rin akong magagawa kung hindi sumunod. Hinawakan ko ang gilid ng bintana at naghandang tumalon.

"Hanggang diyan na lang kayo!"

Isang malakas na tunog ang narinig ko nang malakas at sapilitang binuksan ang pinto sa silid. Kasunod nito ay ang tunog ng mga pares ng sapatos na nakapasok.

Bago ako makatalon ay naramdaman ko ang pagtutok ng baril ng mga lalaking kararating lang sa silid. They must be the useless bodyguards.

"I-Itaas mo ang mga kamay mo! Kung hindi, babarilin kita!" nauutal na sambit ng isa sa kanila.

Kumurba ang isang ngisi sa labi ko sa sinabi niya. "Then shoot me."

I grinned when I saw the terror in their faces, seeing that I'm confident even though there are guns that are pointed at me. Kahit nanginginig ang mga kamay, nagawa akong barilin ng isa sa kanila.

"Scarlet!" Liev shouted.

Sumabay ang putok ng baril sa paghampas ng hangin. My crimson red hair flew with the wind. I felt my eyes changed. And the next thing I knew, nanginginig at napaluhod ang mga bodyguards sa nakita nila.

"I-Iyong bala, t-tumagos 'yong bala!" hindi makapaniwalang sambit ng isa sa kanila.

Hindi ko mapigilang matawa sa mga reaksyon nila. Kasabay n'on ay ang pag-apoy ng buong katawan ko.

"H-Halimaw! Halimaw!" sabi ng isa.

"Ouch, masakit 'yon ah." Nagawa ko pang hawakan ang puso ko na parang bang kumikirot ito.

"Tsk! Scarlet tara na!" Rinig kong tawag ni Liev.

Nakita kong tumatakbo na ito sa hindi kalayuan. Ngumiwi ako nang hindi man lang niya ako hinintay.

Hindi na rin ako nag-aksaya pa ng oras at umalis na rin ako. Hinayaan kong bumagsak ang katawan ko sa bintana, hindi pa rin nawawala ang ngisi sa labi. Bago ako tuluyang bumagsak sa lupa, nagbago ang mga kamay ko. With my wings made of fire, I flew towards Liev.

"Tsk! Anong ginagawa mo?! Bakit mo pinakita ang gift mo sa kanila?!" naiinis na sambit sa akin ng kasama ko.

I smirked. "So what? Do you think someone will believe them if they tell it?" sarkastikong sagot ko.

Isang simangot ang pinakita sa 'kin ni Liev. Hindi na siya nakasagot sa sinabi ko at nagpatuloy na lang kami sa pagtakbo.

Mas lalong lumawak ang ngisi ko. I won the argument, as always. Totoo naman ang sinabi ko. Walang maniniwala sa kanila kahit sabihin pa nila 'yon.

Who would believe them if they said that they saw a phoenix?

????????

"S03! L04! Welcome back! As usual, nagawa niyo na naman 'yong mission niyo!"

Sinalubong kami ni Liev ng mga bati nang makarating kami sa base namin. Lagi na lang nila kaming inaabangan kapag galing kami sa misyon. Dahil na rin siguro na kami ang tumayong mga ate at kuya sa kanila.

Other than Papa and the nannies, kaming mga code 1-9 ang mga nakatatanda rito. Or known as the one digit codes.

Every one of us have our own codes. First letter ng name mo at ang number mo. Most likely, mas maliit ang number ay mas malakas ang gift. And my number is 03.

"Scarlet! Kwentuhan mo naman ako kung anong nangyari sa mission niyo!" sambit sa akin ng isa.

Code W28, wyatt. 7 years old. Heir of Apollo.

I smiled as I walked towards him. "Sige, mamaya ha? Pupunta lang kami kay Papa," sagot ko.

Hindi ito umangal bagkus ay nginitian ako nito. "Okay!"

Nagpaalam na kami ni Liev sa mga batang nag-abang sa amin sa bungad ng base at nauna na kaming pumasok sa loob. As I entered inside, I was greeted with a familiar feeling.

A feeling where home is.

This is the place where we grew up. Ang lugar na tumayong tahanan namin. Kung saan lahat ng kasama namin dito ay tinuturing naming mga kapatid.

Dito na 'ko nagkaisip kaya ito na rin ang tinuring kong tahanan.

Malaki ang pasasalamat namin kay Papa, ang lalaking tumayong magulang sa aming lahat. Binigay niya ang pangangailangan namin at minulat ang mga mata namin sa lahat.

We were told that we were abandoned when we were still a child. Because they are scared of our powers—our gifts.

But this is not an orphanage or something like that.

Hindi kami pinalaki rito para mapunta sa kung kaninong pamilya. Papa trained us. Taught us our gifts and how to use them. And in order to pay him and show him our gratitude, we work for Papa.

We were raised as assassins. To kill anyone who our client told us to kill. Pati na rin ang mga taong sagabal sa plano ni Papa. Ang plano niya para sa aming lahat. Gagawa siya ng future kung saan tatanggapin kami ng lahat at hindi kami katatakutan sa mga kakayahan namin.

"Oh my children! Welcome home!" bungad sa amin ni Papa nang makarating kami sa silid niya.

I flashed a smile. He's sitting in his desk and his hands are resting on the top of the table.

Kagaya nang nakasanayan ay ni-report namin sa kaniya ang lahat ng nangyari sa trabaho namin. We successfully killed our target without any problem.

"I know that you two can do it. Kaya nga sa inyo ko binigay ang trabaho," nakangiting sambit sa amin ni Papa.

"Magpahinga na kayo mga anak ko," dagdag niya.

Isang ngiti ang sinagot namin ni Liev sa kaniya. Sinunod namin ang sinabi niya at nagsimula na kaming umalis sa silid. Naunang lumabas si Liev at no'ng ako na ang palabas ay nahinto ako sa sinabi ni Papa.

"Uhm, wait lang Scarlet."

Napatingin ako kay Papa at napansin kong nagdadalawang isip siya sa sasabihin niya. "Bakit po, Papa?"

He looks troubled. Huminga muna siya nang malalim bago siya nagsalita.

"Alam kong kagagaling mo lang sa trabaho, pero I have a mission for you." Magkadikit ang dalawang kamay ni Papa. "Sa'yo ko gustong ipagkatiwala ang misyon na ito," dagdag niya.

Nanatili akong nakinig sa sinasabi niya. "Anything for you, Papa. Kanino galing ang misyon? Who do I need to kill?"

Nagkaroon ng sandaling katahimikan sa silid. Humampas ang hangin sa bukas na bintana dahilan ng pagsilip ng sinag ng buwan dahil sa pag-angat ng kurtina.

"It's from me, Scarlet."

The atmosphere suddenly changed. Naging seryoso ang ekspresyon ni Papa sa sinabi niya habang natigilan ako.

"So I'm going to kill a gifted huh?" sambit ko.

Tumango sa sinabi ko si Papa. Nanatiling nakapatong ang dalawang kamay niya sa lamesa at seryoso ang ekspresyon.

"Kung hahadlang siya sa plano niyo ay kailangan ko talaga siyang patayin," I said, determined.

Kumurba ang isang ngiti sa labi nito sa sinabi ko. "Kagaya ng inaasahan ko, maipagkakatiwala ko talaga sa 'yo 'tong plano na ito."

Tumayo sa pagkakaupo si Papa at lumapit siya sa 'kin upang yakapin ako. "But she's not an ordinary gifted, Scarlet. Natatakot ako dahil baka hindi mo siya kayanin."

Kumunot ang noo ko sa sinabi niya. "Wala po ba kayong tiwala sa akin?"

Umiling si Papa sa sinabi ko. "Hindi sa gano'n anak..."

Lumambot bigla ang boses niya. Nabigla ako nang bigla na lamang siyang nagpunas ng luha. My expression immediately changed. Agad kumulo ang dugo ko sa taong gustong ipapatay niya sa akin.

Sino ba siya at bakit ganito na lang ang nararamdaman ni Papa sa kaniya?!

"Ayoko lang maulit ang nangyari kay Addi, Scarlet."

Para akong binuhusan ng malamig na tubig sa narinig. Natigilan ako nang banggitin ni Papa ang pangalan ni Addi. "A-Ang ibig niyo po bang sabihin?-"

Hindi pa 'ko natatapos ay tumango na agad ito sa sinabi ko.

"Binigay ko ang misyon na ito kay Addi pero hindi na siya nakabalik pa. T-This woman killed Addi!"

Parang huminto ang mundo ko sa narinig. I literally glitched. Nagkaroon pa lalo ako ng dahilan para patayin siya.

Addi was one of us! She's A08! And it's been a month since she disappeared!

Kung gano'n ay napatay pala talaga siya sa misyon... hinding-hindi ko mapapatawad ang pumatay sa kaniya.

"S-Sobra kong sinisisi ang sarili ko Scarlet. Sagabal siya sa plano natin kaya gusto ko siyang mawala! Pero hindi 'yon nangyari at kinuha niya pa sa atin si Addi!"

Nagsimula ng maluha si Papa. Nanatili siyang nakayakap sa akin habang nanginginig ang mga kamay ko sa galit. Hindi ako makapaghintay na patayin ang taong nasa likod ng lahat ng ito. Mahigpit ang pagkasasara ng kamao ko at mariin akong nakakagat sa ibabang labi.

"Ako na ang bahala Papa. I will finish Addi's job. Hindi na siya sasagabal sa plano niyo," seryosong sambit ko.

In a flash, Papa's emotions immediately changed. Bumitaw si Papa sa pagkakayakap sa akin at nagawa niyang makangiti sa sinabi ko. He patted my head and he gave me a proud look.

"Very well Scarlet, kill this person. Para sa future ng lahat, kailangan niyang mawala." He went closer to my right ear.

"Kill Helena, the Principal of Lunar Academy."

2. Kill the Target

It has been three days, since ibigay sa akin ni Papa ang misyon. The mission to kill Helena, the Principal of Lunar Academy. Ayon sa mga impormasyon na nakalap ko ay nasa Nocturne Academy si Helena at pabalik na siya ngayon.

Nandito ako sa gitna ng gubat kung saan dadaan ang kalesang sinasakyan ni Helena. Sakto pa at madilim na ang paligid. It's perfect for ambush.

Sa kabila ng paghahanda ko ay hindi ko pa rin mapigilang kabahan. My heart kept pounding fast.

Helena is known for being unbeatable. Sa lahat ng nagtangkang pumatay sa kaniya ay walang nagtagumpay, bagkus ay mga bangkay na lamang nila ang naging patunay na hindi nila napatay si Helena.

She's an Heiress of Cronus, the God of time. Isa sa tatlong gifted na iniiwasan kong makaharap. Pero hindi ito ang panahon upang matakot ako sa kaniya.

She's still a human... a human can die and has weakness.

Para ito kay Papa, para sa plano niya. Hindi ko hahayaang maging sagabal si Helena sa plano ni Papa. At isa pa, kailangan kong ipaghiganti si Addi. Sisiguraduhin kong mapapatay ko si Helena.

Mabigat ang paghinga ko at hindi ko inalintana ang makakating damo na tumatama sa balat ko. Tunog ng iba't ibang hayop sa gubat ang tanging ingay at ang sinag ng buwan ang nagsilbing liwanag ko.

Hindi nagtagal ang paghihintay ko nang marinig ko na ang kalesa na paparating. Hinanda ko na ang sarili ko upang sumugod.

Pero labis akong nagtaka nang unti-unti na itong makalapit sa akin. Wala ang kutsero sa harap at tumatakbo ang kabayo mag-isa.

My forehead furrowed. Ngunit sa kabila ng pagtataka ko ay sinimulan ko ng lumapit dito para sumugod. Wala akong panahon para problemahin ang kutsero na iyon. My target is Helena.

I felt my eyes changed as I went closer. I was about to open the door when it opened by itself.

Kasabay n'on ay ang biglaang pagtigil ko. Pati na rin ang pag-andar ng kalesa ay huminto, ang paghampas ng hangin, at ang paggalaw ng mga puno.

Fear and panic crossed my face. What... happened?!

"Tsk, tsk, tsk."

Tuluyang bumukas ang pinto at bumaba ang isang taong hindi ko inaasahan. A little girl with a blonde hair. Nasaan si Helena?!

"I'm Helena," sambit ng bata.

Nabigla ako nang sumagot ang batang babae na para bang nababasa ang nasa isip ko. I can't show my emotions because the time stopped, but also at the same time, I don't know what I should react.

She's Helena?! Helena was a little girl?!

Pagkalabas nito sa kalesa ay agad niyang nilibot ang kaniyang paningin sa paligid. Nanatili siyang nakatungtong sa maliit na hagdanan paakyat ng kalesa. Naguguluhan pa rin ako.

Paano tumigil sa paggalaw ang paligid?! Is this her gift?!

Pero kahit gano'n ay paano niya nalaman na nandito ako?!-

"Paano niya nalaman na nandito ako?"

Bigla na lamang nagsalita si Helena. "It's what you're thinking, right?" dagdag nito.

Hindi nag-alinlangan si Helena na lapitan ako, habang nakapatong siya sa maliit na hagdan ay inilapit niya ang mukha niya sa 'kin. Kasabay n'on ay ang paghawak niya sa buhok ko.

"I can't help it. Your red hair caught my attention."

Tanging paglunok na lamang nang malalim ang nagawa ko. She's mocking me! Bwisit! Kahit ang gift ko ay hindi ko magamit!

Am I... really this weak against an heiress of Cronus?

"You really think that you can kill me?" biglaang sambit ng babaeng kaharap ko.

Nanatiling nagsasalita si Helena habang pinipilit ko namang gumalaw. Pero kahit anong hirap ko ay hindi ko na maramdaman ang katawan ko. Para bang wala na 'kong kontrol dito.

"If you really want to kill me, at least bring a hundred of gifteds or something."

Hindi ko man lang kayang magpakita ng emosyon. Mas lalong umiinit ang ulo ko sa mga sinasabi niya. Pinapamukha niya lalo sa akin na wala akong laban sa kaniya.

"But I commend your bravery, sweetheart," nakangising aniya.

I felt the chills when Helena leaned towards me and whispered. "But you're too weak. Better luck next time."

Muli itong bumalik sa loob ng kalesa. Nagawa pa niyang kumuha ng isang tea cup at uminom.

"Jeez, kung nakapapatay lang ang tingin, kanina mo pa 'ko napatay."

Hindi ko magawang umismid sa sinabi niya. Sobra-sobra ang galit ko kay Helena, pero hindi ko rin maiwasang mainis sa sarili ko.

Nakakahiya ang posisyon ko ngayon. Ni hindi ko man lang nahawakan ang target ko, maski ilabas ang sama ng loob ko gamit ang mga salita. All my life, I've been training to be stronger. Yet, wala akong laban sa babaeng kaharap ko ngayon.

Is it just... because her gift? Or I'm really... just weak?

"What a disappointment," walang kaemo-emosyong sabi ni Helena.

Para na lamang akong nanghina sa sinabi niya. Hindi ko alam kung ano ang mararamdaman ko. Magagalit ba 'ko o maawa sa sarili ko?

Muli niya akong pinagmasdan. She's probably having fun mocking me.

"It seems like you still don't have your familiar," pag-iiba niya.

Naguluhan ako sa narinig. Ano 'yon? Requirement ba 'yon para maging malakas? Kung gano'n nga eh wala pa nga ako n'on. I'm still weak.

"Meteor," malamig na bigkas ng batang kaharap ko.

Nagkaroon ng sandaling katahimikan. Sinabi na lamang 'yon bigla ni Helena na pinagtaka ko. Inaasar niya ba 'ko?-

Nabigla ako nang may narinig akong malakas na dagundong sa gubat. Kasunod n'on ay ang pagyanig ng lupa.

Hindi ko magawang ilibot ang tingin ko dahil literal na naestatwa ako ngayon sa pwesto ko. Pero hindi ko na kinailangan gawin 'yon nang dahan-dahan, sumulpot ang dahilan ng pagyanig.

Kahit hindi ako makagalaw, dahan-dahang umangat ang tingin ko sa malaking nilalang na nasa likuran ng kalesa. Nang makita ko ito ay parang nanlambot ang buong katawan ko. Kung naigagalaw ko lang ito ay paniguradong natumba na 'ko sa takot.

What...the fuck?!

Anong ginagawa niyan dito?! I thought that they're already extinct!

A freaking T-rex just appeared!

"You like it?"

Imbis na matakot ay nagawa pang ngumiti ni Helena.

Seryoso ba 'to? O baka kanina pa 'ko pinatay ni Helena? Imposibleng magkaroon niyan dito!

"He's my familiar," muling sambit ng babaeng kaharap ko.

Lumapit ang ulo ng T-rex sa bungad ng kalesa, sa mismong harapan ko. Nararamdaman ko ang paghinga nito sa malaking bibig niya, at kitang-kita ko rin ang naglalakihan niyang mga pangil sa bawat pagbuka ng bibig niya.

Nagawang hawakan ni Helena ang halimaw sa harap ko. Familiar?! What the fuck is that? A kind of dinosaur?!

Sa kabila ng takot ko ay hindi pa rin nawawala ang tingin ko kay Helena.

So, ganito siya kalakas huh? She can fucking control a T-rex. Ganito ba talaga ang mga gifted sa labas? Ibang-iba sa mga nakalakihan ko. Papa didn't told us that gifteds can control a dinosaur!

"You also have your own," biglaang ani ng kaharap ko.

I was taken aback by what she said. Helana gave me a serious look.

"Though I'm not sure kung ano ang sa'yo."

Kumurba ang isang ngisi sa labi niya.

"Gusto mo rin bang malaman?"

I don't know what she's plotting. Kung bakit niya pa sinasabi 'yon at bakit niya pa pinakita sa akin 'yan. Bakit hindi niya na lang ako patayin? Kagaya ng ginawa niya kay Addi.

"I like you, kid." Helena smirked.

"Come to my Academy."

Natigilan ako sa sinabi niya. Hinintay kong tumawa siya at bawiin ito pero hindi iyon nangyari.

"I'm serious," walang ganang sambit ng batang kaharap ko.

I just looked at her, dumbfounded.

Gusto kong murahin siya ngayon. Nasisiraan na ba siya? I just fucking tried to kill her. Anong pinagsasabi niya?! Is she really having fun mocking me?!

She took a sip before spouting nonsense once again.

"Come to my Academy, kid."

"Summon your familiar."

"Join a guild."

"And do missions."

Sunod-sunod na sabi ni Helena. Para akong nabibingi sa mga sinasabi niya. She's out of her mind!

"And malay mo, magawa mo pa 'kong mapatay hindi ba?" She chuckled—amused and teasing me.

I gritted my teeth and I looked at her dead in the eye. Ano ba ang pinaplano niya?

"I'll be waiting for you."

For the last time, Helena went closer to me, making our eyes met. She plastered a smile—a cunning one.

"Come to Lunar Academy, school for the hunters."

3. Decision

Nanatili akong nakatunganga sa harap ng pagkain ko. Ni hindi ko man lang ito magalaw.

"Galawin mo naman 'yang pagkain mo."

Napunta ang atensyon ko kay Liev na kumakain sa gilid ko. "We both know na masyado pang malakas para sa atin si Helena. 'Wag mong sisihin ang sarili mo. You're not weak, she's just too strong." Pagpapagaan nito ng loob ko.

"I don't know what Papa's thinking, at ikaw ang pinadala niya. He should have sent code 02 or 01," dagdag niya.

Napaismid ako sa sinabi niya. "We don't even know if those two exist. We still haven't met neither of them."

Nagkibit-balikat na lamang si Liev at nagpatuloy siya sa pagkain.

"Jeez, bakit pa kasi ikaw ang pinadala ni papa? Nakakahiya ka."

Katutulala ko ay hindi ko na napansin na may tao na pala sa harap ko. She gave me a look of disgust while her arms were crossed—looking down on me.

"Shut the fuck up, Viola." Rinig kong sambit ni Liev.

Hindi natinag si Viola at nanatili pa rin itong nasa harap ko. It's been 2 days since I've met Helena. Hindi pinalagpas ng mga one digit codes ang kabiguan ko. Nalaman nila ang buong pangyayari no'ng gabing 'yon. Walang labis, walang kulang. Isa na roon si Viola, she's V08. Dati siyang V09 pero no'ng nawala si Addi ay tumaas ang rank niya.

"At bakit naman Liev? Ipagtatanggol mo na naman 'yan sa kapalpakan niya?" giit ni Viola.

Napaismid ako sa sinabi niya. Wala ako sa mood para patulan siya ngayon.

"Tsk, napakasimpleng trabaho hindi mo magawa? Isang bata lang hindi mo pa mailigpit? Jeez! At nagawa ka pang i-invite sa school ng target mo? Anong kahihiyan 'yon? Kung ako na lang sana ang pinadala-"

Natigilan si Viola nang padabog akong tumayo.

"Wow. Ang kapal naman ng pagmumukha mong umakto pa ng ganiyan. Hindi mo nga nagawa 'yong trabaho mo! Dapat ako na lang-"

I felt my eyes changed. Hindi ko namalayan na kinuwelyuhan ko na pala ang babaeng kaharap ko. We took everyone's attention and all of them stopped eating.

Seeing my body slowly getting surrounded by fire, I can see the slight fear on Viola's eyes. I looked at her dead in the eye.

"Shut your fucking mouth, V08. The number was there for a reason. Know your fucking place," seryosong sambit ko.

Napalunok siya nang malalim at hindi nakasagot. Binitawan ko ang kwelyo niya at umalis sa Dining Area. Kung alam lang nila na mas naiinis ako sa sarili ko kaysa sa pagkakainis nila sa akin.

That damn Helena! Bakit hindi niya pa 'ko pinatay roon? Gusto niya pa ba talagang ipamukha sa akin na sobrang hina ko? Na kailangan ko pa munang pumasok sa eskwelahan niya para lumakas ako?

I'll make her fucking regret letting me live that night. Sisiguraduhin kong ako ang papatay sa kaniya.

Dumeretso ako sa kwarto ko upang magisip-isip. Bilog ang buwan ngayon at hindi ako mapakali. Kailangan kong kausapin si Papa. Hihingi ako sa kaniya ng pangalawang pagkakataon. Sisiguraduhin ko ng mapapatay ko si Helena. I won't make the same mistake twice.

Lumabas ako ng kwarto para pumunta sa kwarto ni Papa. Sana ay hindi pa siya tulog ngayon.

Nang nasa harap na 'ko ng pinto ng kwarto niya ay kumatok ako ng tatlong beses. Hinintay kong bumukas ang pinto pero hindi ito bumukas.

Hindi kaya tulog na siya?

Sinubukan kong kumatok ulit ng dalawang beses pero hindi pa rin ito bumukas. Bukas ko na lang kaya sabihin?

I bit my lower lip as I choose my decision. May nagsasabi sa sarili ko na ngayon ko na sabihin kay Papa.

Napabuntong-hininga na lamang ako nang dahan-dahan kong binuksan ang pinto. Hindi ito nilo-lock ni Papa para raw kung kailangan namin siya ay mabilis namin siyang malalapitan.

"Papa?"

Sumilip ako sa kwarto upang hanapin si Papa pero nabigo ako. Nagtaka ako nang makitang bakante ang kwarto. Wala si Papa sa loob. Nasaan naman kaya siya ngayong oras?

Pagtapos kong manggaling sa kwarto ay sunod ko namang pinuntahan ang office niya. Baka may ginagawa pa siya roon ngayon.

Nang makarating ako sa office niya ay agad akong pumasok sa loob. Pero kagaya nang nangyari kanina ay nabigo lang ulit ako. Walang bakas na nanggaling dito si Papa. Nasaan naman kaya siya?

I sighed in disappointment. Siguro nga ay bukas ko na lang kausapin si Papa.

Napagdesisyunan kong bukas ko na lang siya kauusapin at naglakad na 'ko pabalik sa kwarto ko.

Habang naglalakad pabalik ay nahagip ng paningin ko ang bintana. Isang pamilyar na pigura ang nakita ko sa labas ng base. Nasa labas si Papa.

Agad akong lumabas ng base para puntahan siya. Ano naman kaya ang ginagawa niya sa labas ng ganitong oras?

Paglabas ko ng base ay sinalubong kaagad ako ng malakas ng hangin dahilan ng pagyakap ko sa sarili ko. Kauusapin ko nang mabilis si Papa para makabalik ako kaagad.

Habang papalapit nang papalapit sa pwesto ni Papa ay meron akong naririnig na nagsasalita. Mukhang meron siyang kausap sa telepono.

Tumigil muna ako sa paglalakad at nanatili sa pwesto ko. Hindi ko pwedeng abalahin si Papa habang may kausap siya sa telepono. Pero kahit medyo malayo ako sa pwesto niya ay hindi ko pa rin mapigilang marinig ang pinag-uusapan nila.

"Ano na ang balita kay Helena?" sambit ni Papa.

Natigilan ako sa sinabi niya at mabilis na nakuha ang atensyon ko. Bakit si Helena ang pinag-uusapan nila? Tungkol ba ito sa plano ni Papa?

Napabuntong-hininga ako sa sarili ko. Hindi ko dapat pakinggan ang pinag-uusapan nila. Sigurado akong magagalit sa akin si Papa. Sa loob ko na lang siya hihintayin.

Naglakad ako pabalik sa loob ng base pero muli akong natigilan sa narinig ko.

"Sinubukan ko siyang ipaligpit sa isa sa mga bata rito. Akala ko pa naman magagawa na niya, tutal malaki ang silbe ng gift niya. Pero iba talaga si Helena."

Muling nakuha ng sinabi ni Papa ang atensyon ko. Ako ba ang tinutukoy niya?

Alam kong hindi ako pwede makinig pero hindi ko na magawang maglakad papalayo.

"Mukha namang walang sinabi sa kaniya si Helena. Pinagtataka ko nga lang kung bakit inimbita 'yon ni Helena sa eskwelahan niya. Alamin mo kung bakit," muling sambit ni papa sa kausap niya.

"Mabuti na lang at walang sinabi sa kaniya si Helena. Sayang naman kung papatayin ko siya. Malaki ang pakinabang siya sa akin."

I immediately got frozen in my place, dumbfounded. As if a loud and a high pitched sound got stucked in my ears. Nanlambot ako sa sinabi ni Papa.

Si Papa... ba talaga ang nagsasalita? Ano ang pinagsasabi niya? Bakit?

Bigla na lamang tumawa si Papa sa kausap niya sa kabilang linya. "Nga pala, nahanap mo na ba 'yong babae?" pag-iiba niya.

Nanatili akong nakinig sa pag-uusap nina Papa, kahit hindi ko magawang makapaniwala na si Papa ang nagsasabi n'on. Mabigat na rin ang bawat paghinga ko.

"Lintik, hanapin mo 'yon kaagad! Sinabi sa kaniya ni Helena ang mga plano ko. Malilintikan pa tayo kapag bumalik 'yan dito. Alam ng mga bata patay na 'yan."

"Sinabi ko na sa'yo hindi ba? Code A08!Ligpitin mo na kaagad!"

4. For the Family

Parang huminto ang mundo ko. Nanginginig ang buo kong katawan sa narinig ko. Tila napako ako sa kinatatayuan ko at hindi ako makagalaw.

Despite being outside, I'm having a hard time breathing. The pressure, the atmosphere—it's suffocating.

Nanaginip lang ba 'ko? Totoo ba itong mga naririnig ko? Hindi pinatay ni Helena si Addi? Tapos si Papa ang gustong pumatay sa kaniya?

Pero... bakit? Akala ko ba pamilya kami? Bakit papatayin ni Papa ang sarili niyang anak? Nasaan na si Addi ngayon?

Ang daming tanong sa isipan ko at hindi ko na lang mapigilang maiyak. This is too much-

"Are you playing hide and seek? Sali ako!"

Parang binuhusan ako ng malamig na tubig nang sumulpot sa gilid ko si Wyatt. Agad ding natigilan sa pagsasalita si Papa.

Literal na parang bumagal ang oras sa kabila ng mabilis na pagkilos ko.

Gumalaw ng sarili ang katawan ko at agad kong binuhat si Wyatt pabalik sa loob ng base. Agad akong tumakbo pabalik sa kwarto ko habang tumatawa si Wyatt.

"Are we playing tag, Scarlet?" natutuwang sambit niya.

I just faked a smile at him and continued running. Hindi rin nagtagal nang makarating kami sa kwarto ko. Habol-habol ko ang hininga ko nang ibaba ko si Wyatt.

"Laro pa tayo!"

Napasinghap ako sa sinabi niya. "W-Wyatt, gabi na ah, b-bakit nasa labas ka?" marahang tanong ko.

Parang aatakihin ako sa puso sa mga oras na iyon. Sana lang ay hindi kami nakita ni Papa.

"Hmm, nagwiwi ako eh. Tapos nakita ko si Papa sa bintana kaya lumabas ako. Tapos nakita kitang nagtatago. Are you playing hide and seek?"

Agad akong umiling sa sinabi ni Wyatt. "N-No, Scarlet just wanted to talk to Papa, pero he's busy eh. K-Kaya tomorrow na lang siya kauusapin ni Scarlet," sagot ko. Madaling naniwala sa akin si Wyatt.

"K-Kaya mag-isleep ka na ha? Gabi na," dagdag ko.

Isang tango ang sinagot niya sa akin at niyakap ako bago lumabas ng pintuan.

"U-Uhm wait, Wyatt!"

Huminto si Wyatt nang tinawag ko siya. "M-Magagalit sa atin si Papa kung lumalabas tayo ng gabi hindi ba? C-Can we make this our little secret?"

Nakangiti siyang tumango sa akin. "Yup!" aniya at tuluyan ng lumabas ng kwarto ko.

Malalim akong napabuntong-hininga nang sumara ang pinto. Hindi pa rin tumitigil sa panginginig ang mga kamay ko at pati na rin ang mabilis na pagtibok ng puso ko.

His words kept echoing in my head.

Papa... is willing to kill us for his plans. Akala ko ba... para sa amin ang mga plano niya?

Sobrang naninikip ang dibdib ko at sobrang bilis ng tibok ng puso ko. I didn't managed to sleep well that night... my mind won't stop overthinking.

Nagising ako kinabukasan sa nakasisilaw na liwanag na tumatagos sa bintana ko. Malalim ang mga mata ko habang nakasilip sa bintana.

Umaga na... pero hindi pa rin nawawala ang kaba na nararamdaman ko.

Tumunog ang bell sa labas hudyat na simula na ng agahan. Sabay-sabay kaming nag-aagahan, pati na rin ang mga nannies at si Papa.

Pilit kong binaliwala muna ang kaba ko at nag-ayos na 'ko para lumabas ng kwarto. I need to act normal to avoid suspicion. Kasabay nang paglabas ko ay ang pagtakbo ng mga bata sa hallway para mag-unahan ng pwesto sa Dining area. Hindi ako tumunganga lang doon at naglakad na rin ako papunta sa Dining area.

Kailangan kong umakto nang normal. Sigurado akong hindi malalaman ni Papa na nando'n kami kagabi ni Wyatt sa labas.

Akmang hahakbang na 'ko nang may narinig akong nagsalita.

"Good morning, Scarlet."

As if I've seen a ghost, my body stopped in an instant and my face became pale. Tumaas ang lahat ng balahibo ko sa katawan nang marinig ko ang boses niya sa likod ko. Nang linungin ko ito ay bumungad sa akin si Papa buhat-buhat si Wyatt.

This is the first time I felt this feeling the moment our eyes met. His eyes... as if he can see my soul.

"Let's talk after you eat, okay? Eat well," nakangiting sambit ni papa.

Nilagpasan ako nito habang naestatwa ako sa kinatatayuan ko. He knew. He fucking knew.

Dahil sa nangyari ay hindi ko na naman nagalaw ang pagkain ko. Sobrang bilis ng tibok ng puso ko. Hindi mawala sa isipan ko ang pangyayari kagabi at ang tingin sa akin ni Papa kanina.

He can't... kill me. Yes, he... can't! First, I'm his child! Pero kung kaya niya nga 'kong patayin.... He still can't do it... I can fucking heal myself! I'm a phoenix!

Pero... paano kung hindi ako ang patayin niya? Paano kung... ang mga tinuring kong kapatid? Paano kung... si Wyatt?-

"Kumain ka na. 'Wag mo ng isipin 'yong sinabi ni Viola kagabi."

Natigilan ako sa pag-iisip nang magsalita sa tabi ko si Liev. Tahimik lang itong kumakain sa tabi ko. Nang pagmasdan ko sila ay kani-kaniya rin silang kumakain ng agahan. Wala silang alam sa totoong katauhan ni Papa.

"M-Mauuna na 'ko," ani ko.

I didn't waited for an answer. Iniwan ko si Liev na kumakain sa lamesa. Pupuntahan ko na si Papa. Alam kong hindi ko na maitatago na narinig ko ang mga sinabi niya kagabi. I still don't know Papa's gift. Samantalang alam niya lahat ng kakayahan at kahinaan namin.

Kailangan kong mag-ingat. Hindi para sa akin kung 'di para na rin sa kanila.

Dinala ako ng mga paa ko sa harap ng pintuan ng office ni Papa. Parang nandilim ang paligid ko at tanging ang pintuan lang ang nakikita ko. Kasunod nito ang pagdagan ng kung ano sa dibdib ko.

I can feel the tension, and the atmosphere is suffocating me. Huminga muna ako nang malalim bago ko ito buksan. Pagbukas ko ng pinto ay nag-aabang sa akin si Papa na prenteng nakaupo sa upuan.

Hands on the top of the table, his chin is resting at the back of his palms.

"Come in, my child," aniya.

Nanatili akong tahimik habang naglalakad papunta sa harap niya. Pabigat nang pabigat ang pakiramdam ko kada yapak na ginagawa ko. Nagsitaasan ang mga balahibo ko sa katawan nang magtama ang mga mata namin.

"You were there last night, right?" deretsong sambit niya.

Papa didn't wasted time or beat around the bush. Parang natuyo ang lalamunan ko at hindi ko magawang magsalita. Nagsisimula na ring manginig ang mga kamay ko.

Fuck... this is not the right time!

I felt my eyes changed. I looked straight into his eyes.

"A-Ano naman kung nando'n nga ako? Papatayin mo rin ba ako?" taas noong sagot ko.

With my eyes literally burning and locked on his, my right hand is secretly reaching my pocket—where my pocket knife is.

Kahit nagawa kong sabihin 'yon ay hindi ko pa rin mapigilan ang panginginig ng kamay ko.

Kumurba ang isang ngisi sa labi ni Papa.

"Iyon talaga ang dapat kong gawin."

Napalunok ako nang malalim. Naging alerto ako sa sinabi niya. He finally showed his true colors.

"But I know I can't."

I was slightly taken aback. Tumayo sa pagkakaupo si Papa kaya mas lalo akong naging alerto. Humigpit ang pagkahahawak ko sa pocket knife.

"How about a deal? S03?"

Kumunot ang noo ko sa sinabi niya. "A deal?" sarkastikong pag-uulit ko.

Naglakad patungo sa bintana si Papa. Nakatalikod siya sa akin.

"I know that I can't kill you easily, ni hindi nga kita masusugatan dahil sa gift mo."

Pilit akong napangisi sa sinabi niya. Of course, wala siyang magagawa sa akin!

"Pero pareho nating alam na hindi lang ikaw ang nando'n kagabi, hindi ba?"

Naglaho ang ngisi ko sa labi. Para akong binuhusan ng malamig na tubig sa narinig. "N-No! Hindi ka narinig ni Wyatt! Ako lang ang nando'n kagabi!" giit ko.

Nawala ang lahat ng kumpyansa ko sa katawan. Napabitaw ako sa hawak-hawak kong pocket knife. Hindi niya pwedeng idamay si Wyatt! Bata lang 'yon!

"Wether he heard it or not. The fact, na nando'n siya kagabi ay kailangan ko siyang patahimikin."

Nanlumo ako sa narinig. Seryoso... ba talaga siya?

Ni hindi man lang niya ba kami tinuring na pamilya?!

"Pamilya mo kami! Bakit mo kami ginaganito?! Ginawa namin lahat para sa 'yo!" sunod-sunod na sabi ko. Napuno na lamang ako at hindi ko mapigilan ang galit ko.

"Yes, tama lang 'yon. I fed you, bought you clothes, and gave you a home. Dahil nga rin sa akin ay maaga niyong nagamit ang mga gift niyo. Natural lang na pagsilbihan niyo 'ko."

My eyebrows rose and my jaw dropped. Tuluyan akong nawalan ng lakas. Hindi ko masikmura ang mga pinagsasabi niya.

Paano niya... nagagawang sabihin sa akin 'yan?

"I-I won't forgive you," mahinang sambit ko. Sobrang higpit ngayon ng pagkasasara ng kamao ko.

"I didn't asked for your forgiveness. Ang gusto ko lang ay kahit sa huling saglit ay pagsilbihan mo 'ko."

Natigilan ako sa sinabi niya. Anong pinagsasabi niya?! Ngayong alam ko na ang totoong kulay niya ay hindi na 'ko-

"Of course gagawin mo iyon. For your so called family, right S03?"

Tila bumagsak ang magkabila kong balikat sa sinabi ni Papa. Bumalik sa akin ang lahat ng alaala ko kasama ang mga bata rito. Ang mga taong tinuring ko ng kapatid...

"Finish your job, S03. After that, you're freeto go."

5. Lunar Academy

Tahimik akong bumalik ng kwarto ko. Ni hindi ko inalintana ang mga batang nagtatakbuhan sa hallway. I'm staring at nowhere—with a dead expression on my face.

Papa gave me a choice. Tatakas ba ako ng mag-isa lang? O tatapusin ko ang trabaho ko para sa pamilya ko?

Of course, my answer is fucking obvious! Hindi pwedeng ako lang!

Hindi pwede...

Pero magagawa ko bang patayin si Helena? Ang babaeng ni hindi ko man lang nahawakan?

"Hey, Scarlet!"

Natigilan ako sa pag-iisip nang may biglang humawak sa braso ko. Nawala ang madilim na paligid sa isipan ko at sumalubong sa akin ang nakakunot na noong si Liev.

"Anong tumatakbo sa utak mo ha?!"

My forehead furrowed. Naguluhan ako sa narinig. Anong pinagsasabi niya? Siya nga itong bigla na lang nanghahatak.

"What are you talking-"

"Tigilan mo na si Helena! Alam mo namang wala kang pag-asa hindi ba?!"

I was taken aback, dumbfounded.

Paano... niya nalaman? Alam niya ba... ang totoong katauhan ni Papa? Bakit-

Nasagot ang lahat ng tanong ko nang malipat ang tingin ko sa bandang balikat ni Liev, nakuha ang atensyon ko ng taong nakatayo sa likod niya... si Papa, together with the one digit codes.

"Masyado ka na bang desperada? Pupunta ka pa mismo sa pugad ng kalaban?" Magkakrus ang braso at mapanghusga akong tinignan ni Viola.

Lahat sila ay tinitignan ako na para bang alam nila ang buong nangyari.

"Papa told us, Scarlet! Pupunta ka sa Lunar Academy para lang kay Helena? You don't have to do that! Masyadong delikado!" sunod-sunod na sambit ni Liev.

Hindi ako makasagot. Unti-unting nawalan ng buhay ang mga mata ko.

Wala na.... Planado na lahat ni Papa. Kung hindi niya 'ko mapatatahimik, mga estudyante ni Helena o si Helena mismo ang papatay sa akin.

"That's why I'm so proud of my daughter," pagsingit ni Papa.

Nabigla ako nang lapitan niya 'ko at walang pag-aalinlangang niyakap ako. Hindi ko magawang

makagalaw. Napako ako sa kinatatayuan ko.

"She's really dedicated to her work..." I can feel his breath next to my ear. "You can do it, right Scarlet? For the family.... For the future."

Hindi kaagad ako nakasagot, ramdam ko ang pagsitayuan ng mga balahibo ko sa katawan. Parang nawala ako sa katinuan. Natagpuan ko na lamang ang sarili kong tumatawa. Hindi ko alam kung saan ko pa mahuhugot ang lakas ng loob ko.

Rather than crying, I started laughing.

"Masyado kayong nag-aalala sa akin. Lahat pa talaga kayo pinuntahan ako? I'm code S03, Scarlet the phoenix. Don't underestimate me." I smirked. "I'll come back—together with Helena's head," taas noong sambit ko. *I want to ask for help.*

Napaismid sa sinabi ko si Viola. Habang hindi pa rin mawala ang pagkasimangot ni Liev. He's showing that he's pissed, but I know that he's just worried.

"Good luck S03," sambit ni Sky, code S06.

"Kung hindi mo na naman nagawa, ako na lang ang tatapos," sabi naman ni Lean, code L09.

"Call us if there's a problem," dagdag ni Naja, code N05.

"Para sa family! Ate Scarlet!" pahabol ni Yna, code Y07.

I faked a smile—trying to show a cheerful face. Pagtapos n'on ay sunod-sunod na silang nawala sa harap ko. Kasabay rin ay ang walang paghintong panginginig ng mga kamay ko na tinago ko sa loob ng bulsa.

"Tsk, hindi ko alam kung ano ba ang gusto mong patunayan." Hindi pa rin nawawala ang inis na ekspresyon ni Liev. "Basta, susunod ako. Don't die," aniya. Tinapunan niya muna ako ng tingin bago umalis sa harap ko.

Nang tuluyan na silang nawala sa harapan ko ay agad bumigay ang mga tuhod ko at napaluhod ako. My hands—body won't stop trembling. My heart kept beating so fast.

"Inaasahan ka nila Scarlet. 'Wag mo silang bibiguin," sambit ni Papa.

Mariin akong napakagat sa ibabang labi ko. Wala akong magawa kung hindi isara ang kamao ko sa sinabi ng lalaking nasa likod ko.

"Just swear that you won't touch them," seryosong sagot ko.

"I won't. Basta tuparin mo ang usapan."

Napaismid na lamang ako bago ko pinilit tumayo. Nang lumingon ako ay nakita ko siyang may ngiti sa labi habang nakalagay ang dalawang kamay sa likod. Bago ko siya lagpasan ay may huli akong sinabi sa kaniya.

"Hindi na 'ko magpapaalam sa iba. Hindi naman na bago sa kanila na bigla akong mawawala dahil sa misyon ko." Sinigurado kong malinaw ang bawat salitang lumalabas sa bibig ko.

"But remember this.... After I kill Helena, I'll come back and take your head."

Hindi ko na hinintay pang sumagot si Papa at umalis na 'ko. Deretso ang tingin ko at nakaangat ang noo ko habang naglalakad—pilit na tinatatagan ang sarili. Hindi ko inaasahan na aabot ang lahat dito.

Tahimik akong umalis at hindi nagpaalam. Para bang hangin lang akong dumaan. Bago ako makalayo sa base ay nilingon ko ito at tinignan ko muna ito mabuti.

Matagal ko pa siguro ito makikita ulit.... O kung malasin ay hindi ko na ito makikita pa.

Bwisit! Hindi ko mapigilan ang pagtulo ng mga luha ko.

All this time, I've been fighting for the sake of Papa.... Ngayon para naman sa pamilya ko.

I won't die. I'll fucking come back. Kapag natapos ko itong misyon ko na 'to ay aalis kaming lahat dito. Dito sa impyernong inakala naming paraiso.

????????

Tahimik akong naglakad sa loob ng tunnel na 'to. Sa kabilang dulo nito ay ang Hinland, kung nasaan 'yong Lunar Academy.

Iniipon ko ang lakas ko. Hindi pa 'ko sigurado kung anong naghihintay sa akin sa eskwelahan na 'yon. Baka naghihintay sa akin ang mga estudyante ni Helena para patayin ako.

Hindi rin nagtagal nang maaninag ko na ang liwanag sa kabilang dulo ng tunnel. Nang makapasok ako ay bumungad kaagad sa akin ang magandang tanawin.

Hindi na ito bago dahil laging magaganda ang mga lugar kung nasaan ang mga Academy.

Ang mga kulay ng puno ay katulad ng nasa kalangitan. Different kinds of creatures are flying or running in the field.

Nagpatuloy ako sa paglalakad at hindi kalaunan ay natanaw ko na ang isang malaking kastilyo.

The Lunar Academy.

Nang makalapit ako rito ay bigla na lamang bumigat ang pakiramdam ko. Dahil ba ito sa kaba?-

No, the Academy itself has a different atmosphere.

Walang nagbabantay sa gate nito bagkus ay nakabukas pa nga ito.

Ano ba ito? Trap? Alam ba nilang pupunta ako rito? Pero bakit gano'n? Ibang-iba ang atmosphere rito. Hindi ito mukhang trap.

Tanaw ko sa bungad ang mga estudyanteng may kani-kaniyang mundo.

Nang tumapak ang paa ko sa loob ng gate ay awtomakitong nagsitigilan ang mga estudyante. Napunta sa akin ang mga atensyon nila nang pumasok ako.

Hindi ko alam kung alam ba nilang kalaban ako. O kung ganito lang ba talaga sila umasta sa mga taong

pumapasok sa Academy na 'to.

Their eyes... as if they're cats, looking at a little mouse.

Napalunok ako nang malalim. Para akong sinasakal sa biglaang pagbago ng tensyon sa paligid.

Those eyes, hindi 'yon mata ng isang estudyante. It's the eyes of a killer.

"Oh? A client? What's the job?"

Natigilan ako nang may lalaking humarang sa harapan ko. Mabilis na umangat ang tingin ko sa kaniya dahil sa pagitan ng tangkad namin. He has a purple hair with a piercing in his right cartilage. He's wearing a sleeveless shirt, at kapansin-pansin din ang scythe at bungo na tattoo niya sa kaliwang braso.

"I'm not here as a client," deretsong sagot ko rito.

Kumunot ang noo nito sa akin at pinagmasdan ako mabuti. "Then, are you lost apple head?"

Nagsitawanan ang mga estudyanteng nakapaligid sa amin sa sinabi niya. Hindi ko mapigilang mapaismid dito.

"I'm here as a student. Mag-aaral ako sa Lunar Academy."

Nagsitigil sa pagtawa ang mga estudyante. Napuno ng katahimikan ang paligid dahil sa sinabi ko. Ilang segundo ang lumipas nang muling nagsimulang magsitawanan ang mga estudyante. Mas malakas ito kumpara sa una.

What's fucking funny? Ganito ba ang Academy na 'to?

Higit sa kanilang lahat ay sobra-sobra ang tawa ng lalaking nasa harap ko.

"Nice joke apple head. Now go home."

Nagsimula ng magsibalikan sa kani-kaniyang mundo ang mga estudyante at sinimulan na rin akong talikuran ng lalaking kaharap ko.

Pinanood ko siyang talikuran ako, humigpit ang pagkasasara ng kamao ko.

"I'm not fucking joking grape head. I'll be a student here in Lunar Academy."

Lahat sila ay natigilan sa sinabi ko. Pati na rin ang lalaking lumingon pabalik sa akin. Bakas sa mukha niya ang pagkairita.

He looked at me dead in the eye. Suddenly, I felt intimidated.

"Wala akong oras sa'yo. Hindi ito ang eskwelahan para sa mga katulad mo. Kung gusto mo, pumasok ka sa Nocturne o Solar. Hindi ka tatagal dito," seryosong sambit niya. Hindi nawawala ang tingin namin sa isa't isa.

"Lunar Academy is not the school for the gifteds. This Academy is for the hunters."

6. The New Student

Nasa amin ang lahat ng atensyon ng mga estudyante. Lahat sila ay hinintay ang mga susunod na mangyayari na para bang nanonood lang ng palabas.

Kahit nakararamdam ng kaba, hindi ako nagpatinag sa sinabi ng lalaking kaharap ko at taas noo akong humarap dito.

"It's perfect for me then," sagot ko.

Mas lalong bumakas ang pagkairita sa mukha ng lalaking kaharap ko. "Hindi ka ata nakaiintindi eh. Sige ipaiintindi ko sa'yo."

Naging alerto ako sa sinabi niya. My instincts took over my body and I readied myself when his eyes turned grey.

Wait.... It's not grey! His fucking eyes turned metal!

"Sabi ko kasi sa'yo umuwi ka na."

Bigla na lamang nagsilutangan ang lahat ng bagay na metal. Namimilog ang mga mata ko habang nakatingin sa mga lumulutang na metal at bakal. Pens, railings, and even blades!

Anong... klaseng gift 'yon?

"Siguro kailangan ko munang ipakita sa'yo kung anong klaseng eskwelahan 'to."

Napalunok ako nang malalim. Hinanda ko na ang sarili ko para sa atake niya.

Nang nagsimula ng lumipad papunta sa akin ang mga pinalutang niya ay bigla na lamang may babaeng sumulpot sa harapan ko. I gasped when she suddenly appeared.

A girl with a chestnut hair, wearing a blue uniform. Ang mga bagay na lumipad papunta sa akin ay bigla na lamang tumilapon sa kabilang dereksyon.

Unti-unting napaawang ang bibig ko. She repelled it!

"What the fuck are you doing, August?!" sambit ng lalaking kaharap namin. Inis niyang tinignan ang babae.

"Stop it, Zel. She's Principal Helena's guest," sagot ng babae.

Natigilan ang lalaking kaharap namin sa sinabi nito. Kahit ako rin ay nabigla. Helena knows I'm here.

"What the heck-"

Hindi pinansin ng babaeng nangangalang August ang lalaking nasa harap namin at tinalikuran niya ito.

Nang humarap siya sa akin ay mas lalo kong nakita ang mukha niya. Her eyes were white. Pero bumalik din ito kaagad sa pagiging brown. She has two piercings in her inner lobe.

She has a fierce look, eyes like a cat. She's slightly taller than me. Dahilan kung bakit mababa ang tingin niya sa 'kin.

"Follow me," maikling sambit niya.

Hindi ako nagkaroon ng chansang magsalita nang nauna siyang maglakad sa akin. Wala akong nagawa kung hindi sundan siya.

Naiwang tulala ang mga estudyante na nanonood sa amin sa biglaang pagdating ni August.

Sino... ba siya?

Naunang naglakad si August habang nakasunod ako. Tahimik lamang ito hanggang makapasok kami sa loob ng kastilyo. The atmosphere didn't change from the outside.

Kahit ang gagara ng mga kagamitan at maliwanag ang paligid, mabigat pa rin ang pakiramdam ko. Rather than an academy, it feels like I'm in a prison... and all of the students here are criminals.

"I know why you're here. Sinabi sa akin ni Principal Helena," pangunguna ni August.

Natigilan ako sa sinabi niya. Sinabi... sa kaniya ni Helena? Kung gano'n-

"She said that you saved her life on her way here. Bilang pasasalamat ay pinapasok ka niya sa eskwelahan na 'to," dagdag niya.

My eyes slowly widened and my mouth fell open. I looked at her, dumbfounded.

Sinabi iyon... ni Helena? What is she planning? Bakit hindi niya sinabi ang totoo? Ito na ang chansa niyang patayin ako.

"A-Ah, sinabi niya na pala sa'yo-"

"As if I'll believe that crap."

Natigilan ako sa paghakbang. Natahimik ako sa biglaang sagot ni August.

Nagsisimula na 'kong pagpawisan dahil sa kaba. Tutal malalaki naman ang bintana rito, kung hindi umayon ang lahat sa plano ay lilipad na lang ako papalayo.

"Principal Helena is not that kind of person who gets help from others," walang kaemo-emosyong sambit ni August. "Hindi ko alam kung bakit niya kailangang magsinungaling sa akin."

Naalerto ako nang humarap siya sa akin. I almost changed my eyes. She looked at me with her cold eyes.

"But I trust her. Hindi ko alam kung sino ka at bakit ka nandito. Pero dahil sa kagustuhan niya ay hindi ko na 'yon aalamin pa."

I stepped back when she stepped forward. With a serious expression and cold eyes, she said those words... full of warning and—threat.

"But let me tell you... all of us here might be heartless killers, but all of us think highly and respect

Principal Helena."

"Mess with her... and we'll not think twice to kill you."

Pagtapos niya sabihin 'yon ay muli niya 'kong tinalikuran at nagsimula ulit siyang maglakad. Habang naiwan akong tulala sa mga sinabi niya, parang pinigilan ko ang sarili kong makahinga. Tumagal rin ng ilang segundo bago ako matauhan at sundan siya.

Mariin ang pagkakakagat ko sa ibabang labi.

Crap. I really felt intimidated.

Ano ba ang maganda ro'n kay Helena? Ganito ba nirerespeto ng mga estudyante ang Principal nila?

Tsk. I guess I can't take the queen's head that easily.

Nagpatuloy kami sa paglalakad hanggang huminto si August sa tapat ng isang pintuan.

"Pagtyagaan mo muna 'yan sa ngayon. Tutal naman bihira mo lang din 'yan magagamit."

Nang bumukas ang pintuan ay bumungad sa akin ang isang maliit na kwarto.

"You still haven't summoned your familar yet, right? Hm, the classes for rookies were already over. Kaya pag-aralan mo na lang ang pag-summon mo sa familiar mo kapag nakasali ka na sa guild," muling sambit niya.

Nakuha ng sinabi niya ang atensyon ko.

"Ano ba ang mga guild na pagpipilian ko?" tanong ko.

Tinignan niya 'ko na para bang may sinabi akong mali. Kasunod n'on ay ang pagkurba ng labi niya.

"Oh, we don't pick guilds here."

Iyon ang sinagot niya sa akin bago ako talikuran. Nagsimula na rin siyang maglakad papalayo.

"The guild picks us."

Tuluyan na siyang nawala sa paningin ko.

Kahit naguguluhan ako sa huling sinabi ni August ay napagpasyahan ko ring pumasok sa loob ng kwarto. Isang maliit na kama at aparador na may mga unipormeng laman lamang ang laman nito. Katabi ng kama ay isang bintana na tanaw na tanaw ang kabuoan ng Academy.

So, rito muna ako sa ngayon huh?

Kailangan ko ng lumakas kaagad at magawa ang trabaho ko. Mas mabilis ko itong matapos ay mas mabilis kong maiaalis sina Liev sa lugar na 'yon.

Napahawak ako bigla sa tyan ko nang marinig kong tumunog ito. Wala pa pala akong kinakain mula kagabi.

Paano ba naman kasi ako magkakaroon ng gana sa mga nangyayari ngayon?

"Gusto mo kumain?"

I was startled when someone talked. Tumaas ang lahat ng balahibo ko nang may marinig akong nagsalita sa kwarto. Inilibot ko ang tingin ko sa buong kwarto pero tanging ako lamang ang nasa silid.

Guni-guni ko... lang ba 'yon?

"Dito."

Muli akong kinilabutan nang may nagsalita na naman. Pero kahit saan ako tumingin ay wala talagang tao rito maliban sa akin.

"Hays, dito sa baba."

Natauhan ako sa sinabi nito. Tumingin ako sa baba at bumungad sa akin ang isang puting pusa. A white cat with an orange collar and orange eyes.

"Bonjour!" sambit ng pusa.

Napaatras ako ng nagsalita ito, namimilog ang mga mata. Iyong pusa!

"Eh, you also have powers yourself. Bakit ganiyan ang reaksyon mo sa akin?" giit niya.

Natigilan ako sa sinabi niya. Isa siyang gifted?

"I-Isa kang takeover type na gifted?" hindi makapaniwalang tanong ko. Baka katulad ko rin siya na takeover ang gift.

Umiling ito sa akin at tumalon sa kama ko.

"Nope! I'm Lemon Kievah Charlotte, and I inherited, Artemis, Goddess of hunt's gift!" masiglang sambit nito sa akin.

"I can control any animals that I touched! I can control their senses, body, and I can even make them speak!"

Napahanga ako sa sinabi niya. Hindi ako makapaniwala na marami pa lang maangas at malakas na gift.

Mula sa nakaharap ko kaninang lalaki, kay August, at sa babaeng nagsasalita ngayon na nangangalang Lemon.

Ibang-iba sila sa mga gifted na nakaharap ko, pati na rin sa mga gift ng mga bata sa base. Maikukumpara ko ang mga gift nila sa mga one digit codes.

Hindi ko alam kung anong mararamdaman ko. Halo-halong takot, kaba, at excitement.

Hindi ko mapigilang kabahan lalo na't sila ang makakalaban ko sa oras na piliin kong tapusin si Helena.

At the same time, hindi ko mapigilang ma-excite. Lumalabas lamang ako sa base para sa trabaho at bihira lang ako makaharap ng isang gifted.

All this time, ang nasa isip ko lang ay sobrang lakas na namin. Kaming mga one digit codes. Pero no'ng nakaharap ko sila, natauhan ako na hindi gano'n kaespesyal ang gift ko rito. At kahit na sabihing nasisiraan na 'ko, gusto ko pang makita ang iba.

Kahit na alam ko na darating ang araw na kalalabanin ko rin sila, I want to know their powers.

Gusto kong makita kung ano ba ang totoong kakayahan ng isang gifted galing sa Academy.

7. The Grim Reapers

Hindi ko namalayan na ilang minuto ko na rin pa lang kausap si Lemon. And before I knew it, sinusundan ko na ang puting pusa sa kung saan.

Sinabi niya sa akin na sumama ako sa kaniya at dadalhin niya 'ko sa kwarto niya.

Meron daw akong pagkain na pwedeng kainin do'n. Dahil daw wala namang Dining area ang Academy dahil lahat ng kailangan namin ay nasa guild na.

I hesitated at first, but still, I'm hungry.

Inililibot ko ang tingin ko sa pasilyo habang naglalakad kami. Masasabi kong tipikal na paaralan lamang ang Lunar Academy kung hindi mga estudyante ang binabasihan. Just like what I've said when I first entered here, the atmosphere is different.

Pero hindi ko alam kung bakit, ilang oras pa lang akong nanatili rito, parang naging normal na ang tingin ko sa eskwelahan.

There are huge paintings in the walls and different kinds of expensive furniture in every corner.

Hindi rin nagtagal ang paglalakad namin nang huminto ang pusa sa tapat ng isang pinto. Mag-isa itong bumukas at bumungad sa akin ang babaeng nasa likod ng pagkontrol sa pusa.

A girl with a short blonde hair. She has a fair skin and freckles that enhances her doll like face.

Nakapikit ito habang nakaupo sa kama. I saw her blue eyes when she opened it. Sapat na 'yon para malaman kong foreigner siya.

"Wah! You're here!" masiglang bati niya sa akin sabay hila sa akin papasok sa loob ng kwarto.

Pinaupo ako ni Lemon sa upuan kung saan puno ng mga cupcakes at sweets ang nakahain sa lamesa. Doon ko lang napagmasdan mabuti ang kwarto niya. Punong-puno ito ng pink at mga palamuti. Hindi rin nawala ang mga iba't ibang klaseng laruan.

Like... a tea party event for kids.

"You're the new student, right?" aniya.

Hindi ko namalayan na nakaupo na pala siya sa tabi ko at kumakain ng cake.

"Feel free to eat it!"

Nilagyan niya ng iba't ibang klaseng pagkain ang platong nasa harap ko at inilapit niya pa ito sa akin. Nag-aalinlangan pa 'kong kumuha at napansin niya 'yon.

She chuckled. "Don't worry, it's not poisoned. I'm eating too!"

I felt uneasy. "T-Thank you," mahinang sambit ko. Kumuha ako ng isang cupcake.

Hindi ko mapigilang mailang dahil pinagmamasdan niya ako habang kumakain ako. Hindi ko tuloy

magawang manguya ang cupcake nang maayos.

"Hm, nagpakilala na 'ko sa'yo, pero hindi ko pa rin alam ang pangalan mo."

Agad akong natauhan sa sinabi ni Lemon.

"A-Ah, I'm Scarlet!" pagpapakilala ko.

"Scarlet, huh?"

For a minute I felt her expression changed. Bigla na lamang akong napatingin sa kaniya. Nagpapatuloy pa rin siya sa pagkain habang hindi nawawala ang ngiti niya sa labi.

Was it just my imagination?

"So Scarlet, bakit mo naisipang pumasok dito? Siguro naman sinabi na nila sa'yo hindi ba? This is not the school for ordinary gifteds," sambit ni Lemon.

"I know. Kaya nga gusto ko pumasok dito."

Nag-iba ang pakiramdam ko nang tumingin sa akin si Lemon. Using her childish accent, together with her innocent look, she asked.

"Even if we're killers?"

Napalunok ako nang malalim. Hindi ko alam kung bakit. Pero kahit ilang beses ko ng narinig ang salitang iyon, iba ang naramdaman ko nang kay Lemon ito nanggaling. I sensed bloodlust behind her innocent look.

"B-But you only kill bad guys, hindi ba?" nauutal na sambit ko.

Mabilis na nagbago ang ekspresyon ng katabi ko. Napangiti siya sa sinabi ko sabay tango. "Of course!"

"No wonder I smelled blood..."

"Huh?"

Umiling sa akin si Lemon.

"Nothing!"

Nagpatuloy kaming kumain at nagkwentuhan ni Lemon hanggang sa may naalala ako.

"Nga pala, ano 'yong sinabi ng babaeng kasama ko kanina na guild daw ang pipili sa akin? Hindi ba ako ang pipili ng guild?" marahang tanong ko.

Lemon smiled before answering my question. Tumayo siya sa pagkakaupo at may tinuro ito sa akin sa bintana. Tinignan ko ang tinuro niya at bumungad sa akin ang isang lawa.

"That's the Sacred Lake," aniya.

"Iyan ang magsasabi kung saang guild ka nababagay."

Kumunot ang noo ko sa sinabi niya.

"Paano naman niya magagawa 'yon?"

Imbis na sagutin ako ni Lemon ay tinawanan niya lamang ako.

"You'll know tomorrow."

????????

Nagising ako kinabukasan dahil sa katok sa pinto ng kwarto. Napahaba ang tulog ko dahil na rin siguro sa pagod dahil sobrang daming nangyari kahapon.

Mabilisan ko na lang inayusan ang sarili ko bago ko buksan ang pinto.

"Tsk, what took you so long?" bungad sa akin ni August.

Wala akong nagawa kung 'di mag-sorry rito bago siya maunang maglakad sa akin. Tulad kahapon ay pagsunod lamang sa kaniya ang nagawa ko.

Bago kami tuluyang makalabas ng kastilyo ay may nakasalubong kaming lalaki. Kusang sumunod ang tingin ko sa kaniya. He has a black hair and he looks like he's in his mid forties. He has a soft... and innocent smile—it's comforting.

Huminto si August upang batiin ito.

"Good morning, Sir Cael."

Huminto ang lalaki nang mapansin si August.

"Oh, good morning August, and?" Napunta ang tingin sa akin ng lalaki.

"Ah, she's Scarlet, a new student, sir. Dadalhin ko na po siya sa Sacred Lake para sa guild niya," ani ng kasama ko.

"Oh, I see, welcome to the Academy, miss Scarlet. Have fun," huling sambit ng lalaki bago ito tuluyang umalis.

Nagpatuloy kami ni August sa paglalakad. Nang makalabas kami ng kastilyo ay sumalubong sa akin ang ilang dosenang estudyante sa labas, na para bang hinihintay nila ako.

Pero sa lahat ng mga tao roon ay iisa lamang ang nangingibabaw para sa akin. Nang magtama ang mga mata namin ay agad kumurba ang labi niya.

Kusang tumalim ang tingin ko. Nagpatuloy kami sa paglalakad hanggang sa napunta na siya sa harap ko.

"I knew you'll come," nakangising sambit niya.

Napaismid ako sa sinabi ng batang babaeng kaharap ko.

"Helena," mahinang sambit ko.

"Wahh! Scarlet!!" Tawag sa akin.

Narinig ko ang boses ni Lemon sa hindi kalayuann nakangiting kumakaway sa akin.

"Ano pang tinatayo mo riyan? Tara na." Tinapunan ako ng tingin ni August bago ito maglakad ulit.

"I'm looking forward to see what guild you're in," sambit ni Helena.

Hindi ko pinansin ang sinabi niya at pasimple akong napaismid. Muli kong sinundan si August.

Dinala ako ng mga paa ko sa tapat ng isang lawa. Ito 'yong lawang tinuro sa akin ni Lemon kahapon. The Sacred Lake.

"Just put your hand in the lake," sambit ni August.

Naguluhan ako sa sinabi niya. Kunot noo ko siyang tinapunan ng tingin.

"Paano naman do'n malalaman kung saang guild ako?" tanong ko.

Napabuntong-hininga si August sa akin bago sagutin ang tanong ko.

"The lake will change its color. Doon natin malalaman kung sa anong guild ka," pagpapaliwamag niya.

I looked at her, dumbfounded. The freaking whole lake will change its colors?!

"But if it remains clear, that means you don't belong here," dagdag niya.

Nawala ang pagka-excite ko at hindi ko mapigilang kabahan. Dito nakasalalay ang lahat. My heartbeat suddenly started beating fast.

I felt the pressure, and I feel tense.

Paano kung may kakayahan itong lake na malaman ang totoong pakay ko? Baka... hindi niya 'ko tanggapin. Kapag nangyari 'yon ay paalisin ako rito. Mawawalan ang chansa kong lumakas at patayin si Helena.

Fuck! Hindi ko mapigilan ang panginginig ng kamay ko.

"Saan kaya siya mapupunta?"

'"Wag sana green! Ayoko makasama 'yan sa guild!"

"As if na belong dito 'yang weakling na 'yan."

Sunod-sunod ang mga bulungan ng mga estudyante sa paligid ko. Nakuha ng tingin ko si Helena na seryosong nanonood at inaabangan din ang mga mangyayari.

Hindi rin nawala 'yong lalaki kahapon na nakasimangot ang mukha. Pati na rin si Lemon na hindi maitago ang pagka-excite.

Pinikit ko ang mga mata ko at huminga ako nang malalim, bago ilublob ang kamay ko sa tubig. Nang tuluyan na itong malublob ay tila napuno ng katahimikan ang paligid.

I didn't felt anything weird. Just the cold water from the lake.

Hindi ko mapigilan ang kuryosidad ko kaya dahan-dahan kong minulat ang mga mata ko. Fuck, is it clear?

Nang tuluyan kong namulat ang mga mata ko ay hindi ako makapaniwala. Unti-unting namilog ang mga mata ko nang makita kung saan na nakalublob ang kamay ko.

The whole lake turned red.

No-

It didn't turned red!

The whole fucking lake turned blood! Freaking blood!

I was startled and dumbfounded—don't know what to react.

Hindi makapaniwala ang lahat ng mga estudyante. Pati na rin sina August at 'yong lalaki kahapon. Habang si Lemon naman ay hindi mawala ang ngiti na para bang inaasahan niya na ito.

Hindi pa rin napoproseso ng utak ko ang nangyayari, Hindi ko napansin na nasa gilid ko na pala si Helena.

"Just as I thought," aniya.

"You're one of them."

"Welcome to the Grim Reapers."

8. The Phoenix

Grim... reapers?

Kasunod ng ilang segundong katahimikan ay napuno ang paligid ng kumento ng mga estudyante.

"G-Grim Reapers?! Seryoso?!"

"S-So, ibig sabihin isa siya sa mga elite students?!"

"No way! Iyang babaeng 'yan?!"

"Ang swerte naman niya! Kasama niya sina Miss August!"

Katulad nila ay hindi rin ako makapaniwala sa nangyari. Akala ko ba ay kulay lang ang magbabago sa lawa? Bakit naging dugo ang tubig nito?

"Oh? A new member huh?"

Halos mabingi ako sa biglaang pagtili ng mga babaeng estudyante. Lahat ng atensyon nila ay napunta sa lalaking bagong dating.

A guy with a grey hair and dark brown eyes. He looks elegant in his blue shirt and denim jeans. Has a light expression... but still—he looks easy to talk to but as if there is something hiding in his eyes.

Now that I'm looking at him, he has a different aura compared to others... but I didn't even noticed his presence.

"Gin! Kailan ka pa nakabalik?" sambit ni Helena sa lalaki.

"Kababalik ko lang galing sa misyon," sagot niya.

Napunta ang tingin sa akin ng lalaking nangangalang Gin.

"Who is she?"

"She's the new student. Also, a new member of your guild," sagot ni Helena.

Ngumiti sa akin ang lalaking nangangalang Gin at nilahad niya sa akin ang kamay niya.

"Eh? A new member, huh? I'm Gin. The Guild's Master," pagpapakilala niya.

Kahit hindi pa rin ako makapaniwala sa mga nangayayari at medyo nagdadalawang isip, nagawa kong kamayan ang lalaking kaharap ko.

Bakit gano'n ang mga reaksyon nila? Big deal ba talaga ang napasukan ko?

"Ha?! 'Wag mong sabihin tatanggapin mo siya, Gin?!" Rinig kong reklamo ng isang lalaki.

Napunta ang mga tingin namin sa lalaking papalapit. Nakakunot ang noo nito at bakas sa mukha ang pagkainis. He's the guy from yesterday.

"Oh, Zeldrick. Hindi mo man lang ba 'ko iwe-welcome? Kababalik ko lang," nakangiting sambit sa kaniya ni Gin.

"Oh please! Come on Gin! Hindi nga natin alam kung saan galing 'yang babaeng 'yan. Sa tingin mo pa nababagay siya sa guild natin?" giit n'ong lalaking nangangalang Zeldrick.

Nilapitan ni August si Zeldrick upang pakalmahin ito. Pati si Lemon ay lumapit na rin sa amin.

"Ang Sacred Lake na ang nagsabi. Ibig sabihin lang n'on ay may potential siyang maging myembro," pagpapaliwanag ni August.

Hindi nakumbinse si Zeldrick at nagpatuloy lang ito sa pagmamaktol.

Ano ba ang problema niya? Hindi pa rin ba siya maka-move on sa nangyari kahapon?

"Why don't test her then?" biglaang sambit ni Helena.

Nakuha ang mga atensyon namin ng sinabi ng babaeng nanonood sa amin.

"Ikaw na mismo ang humusga sa kakayahan niya," dagdag niya.

Kumurba ang isang ngisi sa labi ni Zeldrick sa narinig. As if this is what he's planning from the start.

"Very well, Principal Helena. Iyan ang gusto kong marinig."

????????

Hindi ko alam kung bakit umabot ako sa puntong ito. Nasa open grounds kami ni Zeldrick at pinalilibutan kami ng mga estudyante. Nandito rin sina August, Gin, Lemon, at Helena.

Sinubukang pigilan nina August at Lemon si Zeldrick habang wala namang paki si Gin. Pero sa huli ay nanaig ang katigasan ng ulo nito.

Wala namang problema sa akin kung gusto niya 'kong labanan. Lalo na't alam ko naman na ang gift niya.

Ang sa akin lang ay bakit pa kailangang may manood? Lalo na si Helena! Sinisigurado niya bang wala akong mapapatay sa mga estudyante niya? Tsk.

"Hindi kita basta-basta tatanggapin sa guild, apple head. 'Wag sanang lumaki ang ulo mo porke iba ang trato sa'yo ng Principal," sambit ng lalaking nasa harap ko.

Napaismid na lamang ako sa sinabi niya. Kung alam niya lang ang totoong dahilan kung bakit gano'n ang trato sa akin ni Helena.

"No hard feelings, pero pumapatol ako sa babae."

Naging alerto ako sa sinabi ng lalaking kaharap ko. His eyes turned grey and all the metals in the surroundings started moving.

Hindi katulad kahapon ay hindi hamak mas marami ang mga nagsigalawan ngayon. Different kinds of metals started to gather around him.

I was caught off guard by his next action. Hindi ako makapaniwala sa sumunod na ginawa niya. He took some bullets in his pocket and pointed it at me.

Wow, he can also do that?!

"It's such a shame na rito pa lang mamatay ka na."

Pagtapos niyang sabihin 'yon ay sunod-sunod na lumipad papunta sa akin ang mga metal na pinagalaw niya. Pati na rin ang mga bala na tinutok niya sa akin.

He gave it all on his first shot.

He's not holding back, huh?

I felt my eyes changed before one of them hits me.

Kumurba ang ngisi sa labi ni Zeldrick na agad ding napalitan ng pagkabigla.

"W-What the f-"

Pare-pareho silang nabigla sa nangyari. Lemon was so surprised and excited at the same time. Si August naman ay kapwa ni Zeldrick na hindi makapaniwala. Habang si Helena at Gin ay kumurba ang mga labi.

Using my flames, all the holes in my body started closing. Walang patak ng dugo ang nanggaling sa akin.

Zeldrick was frozen in his place. Kahit na rin ang mga estudyanteng nanonood.

Kinuha ko na ang chansang iyon. I spread my wings and flew towards Zeldrick. Using my human legs, I kicked him hard as I could. With the force of my phoenix wings and the momentum of my speed, my kick was pretty strong.

Huli na nang matauhan si Zeldrick at tumilapon na agad ito sa gilid. Sumunod sa kaniya ang lahat ng tingin ng mga estudyante.

"Your gift might be useful and powerful as hell. But it's useless against me," seryosong sambit ko.

Napuno ng katahimikan ang paligid at wala man lang isa sa kanila ang makapag-react sa bilis ng mga pangyayari. Parang walang nangyari para sa akin at kaswal akong naglakad paalis sa gitna. Lumapit ako kina Lemon na sinalubong ako ng mahigpit na yakap.

"That was so cool Scarlet!!!" bati niya sa akin.

Muli akong nilahadan ng kamay ni Gin. "I guess that settles it. Welcome to the Guild. You're now a Grim Reaper."

Kumurba ang labi ko sa sinabi niya at kinamayan siya pabalik.

"I'm looking forward to work with you."

Hindi pa rin makapaniwala ang mga estudyante sa mga nangyari habang nilapitan kaagad ni August si

Zeldrick.

Sa kabila n'on ay may hinahanap ako sa mga nandito. Pero katulad nang huli naming pagkikita ay nawala na siya bago ko pa man din siya makausap.

Hindi ko pa rin alam kung ano ba talaga ang binabalak sa akin ni Helena. Kung bakit niya ginagawa sa akin ito at para saan.

????????

Dinala ako nina Lemon sa guild namin. Hindi ito gaanong kalakihan kumpara sa pagkakaalam ko. It looks like an open quild. It doesn't have fancy pillars, fountains, nor any kinds of designs. Just a normal looking guild.

Pagpasok namin ay sumalubong sa amin ang isa pang lalaki na naglalaro ng video games. He has a brown hair with dark roots and he's wearing a blue hoodie.

"Elroy, bakit wala ka kanina?!" sambit ni Lemon. Napamewang siya habang magkasalubong ang kilay, na para bang nanay na pinapagalitan ang anak.

Walang gana siyang tinapunan ng tingin ng lalaking nangangalang Elroy bago ito bumalik sa paglalaro—parang wala siyang narinig.

"Yosh! Attention! May bago tayong member!" bungad ni Gin.

Kahit mukhang walang may gana na makinig, ay sunod-sunod pumunta sa harap namin ang mga myembro ng guild.

"Magpakilala na kayo," sambit ni Gin.

Naunang lumapit si Lemon. Humakbang siya ng isa para magpakilala.

"Bonjour! Well, you already know me. But again, I'm Lemon! I may not look like it but I'm already a senior!! 3 years na 'kong nandito!! Welcome sa guild!!" sambit niya.

Sumunod 'yong lalaking naabutan naming naglalaro dito.

"Yo, Elroy, senior, 3 years, welcome," walang ganang sambit niya bago bumalik sa paglalaro.

Next was August, na bakas din sa mukha na hindi nito gustong nandito ako.

"August. I'm also a senior. It's my first year though. Good luck kung tatagal ka rito," sambit niya. Agad niya 'kong tinalikuran at naunang umalis sa harapan namin.

Ang pinakahuli ay ang lalaking may dala-dalang yelo na nilalagay niya sa noo.

"Tsk, Zeldrick. Also a senior, kasabay ni August. You won't last long here, apple head," pagpapakilala nito sabay talikod sa amin at upo sa isa sa mga lamesa.

After introducing themselves for 5 seconds, other than Lemon, everyone went back to what they're doing.

"Hays, masasanay ka rin. So what's your name?" tanong ni Gin.

"Scarlet."

"Well then Scarlet, this is your new home."

Pinagmasdan ko mabuti ang guild. Walang gaanong espesyal dito at normal lang ito katulad ng iba... maliban lang sa mga members.

"Tayo lang ang members?" tanong ko. Kahit na mas maliit ito nang kaunti sa mga ordinaryong guild ay malaki pa rin ito masyado para sa amin lang.

Napakamot sa ulo niya si Gin.

"Well, bihira lang naman kasi na merong makapasok dito. Kaya nga imbis na by team ang pagkuha ng missions, by partner namin sila ginagawa," sagot niya.

Tinuro ni Gin si Zeldrick at August. "Those two."

Tapos ay si Lemon at Elroy. "And these two."

Nakuha ng atensyon ko ang sinabi niya. "So, ikaw ang partner ko?" tanong ko.

Natawa si Gin sa sinabi ko sabay iling.

"Nope, I'm good. Wala pa sa guild 'yong partner mo eh. Pero pabalik na rin 'yon."

Tila nagsitigilan sa mga ginagawa ang mga myembro ng guild. Pati na rin si Zeldrick ay napalingon kaagad. Everyone's expression changed in an instant.

"What the fuck, Gin?! Seryoso ka? Iyan talaga ipa-partner mo?" giit ni Zeldrick.

Hindi ito pinansin ni Gin, bagkus ay napangiti lang ito.

"You'll meet him soon," aniya.

"One of the best and worst Grim Reaper, Law Amano."

9. A symbol that cannot be erased

Hindi makapaniwala ang mga myembro ng guild sa sinabi ni Gin. Ngayon ko lang nakitang magbago ang ekspresyon ni Lemon, August frowned, and even Elroy stopped playing games.

"W-What the fuck, seryoso ka ba talaga Gin?! Magiging pabigat lang kay Law 'yan! She doesn't even have her familiar!" giit ni Zeldrick.

"Zel is right, hindi kailangan pa ni Law ng kasama," dagdag ni August.

Hindi sila pinakinggan ni Gin. "Why? Nakita niyo naman ang kakayahan ni Scarlet. At isa pa, si Law na lang ang walang kasama rito. It's only fair."

August started walking towards us. Hindi mawala ang nakakunot na noo niya. Nakasunod sa kaniya ang lahat ng tingin namin.

"Then ako na lang!"

Pare-pareho kaming nabigla sa sinabi niya. Patago akong napasinghap. Lalo na si Zeldrick na ka-partner niya.

"Huh?!" Nakakunot na noong reaksyon ni Zeldrick.

"Kung pag-uusapan lang ang pagiging partner ni Law ay ako dapat! I'm more worthy to be his partner!" muling giit ni August.

Hindi ko maintindihan kung bakit punong-puno siya ng emosyon ngayon. Ni hindi niya man lang naisip ang mararamdaman ni Zeldrick sa sinabi niya.

"Kung ikaw talaga ang dapat ay ikaw na sana ang partner niya ngayon, August," walang kaemo-emosyong sagot ni Gin.

Natigilan si August sa sinabi niya. Her expression changed—a look of defeat on her face. Pare-parehong napaiwas ng tingin ang mga myembro ng guild. Kahit si Zeldrick ay napaismid na lang.

Nakuha ng mga reaksyon nila ang atensyon ko.

Why? May nangyari ba rati?

Hindi na nakasagot si August, bagkus ay tumakbo ito palabas. Walang nagawa si Gin kung hindi mapabuntong-hininga na lang.

"Anyways, I heard what you said Zeldrick. Dahil ikaw nagsabi n'on, ikaw ang tumulong kay Scarlet na mag-summon ang familiar niya. Make sure na ma-summon niya 'yon bago makarating si Law."

Nawala ang pagkaseryoso kanina ni Zeldrick at napasimangot siya sa sinabi ni Gin.

"Eh?! Bakit ako?! Tsaka bukas na makababalik si Law! She can't summon her familiar in a short amount of time!"

Nagbingi-bingihan si Gin sa mga sinasabi ni Zeldrick habang naglalakad papunta sa isang pintuan. Bago

siya pumasok sa loob ay sinagot niya ang sinabi ni Zeldrick.

"You still have half of the day then." He winked, teasing his guild member more.

Napanganga si Zeldrick sa sinabi niya at napasabunot sa sarili.

"Fuck! Bakit ba ang malas ko ngayon!"

Kanonood sa kaniya sa pagsabunot sa sarili niya ay hindi ko napansin na lumapit na pala sa akin si Lemon.

"Dingue," sambit ni Lemon habang nakatingin kay Zeldrick.

Anong ibig sabihin n'on?

"Anyways! Now that you're officially a part of the guild, you'll need this!"

May hinarap siya sa akin na parang stamp.

"All of us have this. It's our tattoo symbolizing that we're a Grim Reaper!"

Natigilan ako sa sinabi niya. Napatahimik ako ng ilang segundo. As much as possible, gusto ko na silang kalimutan kapag nagawa ko na rito ang misyon ko. I want to cut ties with them... because it's already not needed.

But how can I do that if I have a tattoo making me remember that I was once a part of this guild?

"I-Is that necessary?" marahang tanong ko kay Lemon.

"Of course! Kahit saang guild kailangan nito 'no! So where will I put it?"

Medyo nagdadalawang isip pa rin ako, pero sa huli ay napabuntong-hininga na lamang ako sa sagot niya. I have no choice then.

Natigilan si Zeldrick sa pagmamaktol nang simulan kong tanggalin ang pagkakabutones ng polo ko. Mabilis kong nakuha ang atensyon niya.

Namimilog ang mga mata niya nang ituro ako.

"B-Baliw! Anong ginagawa mo?!" aniya sabay talikod.

Napaismid ako sa inakto niya. Kaya niyang tignan ang mga katawan na pinatay niya tapos simpleng babaeng wala lang pantaas ay nagkagaganiyan siya?

Hindi ko siya pinansin at tinuloy ko ang pagtanggal ng polo ko.

"Wah! Your skin is so soft Scarlet!"

Nabigla ako nang bigla akong hawakan ni Lemon. Tuwang-tuwa ito na parang ngayon lang nakahawak ng katawan ng babae. Samantalang tinatakpan naman ng baliw na si Zeldrick ang mga tenga niya.

"Jeez, stop it. Ilagay mo na 'yong tattoo," ani ko kay Lemon.

Bigla tuloy nag-init ang pisngi ko sa mga reaksyon nila. Tsk.

"Eh, hindi ka naghubad kasi gusto mo lang?"

My forehead furrowed and my nose crinkled. Hindi ako makapaniwala sa sinabi ni Lemon.

"Jeez, of course not! Diyan mo ilagay 'yong tattoo!"

Mas lalo akong napasimangot at namula nang marinig kong nagpipigil ng tawa si Elroy sa tabi ni Zeldrick habang naglalaro. Gosh! Ano ba ang problema sa guild na 'to?!

"Eh? Sure ka?"

Napahinga ako nang malalim bago sagutin ulit si Lemon.

"Yes. I. Am," mariin na sagot ko sa kaniya.

Nagkibit-balikat na lang siya bago lagyan ng tattoo ang likod ko. The best part to put it is in my back. Para sa gano'n ay hindi ko ito makikita.

"Terminé!" sambit ni Lemon nang matapos nitong lagyan ang likod ko.

Hindi ko mapigilang humanga dahil hindi man lang ako nakaramdam ng sakit nang lagyan niya 'ko.

"Bagay sa'yo, Scarlet!" masiglang aniya.

Napaismid ako. "What's good in having a tattoo?"

"No, hindi 'yon ang ibig sabihin ko. I mean, you look great without a shirt!"

Tila namula na naman ako sa sinabi ni Lemon. Narinig ko ang pagpipigil ng tawa ni Elroy.

Seriously! May problema itong mag-partner na 'to!

"Tsk. Are you done?"

Napatingin ako kay Zeldrick habang sinusuot ko ulit ang polo ko.

"Ano na namang problema mo?" tanong ko.

Nakasimangot siyang tumingin sa akin.

"Stupid! Hurry up and I'll help you to summon your stupid familiar."

Tumaas ang dalawa kong kilay sa sinabi niya. He'll help me?

"A-Akala ko ayaw mo sa 'kin?"

Naunang maglakad papunta sa pintuan si Zeldrick na sinundan ko ng tingin. Agad akong napatayo.

"I still do. But it's the master's order," sagot niya bago tuluyang lumabas ng guild.

Nagpasalamat ako kay Lemon at agad na sumunod kay Zeldrick. Bigla akong na-excite nang sinabi niya na tutulungan niya 'kong ma-summon ang familiar ko.

I really want to know what my familiar is.

It's one of the things that I lack...

Pumunta kami sa likod ng Guild kung saan merong malawak na lupain.

"Isang beses ko lang sasabihin sa'yo kaya makinig ka," sambit ng kasama ko.

"If you want to summon your familiar, you should earn their trust first. Dapat ikaw mismo sa sarili mo ay malakas ang paninindigan mo."

Zeldrick put his hands on the ground.

"With your all your heart, repeat the words, *sas kaló ypálliló mou.*"

Tinignan ko siya mabuti. "That's it?"

Umangat ang tingin niya sa 'kin. "Hey, I'm not fooling you-"

"I didn't said that you're fooling me."

Kapwa niya ay tinapat ko ang kamay ko sa lupa. Just like he've said, I did the same.

"*sas kaló ypálliló mou.*"

I wasn't surprised when nothing happened. Kagaya ng inaasahan ko ay walang nangyari. Mukha mang simple lang itong gawin pero mukha ngang hindi talaga gano'n kadaling mag-summon ng familiar.

Malalim na bumuntong-hininga ang kasama ko.

"Don't mind it, ako nga ay 1 buwan bago ko pa nakuha ang akin. Kaya hindi ko maisip 'yong pinapagawa ni Gin na isang araw," iritadong kumento niya.

I was taken aback by what he said. Wait, is he being nice to me? Akala ko sasabihin niya na hindi ko kayang gawin 'yon, na mahina kasi ako...

But he's telling me that I should not mind it?

I guess he's not that bad after all.

"Hey Zeldrick, can I ask a question?" tanong ko.

"You're already asking," walang ganang sagot niya.

Napasimangot ako sa sinabi niya at napairap bago magsalita ulit.

"Did something happened between Law and August in the past?

Tila nagbago ang ekspresyon ni Zeldrick sa sinabi ko. His expression says that I'm right.

"W-Wala namang nangyari sa kanila," seryosong sagot niya.

Napaiwas siya ng tingin na para bang nagdadalawang isip siya na sabihin. He bit his lower lip before glancing back at me.

"I guess, hindi naman masama kung sabihin ko sa'yo. You're his new partner, you have the right to know it."

Kumunot ang noo ko sa sinabi ni Zeldrick. Mabilis niyang nakuha ang atensyon ko.

"New? Meron na ba siyang partner dati?" tanong ko.

When our eyes met, for the second time, I felt intimidated. I felt the wind touching my skin—and the tension.

"Yeah, a partner whom she wished Law never existed."

10. The Destroyer

Natigilan ako sa sinabi ni Zeldrick. A partner whom she wished Law never existed? Anong klaseng partner 'yon?

"Her name was Kana. And believe me when I say this, she's that type of person whom everyone wants to be a friend with," panimula ng kasama ko.

"Ni ako nga ay hindi makapaniwala kung bakit niya naisipang pumasok dito. I mean, she's not that kind of person who wants to hurt others. But I guess like everyone else, she's also a victim of her own nightmare. Kaya siguro napunta siya rito," dagdag niya.

Nanatili akong nakinig sa kaniya habang seryoso siyang nagkekwento. Base sa pananalita niya ay masasabi kong totoo ngang mabuting tao 'tong si Kana.

Kaya paano naman niya hihilingin na mawala si Law?

"Pare-pareho kaming rookie noon. August, Kana, Law, and me. Kami 'yong batch na pinakamaraming napunta sa Grim Reapers."

"Kagaya nang nakaugalian. By partners kaming kumukuha ng misyon. Me and August. And K-Kana and Law."

I heard Zeldrick's voice cracked. Hindi ko tuloy mapigilan na ma-guilty. I'm sure that he doesn't want to remember that. Pero dahil gusto kong malaman ay napipilitan siyang alalahanin ang mga nangyari.

"Everyone was excited for our first missions. Specially Kana. Pareho kami ng araw nina Law na binigyan ng misyon. Kaya pareho rin kaming natapos na araw..."

Zeldrick paused for a minute. Kaya naman napilitan akong lapitan siya. Pero hindi pa 'ko tuluyang nakalalapit ay natigilan ako nang makita ang ekspresyon niya. It's the same look that I've had when I first found out who Papa is.

A look full of fear and hatred.

"Pareho kaming excited ni August para ikwento kina Law at Kana ang unang misyon namin. B-But we're both not ready in what we saw when we've got back."

Tila humigpit ang pagkasasara ng kamao ni Zeldrick.

"The joyful, smiling, and happy Kana was no more... Instead, what we saw was a person that looks like it been through hell."

My eyes slowely widened as I bit my lower lip. Wala akong magawa kung hindi mapalunok nang malalim sa kwento niya.

"She barely ate and didn't talk to anyone for a whole week."

"At the same time, walang nagbago kay Law. He can still laugh, tell jokes, and fool around. Wala siyang sinabi sa amin tungkol kay Kana."

"After a week, nagsalita na si Kana. While her body was shivering, her first words were,"

"*He's a monster."*

Parang narinig ko galing mismo kay Kana ang salitang binitawan niya.

Unti-unting kumalma si Zeldrick at nawala na ang pagkasasara niya sa kamao niya. Pero wala pa rin siyang emosyon na pinapakita.

"Kana was traumatized. Hindi niya sinabi sa amin ang nangyari sa misyon nila. Ang laging binabanggit niya lang sa amin,"

"*He's a monster,"*

"He'll kill us,"

"He should have never existed."

"After that, Sir Cael took her somewhere. Para na rin daw sa kaniya 'yon. Ang laking impact sa amin ang pag-alis niya."

"But unlike us, parang wala lang nagbago kay Law. Ni hindi niya nga napansin na nawala si Kana."

"Kana's kind heart was destroyed. She was no longer the person we knew. And we didn't even knew why."

"Simula n'on ay hindi na nagkaroon ng ka-partner si Law. Everyone was scared of him. Scared of how strong his powers were. And how he handle the missions by himself."

"He even got a name, Grim Reaper Law, the Destroyer."

Tumama sa amin ang malakas na hampas ng hangin. Napuno ng katahimikan ng ilang segundo ang paligid nang matapos magkwento si Zeldrick. Hindi nagtagal ay humarap siya sa akin.

"That's why consider this as a warning," seryosong aniya.

Nangungusap ang mga mata niya nang tignan ako.

"Don't get too close to him."

Hindi niya 'ko hinintay na makasagot at agad niya 'kong tinalikuran. Nagsimula ng maglakad papalayo si Zeldrick.

"Good luck in summoning your Familiar, apple head," pahabol na sabi nito.

Naiwan akong mag-isa rito sa likod ng guild. Sinundan ko lamang siya ng tingin.

Now that I watch him walk away, the more I realized. At first, their guild looks like they act as one. Kaunti lang sila, kaya iniisip ko na mas malapit sila sa isa't isa.

But... even though they look like they're closer than any guild... they're still distant...

Sapat na ang kwento sa akin ni Zeldrick para maisip kung ano ba talagang klaseng tao si Law. Umangat ang tingin ko sa langit.

A monster huh? I wonder what he looks like.

Dahan-dahan, nawala ang mga nasa isip ko. Bagkus ay unti-unti akong napangisi.

I want to meet him.

I'm not even scared for a little bit after hearing that story. I mean, no one knew what really happened right? They judged him based on what Kana told them. Without knowing what really happened.

I guess, kung ano ang tingin nila kay Law ay magiging mas malala ang tingin nila sa akin kapag nalaman nila ang totoong pakay ko kung bakit ako nandito.

Well, hindi ko muna kailangang isipin 'yon. As of now, getting my familiar is my first priority.

I sighed. Sinubukan ko ulit 'yong tinuro ni Zeldrick. Pero kagaya nang una ay wala pa ring nangyari. He said that I need to gain my familiar's trust first.

But what should I do to gain my familiar's trust?

Buong araw kong sinubukang i-summon ang familiar ko hanggang maggabi. Kagaya ng sabi ni Lemon ay sa guild kami kumakain. Though, hindi kami sabay-sabay dahil may kani-kaniya silang buhay.

Nang matapos kami kumain ay bumalik ako sa loob ng kastilyo para pumunta sa kwarto ko. I tried to sleep, pero sadyang hindi talaga ako makatulog. Kaya napagpasyahan ko na lang na lumabas at mag-ensayo.

I took my pocket knife just in case. Lagi ko naman itong dala-dala kahit saan ako magpunta.

Alam kong sabi ni Zeldrick na bihira lang ang maka-summon ng familiar nila sa isang araw—half day rather. Pero walang masama kung susubukan ko.

Pumwesto ako sa gilid ng kastilyo kung saan may malawak na lupain.

Huminga muna ako nang malalim bago magsimula. I closed my eyes and said the words.

"*sas kaló ypálliló mou!*"

Nang minulat ko ang mga mata ko ay kagaya ng inaasahan, walang nangyari.

"Summoning your familiar huh?"

Nabigla ako sa biglaang pagsulpot ng isang matandang lalaki. Hindi ko siya napansin dahil masyado akong nakapokus sa pag-summon, kaya awtomatikong napahawak ako sa pocket knife ko sa bulsa.

I've met him this morning. As far as I can remember, his name was...

"S-Sir Cael."

Nakangiti siyang lumapit sa pwesto ko.

"Having a hard time?" tanong niya.

Umiling ako rito. "N-Not really. I just need a little more practice." Dahan-dahan kong binitawan ang pocket knife.

I almost killed him.

Natawa siya sa sinabi ko. "You're not very honest huh?" natatawang aniya.

"I know someone like you," dagdag niya pa. Tila nagbago ang ekspresyon niya pero agad din itong bumalik sa rati.

"Well then, napadaan lang ako. Good luck in summoning your familiar. Make sure to name him!"

Nakangiti siyang nagpaalam sa akin at nagsimula na siyang maglakad papalayo.

"Just remember for who do you fight for. It will help your familiar to know you better," pahabol niya.

Tinignan ko lang itong maglakad papalayo hanggang mawala na siya sa paningin ko. Hindi mawala sa isip ko ang sinabi niya.

For who do... I fight for?

Wala namang masamang subukan hindi ba?

I did what he said. Pinikit ko ang mga mata ko at inalala ang mga taong mahahalaga sa akin. The kids in the base, Wyatt, Liev.

Habang inaalala ko sila ay binanggit ko na ang mga salita.

"*sas kaló ypálliló mou!*"

Nanatili akong nakapikit at patuloy ko pa rin silang inaalala. Then suddenly, an image of a woman appeared.

What... the?-

Agad akong napamulat sa naalala ko. Kasabay n'on ay ang paghampas sa akin ng malakas na hangin. Hindi ko magawang imulat nang mabuti ang mga mata ko sa lakas ng paghampas ng hangin.

What the fuck is happening?!

Kahit naniningkit, pinilit kong imulat nang mabuti ang mga mata ko upang makita ang dahilan ng biglaang paghangin.

Then I saw it.

My eyes widened in an instant, dumbfounded.

Is this... my familiar?

Hindi ako makapaniwala nang makita ko 'to at tanging pag-awang lamang ng bibig ang nagawa ko.

Damn! He's beautiful!

I plastered a smirk, proud at myself.

"I know a name that will suit you, partner."

11. He's back

"Tell her I'm sorry... I'm really sorry."

A woman with a black hair continued crying. Who is she?

*"I'm sorry ******."*

Hindi ko narinig mabuti ang sinabi niya. Why is she crying? Who is she apologizing to?

Nagising akong habol-habol ang hininga ko. Napahawak ako sa ulo ko nang sumakit ito.

What... the fuck was that?

Inaalala ko pa ang paniginip ko nang nabulabog ako ng malakas na pagkatok sa pintuan. Kunot noo kong sinilip ang bintana at hindi pa gaanong maliwanag.

Who the fuck is knocking loudly early in the morning?!

Naiinis akong bumangon sa kama at binuksan ang pintuan. Napanganga na lamang ako nang makitang si Zeldrick ito.

"W-What the fuck?! Anong kailangan mo?! Ang aga-aga pa eh!" giit ko rito.

Nakasimangot siya sa akin na parang ako pa 'yong mali.

"Ikaw! Anong ginagawa mo ha?! Bumangon ka na at i-summon ang familiar mo! Ngayon na darating si Law! Yari ako kay Gin kapag wala akong naiharap sa kaniya na familiar! Alam kong mahirap but try practicing! Baka magkaroon ng himala hindi ba?" mahabang aniya.

Hindi ko mapigilang mainis rito. Nagbubulabog siya nang maaga rito para lang ipag-practice akong i-summon ang familiar ko? Gano'n na ba siya kadesperado? Rather, gano'n ba ang takot niya kay Gin?

"Dalian mo na apple head! Don't waste-"

"I already summoned it," deretsong sagot ko rito.

Natigilan si Zeldrick sa sinabi ko. He looked at me, dumbfounded.

"H-Huh?"

"I said, I already summoned it."

Tumagal ng ilang segundo bago iproseso ni Zeldrick ang sinabi ko.

"H-Huh?!"

????????

Matapos kong mag-ayos at mag-agahan ay agad akong dinala ni Zeldrick sa likod ng guild. It's still early in the morning, mukhang kami pa lang ang gising sa guild dahil hindi ko nakikita ang iba.

"This is not a funny joke apple head. Malilintikan ako kay Gin, kaya umayos ka."

Sinamaan ko ng tingin ang kasama ko bago maghanap ng pwesto. This jerk is too anxious, parang gusto ko tuloy siyang pagtripan.

"Tsk, you better thank me grape head. Hindi ka malilintikan kay Gin," nakangising sambit ko rito na kinaismid niya.

"Meet my familiar." Umangat ang tingin ko sa kalangitan na hindi pa gaanong maliwanag.

"Killer!"

Pareho naming inabangan ni Zeldrick ang pagdating ng familiar ko.

We heard a loud roar in the sky, kasabay n'on ay ang pagsulpot ng familiar ko. His long big wings started flying towards us. Kitang-kita ang pulang scales nito sa katawan. Kasabay ng paglipad niya ay ang pagbuga niya ng maliliit na apoy.

Hindi makapaniwala si Zeldrick sa nakikita niya, kaunti siyang napaatras. Not only I summoned my familiar but I also have an amazing one.

Nanatili siyang nakatulala hanggang sa mapunta si Killer sa harapan namin.

"Anong masasabi mo?" nakangising sambit ko. I looked at Zeldrick, full of myself.

"W-What-"

"Eh? A salamander huh?"

Naglaho ang ngisi ko sa labi sa isang iglap. Tila bumigat ang pakiramdam ko nang bigla akong nakaramdam ng ibang presensya. Kahit si Zeldrick din ay agad na natauhan nang biglang may magsalita. Napakurap-kurap ako sa pwesto ko.

Parehong napunta ang atensyon namin sa lalaking bagong dating. He has a black hair and black sharp eyes. He's wearing a black shirt that is unbuttoned in the first 2 buttons, slightly showing his chest.

He fucking looks like an evil prince straight from a book! A prince that steals your princesses with just a fucking look!

Who the hell is he?!

"L-Law?!" biglaang sambit ni Zeldrick.

Napaawang ang bibig ko sa sinabi ni Zeldrick. Siya si Law?! He's nothing like I've imagined! He looks more like a prince than a monster! Ano ba ang kwentong pinagsasabi ni Zeldrick sa akin?!

"B-Bakit ang aga mong nakabalik?" hindi makapaniwalang tanong ni Zeldrick.

"Oi, oi. Wala namang bago, hindi ba?" natatawang sagot ni Law rito. Napunta ang tingin niya sa akin.

"Who is she?"

"A-Ah, a new student. Also a new member of the guild. Your new partner, Scarlet," pagpapakilala sa akin ni Zeldrick.

Pinagmasdan ako mabuti ni Law. I felt the shivers when his cold eyes met mine. Parang tinitignan nito ang buong pagkatao ko.

The look in his eyes... it's enough to feel intimidated.

"Oh? Scarlet huh? Follow me."

Nabigla ako sa sinabi niya. Agad siyang pumunta sa gubat sa gilid ng Guild. Pati rin si Zeldrick ay nabigla sa sinabi niya.

Ito ang unang beses na nagkita kami tapos hindi man lang siya magpapakilala sa akin?

"E-Eh? Law wait!" pagtawag ni Zeldrick.

Hindi pinakinggan ni Law ang tawag sa kaniya ng kasama ko at nagpatuloy lang siya sa paglalakad papalayo. Napasinghap si Zeldrick dito.

"And there he goes..." aniya habang malayo ang tingin. "Hays, sundan mo na lang apple head. Pupuntahan ko lang sina Gin."

Hindi na 'ko nakasagot nang iwan ako ni Zeldrick at pumasok na sa loob ng guild. Hindi huminto sa paglalakad si Law kaya wala na 'kong nagawa kung hindi sundan siya.

Ano kaya ang problema niya sa utak? At saan naman niya 'ko balak idala?

Ilang minuto kami naglakad ni Law at hindi ko na rin makita ang pinanggalingan namin nang huminto siya. Nasa harap ko siya at nakatalikod sa akin habang nakapamulsa.

Suddenly, I felt uneasy.

"Hmm, oi."

Nakuha ang atensyon ko nang magsalita siya.

"You see, I encountered some people during my mission," pag-uumpisa ni Law.

Kumunot ang noo ko sa pinagsasabi niya. Bakit niya sinasabi sa akin 'yan? Anong pinupunto niya?

"Some mafias," dagdag niya.

I was taken aback by what he said. Bumigat ang pakiramdam ko at natigilan ako sa narinig. Kusang bumaba bigla ang ulo at tingin ko.

Huh... what?

"Wala naman silang kinalaman sa mission ko but I couldn't help but to ask."

"Their boss was killed. And they said there were two culprits."

"Hindi nila makilala 'yong isa. Pero nakita naman nila 'yong isa pa.... A girl wth a red hair."

Tumaas ang mga balahibo ko sa sinabi niya. Napalunok ako nang malalim. Don't fucking tell me... 'yon 'yong pinakahuli kong mission?

Fuck! Nalintikan na! Bakit niya ba sinasabi sa 'kin 'to?! Bwisit na coincidence 'to.... But he doesn't have any evidence—kaya ko itong lusutan!

"And why are you telling me this? It's because I have a red hair?" taas noo kong sagot dito. Umangat ang tingin ko sa kaniya.

I heard him chuckled.

"Nah, I'm not that kind of person na mangbibintang dahil lang pareho kayo ng kulay ng buhok," aniya.

Nakahinga ako nang maluwag sa sinabi niya. Hindi naman niya talaga pwede akong pagbintangan... dahil lang sa kulay ng buhok ko.

"But you see, the blood of the corpse that I smelled. Naamoy ko rin sa 'yo."

Para akong binuhusan ng malamig na tubig sa narinig. Tumama sa 'min ang malakas na hangin at ang paghampasan ng mga dahon sa mga puno ang tanging naging tunog.

Pigil hininga akong nakatayo sa pwesto ko. Dahil sa biglaang pagtahimik ay parang naririnig ko na rin ang pagtibok ng puso ko.

That's... fucking stupid! Ilang araw nang nakalipas no'ng natapos namin ang misyon! At isa pa, I made sure na hindi ako natalsikan ng dugo! Paano niya nalaman yon?! Is he an animal?!-

No—even an animal can't do that.

Sobrang bilis ng tibok ng puso ko ngayon. This guy... is fucking dangerous.

"Pero hindi naman ako pwedeng bumase lang do'n hindi ba?" muling sambit ni Law habang natatawa.

Pasimple kong kinuha ang pocket knife ko sa ilalim ng skirt ko. Patuloy ang pagtulo ng mga pawis ko at ang pagtibok nang malakas ng puso ko.

"Pero hindi lang 'yon ang nalaman ko eh. They also told me another thing."

Parang sumabay sa hangin ang boses ni Law. At nanatili ang mga katagang binitawan niya sa mga tenga ko.

"That girl turned into a phoenix."

As if time slowed down. At that moment, I knew...

This person cannot be trusted.

Natawa si Law sa sinabi niya. "Funny right? Pero dahil do'n nakumpirma kong tama ang hinala ko."

"The culprit was a gifted."

"Well, I'm sorry kung iniisip mong pinagbibintangan kita."

"Pero kung sakaling ikaw nga 'yon. I need to dispose you right now."

"Well, I can't let a wild beast wander around the campus freely, right?"

"So what are you gonna say? Can I see you your gift?-"

I felt my eyes changed. N'ong naramdaman kong lilingon na si Law ay agad akong sumugod dito hawak-hawak ang kutsilyo ko.

Sobrang bilis ng pangyayari, pero parang bumagal ang oras.

I'm sure... that I stabbed him. I was fucking sure!

But instead, I saw him smirked. Imbis na sa kaniya, natagpuan kong nakasaksak sa akin ang kustilyo.

"Oi, oi. Attacking someone from behind? Don't you have any pride?" walang ganang sambit ni Law.

Magkakrus ang kilay ko at mariin akong napaismid. "I'm a fucking assassin, jerk. That's what we do."

Huhugutin ko na dapat ang kutsilyo na naksaksak sa akin pero natigilan ako nang makaramdam ako ng likido.

Nanlumo ako nang makita kung ano ito. That liquid is fucking blood.... I'm fucking bleeding. My face turned pale in an instant.

Parang umiikot at nanlalabo ang paningin ko habang nakatingin sa dugong nasa kamay ko.

Pero... bakit? Paano?

I'm using my gift-

Natauhan ako at agad akong napalingon kay Law. Nagtama ang mga tingin namin, at muli kong nakita ang mapanlinlang niyang mga mata.

His eyes changed—it turned into a fucking clock.

"Why?- oh, can't use your gift?" Kumurba ang isang ngisi sa labi ni Law.

"Aw, that's bad, you're bleeding."

Hindi ko mapigilan ang panginginig ko pati na rin ang ang paghigpit ng pagkasasara ng kamao ko.

Bwisit! Bakit umabot sa ganito?!

"You shouldn't have had resisted. I was planning to kill you fast, para naman hindi ka na masaktan. Hindi ba?"

He started walking towards me with a grin on his face.

Who knew... that behind that beautiful face of his... is a fucking lunatic?

"Too bad, you can't kill me."

"I inherited Cronus, the time God's gift."

"I have the ability to destroy anything I touch, and cancel any powers I see."

He went closer to me, I can feel his breath on my face.

"I'm Law Amano, the destroyer. Nice to meet you, Miss Scarlet."

12. A Dangerous Opponent

Hindi ko na maalala kung kailan ako nakatanggap ng pisikal na sakit. I've never been wounded by my opponents before, let alone make me bleed. Ito ang unang beses na masugatan ako, masaksak rather.

Dahil hindi ko alam ang pakiramdam ng masaktan. Sobra akong nanghihina ngayon dahil sa saksak na natamo ko.

Bwisit! I let my guard down!

"Dahil nandito na rin naman na tayo. Tell me Scarlet, bakit ka nandito? Ano ang plano mo?" tanong ni Law.

Napaismid na lamang ako sa sinabi niya. As if I'll tell him that!

But I also can't afford to die here. Fuck!

Without thinking twice, hinugot ko ang kutsilyong nakatarak sa akin at agad kong sinugod si Law. Pero mas lalo lang dumugo at kumirot ang natamo kong saksak. Ni hindi ko man lang nagawang makalapit sa kaniya dahil agad akong napaluhod sa sobrang sakit.

Shit! If this continues, I will surely die!

"Oi, oi. Do you really want to die that badly?"

Naglakad papunta sa akin si Law. Ngayong mas lalo kong napagmamasdan ang mukha niya ay nagkamali ako sa unang impresyon ko sa kaniya.

What prince?! Hindi isang prinsipe ang kaharap ko ngayon. I shouldn't have had judged him based on his appearance!

He's a fucking wolf in sheep's clothing!

"Tsk, what a waste of time."

Mababa ang tingin niya sa akin. Maliban sa pagitan ng tangkad namin ay nakaluhod din ako ngayon.

Law looked at me as if he's already going to kill me. At that moment, alam kong katapusan ko na.

He took the knife from me and pointed it in my chest. I can see it in his dead eyes, that killing me right now will mean nothing to him.

Sunod-sunod ang pagtulo ng pawis ko. Fuck! He's really going to kill me!

Hindi nawala ang tingin ko sa kutsilyo habang papalapit ito nang palapit sa puso ko. This is it-

"Oh, Law, you're already back."

Pareho kaming natigilan ni Law nang merong nagsalita. Parang mawawalan ako ng malay dahil sa kaba ko. Akala ko talaga ay mamatay na 'ko.

That look in Law's eyes. He's really fucking serious in killing me.

"P-Principal Helena," biglaang sambit ni Law.

Kapwa kaming nakatingin ngayon sa batang babaeng nakaupo sa taas ng puno. As usual, she's holding a cup of tea.

Napaismid ako nang tinapunan niya ako tingin.

"Why are you playing in the middle of the forest?" walang ganang tanong ni Helena.

"P-Principal, this girl-"

"Go back to your guild."

Walang kaemo-emosyong bumaba ng puno ang batang babae. Ni hindi man lang niya pinakinggan ang sinasabi ni Law. As always, nagtatanga-tangahan na naman siya. This is the third time na pinalagpas niya 'ko. Hindi ko talaga mawagang maisip kung ano ang tumatakbo sa isipan niya.

Kapwa naming sinundan siya ng tingin ni Law.

"Oh, by the way Law."

Tumigil sa paglalakad si Helena. Nagsalita siya ng hindi man lang kami nililingon.

"Walang makararating sa Guild tungkol sa nangyari rito."

Malamig ang boses niya nang magsalita siya, may halong pagbabanta.

And just like that, she continued walking until we've lost sight of her.

Walang magawa si Law kung hindi mapaismid na lamang sa sinabi niya. Sapat na ang sinabi ni Helena para mabasa ni Law ang sitwasyon.

Nabigla ako nang maramdaman kong umaapoy ang sugat ko. The flames are closing my wound. I can... already use my gift.

Nang tignan ko si Law ay nakatalikod na siya sa akin.

"I don't fucking know why... I guess may kinalaman ito kay Helena," seryosong sambit niya.

"But remember this. As long as I'm your partner,"

Humarap siya sa akin at matalim na tinitigan ang mga mata ko.

"I won't let you do what you want."

Hindi niya 'ko hinintay na makasagot. Mukhang wala rin naman akong maisasagot dahil sa pagbigat ng pakiramdam ko. Nagsimula na ring umalis si Law hanggang mawala siya sa paningin ko.

Tumatak sa isipan ko ang sinabi niya—paulit-ulit ko itong naririnig sa utak ko. Now that he knows my true nature, sigurado akong babantayan niya 'ko.

Mariin akong napakagat sa ibabang labi at napaismid.

I fucking got myself a dangerous opponent.

Napahawak ako sa sugat ko na hindi pa rin gaanong nagsasara. That damn Law. His gift is really troublesome. Kailangan kong umiwas sa kaniya.

Pero paano ko magagawa iyon? He's my fucking partner, damnit!

Matapos sumara nang tuluyan ang sugat ko ay bumalik na rin ako kaagad sa guild. Mahirap na at baka nagtataka na sila.

Pagdating ko sa guild ay bumungad sa akin ang mga nagsasayahang myembro. Tanging si Gin lang ang wala rito, maliban sa kaniya ay magkakasama ang iba.

"Oh Scarlet! Saan ka ba nanggaling? Tara!"

Napansin kaagad ako ni Lemon at inaya ako sa loob. Nagtama ang mga tingin namin ni Law at nag-iba agad ang pakiramdam ko.

"Tara, ikukuha kita-"

"No, thank you, babalik na lang muna ako sa kwarto ko," pagdadahilan ko kay Lemon.

"Eh? Dali-"

"Yosh, nandito kayong lahat."

Pare-pareho kaming napatingin sa lalaking bagong dating. Lahat ng atensyon namin ay napunta lahat kay Gin. May dala-dala siyang mga papel.

"Tama na 'yan. We have a job," bungad niya sa amin.

Tila naging seryoso bigla ang lahat ng myembro ng guild. Kung kanina ay nagsasaya sila ay agad nagbago iyon nang sabihin ni Gin na may trabaho kami.

As if a switch got turned on, the atmosphere changed.

Binigyan niya ng tig-iisang papel ang magkakapares. Sa akin niya binigay ang para sa amin ni Law.

"That's your target," ani ni Gin.

Tinignan ko ang papel na binigay niya. Nandito ang pangalan, gift, address, at letrato ng target namin. Katulad din ng binibigay sa amin ni Papa kapag may pinapagawa siya. Ang pinagkaiba nga lang ay walang letrato ang binibigay sa amin kaya kami mismo ang kailangang humanap sa target.

"All of them are wanted. Matagal na silang hinahanap ng Academy. Pero dahil hindi sila mahuli ng ibang guild, sa atin napunta," pagpapaliwanag ni Gin.

Lumapit ako kay Law para ipakita sa kaniya ang papel. Pero hindi man niya ito tinapunan ng tingin.

What the fuck?

"What's the use? You already saw it. At isa pa, we're still going to kill anyone who gets in our way anyways," walang ganang sambit ni Law.

Napanganga ako sa sinabi niya. Seryoso ba siya? Wala na ba talaga siyang alam gawin sa buhay kung hindi pumatay?

Tsk. Coming from me.

"Okay, we have two days. See you sa guild," muling sambit ni Gin.

Parang walang kasiyahan na naganap kanina dahil sa pagkakaroon ng tensyon dito sa guild. Everyone is getting ready for the mission.

"You heard the Guild's Master. Maghanda na tayo," sabi ni Law sa akin habang prenteng nakaupo.

Kumunot ang noo ko. "H-Ha? We still have two days. Hindi ba kararating mo-"

"Oi, oi."

"So what? Sa tingin mo ba pwede ring magpahinga ang mga biktima ng mga kriminal na 'yan?" sarkastikong aniya.

Natahahimik ako sa sinabi niya. "B-But, we still have two days. We don't need to rush," giit ko. Teka, bakit ba 'ko nakikipagtalo?

"And within that two days, many innocent people might get killed. So why not do it now?"

I was stunned. Natigilan ako sa sagot ni Law. He's not just killing them because he was told to. He's also thinking for those who might get involved with this criminal.

I thought we're the same. That we're just living to kill. By following orders without thinking twice—but no.

What's the reason why I kill then? For whom do I fight for?

"What are you waiting for?" muling sambit ni Law. May kinuha itong baril sa ilalim ng lamesa na kinabigla ko.

Kumuha pa siya ng isa at inabot sa akin. "Wala kang mapapala sa pocket knife." He smirked.

Pagkaabot ko nito ay naglakad na sa labas si Law, kasama pa ng iba pang mga myembro. Habang naiwan naman ako sa loob hawak-hawak ang baril na binigay niya sa akin.

Mariin akong napahawak dito habang mababa ang tingin. Hindi ko mapigilang mapaisip.

Magkakaroon din kaya ako n'on?

A reason.

A purpose.

"Scarlet!"

Natauhan ako nang tawagin ako ni Lemon. Tinago ko na ang baril na binigay ni Law at agad akong lumabas.

"Hey Law, wanna bet?" nakangising sambit ni Zeldrick.

"Sigurado akong kami ni August ang unang makababalik dito," dagdag niya.

Kumurba ang labi ni Law sa sinabi ni Zeldrick. "Oi, oi. No'ng mag-isa pa nga lang ako ay bihira niyo na 'kong maunahan. Paano pa kaya kung kasama ko na ang partner ko?" sagot niya.

I was taken aback by what he said. Did he just... called me his partner?

"H-Ha?!-"

"Continue talking boys! Don't worry! I'll save you some biscuits when you get back!"

Pare-pareho kaming napatingin kay Lemon na nauna ng umalis sa amin. Together with Elroy, and her cat?

Eh?

They were riding a bird.

Wait, no.... A human.

Wait, what?!

A fucking harpy?!

"Hey! That's unfair!" giit ni Zeldrick.

"Bata." Rinig kong bulong ni August.

Hindi nawala ang pagkasimangot ng lalaking parang isip bata. "Tsk! Paano ba 'yan Law, apple head. Mauna na kami!"

"Mufasa!"

Zeldrick summoned his familiar. We were greeted by a loud roar, making my eyes widen in disbelief.

"Ang pinagmamalaking familiar ni Zel na isang buwan niyang pinaghirapan, the manticore," walang ganang sambit ni August.

A huge lion, big enough to crush a small car. With wings of a dragon, and tail of a scorpion.

Namamangha akong nakatingin dito, it's my first time seeing these kinds of creatures.

Parehong sumakay rito si August at Zeldrick at nagsimula na rin itong lumipad.

Jeez! Parang nanliit ako nang makita ang mga familiar nila. I fucking thought that mine was the coolest.

My heart is beating fast, but not because of anxiety or a negative emotion... it's because of excitement.

"What are you waiting for, hood?" biglaang tanong ni Law.

Nakuha ng sinabi niya ang atensyon ko at kumunot ang noo ko. "What did you just called me?" tanong ko.

"Little red riding hood was long. So I guess hood sounds fine," deretsong sagot niya na parang walang mali sa sinabi niya.

I winced. "Why the heck are you calling me that?"

Parang nanlambot ang buong katawan ko nang nilapit ni Law ang mukha niya sa akin.

Napaatras ako nang kaunti at hindi nawawala ang tingin namin sa isa't isa.

"Why?" pag-uulit niya.

"Because you're my prey. I'm the wolf and you're the little red riding hood. One wrong move and I'll bite and eat you up."

13. First Mission

Ramdam ko ang paghampas ng hangin na sinasabayan ng buhok ko. Nasakay ako kay killer ngayon.... Together with Law.

This lunatic is sleeping behind me!

Jeez, he's freaking acting like a boss. Kung gugustuhin ko lang ay kanina ko pa siya hinulog dito. Pero alam kong ako lang ang mayayari kapag ginawa ko 'yon.

Tsk. Mahigit dalawang oras na rin kaming nakasakay kay killer at nararamdaman ko na ang paghihina ko. The fuck? Hindi ko alam na kinukuha pala nila ang lakas namin. That stupid Law should've used his familiar instead!

Kapag nagpatuloy ito ay hindi ko alam kung magagawa ko pang makapag-regenerate kapag nasaktan ako ng isang beses!

Malayo pa ba kami?

Nakasulat sa papel na binigay ni Gin ang address ng target. Hindi ko alam kung bakit pero no'ng pinakita ko ito kay Killer ay parang naintindihan niya ang nakabasa at lumipad na ito ng kusa.

Hindi ko man lang maasahan si Law kahit pagdating man lang sa lugar na pupuntahan namin! Hindi ako familiar sa lugar ng mga gifted!

Habang pinapatay ko na sa isip ko si Law ay bigla akong natauhan nang pumasok kami bigla sa isang tunnel.

Kung pumasok kami sa tunnel ay ibig sabihin malapit na kami sa city!

Unti-unting kumurba ang labi ko at inabangan ko ang kabilang dulo ng tunnel. Sobra ang tuwa ko nang makita ang liwanag sa kabilang dulo. Pero agad din itong nabawi nang sinalubong kami ng ulan.

I gasped, surprised.

Eh?! Hindi naman umuulan ah?!

Napabangon si Law nang mabasa rin ito.

"W-What the fuck?! Ano ba 'yan?!" giit niya.

Walang gana akong napatingin sa kaniya. Ang kapal ng mukha niyang magreklamo eh natutulog lang naman siya.

"Oi, oi. Saan mo ba tayo dinadala, hood?" walang kaemo-emosyong tanong niya.

I rolled my eyes. "The hell if I know. The information said the target is in Resoir. Hindi ko naman alam kung ito 'yon," nakasimangot kong sagot.

Natigilan si Law sa sinabi ko. Tila nakuha ko ang atensyon niya at agad niyang kinuha sa akin ang papel.

"So, he's still alive huh?"

My forehead furrowed and I gave him a confused look. Kilala niya ang target namin?

Kumurba ang isang ngisi sa labi ng kasama ko. "Yeah right. We're on the right place."

Law's mood suddenly changed. Iyong kaninang walang paki at natutulog lang ay biglang na-excite nang makita ang target namin.

Siya ang nagturo kay Killer sa eksaktong address ng target namin na para bang nanggaling na siya rito.

Nagtagal din ng ilang minuto bago tumigil sa paglipad si Killer. Bumaba kami sa tapat ng isang lumang building. Meron itong apat na palapag at wala man lang ilaw sa loob.

"Are you sure this is the right place?" tanong ko kay Law. Nakaangat ang tingin ko sa estraktura.

"Stay here if you're scared, hood. I can finish the job by myself," aniya nang daanan ako.

Kahit nilalamig na 'ko sa lakas ng ulan ay hindi talaga nabigong painitin ni Law ang ulo ko. I hope that Lunatic slipped and hit his head and dies.

Nauna itong maglakad sa akin na agad ko namang sinundan. Pumwesto si Law sa tapat ng gate at nilagay niya ang kamay niya rito.

His eyes turned clock. And just like that, the iron wall was destroyed.

Kasabay n'on ay ang pagbigat ng pakiramdam ko. I really hate to admit it. But his gift is really fucking awesome.

Pumasok na siya sa loob at sinundan ko siya. The cold and abandoned building greeted us. Just like from the outside, the inside is not different. Halatang abandonado na ito nang matagal.

Rinig ang bawat pagtapak namin sa malamig na simento. Naririnig ko rin ang pagtulo ng tubig sa kisame dahil sa walang tigil na pag-ulan.

Habang naglalakad ay may tanong na pumasok sa isipan ko. Wala sa sarili ko itong tinanong sa kasama ko.

"Hey, what happens when you touch a human? Do they explode?" tanong ko.

Huminto si Law sa paglalakad at tinignan ako na para bang may mali akong sinabi.

I looked back at him, dumbfounded. What?

"Jeez, nakakatakot ka magsalita." He smirked, before continued walking.

"Why did you suddenly got interested? Hindi ka pa rin ba sumusuko sa pagpatay sa akin at inaalam mo ang kahinaan ko?" natatawang tanong niya.

Napismid ako. As if I can kill someone who can cancel any gifts, stupid.

"You don't have to answer it, lunatic."

Mas lalong natawa si Law sa sinagot ko.

"Well not really. I can't destroy any living things I touch. Unless I add a little force. I can punch a whole through their chest," natatawang sagot niya.

Kunot noo akong tumingin sa kaniya. Sino kaya sa atin ang nakakatakot magsalita?

Natigil ang pag-uusap namin ni Law nang may tumamang bala sa gilid ko. Mabilis na namilog ang mga mata ko na sumunod dito. Kasunod n'on ay ang paglitaw ng mga lalaking may dalang baril. Base sa itsura at pananamit nila ay paniguradong mga tauhan sila rito.

Inalabas ni Law ang baril niya at tinangkang barilin ang mga ito nang agad ko siyang pinigilan. I held his hand with the gun and looked at him, serious.

"They're not gifteds. Don't waste your time. Puntahan mo na ang target at ako na ang bahala rito."

Madaling naintindihan ni Law ang sinabi ko at hindi siya nakipagtalo. Mukhang seryoso naman pala siya pagdating sa trabaho.

Naglakad siya sa kabilang dereksyon at ako ang humarap sa mga lalaking sumusugod sa amin. Mukha ngang alam na ni Law ang lugar na ito. Mas mabuti ng sa kaniya ko na ipagkatiwala ang pagpatay sa target.

Kinuha ko sa ilalim ng skirt ko ang baril na binigay sa akin ni Law. Then I felt my eyes changed.

Nagpatuloy ang pakikipagbarilan ko sa mga tauhan dito. Sinigurado ko namang sa paa, kamay, o balikat ko lang sila tinatamaan.

Isa sa mga bagay na pinaninindigan ko sa trabaho ay ang pagpatay lamang sa target at wala ng iba. Kung meron mang makielam ay pupuruhan ko lang sila. I don't disregard orders. Kung isa lang ang target, isa lang ang papatayin.

Nagpatuloy ang pakikipagpalitan ko ng bala hanggang makarating ako sa second floor.

Sana lang ay nakapunta na si Law kung nasaan ang target para matapos na ito.

Dere-deretso ang paglalakad ko sa second floor nang may mapansin ako. Kumpara sa baba ay wala gaanong bantay rito. Lumiko ako sa isang pasilyo at natigilan ako nang may nag-aabang sa akin na lalaki.

Nakatutok ang baril nito sa sintido ko. Base rin sa itsura niya ay hindi lang siya basta-basta tauhan dito kagaya ng mga nakaharap ko. His outfit and aura is different.

"You think you can kill me with that?" nakangising tanong ko rito. Kasabay n'on ay ang pagbago ng mga mata ko.

Imbis na matakot ay nagtaka ako nang inilipat niya ang pagkatutok ng baril. Mula sa sintido ko ay tinutok niya ang baril sa binti ko.

Namilog ang mga mata ko nang pinutok niya ang baril. I immediately gritted my teeth to stop myself from shouting.

Nanlumo ako nang walang tigil ang pagtulo ng dugo galing sa binti ko. Paanong?-

Hindi ko magamit ang gift ko. Hindi katulad ng ginawa sa akin ni Law na cinancel ito, ngayon ay hindi ko talaga ito magamit. Hindi nagbabago ang mga mata ko.

Kumurba ang isang ngisi sa labi ng lalaking kaharap ko.

"Oh? Totoo ngang gumagana ang baril na 'to sa mga gifted," natatawang sambit niya.

Natauhan ako sa sinabi niya. Doon ko lang napansin na iba ang baril na ginamit niya. Gawa ito sa ginto at may simbolo ng orasan na disenyo. What the hell?!

Napaismid ako rito at tinutok sa kaniya ang baril ko. Pero nanlambot na lamang ako nang kinalabit ko ang gatilyo. Wala ng balang lumabas dito.

"Don't be so mean, miss. Our boss wants to meet you."

14. His first target

Wala akong magawa habang hila-hila ako ng mga lalaki papunta sa isang elevator. Nanghihina na 'ko dulot na rin siguro ng paggamit ko sa familiar ko nang matagal at ang walang tigil na paglabas ng dugo galing sa binti ko.

Fuck. Hindi ko matiis ang sakit! This is one of the disadvantages of having regeneration powers. Dahil hindi ako nakatatanggap ng sakit ay hindi ko matiis kapag nasaktan ako.

That fucking jerk. Ano ang ginamit niya sa akin?! Kung tinuloy niya ang pagputok n'on sa noo ko ay paniguradong patay na 'ko. Masyado na naman akong nagpabaya.

Base sa sinabi nila ay mukhang pupunta kami sa boss nila. That must be our target. Ibig sabihin lang n'on ay hindi pa rin siya natatapos ni Law. That useless lunatic!

Hindi nagtagal ang paghihila nila sa akin nang makarating kami sa dulong silid sa pinakamataas na palapag.

Mariin ang pagkakagat ko sa ibabang labi habang mahigpit ang pagkasasara ng kamao ko. Nang pinasok nila ako roon ay sumalubong sa akin ang isang lalaki.

A freaking fat pig.

Kahit lumobo pa ito lalo ay hindi ako nagkakamali na ito ang target namin.

He has a psychotic smile on his face while he walks towards me. Nabigla ako nang hawakan niya ang mukha ko at pinagmasdan ito nang mabuti.

Dahan-dahang naningkit ang mga mata niya. "Eh? Hindi ikaw 'yong dati ah," aniya.

Kumunot ang noo ko sa sinabi niya at inalis ang mukha ko sa kamay niya. Anong pinagsasabi ng baboy na 'to?

"Hindi naman na mahalaga 'yon. Itali niyo na 'yan."

Muli akong hinila ng mga lalaki at dinala sa isang etablado sa gitna ng silid. Walang ibang kagamitan sa loob kung hindi ang entablado na 'yon at ang mga kumukurap-kurap na bombilya.

They handcuffed me and tied me in the stage. Nanlilisik ang mga mata kong nakatingin sa kanila.

Tsk! Bwisit. Hindi ko pa rin magamit ang gift ko. Kapag nakatakas ako rito ay sisiguraduhin kong puputulin ko ang mga kamay nila na pinanghawak nila sa akin.

"Boss! Parating na siya!"

Nakuha ang atensyon ko sa sinabi ng lalaking bagong dating sa silid.

Bigla akong kinabahan nang pumwesto ang mga lalaki na may dalang mga baril at nag-abang sa pintuan. Isa sa kanila ang bumaril sa akin at dala-dala pa rin nito ang baril na ginamit niya sa akin.

I felt the chills and... I'm suddenly worried. Kailangan... kong balaan si Law!

"Teka-"

Agad akong natigilan nang may naglagay ng panyo sa bibig ko. Tanging pagmilog ng mga mata ang nagawa ko.

This fucking fatass!

"Now, now. Hindi mo kailangang makielam girly. It's payback time."

Kumunot ang noo ko sa sinabi niya. Payback?

Hindi nagtagal ay may lalaking tumalsik papasok sa loob ng silid. Kasunod na pumasok dito ay ang lalaking kasama ko.

Lahat ng mga lalaking nag-aabang ay tinutok ang baril kay Law.

"Wah! Law, long time no see!" bungad ng target namin. He even opened his arms to welcome my partner.

Hindi ko napansin na wala na pala sa gilid ko si baboy. Bagkus ay pumwesto siya malapit sa pintuan upang salubungin si Law.

"Oi, oi. Jimmy pumayat ka ata?" natatawang sagot ni Law na hindi alintana ang mga baril na nakatutok sa kaniya.

I was taken aback by what he said. He fucking knew our target? How?

Mukhang hindi natuwa ang target namin sa sinabi ni Law at nagbago ang ekspresyon niya.

"Alam kong darating ka Law. Kaya naghanda ako para lang sa'yo. Babawi ako sa nangyari nakaraang taon," sambit ni Jimmy.

I looked at them, confused. Nakaraang taon? Don't... tell me?

"Alam ko na ang kapangyarihan mo Law. Totoo ngang ibang klase ang gift na meron ka. Pero tulad ng ordinaryong tao, nasasaktan ka rin."

Nanlaki ang mga mata ko nang kinasa na ng mga lalaki ang mga baril nila.

"No'ng una ay takot kaming makalapit sa'yo. Pero ngayong alam na namin ang kapangyarihan mo, baliwala ka na lang," nakangising sambit ng target namin. "You're just an ordinary person if you can't touch us."

Law looked at them, with his cold and blank eyes.

Imbis na kabahan. Walang bakas ng takot sa mukha niya. Kung tutuusin ay natatawa pa nga siya. He's really a fucking lunatic.

Naging alerto ang mga tauhan ni baboy nang biglang umupo si Law. Sumunod sa kaniya ang mga nguso ng mga baril.

"But what if I touch this?" sagot ni Law habang nakahawak sa lapag.

Pare-pareho kaming natigilan sa sinabi niya. Kapag sinira niya ang tinatapakan namin ay siguradong madadamay ang estraktura ng building na 'to at pare-pareho kaming mamamatay.

"With just a snap... what do you think will happen?" natatawang tanong ni Law.

"I'm faster than a bullet. You know that Jimmy. You can't-"

Tila natigilan si Law nang magtama ang tingin namin. His smile faded and his expression changed.

As if time slowed down when our eyes met. Kahit ako ay natigilan.

Nang mapansin 'yon ni Jimmy ay umalingawngaw ang nakaiiritang tawa niya.

"Bakit hindi mo ituloy, Law?" natatawang sambit ng target namin.

Nanlumo ako nang pumwesto sa likod ni Law ang isa sa mga tauhan ni Jimmy at sinipa siya.

What is he doing?! Bakit hindi niya na lang gawin 'yong plano niya?!

Wala akong magawa kung hindi magpumiglas. Napaismid ako habang mariin ang pagkakakagat sa panyong nakatakip sa bibig ko.

I have no choice then. Binali ko ang hinlalaki ko upang matanggal ang kamay ko sa posas. Sunod na ginawa ko ay ang pagkalikot sa lubid na nakatali sa akin.

Habang ginagawa ko 'yon ay hindi mawala ang tingin ko kay Law. My heart is starting to beat fast and I'm suddenly anxious.

That fucking lunatic. Ano ba ang pinaggagawa niya?!

I panicked when I saw the guy with a golden gun walks towards him. Tinutok nito ang baril sa balikat ni Law at walang pag-aalinlangang pinutok ito.

I lost the hope I have left.

Fuck! Wala na! 'yong plano na nga lang niya ang pag-asa namin! Tsk!

"Anong problema, Law? Tayo! Akala ko ba nandito ka para patayin ako?" natatawang sambit ni Jimmy.

That fucking fatass. Ako ang papatay sa kaniya!

"Why? Oh! Alam ko na!"

Napahinto ako sa pagkalikot sa lubid nang lumapit sa akin si Jimmy. Hindi mawala ang tingin niya kay Law habang lumalapit sa akin.

"You can't just leave your partner, right?"

Natigilan ako sa sinabi niya. Nang tignan ko si Law ay muling nagbago ang ekspresyon niya.

His eyes...

Parang wala na itong nakikita.

"Of course! Gano'ng klaseng lalaki ka!" Jimmy's voice filled the room.

"Hindi mo pinababayaan ang partner mo!"

"Hindi ba Law?-"

"Shut up," may diin at malalim ang pagbanggit ni Law.

Kahit mahina ay sapat na ang sinabi ng kasama ko para mapatahimik agad si Jimmy.

"E-Eh? Why?-"

"Oh! Don't tell me, hindi niya alam?" pang-aasar lalo ng target namin.

Mas lalong natawa si Jimmy. Tanging ang boses niya lang ang nagsisilbing ingay sa silid. Ano ba ang pinagsasabi nito?

"Well then, allow me to tell her!"

Tila natauhan si Law sa sinabi niya at agad itong napatayo. Hindi alintana ang patuloy na pagtulo ng dugo sa braso niya. Pero hindi nagawang makalapit ni Law sa amin nang harangan ito ng mga tauhan ni Jimmy.

"Come on, I'm doing you a favor. You should be nice!"

I can see Law's expression. It's filled with anger, hatred... and a hint of sadness.

Natigilan na lang ako nang humarap si Jimmy sa akin. Nagbago ang mga mata niya nang magtama ang tingin namin.

No, fuck! Nabasa ko ang gift niya sa information na binigay sa amin.

Hindi dapat tumingin-

Huli na nang matauhan ako.

Nang muli kong imulat ang nga mata ko ay nasa ibang lugar na 'ko. Shit!

That damn pig has the ability to show you a memory from someone! Tsk.

Inilibot ko ang mga mata ko para tignan ang paligid. Walang tigil ang pag-ulan. Mukhang nasa labas ako. Nararamdaman ko ang pagtama sa 'kin ng malamig na tubig ng ulan.

Sinubukan kong makatayo pero hindi ko magawa. Nabigla na lamang ako nang may lalaking sumugod sa akin at may dalang patalim.

Napapikit ako at hinintay ang sakit na mararamdaman ko. Pero wala akong naramdaman.

Bagkus, pagmulat ko ay nanatiling nakatayo sa harap ko ang lalaki.

And there's a fucking hole in his chest.

Sa likod nito ay si Law.

No... si Law nga ba talaga 'to?

His eyes.... Parang nakatingin ito sa kawalan.

"Are you hurt, Kana?"

15. The heart of a Destroyer

Natigilan ako sa sinabi ni Law. Kana? Is this... her memories?

Sinubukan kong lumapit kay Law pero kabaliktaran nito ang ginawa ni Kana. Inilibot nito ang paningin niya at doon ko nakita nang mabuti ang paligid.

It's full of corpse. Corpses with holes in their chest.

Did Law... do this?

Doon ko naramdaman na nanginginig na pala ako—Kana, rather.

Nang muli kong tignan si Law ay wala itong emosyon. Sinubukan ako nitong itayo pero tinaboy lang ni Kana ang kamay niya. Mas lalong lumayo sa kaniya si Kana.

"S-Stay away from me you monster!"

Her voice is trembling, full of fear.

Napapikit na lamang ako dahil ayoko ng makita pa ang mga nangyari. Now I know... why Kana was so scared of Law.

I mean... he killed all of them. He killed them without emotions. Like a machine—he looks like a killing machine.

Nang muli kong minulat ang mga mata ko ay nawala na ang epekto ng gift sa akin. Tila nanlambot ako nang bumungad sa akin si Jimmy. May nakatarak na patalim sa dibdib nito. Sa likod nito ay si Law.

Suddenly, Kana's memories flashed in front of me. Katulad na katulad ito ng nangyayari ngayon. Ang mga tingin ni Law... ang ekspresyon niya sa mukha...

Nang tinignan ko ang mga tauhan ni Jimmy ay puro nakahalandusay na sila. What... happened?

Tinanggal ni Law ang kutsilyong nakatarak kay Jimmy at lumapit sa akin.

I flinched when he tried to touch me. Para naman akong natauhan nang makita ko ang itsura nito. His expression changed when he saw my reaction.

I... didn't... mean it.

Tahimik niyang pinutol ang lubid na nakatali sa akin at sinauli ang patalim sa akin. Doon ko lang napansin na 'yon pala ang pocket knife ko.

Pagtapos n'on ay tumalikod siya sa akin. I remained quiet. Dumbfounded and expresionless.

"I'm sorry..."

"Don't worry... Gin will find you a better partner."

I didn't saw Law's reaction. He just left after saying those words.

Ilang minuto akong napatulala sa mga biglaang pangyayari. Natauhan na lang ako nang maigalaw ko na ang kamay ko.

What the fuck... am I doing?

Don't tell me that I'm scared?! I'm... not scared-

Natigilan ako nang makitang nanginginig ang mga kamay ko. I bit my lower lip out of frustration.

Tsk. How pathetic.

Sinabi ko sa sarili ko no'ng una pa lang na hindi ako natatakot kay Law. Pero bakit ganito ang reaksyon ko?

Hindi mawala sa alaala ko ang mga nakita ko sa alaala ni Kana.

Law was really scary that time. But-

Isa rin sa hindi mawala sa alaala ko ay ekspresyon ni Law nang makita niya 'kong nakatali rito. He didn't continued his plan when he saw me.

He wants to save me. Yet, why am I so scared?

Mariin akong napakagat sa ibabang labi at napaismid ako sa sarili ko.

Kahit gulong-gulo pa rin ang isipan ko at halo-halo ang mga emosyon ay natagpuan ko na lang ang sarili kong tumatakbo papunta kay Law.

Hindi ko inalintana ang sakit ng binti ko at patuloy lang ako sa pagtakbo.

So what if he's a killer?! So am I!

And so what if he doesn't have emotions?! I don't even have a reason to kill!

Then that makes me a killing machine too!

But unlike Law, he has a reason! He just wants to fucking protect his friends!

Lakad takbo ang ginawa ko. Natagpuan kong nakatayo sa labas si Law. Sa gitna ng ulan.

I didn't even think twice. I just found myself hugging him from behind.

"Freaking Lunatic! Who told you that I want a different partner?! Stop acting like a boss!"

I can't see his reaction, but I bet that he was surprised.

"So what if you're a monster?! Then so am I! We're already partners kaya 'wag mong dinidibdib 'yong mga problema mo mag-isa, okay?!"

Hindi ko pinansin ang pagtulo ng ulan kasabay ng pag-agos ng dugo sa binti ko. Natauhan ako nang gumalaw si Law at humarap sa akin.

That's when it hit me. Fuck, ano ba 'yong mga pinagsasabi ko?

I wasn't thinking straight!

Nahihiya akong tumingin kay Law nang bigla na lang ako nitong niyakap. I was taken aback by what he did and I can't utter a word.

Despite of the cold rain falling on us, his warm body and arms are keeping me warm. I have an unexplainable feeling in my chest—but it's comforting.

"Thank you Hood."

And just like that. Not a smirk, not a fake. I saw Law smiled for the first time.

????????

After what happened, Law and I stayed on an inn for the night. Pareho kaming wala sa kondisyon para bumalik na kaagad sa Academy. Nagawa ko ng magamit ang gift ko pero wala pa rin akong sapat na lakas para maisara nang tuluyan ang sugat ko.

Mabuti naman dahil may tumulong sa amin galing sa inn at ginamot si Law. Normal lang naman daw sa kanila 'yon dahil meron din daw mga guild dito sa Resoir.

Matapos ng lahat ng nangyari ay hindi ko pa rin magawang makausap o makatingin nang deretso kay Law. Kapag tinitignan ko siya ay sumasagi sa isip ko ang ginawa ko kanina.

Anong bang pumasok sa isip ko at ginawa ko 'yon?

The inn provided us a room with two beds kaya hindi kami nahirapan ni Law magpahinga. Pero imbis na magpahinga ay natagpuan ko na lang ang sarili kong pinapanuod ang ulan sa bintana. I can't fucking sleep.

"Oi, oi. Why are you still awake hood?"

Nabigla ako nang sumulpot sa gilid ko si Law. Aawayin ko na siya dapat pero nang magtama ang mga tingin namin ay agad akong napaiwas—nangibabaw ang hiya ko.

Natawa si Law sa reaksyon ko. "Pft, stop doing that, hood. Nakakalimutan kong sinubukan mo 'kong patayin," natatawang aniya.

Kumunot ang noo ko sa sinabi niya. "Excuse me, ikaw 'yong muntik na 'kong mapatay."

He chuckled again. Dahilan kung bakit ako napasimangot. Kapwa kaming nakasilip sa bintana at pinapanood ang ulan.

"Thank you, hood," biglaang sambit ng katabi ko.

Natigilan ako sa sinabi niya. "T-Tsk. Why are you suddenly thanking me?"

"Hm, I don't know."

"Maybe because you really made me happy. It's been so long since someone told me that."

I felt my heart skipped a beat. Kung kanina ay hindi ko magawang tignan si Law ay hindi ko naman maialis ngayon ang tingin ko sa kaniya. My eyes gleamed as I look at him.

"You know what..."

"Losing someone important in front of me is my biggest fear. Wala akong pakialam kung isang halimaw o demonyo man ang magiging tingin nila sa akin."

"As long as I can save them, then it's fine."

His expression dulled. Natigilan ako sa sinabi ni Law. May anong kumirot sa puso ko nang maalala ko ang naging reaksyon ko sa kaniya no'ng una ko siyang nakitang gano'n. Hindi ko mapigilang mainis sa sarili ko.

"I lost my parents in an early age. They both died in front of me." He started a conversation.

Bumigat ang pakiramdam ko nang nagsimula siyang magkwento. His expression changed and I saw the sadness in his eyes.

"Our village killed them. 'They're keeping a devil's child', they said."

Law faked a smile. "Funny right? Our powers are called gifts. But it's a curse to some."

"Awakening my gift in an early age was not fun at all. Everyone calls me a devil, beast, and a monster."

"So it made me think, why not make them real?"

"I started rampaging. Destroying everything I see. I even started questioning my existence."

"Then I met her."

Law's face lit up. He flashed a smile.

"A girl same as me."

Nakuha ng sinabi niya ang atensyon ko. Ang tinutukoy niya ba ay si?

"She tried to kill me in our first meeting. Jeez, sinong gumagawa n'on?"

Pasimple akong tinignan ni Law kaya napasimangot kaagad ako.

"But before she kills me, she told me this,"

"If you think that you're a monster, then so am I."

I see the happiness in Law's eyes as he started talking.

"After that, she told me that if I'm ready. I should come to her Academy."

"Of course, after atoning for my mistakes. I went to her Academy."

"Doon ko sinabi sa sarili ko na ibabalik ko sa kaniya ang buhay na binigay na siya akin."

"And I'm sure lahat kaming nando'n sa Academy ay gano'n din ang iniisip."

"All of us owe our lives to her. We owe our lives to Helena."

Napalunok ako nang malalim sa narinig. Hindi ko mapigilang mapaisip sa mga sinabi ni Law. It's making me hesitate with my decision.

Is killing Helena is the right thing?

16. Orders from the Principal

Sinalubong kami ng pang-aasar ni Zeldrick nang makarating kami sa guild. Matapos ang pagyayabang ni Law na kami ang maauna ay kami ang pinakahuling nakabalik sa guild.

"Ha? Ano ulit 'yong sinabi mo Law? Ah, hindi ka namin kayang unahan." Umalingawngaw ang malakas na tawa ni Zeldrick na kinairita ni Law.

Hindi lang si Law ang naiirita, kung hindi kahit si August na partner nito ay bakas rin ang pagkaiirita sa pagkaisip bata ng partner niya.

"Grabe Law, nahirapan ka ba?" Walang tigil ang pang-aasar ni Zeldrick.

"Folle," nakasimangot na bulong ni Lemon sa gilid ko. Nilalaro nito ang alagang pusa niya.

Tulad ni Law ay naiirita rin ito kay Zeldrick. Pangalawa silang nakarating matapos din niyang magyabang kaya iritado rin siya sa pagyayabang ni Zeldrick.

"Oh? Miss Lemon, our great senior! Kumusta ka na? Kumusta 'yong mission? Mahirap ba?"

Hindi pa rin tumitigil si Zeldrick sa pang-aasar niya. Mukhang hindi niya pa rin mabasa 'yong sitwasyon niya ngayon.

"Okay lang 'yan. May susunod-"

August's eyes changed. The next thing we knew, tumilapon na sa gilid si Zeldrick. Mukhang si August ang unang napuno sa kanila.

"Asshole." Rinig kong sambit ni Law.

"Tsk. Nasaan na ba si Gin?" pag-iiba na tanong ni August.

No'ng kumpleto na kaming nakabalik sa guild ay sinabihan kami ni Gin na magtipon-tipon sa guild at hintayin siya.

Bakit kaya? Anong meron?

"Tsk, mas gusto ko pang kumain ng cakes kasama si Chelsea kaysa tumambay rito," sambit ni Lemon.

Nakuha ng sinabi niya ang atensyon ko. "Chelsea?"

"Oh, hindi ko pa ba nababanggit sa'yo?" Hinarap sa akin ni Lemon ang puting pusa niya. "Her name is Chelsea!" pagpapakilala niya.

I looked at her, dumbfounded. Come to think of it. Kayang kontrolin ni Lemon ang kahit anong hayop na hawakan niya. Pero bakit laging si Chelsea lang ang kasama niya? Ito rin ang sinama niya sa misyon.

"Tsk. Ang tagal ni Gin," pagrereklamo ni Law.

"Bakit niya-"

"Yosh! I'm back!"

Biglang bumukas ang pintuan ng guild. Napunta ang lahat ng atensyon namin sa lalaking kanina pa namin hinihintay.

"Oi, oi. Bakit ang tagal-"

Natigilan si Law sa pagsasalita nang makita ang taong kasunod ni Gin. Kusa kaming napatayo nang makita rin ito.

Suddenly, we all felt intimidated with just her mere presence.

The freaking Principal is here. Anong kailangan sa amin ni Helena?

"P-Principal Helena," hindi makapaniwalang sambit ni August. Hindi namin inaasahan na pupunta siya rito.

"W-What brings you here, Miss?" dagdag niya.

Nilibot ni Helena ang tingin niya para makita kung kumpleto kami. Nang makitang nandito kaming lahat ay dere-deretso itong pumunta sa harap namin.

Hindi ko mapigilang kabahan dahil tila seryoso ang ekspresyon niya. Kahit na rin sila August ay bakas rin sa mukha ang pagkakaba.

Pare-pareho na lamang kaming napapikit nang biglang tinaas ni Helena ang kamay niya.

Hinintay kong may sumakit sa katawan ko pero walang nangyari. Nang buksan ko ang mga mata ko ay nabigla na lamang ako nang makitang isang poster ito.

"E-Eh?" pagtataka ko.

Pinakita sa amin ni Helena ang isang poster.

"Clash of Guilds," basa ni Zeldrick dito.

Kumunot ang mga noo namin nang mabasa kung ano ang nakasulat. Anong meron diyan?

"A-Ano pong meron diyan?" tanong ni August.

Tinignan siya ni Helena na parang may sinabi siyang mali.

"Isn't obvious? I want you all to join," sagot niya.

Nagkaroon ng sandaling katahimikan para maproseso namin ang sinabi niya. Pare-pareho kaming napanganga nang matauhan.

Ha?!

"Oi, oi. Stop joking Helena, alam namin kung ano 'yan. Anong sinasabi mong sumali?" nakasimangot na

sambit ni Law.

"O-Oo nga Principal! Every year ginaganap 'yan. Pero hindi sumasali ang guild namin diyan!" dagdag naman ni Zeldrick.

Napabuntong-hininga si Helena na para bang inaasahan niya na ang mga sagot nila.

Wait, bago pa lang ako rito! Hindi ako makasunod sa usapan!

"That's the point. It only happens once a year. Kaya sumali na kayo," muling ani ni Helena.

Kani-kaniyang pagmamaktol ang mga kasamahan ko rito. Habang nagrereklamo sila ay binulungan ko sa gilid ko si Lemon.

"Pst. What's that?" marahang tanong ko.

Agad akong pinansin ni Lemon nang mapagtanto din nitong bago pa lamang ako at walang alam.

"Oh, it's an event for all guilds. Whether it's a dark guild, open guild, or guilds from the Academy. Any guild is free to join. That is the event to know who are the top guilds," pagpapaliwanag ni Lemon.

"Ahh, then why are they acting like that?" sunod na tanong ko rito. Totoo naman kasi. Sobra silang maka-react eh normal lang naman pala 'yong event na iyon.

"Well, never pa kasing sumali ang guild natin diyan. It's just a waste of time. Kaya hindi kami makapaniwala na pinapupunta tayo ni Principal Helena."

Tumaas ang dalawang kilay ko. Oh, a waste of time huh?

"Come on, Gin, ikaw na nga magpaliwanag," sambit ni Law.

Patuloy pa rin ang pakikipagtalo nila. Dinamay na rin nila pati ang Guild's Master namin.

"What's the big deal? It's an opportunity to show your powers! Iba't ibang gifted ang mga nando'n," muling sambit ni Helena.

"Oi, oi. We don't need to do that. We're strong and smart enough to know the difference between us and those losers in the Stadium," nakangising sagot ni Law.

Helena gave him a teasing look. "Eh? Or you're scared of knowing that there's someone who's much stronger than you?" pang-aasar niya.

Tila nagkaroon ng tesyon sa silid. Pare-parehong naging seryoso ang mga ekspresyon ng mga myembro ng guild sa sinabi niya.

"What are you talking about, Miss Principal?" may tonong tanong ni Zeldrick na hindi rin gusto ang sinabi ni Helena.

Our principal heaved a sigh. "All I'm saying is, you're not the only monsters here. There are more outside—more stronger and fearsome," taas noong sagot niya.

"Bakit mo ba kami gustong isali riyan? At bakit ngayon?" giit ni Law.

"Oh come on, sawa na kasi akong nalalamangan ng Nocturne Academy. The Avelites are always the S class guild. It's not fair!" Pagdadahilan ni Helena.

Everyone here knows she's lying. Hindi pa rin nagbabago ang ekspresyon ng mga kasama ko.

"Give us the true reason, Helena," seryosong sambit ni Law.

Muling nagkaroon ng sandaling katahimikan. Humampas ang malakas na hangin galing sa labas ng pintuan dahilan ng pagbukas nito lalo. Kumurba na lamang ang isang ngisi sa labi ng batang kaharap namin.

"Kayo ang mga batang pinili ko. Even the portugals' acknowledged you. Masama bang ipakita sa amin na tama ang desisyon namin?" nakangising tanong ni Helena.

Nakuha ng sinabi niya ang atensyon ko.

"Portugals'?" bulong ko kay Lemon.

"They are the leaders of the Academy. Or should I say, Principals and officials. Sila ang tumayo ng mga Academy, together with Helena," sagot niya.

"Sir Cael is also a Portugal," dagdag naman ni August na narinig ang tanong ko.

Napaisip ako nang malalim sa mga sinabi nila. The portugals', huh?

Kahit hindi nakumbinse sa sagot ni Helena sina Law ay napabuntong-hininga na lang ang mga ito.

Kumurba ang isang ngiti sa labi ni Helena nang mapagtanto niyang panalo siya.

"Tsk, kahit ayaw naman namin ay wala kaming magagawa kung 'yan ang utos mo. Mukhang napapayag mo na rin din naman si Gin," walang ganang sagot ni Law.

"Very well! See you in Friday at the Stadium." Helena's smile widened.

"Show us the powers of the Grim Reapers."

17. A reason

Matapos kaming kausapin ni Helena ay hindi rin ito nagtagal at umalis din ito kaagad sa guild. She left us all hanging, dumbfounded.

"Yosh! You heard the Principal. The event is on the day after tomorrow. Magpahinga na muna kayo." Ang boses ni Gin ang bumuhay sa silid.

Kani-kaniyang buhay ang mga kasama ko—para bang baliwala lang ang nangyari. Lumabas kaagad si Lemon kasama si Chelsea para siguro kumain, sina Law at Zeldrick ay pumunta sa kung saan, si August ay pumunta sa isa sa mga kwarto ng Guild, at si Elroy naman ay nagpatuloy lamang sa paglalaro.

I was still confused and shocked, but I have no choice to move forward with them—act like it's not a big deal. Hindi rin ako nagtagal sa Guild at lumabas din ako. Pumunta ako sa likod nito kung saan may malawak na lupain.

I glanced at the sky, and clenched my fist. My mind is still processing what happened, I mean, it's too fast!

Ang bilis nilang bumigay sa gusto ni Helena, at wala na 'kong magagawa roon.

Napatingin ako sa mga palad ko.

There is an event coming. Kahit na galing ako sa misyon ay hindi sapat na dahilan 'yon para hindi mag-ensayo.

At isa pa, I'm completely useless during my first mission.

Napapaismid ako sa sarili ko kapag naaalala ko iyon. Natatandaan ko ang unang pagkikita namin ni Helena kapag nangyayari 'yon.

A time where I'm completely hopeless. A time where I can't use my gift.

Hindi pwedeng gano'n na lamang 'yon. Tama si Helena. I hate to admit it pero marami pa 'kong gifted na hindi nakikita o nakakaharap.

Iba-iba ang mga gift nila... mga gift na pwedeng makatalo sa gift ko. So I really need to be stronger. For my family...

"Oh? Already training?"

Napunta ang atensyon ko sa lalaking biglang sumulpot din sa likod ng guild. May hawak-hawak itong libro at umupo siya sa damo.

I didn't even noticed his presence.

"Do you mind if I stay here? Hindi ako makabasa sa ingay ng laro ni Elroy eh," sambit ni Gin.

Isang tango ang sinagot ko sa kaniya. As long as he won't bother me, then I won't mind.

Nagsimula ng magbasa si Gin at nagsimula na rin akong mag-ensayo.

It happened too fast, Gin didn't even had the time to open the book. And I didn't think twice.

I took my gun and shot myself.

Parang bumagal ang oras nang marinig namin ang pagputok ng baril at ang pagtalsik ng dugo sa balikat ko. Nabigla si Gin sa ginawa ko dahilan ng biglaang pagtayo niya.

"H-Hey! What the heck?!" hindi makapaniwalang aniya.

I blinked my eyes thrice, confuse. Tinignan ko siya na para bang walang masama sa ginawa ko. Why? Natamaan ba siya?

"Stupid! Use your gift!"

Agad akong nilapitan ni Gin at tinakpan niya ang balikat ko na patuloy sa pagdurugo. "Hey, what the fuck Scarlet?!"

Napabuntong-hininga na lamang ako rito. He's overreacting. Hindi ko maintindihan kung bakit-

Biglang may pumasok sa isip ko. Nabigla si Gin nang mabilisan kong inalis ang nakalagay sa ilalim ng skirt ko at tinutukan ko siya ng pocket knife ko.

Our eyes met. He's confused and dumbfounded, while I'm serious.

"Fight me, Gin," seryosong sambit ko.

There was a sudden silence, enough for him to process what I said. Kumunot ang noo niya sa sinabi ko. "What the fuck? Are you nuts?! Stop the bleeding!"

Hindi ko pinansin ang sinabi niya, bagkus ay seryoso ko siyang tinignan.

"If you won't do anything, then I will strike you first."

Hindi nakapag-react kaagad si Gin sa sinabi ko. Agad ko itong sinugod habang nakatutok sa kaniya ang kutsilyo. Kahit nararamdaman ko ang pagkirot ng tama ko ay hindi ko 'to inalintana.

Nang akala ko ay mapupuruhan ko si Gin ay agad itong umiwas. Mabilis ko namang nabasa ang galaw niya at agad kong nailipat ang atake ko papunta sa kaniya.

Pero hindi ko inaasahan na hahawakan at didiinan nito ang sugat ko.

Agad kong nabitawan ang kutsilyo at napasigaw sa sakit.

"FUCK!"

Napaawang ang bibig ko at mabilis akong napaluhod sa sakit. Parang maiiyak ako sa sobrang sakit ng ginawa niya

"T-That's fucking unfair!"

Gin scoffed. "Jeez, do you really think that you'll have a fair fight if you're up against a criminal?" sagot niya.

I bit my lower lip to shut my mouth. Tsk. He has a point.

"Your have your gift for a reason, stupid. Use it," dagdag niya.

Napaismid ako rito bago gamitin ang gift ko. In the end, umasa pa rin ako sa gift ko.

Muling bumalik sa pagkakaupo si Gin sa harap ko at binalik ang tuon nito sa libro.

"Rather than practicing fighting without your gift, why don't you practice in mastering your gift instead?" muling aniya.

Nagpatuloy siya sa pagbabasa habang nakasimangot naman ako. Then a question popped up in my mind. Wala sa sarili akong napatanong.

"Hey, Gin. Can I ask a question?"

Nanatiling nagbabasa si Gin ng sinagot ako nito. "I don't mind."

Huminga ako nang malalim bago magtanong. Hindi nawawala ang tingin ko sa kaniya.

"What's the reason why you joined this Academy?"

He was taken aback by my question. Hindi inaasahan ni Gin ang tanong ko at bigla itong natigilan sa pagbabasa.

"Oh? Why suddenly interested?"

Iniwas ko ang tingin ko rito bago ko siya sagutin.

"Law told me..."

"The reason why he's here."

Gin's eyes widened because of shock. "E-Eh?! He did?!"

Hindi makapaniwala si Gin na sinabi sa akin 'yon ni Law. Kahit ako rin naman ay hindi rin makapaniwala.

"Woah. I didn't expect that. Tsk. Andaya mo naman. Dalawang buwan pa ang lumipas bago sa akin maglabas si Law." Gin said while pouting. Pero kaagad din itong nasundan ng ngiti.

"But I'm happy. At least other than me and Helena, may napagsabihan na siya," nakangiting sambit niya.

He closed his book. "Well, the answer to your question."

Nag-isip nang mabuti si Gin sa isasagot niya sa akin na para bang nakalimutan na niya ito.

"A reason, huh?"

"I guess I joined here to find that."

Natigilan ako sa sinabi niya at agad ko siyang tinapunan ng tingin.

"H-Huh?!" pagtataka ko.

Isang tawa ang sinagot niya sa 'kin. Anong klase sagot 'yon?

"The reason you joined here is to the find the reason?!" nakakunot noo kong tanong sa kaniya.

He chuckled. "That's not what I mean."

Gin's expression suddenly changed. Pati rin ako ay natigilan nang magbago ang ekspresyon niya.

"I joined here to know the reason why I'm still here... still here and alive—to find my purpose."

Both of my eyebrows rose, I was stunned. Hindi kaagad ako naka-react sa sinabi niya. For a minute, I felt Gin's emotions.

"Well, just like Law. I don't also have a good childhood you know," natatawang sambit ni Gin. Pero bakas ang lungkot sa pagtawa niya.

"I-It's okay. You don't have to tell me. I'm sorry for being so insensitive," mahinang sagot ko.

Tumawa siya sa sagot ko. "Hindi naman sa ayaw ko na 'yong maalala. To be honest, ayoko ngang kalimutan 'yon. I mean, 'yon ang rason kung bakit ako nandito ngayon."

Sa kabila ng lungkot na nararamdaman ko sa sinasabi ni Gin ay hindi pa rin mawala ang ngiti sa labi niya.

"Hm, I could say that I'm still pretty lucky though. I mean, unlike Law, I still had my father. I guess?"

The way he talks is like he's just telling a joke. But his eyes can't lie. He can't hide the sadness he've had.

"I'm not really a fond of my father. And I also think the feelings was mutual. I think he hates me for being a gifted." Natawa sa sariling kwento niya si Gin.

"Alam kong masamang magreklamo kung anong meron ka. Pero walang akong ibang hiniling no'ng bata ako na kung hindi sana si mama na lang ang kasama ko. Maybe she'll understand me. I mean, sa kaniya ko nakuha ang gift ko."

"But I guess I was asking too much. There's no way to bring someone from the dead, right?" Gin faked a smile.

"My father used me as much as he wanted. Made me do things I didn't want. He even taught his own son how to kill."

"Ang lagi niyang sinasabi sa akin ay utang na loob ko daw sa kaniya ang buhay ko. It's thanks to him that I'm alive."

"And I believed him..."

"But guess what, heroes does exist."

Gins flashed a smile. Walang bahid ng lungkot o galit. He just smiled.

"I've met Helena. A crazy old woman in a body of a little girl who likes teas."

"Then I realized."

"The difference between being alive and living."

18. Payback

My talk with Gin had a huge impact in me. I guess I was just really being selfish. Akala ko mabigat na ang problemang dinadala ko. Not knowing what they've already experienced, is much worse than mine.

Hindi mawala ang kinuwento sa akin ni Gin kahapon. Dahil sa mga sinabi nila ni Law ay hindi ko mapigilang mag-isip.

Tama nga ba ang desisyon ko? Tama ba na kalabanin ko si Helena?-

"Oi, oi. Akala ko ba magte-training ka, hood? Bakit nakatunganga ka lang diyan?"

Natauhan ako nang magsalita sa gilid ko si Law. Nandito kami sa open grounds ngayon. Nandito rin sina August at Zeldrick upang mag-ensayo. Bukas na kami aalis para sa event.

"Shut up, lunatic," sagot ko rito.

"Argh! Ayoko na makipag-train sa'yo. Sa mission nga kasama kita tapos sa training din."

Narinig ko ang pagrereklamo ni Zeldrick kay August. Sa pagkakaalala ko ay siya ang nag-aya kay August na mag-training tapos siya ang nag-iinarte ngayon.

"I'll happily take the job if the target was you, jerk." August gave him a deadly look.

Ginaya ni Zeldrick ang pagsasalita ni August at inasar pa ito lalo. Nahinto siya nang magtama ang tingin namin. Kasunod n'on ay ang pagkurba ng isang nakaiiritang ngisi sa labi niya. Mukhang alam ko na kung saan papunta ito.

"Yoh apple head! Wanna train with me?"

I rolled my eyes. Napaismid ako nang lumapit na siya sa akin. But come to think of it, I'm also training right now. Mukhang okay lang din naman kung makipag-training ako sa kaniya.

"Suit yourself," sagot ko.

Isang malawak na ngiti ang pinakita ni Zeldrick sa sagot ko.

"Nice, makababawi na rin ako sa ginawa mo sa akin."

Doon ko naalala na nakalaban ko na pala rati si Zeldrick. He lost that time because of his stupidity.

Masyadong mataas ang confidence niya. Not knowing my ability.

But to be honest. His fucking ability is also troublesome. Kung tumagal ang laban namin no'n ay paniguradong matatalo niya 'ko.

I can only regenerate 3 times every time I use my gift. Kung patuloy niya lang na ginamit ang gift niya ay paniguradong talo ako. Buti na lang ay sa sobrang pagkabigla niya sa gift ko ay natigilan siya. Kaya ginamit ko na ang chansang 'yon para talunin siya.

Unlike when I'm fighting ordinary people, I can use my gift and stop using it anytime. Ang ibig sabihin

n'on ay hindi ko mauubos kaagad ang lakas ko.

But fighting against a gifted is a different topic. Kailangan kong gamitin ang gift ko sa lahat ng oras at wala akong pagkakataon para hindi ito gamitin. Ibig sabihin ay mabilis mauubos ang lakas ko at hindi ko na magagawa pang mag-regenerate.

That is why I need to use my ability wisely. Kung kaya kong maiwasan ang mga atake niya ay dapat ko itong gawin. Hindi ko pwedeng saluhin lahat ng atake niya sa akin dahil lang kaya kong gumaling.

"Just to tell you, apple head. Hindi mo pa nakikita lahat ng kapangyarihan ko," nakangising sambit ni Zeldrick.

"Just shut up and let's start this. Unang bumagsak ay talo." I scoffed.

Kailangan kong tapusin 'to kaagad. Kagaya ng ginawa ko no'ng una. Pero alam kong mahihirapan ako lalo na't alam na ni Zeldrick ang kakayahan ko. So I need him to loosen his defense then I'll strike.

We went to opposite directions, facing each other.

His eyes changed and so as mine.

Within 0.4 seconds, nagsimula ng maglutangan sa harap ni Zeldrick ang iba't ibang klase ng metal. Hindi hamak na mas mabilis ito kaysa sa huli naming laban.

This jerk... when did he got this strong?

Naningkit ang mga mata ko nang makita kong may pinaglalaruan siyang mga... barya?

Habang nagsisimula ng magsilapitan ang mga metal sa kaniya ay hindi ko inaasahan na ibabato niya sa akin ang mga hinahagis-hagis niyang barya. Napasinghap ako nang makita itong gumalaw na parang bala.

Kahit nagawa kong mabasa kaagad ang atake niya ay hindi ko naman nagawang iwasan 'to lahat. May isang tumama sa binti ko at dalawa sa braso ko.

Napaismid ako nang bumaon ito sa balat at laman ko. It felt like I was shot, but with a bigger bullet.

I don't have a choice but to use my gift.

"Anong tinutunganga mo riyan, apple head?" natatawang sambit ni Zeldrick.

"I can control every single metal here. Hindi porket na pinapalipad ko ang iba ay hindi na kita maatake gamit ang mga baryang dala ko," dagdag niya.

Muli akong napaismid sa sinabi niya.

I changed my arms into wings and I started flying towards him. Kailangan kong makalapit kaagad sa kaniya. He attacks on long range. Kaya hindi niya 'ko mapipigilan kapag nakalapit na 'ko sa kaniya.

Mukha namang hindi inaasahan ni Zeldrick iyon dahil nakalutang pa rin sa ere ang mga metal na kinokontrol niya.

Huli na nang mapagtanto ni Zeldrick ang plano ko at nakalapit na 'ko kaagad sa kaniya. Using my human legs, I kicked him hard as I can.

Akala ko ay matatapos na ang laban. Pero imbis na tumalsik si Zeldrick ay naramdaman ko ang pagbali ng buto ko sa paa.

I heard and felt my bone cracked. Hindi ako makapaniwala nang magawa nitong pigilan ang sipa ko gamit ang kamay niya.

No-

Not just with hands—his fucking hands was covered in freaking metal!

"Tsk, tsk. Same tricks won't work twice, apple head."

Napaismid ako at agad na lumipad papalayo rito. My fucking leg broke because of the impact. My strong kick and his freaking hard metal.

"I told you didn't I? I can control every single metal. Hindi ko lang kayang umatake kung hindi kaya ko ring depensahan ang sarili ko," nakangising sambit ni Zeldrick.

I bit my lower lip because of frustration. Fuck. I shouldn't have had underestimated him. Bakit hindi ba 'ko matuto-tuto?

Zeldrick is a already a fucking senior. Natural lang na mas marami na siyang alam sa akin.

Tsk! Ginamit ko na ang pangalawang regeneration ko sa pag-ayos ng paa ko. At hindi lang basta-basta ang lakas na ginamit ko para roon.

Sobra akong nanghina sa pag-ayos ng baling buto. Sa tingin ko ay daplis na lamang ng bala ang kaya kong pagalingin ngayon.

What the fuck should I do?

I can't just attack him.

Neither afford to just stand here.

Zeldrick can attack and defend at the same time. At wala na 'kong lakas para tumanggap pa ng atake niya.

Itigil ko kaya ang paggamit ng gift ko? But I can't also afford to do that... it's too risky. I don't have time to cancel my gift. Kailangan ko ng tapusin 'to.

Kung kayang balutan ni Zeldrick ng metal ang katawan niya, then I'll strike his head instead. Hindi magagawang takpan ni Zeldrick ng metal ang ulo niya dahil masyadong malalaki ang metal na gamit niya. Metals can't change shape.

I only have one chance. Kapag pumalya ako ay magiging alerto na si Zeldrick sa plano ko.

Susugod ako at pagmumukhain kong sisipain ko siya sa dibdib.

Sa oras na pigilan niya ang paa ko ay gagamitin ko ang isa kong paa para sipain ang ulo niya.

"Ano na apple head?" pang-aasar ni Zeldrick.

I clicked my tongue.

Asshole. 'Wag mo 'kong sisisihin kapag natanggal ang ulo mo.

19. Surpass your limits

Patuloy kong iniiwasan ang lahat ng atake sa akin ni Zeldrick. Kailangan kong humanap ng pagkakataon para atakihin siya.

Mabuti na lang ay naisipan niyang gamitin ang mga malalaking metal para atakihin ako, kaya madali ko itong nakikita at naiiwasan.

Pero habang tumatagal ay nararamdaman ko na ang panghihina ko. Tsk. Hindi ako sanay na gamitin ang gift ko nang matagal.

Habol-habol ko ang hininga ko nang huminto ako sa paglipad.

But unlike me, that jerk still seems to be in a good shape.

This shows the difference between us.

I may grew up as an assassin. But I only killed ordinary people. Kung meron mang gifted na pinapatay si Papa ay apat kaming one digit codes o higit pa ang ipadadala niya.

Unlike this jerk that fought gifteds—not just ordinary gifteds but wanted ones.

"Ano na? Suko ka na? Nako, hindi ka tatagal sa event niyan," pang-aasar pa sa akin lalo ni Zeldrick.

Hindi ko ito sinagot bagkus ay hinanda ko na lang ang sarili ko para umatake.

Keep smiling while you can, jerk. You won't be any longer now.

I don't usually do this but I guess it's my only option now.

I felt the fire starting to cover up my whole body. It's starting to become warmer, and the light from my fire is blinding.

I changed my whole appearance as a phoenix. Zeldrick was shocked while Law and August who's watching us were both stunned.

Being a phoenix makes me invincible. Meaning, any attack that hits me will just pass through me. Ito na ang chansa ko para makalapit kay Zeldrick ng hindi piniproblema ang mga atake niya.

Pero kapalit nito ay ang pag-ubos ng lakas ko. But I need to take the risk.

Kagaya ng inaasahan ay sinubukan akong atakihin ni Zeldrick gamit ang lahat ng metal na meron siya. Including his coins.

But none of them worked. Tumagos lamang ang mga ito sa akin.

Napaismid si Zeldrick nang wala man lang tumama sa akin.

He won't stand a chance against me. Kung matalino sana siya mag-isip ay kanina niya pa 'ko natalo. What a jerk.

Nang tuluyan na 'kong nakalapit sa kaniya ay ginawa ko ang plano.

With my human legs, I kicked his chest. Kagaya ng inaasahan ay nagawa niyang pigilan ito gamit ng kamay niyang may metal. Pero hindi katulad no'ng nauna ay hindi nabali ang buto ko dahil hindi gano'n kalakas ang pagsipa ko.

Pagkapigil niya sa paa ko ay ginamit ko ang isa kong paa para sipain ang ulo niya. I twisted my body, to move my other leg.

Kumurba ang isang ngisi sa labi ko nang sipain ko siya.

"Go to hell-"

Parang bumagal ang oras. Agad na naglaho ang ngisi sa labi ko nang tumama sa isang matigas na bagay ang paa ko.

Nanghina na lamang ako nang makita ang pumigil sa sipa ko.

A hand made of metals.

In short, tatlong kamay ang ginamit ni Zeldrick sa akin.

Naramdaman ko ang pag-crack ng buto ko. Kasabay n'on ay ang paghatak ni Zeldrick sa isang ko pang paa para ihagis ako.

In the corner of my eye, I saw Law rushed towards me but August stopped him.

Pigil hininga ang sumunod na nangyari. Kahit ramdam ko ang pagsakit ng mga paa ko ay pinilit kong tumayo ng nakatilapon. Meaning, hindi pa 'ko talo. Dahil hindi naman ako natumba.

The pain is killing me. The impact, my broken bone, and the strength I have left—it's all killing me.

Sobrang bigat ng paghinga ko habang pinipilit ko ang sarili kong hindi tumumba.

Nang sumulyap ako kay Zeldrick ay napaismid na lamang siya. Bakas sa mukha niya na hindi niya nagustuhan ang ginawa niya sa akin.

"T-Tsk! Bakit hindi ka pa tumumba!" giit niya.

His face softened. "You should've admitted defeat and heal your self... stupid."

Hindi ko siya pinakinggan at pinilit ko pang tumayo. Pero binigo ako ng mga paa ko at napaluhod ako.

Dahan-dahan akong napayuko. Wala akong magawa kung hindi mapahawak sa mga damo. Nagsimulang manginig ang buo kong katawan dahil sa panghihina.

Sobra akong natauhan sa laban namin.

All this time, Zeldrick was just holding back.

He was capable of doing things like making a third hand using his freaking metals.

The moment I tried to kick his head, his body acted on its own and stopped me. Wala sa sarili niyang hinagis ako para protektahan ang sarili niya.

Zeldrick didn't think. His body just acted on its own.

Yet, I was certain at that moment.

If he didn't threw me. He could've smashed my head using his hands instead.

If that was a real duel.

I could've died.

"Tsk. Tinatamad na 'ko. Magpahinga na tayo para bukas, apple head."

Zeldrick cancelled his gift. Nagsimula na itong tumalikod at maglakad papaalis nang pigilan ko ito.

"I-It's not finish yet," giit ko.

Zeldrick got annoyed as he face me.

"Yes it is, apple head."

Pilit kong tinatayo ang sarili ko. Kahit na nahihirapan, nagawa ko pa ring ngumisi na mas lalong kinainis ni Zeldrick.

"You haven't defeated me yet, grape head."

Napaismid sa sagot ko si Zeldrick. "You can't defeat me in that condition. Cancel your gift and heal yourself. This shit is done."

Hindi na niya 'ko pinansin at nagsimula na ulit siyang maglakad paalis nang matigilan siya sa huling sinabi ko.

"You're scared of being defeated by me in this state?"

He stopped walking. Iritadong humarap sa akin si Zeldrick. Kasunod n'on ay ang pagbago ng mata niya.

Kahit nanghihina ay napangiti ako sa inakto niya.

That's right Zeldrick... don't show mercy on me. Because when the time comes and I betrayed you, you should be able to kill me without hesitating.

"Oi, oi. Stop it-"

Natigilan si Law nang pigilan siya ni Gin na bigla na lamang sumulpot sa kung saan. Napasulyap ako sa pwesto nila at nakita ko ang seryosong tingin sa akin ng Guild's Master namin.

It only means that we got the Guild's Master's approval. We have to finish this duel.

"Don't blame me if something happens, apple head. I'm going to get serious," sambit ni Zeldrick.

Kumurba ang labi ko sa sinabi niya. "That's more like it."

Nagdikit-dikit ang mga metal na kinokontrol ni Zeldrick. It turned into a huge spear.

I bit my lower lip. So this jerk is capable of shaping metals huh? Mula kanina ay hindi pa siya nagseseryoso.

Tinutok niya ito sa akin. Habang nanatili naman akong nakahawak sa damo at nakaluhod.

Ano ba ang pinaggagawa ko? Alam kong wala na 'kong lakas. Ni hindi ko na nga magawang makatayo. Bakit ba pinilit kong tapusin 'tong laban?

Zeldrick will kill me this time.

Anong pumapasok sa isip ko? Jeez, gano'n na lang ba kataas ang pride ko?-

Natigilan ako nang mapagtanto ko kung ano ba talaga ang gusto kong mangyari. It's not because of pride or because I wanted to die.

Maybe because he was watching.

My partner was watching.

Ginagawa ko 'tong training na 'to hindi na dahil para matalo ko si Helena.

Kung hindi para ako naman ang pumrotekta kay Law sa susunod.

What a stupid reason.

"I'm sorry." Zeldrick said with a serious and sad tone.

Nagsimula ng lumipad papunta sa akin ang sibat na gawa sa metal at wala na 'kong magawa kung hindi mapahawak na lang nang mahigpit sa mga damo.

Mariin ang pagkakakagat ko sa ibabang labi. N'ong oras na malapit na itong tumama sa akin ay naramdaman ko ang biglaang paglakas ng kapangyarihan ko. I felt my powers rushing through my body.

The next thing I knew. Using my flames, I was able to melt the metal in front of me. At the same time, all of my wounds and injuries were healed.

Parang nasusunog ang laman ko, pero hindi ako napapaso o hindi ito masakit.

Hindi makapaniwala sina Zeldrick sa nangyari. Kahit ako ay hindi rin nakapag-react sa nagawa ko.

Isa pa sa nakuha ng pansin ko ay ang biglaang pagtuyo ng mga damo sa paligid ko. Kahit ang lupa ay mukhang patay na rin.

"W-What happened?" hindi makapaniwalang sambit ni Zeldrick.

Nakangiting lumapit sa akin si Gin.

"Looks like you don't just regenerate but you can take a lifesource as well," aniya.

Hindi ako makapaniwala sa sinabi niya. I didn't know... I can do that.

"Gago! Ano sa tingin mo ang ginagawa mo?!"

Napatingin ako kay Law nang batukan nito si Zeldrick habang naglalakad ito papalapit sa akin.

Natawa si Gin sa inasal niya. "Chill. Kung hindi naman 'yon napigilan ni Scarlet ay ako mismo ang hihinto n'on," pagmamalaki niya.

Both of my eyebrows rose. Wait... inaasahan niyang magagawa ko' yon?

"P-Paano mo nalaman na magagawa ko 'yon? Hindi ko nga alam kung paano ko nagawa 'yon," marahang tanong ko kay Gin.

Ngiti lamang naisagot nito sa akin. "Blood will tell."

Kumunot ang noo ko sa sinabi niya. Pero hindi ko na nagawang magtanong pa lalo tungkol dito dahil lumapit na sa akin si Zeldrick at walang tigil ito sa pag-sorry.

"'Wag mo 'kong hahawakan kapag gamit mo ang gift mo ha? Mahirap na," natatawang sambit niya na kinasimangot ko.

"Looks like you can also use flames huh?" kumento naman ni August.

Doon ko naalala na hindi ko lang pala nabalik ang lakas ko kung hindi nagawa ko ring tunawin 'yong spear na gawa sa metal. Paano ko ba... nagawa 'yon?

"Oi, oi. It's nothing to be hyped about. Of course hood can do it. She's a phoenix after all," giit ni Law.

Kahit mas sumimangot ako lalo sa sinabi nito ay hindi ko mapigilang sumaya dahil nandito siya. My feelings suddenly changed when I saw his reaction when he saw me in that condition. It made me happy knowing that he's worried about me. What is this feeling?

"Yosh, tama na 'yan at maghanda na kayo," pagsingit ni Gin.

"Tomorrow is a big day."

20. Strategy

Maaga kaming nagising kinabukasan at naghanda. Gin told us to bring weapons, just in case. Kaya nagdala ako ng baril at pocket knife.

Pagtapos naming mag-ayos ay pumunta kami sa gate ng Academy kung saan may naghihintay sa amin na kalesa. Pupunta kami sa Levoc Town kung saan gaganapin ang event. Hindi pa ako nakapupunta roon pero sigurado akong lugar 'yon para sa mga gifteds.

"Tsk, ano ba 'yang dala-dala mo?! Your bags are full of cannonball!"

"Shut the fuck up, August!"

Hindi nawala ang pag-aaway nina August at Zeldrick ngayong umaga. Kabaliktaran naman sila ni Lemon at Elroy na parehong may sariling mundo.

As usual, Elroy is playing games. Samantalang si Lemon naman ay kumakain ng cupcake at dala-dala nito si Chelsea-

Eh? Chelsea?

"L-Lemon, 'yan lang ang dadalhin mo?" tanong ko rito. Seryoso ba siya?

Nakangiti akong tinignan nito. "Of course!"

Naunang pumasok sa loob ng kalesa si Lemon habang naiwang nakaawang ang bibig ko sa sagot niya. This guild is full of weirdos.

"Oi, oi. Nadala mo na ba ang lahat ng kailangan mo, hood?"

Hindi ko napansin na nasa gilid ko na pala si Law. Nang tignan ko ang dala niya ay isang suitcase lamang.

"A-Ah, yeah."

"Then let's go."

Pinauna akong pasakayin ni Law sa kalesa at sumunod siya. Pagpasok ko ay bumungad sa akin ang mga myembrong may kani-kaniya ng ginagawa.

Magkaharap sina August at Zeldrick na hindi pa rin nagkakasundo. Katabi ni August ay si Lemon at Elroy na patuloy pa rin sa ginagawa nila. Pumwesto ako sa tabi ni Zeldrick at tumabi sa gilid ko si Law.

Kita ko ang dala ng mga kasama ko. Both Law and Zeldrick have suitcases with them, ang pinagkaiba lang ay mas malaki ang kay Zel. August has a huge scythe, covered with fabric. Lemon has... chelsea. And of course, Elroy... has his phone.

We are all set. Nang makasakay na kami lahat ay agad din namang umandar ang kalesa.

"Eh? Nasaan si Gin?" tanong ni Zeldrick nang mapansin na wala ito sa loob.

Pagkatapos niyang sabihin 'yon ay saktong bumukas ang isang maliit na bintana sa gilid niya. Konektado ito sa harap kung nasaan ang kutsero.

Sumilip dito si Gin na katabi ang kutsero. "Yoh!"

Nilibot niya ang tingin sa amin para tignan kung kumpleto kami.

"Yosh! Dahil mahaba-haba pa ang oras papunta sa Levoc Town, let's talk about our strategy!"

Pare-pareho kaming napakunot ang mga noo sa sinabi niya.

"Strategy? For what? To win?" tanong ni Lemon.

Natawa si Gin sa sinabi niya. "Of course not. Hindi tayo nando'n para manalo."

Naguluhan kami sa sinabi nya.

"What are you talking about, Gin?" marahang tanong ni August.

Our Guild's Master smirked. "All I'm saying is, kailangan natin ng maayos na strategy kung sakaling may mangyari man."

"Sigurado akong hindi tayo pinapunta roon ni Helena para lang manalo."

Tumaas ang kanang kilay ni August sa sinabi niya. "At ano naman sa tingin mo ang dahilan kung bakit niya tayo pinapunta roon?"

Kumurba ang isang ngisi sa labi ni Gin at tinaas nito ang tatlong daliri niya.

"I've came up with three reasons," panimula niya.

"First, Helena knew that the event won't go as planned at merong umatake sa Stadium. Kaya gusto niyang tayo ang umayos n'on."

"Second, maaring may mga taong may galit do'n kay Helena at atakihin siya. Gusto niyang protektahan natin siya kung sakaling mangyari 'yon."

"Lastly, merong wanted criminal ang nakapasok sa event. Kaya bilang mga hunters, sa atin ipinagkatiwala ni Helena ang trabahong hulihin sila."

Nag-thumbs up pa si Gin pagtapos niyang magsalita at lumawak lalo ang ngiti niya.

Hangang-hanga naman ang tangang katabi ko.

"Woah! Ang talino mo talaga Gin! Hindi ko naisip 'yon!" pagpupuri ni Zeldrick kay Gin.

August rolled her eyes. Nang nakita ni Zeldrick ang reaksyon niya ay agad siyang sumimangot.

"Ano na namang problema mo?" giit ni Zeldrick.

August crossed her arms. "There really is no medicine for stupidity," walang gana niyang sagot.

Mas lalong nairita si Zeldrick dito. "H-Ha?!"

Hindi pinansin ni August si Zeldrick at napunta ang atensyon niya kay Gin. "Let me answer those reasons you've came up with, Gin," aniya. Kasunod nito ay ang pagtaas niya ng daliri niya.

"First, the event is composed by dozens of guild with hundreds of gifteds as members. Isama mo pa ang tatlong Principals at mga officials. Walang tangang susugod sa event kung gano'n ang mga nando'n. Kung meron man, merong mga inatasan ang mga organizer na magbantay."

"Second, kung meron mang may galit o merong may binabalak na masama kay Principal Helena, the Principal herself is more than enough to handle that. Hindi natin siya kailangang protektahan. I even doubt it kung meron mang tanga ang maglalakas loob na kalabanin si Principal Helena."

Natamaan ako sa pangalawang sinabi ni August. Wow, that hurts.

"And lastly, just like what I've said. Once a year lang nangyayari ang event na 'to kaya siguradong mahigpit ang security. Kung meron mang criminal talaga na makapapasok ay merong mga security na mag-aasikaso roon. Hindi na nila tayo kailangan."

Parehong natahimik si Gin at Zeldrick sa sinabi ni August. Pasimpleng umismid si Zeldrick sa gilid ko habang nakita ko namang patagong dinilaan ni Gin si August.

"Well, August is right. Most likely, walang ibang dahilan si Principal Helena para papuntahin tayo roon," natatawang sabi ni Lemon.

"So you're saying na pinapunta niya talaga tayo roon para manalo?" giit ni Zeldrick.

"Oi, oi. There's no point in arguing. Malalaman natin 'yon pagdating natin doon o pagtapos ng event," pagsingit ni Law sa usapan.

"Law is right. There's no point in arguing," dagdag ni Gin.

I gave him a lazy look. Eh siya nga 'yong nag-umpisa ng lahat ng 'to eh.

"Oh, before I forget," Gin's expression suddenly changed. Hindi lamang ako ang nakapansin n'on kung hindi lahat kaming nasa loob. Pare-parehong napunta kay Gin ang atensyon namin.

"We might be from an Academy's Guild, but don't forget,"

"That event is also composed of dark guilds. Unlike us, they don't have to follow the rules. Hangga't maari ay 'wag kayong lalapit sa kanila," seryosong paalala niya.

Nanatili kaming nakinig dito. Judging the way he spoke, mukhang kailangan nga talagang iwasan ang mga dark guilds na 'yon.

"Sa lahat ng dark guilds ay ang pinakaiiwasan niyo ang Trejon at Spiders," muling ani ni Gin.

Nakuha nito ang atensyon ko. Trejon and Spiders, huh?

"Well, I'm not sure kung sasali sila. Pero para na rin makisigurado. Don't mess with them. It's the Solar Academy's job to tame those Dark Guilds."

Sinunod namin ang payo ng Guild's Master. Hangga't maari rin ay ayokong gumawa ng gulo.

Tumagal ng ilang oras ang byahe bago kami tumawid sa tunnel—hudyat na papasok na kami sa city. Nang makarating kami sa kabilang dulo nito ay hindi ko talaga maitatanggi ang ganda ng paligid.

Hindi tulad ng ibang towns ay walang gubat na nakapalibot dito. Bagkus, nagmumukhang malawak ang paligid dahil ginagaya ng lupa ang itsura ng kalangitan. Nagmumukha tuloy isang malaking karagatan ang bayan. Iba't ibang klase ring creatures and nagsisilabasan.

Sa bungad ay mayroong estatwa ng isang Goddess. The statue of the greek Goddess, Athena.

Pero ang pinakanakakuha ng atensyon ko ay ang sobrang malaking Stadium sa gitna ng bayan. So this is where the event will take place, huh?

"Eh, so in the end, wala tayong napag-usapang strategy, huh?" natatawang sambit ni Lemon habang hawak-hawak si Chelsea.

"Hindi sana mangyayari 'yon kung walang nakiepal," sagot naman ni Zeldrick at pasimple itong tumingin kay August.

"Hindi rin naman masusunod 'yon, lalo ba naman kung ganito ang mga kasama mo," dagdag ni August at binalik niya ang tingin kay Zeldrick.

"Then all we just have to do is win," tipid na sabi ni Elroy.

"Oi, oi. Also make sure to have some fun," nakangising sambit ni Law.

"Lunatic," bulong ko.

Tawa ang naisagot sa amin ni Gin. We found ourselves in front of the stadium, all of our eyes are on the top—looking at the huge structure.

"There's nothing we can do about it then. Let's just go and crush some guilds."

21. Clash of Guilds

Pagpasok namin ng Stadium ay may kani-kaniyang buhay ang mga tao sa loob. For a second, napunta lahat ng atensyon nila sa amin pero agad din itong naalis at nagpatuloy sila sa mga ginagawa nila.

With just their presence, masasabi kong maraming malalakas na gifted ang nandito.

"It sure is lively here," kumento ni Lemon.

"Well then, let's get some information about the event," sambit ni Gin.

Nagsimula na kaming maglibot sa loob para maghanap ng impormasyon. Kahit hindi nila pinapahalata ay pansin kong matalim ang mga tingin sa amin.

"Mukang ayaw nila sa mga bago ah," natatawang sabi ni Zeldrick.

Matapos ng ilang minutong paglalakad ay huminto kami sa harap ng isang information board. Kani-kaniya kaming basa ng mga nakasulat dito.

Ayon sa nabasa ko, nahahati sa walong block ang Stadium. Para sa first round, mapupuno ng 200 members ang kada isang block at 50 lamang ang maaring mag-advance sa second round.

"I see, mukhang malaki ang chansang maghihiwa-hiwalay tayo sa first round," sambit ni August.

Mukha nga. Hindi by guild ang pagpunta sa block kung hindi by members. Dahil sa bilang namin ay malaki ang chansang hindi kami pare-parehong mapunta sa iisang block. If that happens, we need to get through the first round on our own.

"Hays, kahit kailan hindi pumasok sa isip ko na may disadvantage tayo dahil sa bilang natin," walang ganang sambit ni Zeldrick.

"Malaki ang chansang magkakahiwala-hiwalay tayo sa first round. Habang 'yong mga guild na maraming member ay malaki ang chansang marami silang magkakasama sa iisang block," dagdag ni Lemon.

Napabuntong-hininga ako. Yeah, right. Malaki talaga ang disadvantage namin dito. We don't have a team play.

"Oi, oi. Nakalilimutan niyo ata kung saang guild tayo nabibilang," nakangising sabi ni Law.

"That's right. At isa pa, pwede nating gamiting advantage 'yong rami nila. Dahil maraming guild dito ang maraming members, uunahin nilang talunin ang mga guild na marami ring members. Para wala silang kalaban pagdating sa bilang," dagdag ni Elroy.

My eyebrows rose as I look at him, dumbfounded. Napahanga ako sa sinabi niya. Bihira lamang magsalita si Elroy pero sobrang may sense ang sinasabi niya... hindi tulad ng iba.

"'Wag na kayong mag-isip ng negative. Basta kahit saang block kayo napunta, siguraduhin niyong magkikita-kita tayo sa second round," nakangising sambit ni Gin. He lightened up the mood.

Pare-parehong kumurba ang mga labi namin sa sinabi niya.

"Oi, oi. Hindi mo na kailangang sabihin iyan," pagyayabang ni Law.

"Eh ano naman kung marami sila? Patatalsikin ko silang lahat sa stadium!" nakangising sambit ni Zeldrick.

"Ikaw nga 'yong nagsabing disadvantage natin 'yon," walang ganang sagot ni August.

"If you say so, Gin. I'll do my best to win," tipid na sabi ni Elroy.

"Yey! Makahahanap na rin kami ng kalaro ni Chelsea!" masayang sambit ni Lemon.

"So that settles it. Sabi rito sa board ay pwedeng magdala ng kahit anong weapon. Bringing animals is not also against the rules. Mukhang wala naman tayong problema," muling sambit ng Guild's Master namin habang binabasa pa ang mga nakasulat.

"Hangga't maari ay 'wag niyo munang ipakita ang gift niyo. Hindi naman required na matalo ang kalaban." Payo nito.

"The last 50 gifteds standing are the only ones that can advance in the next stage. Hindi pa natin alam kung ano ang second round. But most likely, mukhang dito na ang totoong labanan."

"It can be our advantage if they don't know our gifts. Kaya 'wag niyo muna ipakita lahat."

Sabay-sabay kaming tumango sa sinabi ni Gin. Totoo ngang pwede naming gamiting advantage 'yon. Mahirap na rin kung malaman nila kaagad ang gift namin. Pwede na nila kaming hanapan ng kahinaan namin.

"Tsk. Killing is strictly prohibited," basa ni Law sa pinakadulong nakasulat sa information board.

My forehead furrowed and my nose crinkled. What a freaking lunatic.

"So, mauuna na-"

Natigilan si Gin sa sasabihan niya nang bigla na lamang bumigat ang tensyon sa silid. Kahit hindi nila sabihin ay alam kong nararamdaman din nila 'yon. There's a fucking strong presence that entered the room.

Hindi lang kami kung hindi lahat ng tao sa loob ay naramdaman din ang presensya na 'yon. Kasunod n'on ay ang pagpasok ng isang grupo sa silid.

A total of nine members. Hindi sila nakauniporme kaya masasabi mo agad na hindi sila guild galing sa Academy.

Saan sila galing? From an open guild? Or-

"The Spiders," bulong ni Law habang matalim na nakatingin sa grupong bagong dating.

That's when I realize that each one of them have a Spider tattoo in different parts of their body.

"A total of 9 members. Eight members that serves as the legs, and the Guild Master as the Spider's head," seryosong sambit ni Gin. Kapwa nakatingin sa mga bagong dating.

So far, sa kanila pa lang ang presensyang hindi ko matiis. Their presence is suffocating.

I was no longer surprised when the gifteds here maintained their distance from them. Ilang metro ang layo namin sa kanila pero gusto pa ring lumayo.

Just when I thought the tension was over, another strong presence filled the room.

Hindi pa kami nakaka-move on sa mga presensya ng Spiders ay nagkaroon na naman ng bago. But unlike them, this presence is only coming from one person.

Pero sapat na ang presensya ng taong iyon para iparating sa lahat ng nandito sa silid kung sino siya. This person is not just an ordinary gifted.

Muling bumukas ang pinto at pumasok ang isang babae. Nabigla si Gin nang makita ang babae na 'to na parang kilala niya.

No, not just Gin. But all of the gifteds here had the same reaction.

A lady with a red hair entered the room. With a strong presence with her. Ni wala man lang binatbat ang mga Spiders sa presensya niya.

"Oh, what's with the tension?" natatawang aniya.

Nilibot niya ang tingin niya sa silid at natigilan siya nang magtama ang tingin namin. Naglakad siya papunta sa direksyon namin at hindi alintana ang mga tingin sa kaniya.

Nang tuluyan na siyang nakalapit sa amin ay pinagmasdan niya ako mabuti. Unti-unti na 'kong naiilang sa mga tingin niya nang magsalita si August.

"M-Miss Xilah! W-What brings you here?" nauutal na tanong ni August.

Natauhan 'yong babaeng Xilah ang pangalan ng tawagin siya nito.

"Oh my, mga Grim Reapers pala. No wonder why your faces looked familiar," nakangiting sagot niya.

Hindi ko maintindihan kung bakit pero habang nagsasalita siya ay hindi mawala ang mga tingin ko sa kaniya.

"Of course I'm here, hindi ko palalagpasin ang event na 'to," muling sambit ni Xilah.

She looked around. "Did you happen to see Principal Helena?"

Pare-parehong umiling ang mga kasama ko. "I'm sorry po Miss Xilah. K-Kararating lang din po kasi namin," sagot ni Zeldrick.

"Oh, I see. Ako na lang maghahanap sa kaniya. And jeez, ilang beses ko bang sasabihin sa inyo? Just call me Xilah. Hindi naman nagkakalayo ang mga edad natin," natatawang sagot niya.

"Anyways, I need to go. Goodluck!" She winked at us.

Nakasunod ang mga tingin namin sa kaniya nang daanan niya kami.

Nang tuluyan na siyang nawala sa mga paningin namin ay parang doon lang nagsimulang huminga ulit ang mga kasama ko.

"Hoo! Fuck, akala ko babagsak ako," sambit ni Zeldrick na sobrang pinagpawisan.

"Phew, hindi ko inaakala na makikita ko siya rito," dagdag naman ni August.

Hindi ko mapigilang magtaka sa mga naging reaksyon nila. Bakit gano'n ang mga reaksyon nila? Sino ba siya?

"U-Uhm, anong meron sa kaniya?" tanong ko kay Lemon.

Agad akong pinansin ni Lemon nang maalala nito na bago pa lamang ako.

"Oh, it's not your fault if you didn't knew. But jeez, akala ko kahit mga gifteds na hindi nag-aaral sa Academy ay kilala siya," she said as if it's something obvious.

"She's one of a hell gifted. A counter type gifted's worst nightmare."

"Everyone knows her as Venus, Aphrodite's heiress," pagpapakilala ni Lemon.

"But I guess it runs through the blood."

"After all, she's Xilah Portugal."

22. Opponents

Napaawang ang bibig ko sa narinig. Hindi ako makapaniwala sa sinabi ni Lemon. That woman is a portugal?!

"Oi, oi. It's none of our business kung nandito siya. Si Principal Helena ang nagpapunta sa atin dito."

Pare-pareho silang natauhan sa sinabi ni Law.

"Yosh, tama na 'yan. Marami na tayong oras na nasayang. Elroy, samahan mo 'ko, magpapa-register na tayo," sambit ni Gin.

"Yey! Sama ako!" dagdag ni Lemon.

Naunang umalis sina Gin, Elroy, at Lemon para magpa-register. "Diyan muna kayo. Babalikan namin kayo," pahabol na sabi ni Gin.

Naiwan kami nina Zeldrick, Law, at August dito.

"Hood, magiikot-ikot muna kami," ani ni Law.

Kasama si Zeldrick ay iniwan din nila kaming dalawa ni August dito. Wala kaming choice ni August kung hindi maghintay rito para sa kanila.

Habang nakatayo at naghihintay ay bigla na lang may sumangga sa akin na lalaki.

"Oy, bulag ka ba? Bakit ka nanangga?"

Napasinghap na lamang ako sa sinabi ng lalaki sa akin. His face is full of piercings and he also have a weird hairstyle. Hindi naman siya mukhang galing sa isang dark guild dahil nakauniporme siya.

"Sorry," sambit ko na lamang sa kaniya. Hangga't maari ay ayoko ng gulo. Kahit obvious naman na siya ang sumangga sa akin.

"Anong sorry? Hindi mo ba 'ko kilala? Hindi mo ba alam kung saang guild ako galing?"

Patuloy akong pinagsalitaan ng lalaki. Nagsisimula na rin kaming pagtinginan ng mga tao.

"Punch him or I will do it," bulong ni August. Ramdam ko ang matalim na tingin niya sa lalaki na manhid.

"Ha! Kami ang magiging S class guild ngayong taon, kaya umayos-"

Hindi na naituloy ng lalaki ang sasabihin niya nang may sumuntok sa kaniyang babae. Both August and I flinched when we heard the loud punch.

"Shut the fuck up, Zeke!"

A girl with a long green hair appeared in front of us. Sa likod nito ay meron ding babaeng nakasalamin at maikli ang buhok.

Pareho kaming hindi nakaimik ng kasama ko dahil sa pagkabigla, parehong namimilog ang mga matang

nakatingin sa kanila.

"Argh, I'm really sorry," ani ng babae. Mariin siyang napahawak sa noo niya. "As his Guild's Master, ako na ang humihingi ng tawad."

"O-Oh it's okay," sagot ko sa kaniya.

"I'm really sorry. This bastard is always full of himself. Hindi na siya nahiya. Porket nalaman niya na hindi sasali ngayon ang mga Avelites ay akala niya mananalo na kami," muling ani ng babae.

Nakuha ng sinabi niya ang atensyon ko. Avelites? Parang narinig ko na 'yon.

Oh, right. Nabanggit sa amin 'yon ni Helena. Sila ang S class guild at ang laging nananalo rito kada taon. Anong sinasabi niyang hindi sila sasali?

"As if we'll have a chance. Kahit wala ang mga Avelites, sasali naman *sila* ngayong taon," dagdag ng babaeng nakasalamin.

My forehead furrowed. Sila? Sinong sila?

"Anyways, again, I'm really sorry. By the way, we're the Coders, guild from the Solar Academy. I'm Eslin, the Guild's Master. This girl with glasses is Nickle, and that bastard is Zeke," pagpapakilala ng babaeng kaharap namin at nilahad nito ang kamay niya.

"A-Ah, Scarlet. We're from the Lunar Academy. The Grim Reapers," sagot ko at kinamayan ko siya.

"Oh, mga bago lang kayo hindi ba? Good luck sa mga guild natin."

Ngiti ang sinagot ko sa sinabi ni Eslin. Mukhang hindi naman pala puro siraulo ang mga nandito sa event. Kahit pa paano ay may maayos pa rin.

"Oh?! Namamalikmata ba ako? Totoo ba ito? Nandito ang mga Grim Reapers?!"

Speaking of mga siraulo. Bigla na lamang may sumulpot na lalaki malapit sa amin at si August ang napagdiskitahan nito.

Mataas ang boses niya na para bang manghang-mangha sa nakikita. He's overreacting.

"What the heck do you want?" walang ganang tanong ni August.

"Ouch. Hindi ko naman po kayo masisisi kung hindi mo ko kilala-"

"I don't care. Get lost."

Kahit hindi niya ipahalata ay bakas sa mukha ng lalaki na nasaktan siya sa sinabi ng kasama ko. Minsan talaga ay napapaisip ako kung bakit ang daming may gusto kay August sa Academy.

"Hehe. I'm Ronan from the Graven Guild, Miss August. Pareho po tayong galing sa Lunar Academy," sambit ng lalaki.

"I don't know that. Get lost."

Ni hindi man lang siya tinapunan ng tingin ng kasama ko. Sa pangalangawang pagkakataon ay binara ni August ang lalaki. Ako na mismo ang naawa rito. Mas mabuting umalis na lang talaga siya.

Pero imbis na paghinaan ay nagawa pa niyang ngumiti.

"'Wag naman po-"

"Ha?! Anong sinasabi mong hindi pwede?!" Rinig naming sambit ng isang babae.

Hindi na naituloy ni Ronan ang sasabihin niya nang umalingangaw ang boses ng isang babae sa silid. Lahat ng tao rito ay napunta ang atensyon sa kaniya.

Her voice filled the room, making everyone stop what they're doing.

"Bakit naman hindi pwede ha?!"

Isang babaeng may asul na buhok ang nakikipag-away sa registrar. Hindi nito alintana ang mga tingin ng mga tao.

"Like I've said, nasa mission nga sila! Kaya kami lang ang nandito!" muling sambit ng babae.

"M-Miss Villaret, hindi ko nga po pwede kayong isali. Over 50 po ang members ng guild ninyo tapos pito lang po kayong sasali," sagot ng registrar dito.

Tila nagbago ang ekspresyon ni August nang marinig ang pangalan niya. Mabilis ko itong napansin.

"Why?" marahang tanong ko.

Umiling siya sa akin. "N-No, nothing. I just think I've heard that surname before."

Patuloy na nakipag-away 'yong babae sa registrar dahil mukhang ayaw silang pasalihin nito. Sa lahat ng mga taong nakatingin sa kaniya ay isa ang nakakuha ng atensyon ko.

A freaking Spider's member is walking towards her.

Natagpuan ko na lang na humakbang papunta sa kaniya ang mga paa ko nang pigilan ako ni Eslin. Nang tignan ko siya ay umiling siya sa akin na para bang nababasa ang nasa isip ko.

"Siguro naman ay nasabi na sa inyo ng Guild's Master niyo. 'Wag kayong makikisali sa gulo ng mga Spiders."

Napaismid na lamang ako habang tinitignan ang myembro ng Spiders na lumapit sa babaeng patuloy na nakikipagtalo sa registrar.

Tsk, bwisit! Wala ba talaga akong magagawa?!

"Hays, hindi pa nagsisimula ang event pero tanggal na agad 'yang babaeng 'yan," bulong ni Ronan.

Kahit ang ibang mga tao rito ay walang magawa kung hindi panoorin na lamang na lumapit ang myembro ng Spiders sa babae. Hindi nila gugustuhing masali sa gulo para sa isang babaeng hindi naman nila kilala.

Hindi pa ito napansin ng babae na tuluyan na itong nakalapit sa kaniya kung hindi natigilan sa pagsasalita ang registrar. Bakas sa mukha niya ang takot habang nakatingin sa likuran ng babaeng nagrereklamo.

Humarap ang babae sa myembro ng Spider at doon ko nakita mabuti ang itsura niya. Naka-unbutton ang uniporme niya at base pa lang sa istura niya ay mukhang hindi siya umaatras sa mga away.

"Ang ingay mo Miss, pwedeng lumabas ka na?" puna ng myembro ng Spiders.

Napalunok ako nang malalim. Ako ang kinakabahan para sa babae. Even though I'm far away enough from them, I'm still intimidated. Sana ay sumunod na lang siya.

Imbis na kabahan, taas noong tinignan ng babae ang myembro ng Spiders.

"Who are you, freak?"

Pare-pareho kaming natigilan sa sinabi niya. As if we all heard the voiceless gasped of everyone. Kahit ang myembro ng Spiders ay hindi rin ito inaasahan.

Now she've fucking done it!

Nagbago ang ekspresyon ng myembro ng Spiders at halata ritong handa na siyang pumatay.

Wala akong choice kung hindi tanggalin ang pagkahahawak sa akin ni Eslin para lumapit sa kanila.

Pero bago ko pa nagawa 'yon ay agad akong natigilan nang biglang bumigat ang pakiramdam ko. My body stopped on it's own in an instant—as if knowing that If I move one more step... I'll die.

So far, ang presensya pa lang ng Spiders at ni Xilah ang nagpabigat ng pakiramdam ko.

But this one is fucking different. It feels like a presence of a King.

Pare-parehong napunta ang atensyon namin sa lalaking kaswal na naglalakad papunta sa babae at sa myembro ng Spiders.

Who the fuck is that guy?

And when did someone be able to show a freaking unmeasurable power... just by walking?

That's when I realized that almost everyone in the room is not moving an inch.

No--

They're not just not moving.

They're all fucking shivering.

Kahit si August ay hindi rin makapaniwala sa nakikita niya.

"H-He's here."

"T-The king is here."

23. Unexpected Guests

With an innocent and soft face... how can someone be so intimidating?

Base sa reaction nina Eslin at Ronan sa sinabi ni August, mukhang big deal nga ang lalaking bagong dating.

August called him a king. Bakit? Sino ba siya?

"Hays, ano na naman ang ginawa mo Aqua?" natatawang tanong ng lalaki papunta sa babae at myembro ng Spiders.

Para namang natauhan si August nang marinig ang pangalan ng babae.

"I-I remembered."

"T-That girl, Aqua Villaret-"

"She's one of them—the Queen."

Napasinghap si Ronan sa narinig. "S-Seryoso?! Wait—come to think of it, pamilyar nga ang mukha niya," hindi makapaniwalang sambit ni Ronan.

"Mukha ngang totoo ang sabi-sabing sasali sila ngayong taon," bulong ni Nickle.

Kahit hindi ko alam ang mga pinagsasabi nila at kahit ngayon ko pa lang nakilala ang mga taong nasa harap ko, sapat na ang presensya nila para masabi kung gaano kalaki ang pagitan namin. These guys are on a completely different level.

"Keon! Ayaw tayong ipasali!" giit ng babaeng asul na buhok na nangangalang Aqua.

Tawa ang sinagot sa kaniya ng lalaking tinawag niyang Keon. Or should I say, King.

"Ako na ang kakausap- oh, isa ka rin ba sa naistorbo ng kasama ko? Pasensya na."

Kahit nakangiti at walang bakas ng pananakot ang pagpapaumanhin ni King sa myembro ng Spiders, ni hindi ito makagalaw sa pwesto niya.

The fucking member of Spiders got frozen in his place.

Naiwan lamang itong nakatayo hanggang sa daanan siya ni King. Parang hindi ito humihinga at bakas sa mukha niya ang sobrang kaba.

For a minute I thought that the time stopped. Parang sobrang bagal ng oras nang maglakad sa harapan namin si King kasama si Aqua.

Hindi pa nagsisimula ang event ay nanghihina na ako. Kung sila ang makahaharap ko ay sa tingin ko-

"Hoy Scarlet! August! Tara na!"

Natauhan na lang kami ni August nang may tumapik sa amin. "Anyare?"

Pareho kaming napatingin kay Lemon na bagong dating pa lamang at walang kaalam-alam.

"S-Sige, Scarlet. Mauna na kami, see yah," pagpapaalam ni Eslin kasama si Nickle at Zeke.

"Mauna na rin po ako, Miss August. Good luck po."

Nauna ng umalis sina Eslin at Ronan. Sinundan sila ng tingin ni Lemon na bakas sa mukha ang pagtataka. "Sino 'yong mga 'yon?"

Nalipat ang tingin niya sa amin. "Atsaka, ano nangyari sa inyo? Namumutla kayo," muling aniya.

I bit my lower lip. Sa tingin ko ay hindi lang ako namumutla kung hindi wala rin akong lakas para umalis sa kinatatayuan ko.

Wala na sa paningin ko sina Aqua at King pero hindi pa rin mawala sa pakiramdam ko ang mga presensya nila. If I were that member of the Spiders, I think I'm gonna wet my pants.

"Tara na! Nakapag-register na si Gin. No'ng una ay hindi pa pumayag ang registrar dahil ayaw nilang maniwala na pito lang talaga tayo. Pero mukhang napakiusapan naman ni Gin. On one condition nga lang," natatawang sambit ni Lemon.

"Hm, ano kaya 'yong condition. Hindi naman sinabi sa akin ni Gin. But anyways, atlis nakapasok tayo! Block C ka August, ikaw naman Scarlet ay Block A, kasama mo si Elroy! Lucky!" dagdag niya.

Hinila kami ni Lemon sa paglalakad habang wala kaming lakas ni August na pigilan siya.

"Ay! Alam niyo ba? Nalaman namin na hindi raw sasali ang mga Avelites ngayon. In fact, wala raw ni isang sumali na guild galing sa Nocturne Academy. Hm, bakit kaya? Siguro ay-"

Huminto sa pagsasalita si Lemon at agad kaming hinarap. Nagkasalubong ang dalawang kilay niya nang tignan kami.

"Hoy! Ano ba ang nangyari sa inyong dalawa?" nakasimangot na sambit niya nang mapansin na hindi pa rin kami kumikibo.

"Ano, nakita niyo lang ang Spiders nagkaganyan na kayo-"

"They're here."

Nahinto si Lemon sa pagsasalita nang biglang sumingit si August.

"The Deities are here."

There was a sudden silence. Tila nagbago ang ekspresyon ni Lemon sa narinig.

Ang Deities ba na tinutukoy ni August ay sina Aqua at King? Iyon ba ang guild nila?

"No wonder why Xilah is here. Nakapagtataka kung bakit siya nandito kung walang guild ang sumali sa

Nocturne Academy."

"Iyon pala ay merong sumaling isa."

The atmosphere suddenly changed. Bigla na lamang naging seryoso ang mga ekspresyon ng mga kasama ko.

Gano'n... ba talaga ka-big deal ang mga dumating?

"P-Pero hindi ko maintindihan. H-Hindi ba katulad natin ay hindi rin sila sumasali sa event na 'to?" naguguluhang tanong ni August.

"B-Base rin sa narinig ko ay pito lamang silang sumali," dagdag niya.

Nabigla si Lemon sa sinabi ni August. "P-Pito?" hindi makapaniwalang sambit niya.

Agad na nag-isip nang malalim si Lemon. Kahit si August na nasa tabi ko ay gano'n rin. Habang ako ay naiwang nakatingin sa kanila. Hindi ko alam kung anong meron sa guild na iyon.

"It doesn't make sense kung bakit sila pumunta rito ng hindi kumpleto kung gusto nilang manalo," panimula ni Lemon.

Kumunot ang noo ko sa sinabi niya.

"W-Why?" tanong ko.

Kung gano'n lang din naman kalakas ang mga myembro ng Deities ay wala akong nakikitang problema na pito lamang silang sumali. I think they're more than enough.

"Scarlet, unlike us, mga estudyante mismo ang pwedeng pumili ng mga guild sa Nocturne Academy," pagpapaliwanag ni Lemon.

"And Deities is not just an ordinary guild. Iba't ibang klase ng mga gifted ang mga kasali dito."

I kept my mouth shut. Mukha nga. Lalo na no'ng nakaharap ko ang dalawa pa lang sa mga myembro nila.

"Kung gusto nilang manalo rito. Sa umpisa pa lang dapat ay sinama na nila ang lahat ng myembro nila. Just like what I've said. Wala ng ibang sumaling guilds galing sa Nocturne Academy. That means, sa kanila lang nakasalalay ang reputasyon ng school," muling sambit ni Lemon.

"Unless malaki ang tiwala nilang mananalo sila ng pitong myembro lang," pagsisingit naman ni August.

Napaisip ako nang mabuti sa sinabi nila. They have a point. Kung kabilang ako sa guild nila ay gusto kong kasama lahat ng myembro kung gusto kong manalo.

Pero bakit sa rami ng members nila ay pito lamang ang sumama?

Para sa thrill? Para magpakitang gilas? Or?

"Or, there is another reason why they joined the event," seryosong sambit ni Lemon.

"Ano naman-"

Hindi na naituloy ni August ang sasabihin niya nang tumunog ang isang malakas na bell. Natigilan ang mga tao rito sa mga ginagawa nila.

"Okay, participants! Kindly go to your respective blocks please! The first round will be starting in 5 minutes!"

Pare-parehong nakuha ang mga atensyon namin sa narinig namin sa speaker.

"Tsk, we don't have a time to think about them. As long as wala tayong kinalaman sa ginagawa nila," ani ni Lemon.

"Mag-focus muna tayo sa event ngayon. Make sure to advance in the next round," dagdag niya.

Pareho kaming tumango ni August sa sinabi niya.

"Good luck, my juniors." She smirked.

Kasunod n'on ay ang paghihiwalay naming tatlo. Dumeretso kaagad ako sa block na napuntahan ko.

Tama si Lemon, wala kaming oras para intindihin ang ibang guild.

Ngayon ay kailangan muna naming manalo.

24. Block A

Dumeretso kaagad ako sa block na napuntahan ko. Sabi ni Lemon ay sa Block A raw ako napunta.

Hindi nagtagal ang paghahanap ko dahil nahanap ko rin ito kaagad. Pagpasok ko sa block ay sumalubong sa akin ang ilang dosenang mga gifteds. Sa gitna ng block ay merong isang malaking platform.

Nilibot ko ang tingin ko para makita kung meron akong makikitang pamilyar na mukha. Habang naglilibot ako ay nakuha ng atensyon ko ang isang taong sumisitsit sa akin.

"Pst!"

Agad akong napatingin sa lalaking sumisitsit sa akin.

Doon ko nakita si Elroy na nakatayo sa hindi kalayuan. Agad ko itong nilapitan. Totoo ngang magkasama kami ni Elroy. Mukhang sinuwerte ako kahit pa paano.

"Kanina ka pa rito?" tanong ko.

Umiling si Elroy sa tanong ko. Kasunod n'on ay ang pagkuha niya ng cellphone niya para maglaro. As expected, kahit magsisimula na ang first round ay ang paglalaro pa rin ang unang priority ni Elroy.

Habang hinihintay namin ang pagsisimula ay nilibot ko muna ulit ang tingin ko. This block is filled with strong presences at hinahanap ko ang mga gifted na naglalabas ng pinakamalalakas na presensya. Para alam ko kung sino ang mga iiwasan namin.

Habang naglilibot ay tila napako ang tingin ko sa isang babae. A girl with a braided hair who's only wearing a bikini top and shorts. Nakuha agad ng pansin ko ang tattoo sa tyan niya. She's a freaking member of the Spiders.

Nasama kaagad siya sa listahan ng mga hindi dapat namin lapitan o mga dapat naming iwasan.

Sunod na nakakuha ng atensyon ko ay ang dalawang magkatabing lalaki. A fat guy who's holding a huge axe together with a small kid with a suit.

Teka, pwede ba ang bata rito?!

Base sa itsura nila ay mukhang hindi sila galing sa dark guild o guild galing sa Academy. Maybe they're from an open guild?

Anyways, isa sila sa mga dapat namin iwasan dito kung gusto namin makaabot ni Elroy sa susunod na round.

Laking pasasalamat ko dahil hindi ko nakita rito si King o maski si Aqua. Mukhang sa ibang block sila napunta.

Habang nililibot ko ang tingin ko ay bigla na lamang tumaas ang lahat ng balahibo ko. Natigilan din si Elroy sa paglalaro nang mapansin 'yon.

Napalunok ako nang malalim at tinago ko sa bulsa ang nanginginig kong mga kamay.

Someone is watching us.

Agad kong hinanap kung sino ang gumawa no'n at napunta ang tingin ko sa isang lalaki. Napakurap pa 'ko ng ilang beses para malaman kung namamalikmata lang ba 'ko. I thought that I'm just seeing things.

If attractive was a person then I'm looking at him right now. The scar in his left eye made him more attractive.

Pero agad kong inalis sa utak ko ang mga iniisip ko. The last time I said someone was attractive almost got me killed.

Natauhan na 'ko sa pagkakamali ko kay Law. Hindi na 'ko muling magpapadala sa itsura.

Tila nagtama ang mga tingin namin na agad nagpabigat ng pakiramdam ko.

It's not because I was love-struck.

The moment our eyes met, I already knew it.

This guy is the most dangerous person in this block.

"Okay, participants! The first round is starting!"

Natauhan na lamang ako nang narinig kong may nagsalita sa speaker. Lahat ng atensyon ay napunta rito.

"The rules are simple. Any weapons are allowed. Any mythical beast or animals are also allowed, as long as it's not your familiar."

"We don't require you to use your gift this round. As long as wala kayong nilalabag sa mga rules."

"Anyone who steps outside the platform will be eliminated and will not be able to advance in the next round."

"Also, for those who will lost their consciousness will also be out in the game."

"Well then, good luck everyone! Let the clash of guilds begin!"

Pagtapos nitong magsalita ay nakuha ang mga atensyon namin sa biglaang pagtunog ng malakas na bell—hudyat na simula na ang first round.

Agad na nagsimulang magsuguran ang mga gifteds sa block. Karamihan sa kanila ay gumagamit lamang ng weapon. Mukhang ayaw rin nilang ipaalam ang mga gift nila.

"Scarlet, sa likod ka lang. 'Wag mong gagamitin ang gift mo, ako na ang bahala."

Tila nagbago ang ekspresyon ni Elroy nang magsimula ang first round. Parang ibang tao siya pagdating sa field. Doon ko lang din naalala na hindi ko pa pala alam kung ano ang gift ni Elroy.

Gagamitin... niya kaya 'yon?

Sinunod ko ang sinabi niya at nagtago ako sa likod niya. Nagsimula na ring sumugod sa amin ang ilang

mga gifted.

Elroy's eyes changed. It turned... checkered?!

Kasunod n'on ay ang pagkuha ni Elroy ng kung ano sa bulsa niya. Hindi ako makapaniwala nang makita ang kinuha niya.

Chess... pieces?!

"J-Jeez Erloy, hindi na 'to laro!" giit ko rito. Akala ko pa naman ay seryoso na si Elroy!

I paused when I saw his reaction. Napangisi lamang ito sa sinabi ko. "I'm an heir of Hermes. I always play games."

Hindi ako nakapag-react kaagad sa sinabi niya. Natagpuan ko na lamang ang sarili kong nakatingin kay Elroy habang hinahagis niya ang mga pyesa sa chess.

Natigilan na lamang ako nang makitang nagbago ang mga ito. The chess pieces turned real.

The chess knights became real knights, the same thing happened to the others.

The next thing I knew, napalilibutan na kami ni Elroy ng hukbo ng mga kabalyero.

I was shocked and amazed at the same time. Elroy's gift was freaking awesome.

Walang makagawang makalapit sa amin dahil sa gift niya. Hindi lamang defense ang kaya ng mga ito dahil umaatake rin sila.

There's nothing left for me to do. Totoo ngang si Elroy na ang bahala sa lahat. But this only means na may disadvantage na siya sa susunod na round dahil pinakita na niya ang gift niya.

"Don't worry about me."

Nabigla ako nang magsalita si Elroy. Parang nababasa nito ang nasa isip ko.

"Reserve your strength. Mas kakailanganin mo 'yan para sa susunod na round."

Hindi ko mapigilang mapahanga sa kaniya. He's really acting like a senior. Kahit hindi mukhang seryoso siya sa una ay maasahan talaga siya kapag kinakailangan.

Lemon is really lucky having him as her partner.

Well, I'm also lucky with mine.

That's why we need to win this round. Sigurado rin akong seryoso rin ang ibang mga myembro namin sa ibang blocks. Dapat lang na magseryoso din kami rito.

We will win in this event.

25. Advance

It has only been 15 minutes since the first round started. And almost half of the participants are either out of the platform or has been knocked out.

Pansin ko na ring mabigat na ang paghinga ni Elroy. Ginagawa ko ang makakaya ko para suportahan ito gamit ang baril na dala ko, pero hindi pa rin biro ang lakas na ginagamit niya. Kinokontrol niya ang kada isang chess piece na nandito. I'm pretty sure that he's already at his limits.

Habang patuloy kami sa pagdepensa at pag-atake ni Elroy, I suddenly felt the chills. Napunta kaagad ang tingin ko sa babaeng papunta sa amin.

The girl with a braided hair. A member of the Spiders. Ang isa sa mga gifted na dapat naming iwasan.

Nakangisi itong naglalakad papalapit sa amin. Ni hindi nito alintana ang mga umaatake sa kaniya. Baliwala niyang binabali ang mga braso nila.

My eyes slowly widened as I bit my lower lip. Hindi ko mapigilang kabahan. She's freaking coming for us. Kung doon din aabot ito ay wala akong choice kung hindi gamitin na ang gift ko, hindi pwedeng si Elroy-

"I told you. Ako na ang bahala."

Natigilan na lamang ako nang magsalita si Elroy. Wala pa 'kong sinasabi-

"It's wrtten all over your face, Scarlet."

Hindi ako nakasagot sa sinabi niya. He's freaking good at reading people's expression. Mukhang hindi lang tahimik at puro laro itong si Elroy.

"Psttt! You have an interesting gift there! Why won't you play with me instead?"

Nawala ang mga iniisip ko nang magsalita ang babaeng papalapit sa amin. Habang papalapit ito nang papalapit ay mas lalong bumibigat ang pakiramdam ko.

Why won't she play with the others instead?!

"Come on, I'm getting pretty bored," muling sambit ng babae.

Nanlambot na lamang ako nang walang kahirap-hirap nitong nasira ang isa sa mga chess piece ni Elroy. Ni isa sa mga gifteds dito ay hindi 'yon nagawang gasgasan man lang gamit ang mga baril at patalim na dala nila. But with just her bare hands, she freaking destoyed one.

Napaismid si Elroy sa ginawa niya. While walking towards us, her eyes changed. It turned violet.

This is my first time seeing that kind of eye. Hindi ko alam kung kaninong heiress siya. But there's one thing I'm sure. Sigurado akong mahihirapan kami sa babaeng ito.

"Come on, let's go-"

Parang huminto ang pagtakbo ng oras. Pare-pareho kaming natigilan sa sumunod na nangyari. Hindi ko

alam kung saan pa 'ko matatakot.

Kung sa pagsugod sa amin ng babaeng myembro ng Spiders. O ang biglaang pagsulpot ng isang lalaki sa harap namin.

Hindi na naituloy ng babae ang sasabihin niya nang tumumba na kaagad ito.

The fucking guy struck her in the neck which made her unconscious in an instant.

With just a fucking one hit! One hit!

He made a freaking member of the Spiders' unconscious!

Natauhan ako nang makilala ko siya. He was the guy from earlier—the guy with a scar in his left eye.

I flinched when he looked at us. Hinanda ko na ang sarili ko kung sakaling aatakihin kami nito. But instead of attacking us, he just casually walked away from us.

Dumaan siya sa pinanggalingan n'ong babaeng myembro ng Spiders ng walang sinasabi o ginagawa. Naiwan kaming nakatulala ni Elroy sa nangyari.

"W-What happened?" hindi makapaniwalang tanong ko.

Hindi nakasagot si Elroy sa akin na nabigla rin sa pangyayari.

Did he... just helped us? Impossible! Bakit naman niya gagawin 'yon? Pero kung wala siyang dahilan kung bakit niya kami tinulungan, bakit hindi niya kami inatake?

Dahil ba nakita niyang dalawa kami? Pero hindi! Kayang-kaya niya kaming pabagsakin ni Elroy ng walang kahirap-hirap...

Isa pa sa mga pinagtataka ko ay paano siya biglang sumulpot sa harapan namin. I didn't even felt his strong presence!

Hindi ko namalayan na limang minuto na pala ang lumipas. Natauhan na lang ako nang tumunog ang bell. Do'n ko lang napansin na tanging 50 na lamang kaming nakatayo sa platform. Ibig sabihin ay tapos na ang first round at kami ang pwedeng mag-advance sa second round.

"Okay, participants!! Congratulations for those who succeeded in the first round. Para sa mga hindi pinalad, you can watch the second round in Block F."

"Para naman sa mga nanalo. Maari na kayong pumunta sa main stadium! Dumaan lang kayo sa exit door. Doon niyo na mami-meet ang mga kasama niyo na nakapag-advance."

Pagtapos magsalita ng announcer ay nagsimula na ring maglakad ang mga natirang gifteds patungo sa exit. Habang katulad ko ay nanatili pa ring nakatayo si Elroy.

Natagpuan ko na lamang ang sarili kong hinahanap 'yong lalaking tumulong sa amin kanina. Pero hindi ko na ito nakita sa rami ng taong papalabas.

"Tama na, Scarlet. Katulad mo ay naguguluhan rin ako kung bakit niya tayo tinulungan. Pero hindi ngayon ang oras para isipin 'yon. May second round pa."

Natauhan ako sa sinabi ni Elroy. Inalis ko na sa utak ko ang mga tanong sa isip ko. Kapag nagkaroon ulit ako ng chansang makita siya ay tatanungin ko siya kung bakit niya ginawa 'yon. Pero ngayon, dapat ay mag-focus muna kami sa susunod na round.

Tinulungan ko si Elroy na kunin ang mga chess pieces niya at sumunod na rin kami sa iba pang mga nanalo na lumabas.

Nang makarating kami sa exit ay bumungad sa amin ang napakalaking open stadium. Kalahati lamang nito ang may upuan dahil ang kabila ay open na kung saan nakikita namin ang karagatan.

"Wah! Elroy! Scarlet!"

Pareho kaming nabigla ni Elroy nang sinalubong kami Lemon.

"Ang tagal niyo! Tara, nando'n na sila Gin!"

Naunang maglakad sa amin si Lemon na sinundan namin. Hindi ko mapigilang mapangiti sa sinabi niya. Masaya akong malaman na lahat kami ay naka-advance. Kahit pa alam ko naman na nilang ipanalo 'yon.

Nang makarating na kami sa pwesto nina Gin ay bumungad sa amin ang nakasimangot na si Zeldrick at August na mukhang nag-away na naman. Habang si Law naman ay kaswal na nakaupo at mukhang natutulog.

"Congrats! Good job," bati sa amin ni Gin nang makarating kami.

Ngiti ang sinagot namin ni Elroy rito. Paupo na dapat ako nang bigla na lamang bumigat ang pakiramdam ko.

Hindi lang ako ang nakaramdam n'on kung hindi pati na rin ang mga kasama ko. Naging alerto sina August at Zeldrick habang agad na napamulat si Law.

Napunta ang lahat ng tingin namin sa isang grupong padaan sa harapan namin. Nakilala ko ang iilan sa kanila dahil nakita ko sila kanina bago magsimula ang first round.

Pero ang pinakanakakuha ng atensyon ko ay ang lalaking may peklat sa kaliwang mata. Ang lalaking tumulong sa amin.

I felt intimidated... the pressure is suffocating. Nagbago ang mga ekspresyon ng mga kasama ko nang tuluyan ng nasa harapan namin ang grupo.

Everyone... except Gin.

Pare-pareho kaming natigilan nang bigla na lamang silang huminto sa harapan namin. Pero ang pinakakinabigla namin ay ang inakto ng Guild's Master namin.

His face lightened as he greeted one of them with a smile.

"Yoh! Long time no see Keon!"

26. Rivals

Pare-pareho kaming napanganga nang kaswal na binati ni Gin ang taga-Deity. Not to mention na si King pa ang binati niya.

"Wah! Gin!"

Mas lalo kaming nabigla nang sinalubong ni Aqua ng yakap si Gin. Walang maka-react sa amin at lahat kami ay natulala.

"Woah, long time no see, Gin," sagot ni King dito.

Akala ko no'ng una ay nabingi lang ako sa sinabi ni Gin. Pero mukha ngang magkakilala sila ni King. Hindi lang ako ang nabigla sa pagsagot ni King dito kung hindi pati na rin ang mga kasama ko.

What the heck? Mas matagal nilang kasama si Gin tapos hindi rin nila alam?!

"W-Woah, Zail. You're back." Nabigla si Gin nang makita ang isa pang kasama nina Aqua. Ang lalaking tumulong sa amin.

So that means ay magkakakilala nga sila. May... kinalaman kaya 'yon sa pagtulong niya sa amin?

"Kumpleto kayo ah! Nasaan sina Rivan? Si Puma?"

Nilibot ni Gin ang tingin niya. Tila naman nagbago ang ekspresyon nito nang makita ang mga kasama nina King.

For a split second... I saw it again. That Gin's expression of his—beneath his eyes.

"Oh? I see new faces. Mga rookies mo, Keon?" He acted surprised.

Kumurba ang labi ni King sa sinabi niya. "Yeah, they're the rookies this year."

Pinagmasdan mabuti ni Gin ang apat pang kasama nina King. Suddenly, bumigat ang tensyon sa paligid.

"So? Then what brings you here, King?" nakangising sambit ng Guild's Master namin. His tone changed.

Hindi ko alam kung bakit bigla na lamang nagkaroon ng tensyon dito. Kani-kanina lang ay sobrang saya nila nang magkita. Ngayon ay para silang magkaaway na matagal ng hindi nakakapagsuntukan.

"Of course, tulad niyo rin siguro ay pumunta kami rito para manalo?" sarkastikong sagot ni King.

"Eh? Eh bakit mga baguhan'yang dinala mo?" sabat ni Gin.

King smiled. The same smile he had when he talked to one of the Spiders. "Why? I just want them to have fun. Besides, kapag dinala ko siguro ang lahat ng myembro ko rito ay wala ng thrill hindi ba? I mean, it's pretty obvious who'll win."

Gin smiled too... a smile that he doesn't show often. A soft expression— but menacing. "Oh, you think that

your guild can beat me?"

Mas lalong bumigat ang tensyon sa dalawa. Pero ang isa sa nakakuha ng pansin ko ay kahit na halatang nagkasasagutan na sila at kahit sarkastiko ang mga ngiti nila sa labi, alam kong wala itong ibig sabihin.

They're really just... having fun.

"Tsk. I'm looking forward in fighting you, King. It looks like you're far stronger from before," nakangising sambit ni Gin.

"The same for you, Executioner. Mukhang hindi lang tatlong araw ang aabutin ng laban natin," sagot ni King.

Napaawang ang bibig ko sa narinig.

What the fuck?! So, you're telling me that the last time they've fought lasted 3 freaking days?!

And did he just called Gin an executioner?

"Well then, good luck for the both of our guilds."

Tuluyan ng dumaan sa amin ang Deities habang hinabol lamang namin ng mga tingin ang mga ito. Iyong lalaking tumulong sa amin kanina na tinawag ni Gin na Zail ay ni hindi man lang kami tinapunan ng tingin—para bang ito ang una naming pagkikita.

"Freaking liar." Rinig kong bulong ni Gin habang sinusundan ng tingin ang mga Deities.

Kumunot ang noo ko sa sinabi niya. "W-What do you mean?" marahang tanong ko rito.

Biglang natawa si Gin sa reaksyon ko na mas lalong kinanuot ng noo ko.

"Sa tingin mo ba ay hindi ko malalaman kung kailan nagsasabi ng totoo o hindi ang matalik na kaibigan ko?"

Hindi kaagad ako nakareact sa sinabi niya. I was freaking stunned.

Muling nagbago ang ekspresyon niya habang nakatingin sa kanila.

"That Keon, those are not just ordinary rookies. Mukhang meron na naman siyang mga delikadong alaga ngayong taon," nakangising sambit niya.

Nang tuluyan ng nakalayo ang mga Deities sa amin ay parang doon lang din ulit nagsimulang huminga ang mga kasama ko.

"W-Woah Gin! Kilala mo 'yong Guild's Master ng Deities?! Nalaman ko lang ang tungkol sa kaniya dahil lagi siyang pinag-uusapan dati. Pero totoo ngang nakakatakot ang presensya niya," sambit ni Zeldrick na kapwa ko ay nabigla rin sa nangyari.

Napabuntong-hininga si August sa sinabi niya. "Of course, they're the Generation of Prodigies no'ng mga rookies pa lamang sila. Hindi lang mga portugals ang mga nakapansin sa kanila kung hindi ang iilang mga tagapamahala ng open guilds at kahit dark guilds ay gano'n rin," aniya.

"The King, Slasher, Queen, The Executioner, Raven, iilan lang 'yon sa mga nakilalang pangalan no'ng taon nila," dagdag niya.

"But still, I didn't expect na magkaibigan pala kayo ni King, Gin. I mean, you're rivals right?" marahang tanong ni Lemon.

Kumurba ang labi ni Gin sa sinabi nito. "So what? Can't rivals be friends? At isa pa. Sumunod kay Helena, si Keon ang pangalawang tumanggap sa akin."

I can't help but to stare at Gin. The way he smiles is really something—as if that hidden menacing expression of his doesn't exist. Masasabi talagang sobrang saya niya nang muling makita si King.

"It's been so long since the last time we met."

"Dalawang taon na rin ang lumipas no'ng huli kaming nakapaglaban. Simula no'ng mawala si Z-"

Hindi na naituloy ni Gin ang sasabihin niya nang bigla na lamang tumunog ang bell. Hudyat na magsisimula na ang second round.

Lahat ng atensyon ng mga tao sa stadium ay nakuha nito.

"Hello, participants! Congratulations for making it to the the second round!" pangunguna ng announcer.

"Mula ngayon ay kada panalo ng isang member ay katumbas ng puntos para sa buong guild."

Nanatili kaming nakinig sa announcer. Bumukas ang malaking screen sa stadium at pinakita rito ang mga pangalan ng mga guild na nakaabot sa second round.

"For the second round, kakailanganin niyo lamang ng isang representative kada Guild."

Pare-pareho kaming nabigla sa sinabi ng announcer. Kusang kumunot ang noo ko. Isang representative lang kada guild?

Nagbago ang nakalagay sa screen. Kasunod n'on ay ang pagbabago ng mga ekspresyon namin.

"The second round will be Clash of Familiars! Kaya isipin niyo mabuti ang magiging representative niyo! After five minutes, maari ng pumunta sa ibaba ang mga representative!"

Napaismid si Gin sa narinig. Habang sabay-sabay na nagkaroon bigla ng ginagawa ang mga kasama ko. Pare-pareho silang umiwas ng mga tingin, maliban sa isa.

"Wah! Me! Me!" masiglang sambit ni Zeldrick.

"Shut the fuck up, Zel. Ni hindi mo nga kayang kontrolin mabuti ang familiar mo," giit ni August dito.

Kumunot ang noo ko sa sinabi niyo. Sa pagkakaalala ko ay 'yon pa nga ang sinakyan nila sa mission nila.

"Oh, you didn't know?" sambit ni Law sa akin nang mapansin ang rekasyon ko.

"Manticores can talk. And believe me or not, parang si August ang familiar ni Zeldrick. Kahit sinusunod nito ang master niya ay lagi siyang may nasasabing masama kay Zel," dagdag niya.

Naiwang nakaangat ang dalawang kilay ko at kaunting nakaawang ang bibig sa narinig.

Even Zeldrick has his hard times huh?

"Why don't you go, Law? Your familiar is perfect for this kind of thing," sambit ni Lemon kay Law. Mapang-asar niyang tinignan ang katabi ko.

Doon ko naisip na hindi ko pa pala nakikita ang familiar niya. Ano kayang familiar ang meron siya?

"Oi, oi. Hindi na 'ko makakalaban sa third round kapag ginamit ko ang akin." Walang ganang sumandal si Law sa upuan.

Both of my eybrows rose. Seriously?! Gano'n ba karami ang lakas na kakailanganin ni Law para i-summon ang familiar niya?

"Then why won't you go, Lemon?" nakasimangot na sambit ni Zeldrick.

Nagtuturuan na ang mga kasama ko kung sino ang magiging representative sa amin. Pero walang gustong magpatalo. Balak ko na sanang irepresenta ang sarili ko nang pigilan ako ni Law.

"Come on, hood. Ireserba mo lang 'yang lakas mo. Hayaan mo na sila riyan."

"Ikaw na lang Gin. Tutal ikaw naman ang Guild's Master," sambit ni August kay Gin.

Tila nagbingi-bingihan si Gin sa sinabi ni August. He didn't even glanced at her direction. Napaismid na lang siya nang tumunog na ang bell hudyat na mag-uumpisa na ang second round.

"Tsk. Fine. Ako na."

Nakasimangot si August na bumaba sa field habang ngiting tagumpay ang mga kasama ko. Pwera lang kay Zeldrick na nakasimangot.

"Cheer up, Zeldrick! August's familiar is better than yours anyways," nakangiting sambit ni Lemon.

Hindi gumaan ang loob ni Zeldrick sa sinabi niya. "What the fuck, Lemon?"

"Chill, don't worry. I think yours is better," walang kaemo-emosyong sambit ni Elroy.

Kumunot ang noo ni Lemon sa sinabi ng partner niya.

"Huh? August's familiar is better, Elroy."

"Nah, I pretty like Zel's."

Nagsimula ng magtalo ang dalawa nang sumabat si Gin sa usapan nila.

"Tsk. Ano pang pinagtatalunan niyo eh pareho lang naman 'yon," aniya.

Mas lalong sumimangot si Lemon sa sinabi niya.

"Ilang beses ko bang sasabihin sa'yo, Gin! Manticores and Chimeras are different!"

27. Clash of Familiars

Chimera? Iyon... ang familiar ni August?

Unlike manticores, nabasa ko na sa libro ang mga chimeras. It's a fire-breathing hybrid. Ang katawan nito ay iba't ibang parte ng mga hayop.

"Okay, representatives! Pumunta kayo sa categories kung saan nabibilang ang mga familiars!"

Pare-parehong napunta ang mga atensyon namin sa field dahil sa sinabi ng announcer. Nanatiling na kay August ang tingin ko. Pumwesto ito sa category na land. Mukha namang ibabase nila ang laban sa categories ng familiars.

Matapos nilang mapunta sa mga categories nila ay bigla na lamang nagbago ang nasa screen.

"First round! The Coyotes VS. The Keepers!"

Umalingawngaw ang hiyawan ng mga tao sa stadium. Kasabay n'on ay ang pagpwesto sa gitna ng field ng dalawang representative ng dalawang guild.

Hindi ako pamilyar sa guild nila. Pero base sa mga damit nila ay mukhang parehong open guilds ang dalawang ito.

With the announcer's signal, they both summoned their familiars.

The Coyotes' familiar was an eagle, habang ang sa Keepers naman ay isang vulture. Base sa mga familiars nila ay nasa air category sila.

Hindi ako masyadong naengganyo sa laban nila. Unlike the guild's from the Academy and dark guilds, bibihira lamang ang isang mythical familiar sa mga open guilds. Normal na familiar lamang ang nasa kanila. In the end, ang Keepers ang nanalo.

Ilang laban pa ang pinanuod namin at iilan sa kanila ay hindi ko mapigilang mapanganga. Some of the dark guilds and guild's from the Academy's familiar were freaking awesome. Unang beses kong makakita ng isang axex dito, a kind of griffin.

Habang nanonood ay nakuha ng atensyon ko ang susunod na maglalaban. It's the Coders vs the Serpents.

Sa pagkakaalala ko ay coders ang guild nina Eslin. Tinignan ko kung sino ang representative nila at isang pamilyar na mukha ang bumungad sa akin. Kung hindi ako nagkakamali ay 'yon ang lalaking kasama kanina nina Eslin. Sa pagkakaalala ko ay Zeke ang pangalan niya.

Sila naman ang pumwesto sa gitna ng field. Ang kalaban ni Zeke ay isang lalaki ring galing sa Serpents.

Iyong taga-Serpents ang naunang nag-summon ng familiar. Hindi ko mapigilang mapahanga sa familiar niya. It's a huge komodo dragon. And when I say huge, I mean so fucking huge. Walang-wala sa ordinaryong laki ng komodo dragon ang laki nito. Sa totoo lang ay hindi ko maitatangging mas malaki 'to nang kaunti kay Killer.

Sa kabilang banda naman ay hindi rin nagpatalo si Zeke. The jerk summoned a freaking huge Spider.

No'ng una ay mukhang mas malaki ang sa Serpents pero nang tumayo ang gagamba at nakita namin ang mga paa nito ay hindi hamak na dumoble ang laki nito.

Akala ko no'ng una ay hindi hamak na mas maangas at mas maganda kapag isang mythical creature ang familiar mo. Pero dahil sa nakikita ko ngayon ay hindi ko maitatangging nakakatakot rin pala ang mga ordinaryong familiars.

Ilang minuto rin ang tinagal ng laban nila at buong oras na 'yon ay nanatiling nasa kanila ang atensyon ko. Hindi lang ako kung hindi na rin ang mga kasama ko ay naengganyo sa napanood nila. Sa dulo, si Zeke ang nanalo.

Matapos ang laban ng Coders at Serpents ay sumunod na ang laban na hinihintay namin. Susunod na lalaban ay ang Grim Reapers. Pero pare-pareho kaming natigilan kung sino ang magiging kalaban ni August.

It's no other than the Spiders. Sabay-sabay na nagbago ang mga ekspresyon namin. Tinignan ko ang reaksyon ni August pero nanatili itong kampante kahit alam na niya ang makakalaban niya.

Hindi ko tuloy mapigilang kabahan para rito. Pero familiars lang naman ang maglalaban hindi ba? Ibig sabihin lang n'on ay hindi gano'n mapapahamak si August. Kaya... hindi namin kailangang mag-alala... hindi ba?

Pumwesto na sa gitna ng field sina August at ang representative ng Spiders. A guy with a jet black hair and glasses.

Naunang mag-summon si August at dumating ang familiar niya. Sumunod naman ang Spiders at pare-pareho kaming napanganga sa familiar nito. Kahit si August ay nagbago rin ang ekspresyon.

It's an extinct animal.

A freaking mammoth.

At hindi lang basta-basta mammoth. A massive mammoth.

For pete's sake, kasing laki lamang ng paa n'ong mammoth ang familiar ni August.

Rinig ko ang pag-ismid ni Law sa gilid ko. Kahit ang iba ko ring kasama ay hindi maipinta ang mukha dahil sa pagkairita.

Hindi ba madaya 'yon?! Hindi ba dapat by size rin ang labanan?!

"Tsk, bakit ganiyan ang mga itsura niyo? That's my freaking partner! Hindi aatras diyan si August!" sambit ni Zeldrick.

Pero sa kabila ng sinabi niya ay halata namang nakahihigit sa aming lahat ay siya ang pinakakinakabahan para kay August. Napakagat na lamang ako sa kuko ng hinlalaki ko habang pinapanood ang magiging laban nila.

Matapos mapakapag-summon ng dalawang guild ay nagsimula na kaagad ang laban. Sa kabila ng laki ng mammoth ay lumipad ang familiar ni August at binugahan ito ng apoy.

Sa kabilang banda ay mayroon pa ring advantage ang pagiging maliit ng chimera kumpara sa

mammoth. Dahil madali itong nakalilipad at nakagagalaw habang nahihirapan naman itong hulihin ng mammoth.

Lumipas ang ilang minuto ang pakikipagpalitan ng atake ang dalawang familiar. Ni wala sa kanilang gustong magpatalo.

Hindi mawala ang tingin ko kay August na halatang napapagod na rin dahil sa paggamit ng familiar niya. Maari itong matumba kahit anong oras. At the same time, parang si Zeldrick ang nakikipaglaban dahil parang mas pinagpapawisan pa ito kaysa kay August.

Doon ko napagtanto kung gaano kahalaga si August para kay Zeldrick. They may always fight, but at the end of the day, lagi nilang nasasandalan ang isa't isa. But I think that they're both dense to see their feelings for each other.

"Oi, oi. Kapag nagpatuloy pa 'to ay hindi na makakalaban si August sa susunod na round. Pahintuin mo na siya Gin."

Kumunot ang noo ni Zeldrick sa sinabi ni Law at tumalim ang tingin niya sa kaniya.

"Anong sinabi mo? Hindi mo ba nakikita na ginagawa niya ang makakaya niya para manalo? Tapos gusto mo lang na sumuko siya?" giit ni Zeldrick.

Napaismid si Law. "So, you're telling me to let her be? We still don't know what the third round is. Kung mauubos na niya ang lakas niya ngayon ay patay siya sa susunod na laban," walang kaemo-emosyong sambit ni Law.

Zeldrick clicked his tongue as he look at my partner dead in the eye.

"Fuck off Law, just shut up and watch."

28. Battle of the Greatest

Ismid ang sinagot ni Law kay Zeldrick. Matapos nilang magtalo ay sa dulo ay nanatili pa rin kaming nanood kay August.

Naiintindihan ko ang gustong iparating ni Law. Kung ako rin naman ang tatanungin ay halata ng nahihirapan na si August. Pero hindi ko rin siya kayang pahintuin.

Kagaya ng sabi ni Zeldrick ay ginagawa niya ang makakaya niya para sa guild.

Sana lang ay matapos na kaagad ang laban na ito at huwag ng tumagal pa. The same as August, halata na ring napapagod na ang taga-Spiders. Hindi biro ang lakas na ginagamit niya para i-summon ang napakalaking familiar niya.

"I think it's about time to end this, shall we?" nakangising sambit ng myembro ng Spiders.

Napaismid si Zeldrick nang marinig ang sinabi nito at biglang itong sumugod. Mabuti na lang at napigilan siya ni Elroy at ni Gin.

"Stupid! Hindi naman ikaw ang kausap!" giit ni Lemon dito.

Ismid ang sinagot ni Zeldrick. Kasunod n'on ay ang pagtingin muli sa field kung nasaan sina August.

"Nice, I'm also thinking of that," sagot ni August sa taga-Spiders.

Napalunok ako nang malalim nang parehong nagbago ang ekspresyon ng dalawang representative ng guild. Katulad nila ay tila nagbago rin ang inakto ng mga familiars nila.

This is it. They're gonna end this in their next attack.

Naging seryoso sa panonood sina Law at parang walang kumukurap sa kanila. Kahit ako ay nanatiling nakatingin sa laban ng dalawa.

Humanda na sa pag-atake ang dalawang familiars. Naunang sumugod sa kanila ang familiar ng Spiders, the massive mammoth.

Pigil hininga ang mga sumunod na nangyari. Bago pa man makalapit ang mammoth sa familiar ni August ay biglaan na lamang itong bumuga ng napalaking apoy. A fire that's big enough to burn the huge mammoth.

The fire spread throughout it's fur—burning the huge creature alive.

Pare-parehong natigilan sa napanood ang mga nasa stadium. Kahit kaming mga Grim Reapers rin ay nabigla sa napakalaking apoy na binuga ng chimera. Kahit ano pang sabihin ng iba ay imposibleng bumuga ng gano'ng kalaking apoy ang mga mythical creatures na iyon.

No wonder why August is a Grim Reaper... ibang klase talaga siya.

Matapos ianunsyo ng announcer na ang Grim Reapers ang nanalo ay walang tigil ang paghiyaw ni Zeldrick.

"Freaking told yah jerks! Kaya ni August 'yon!"

Napabuntong-hininga na lamang kami rito. Eh siya pa nga 'yong sobrang kinakabahan para sa partner niya kanina.

"Nice," nakangiting bulong ni Law.

Kahit ayaw niyang ipahalata ay alam kong nag-aalala lang din siya kay August.

"Yey!! May panalo na tayo!" natutuwang sambit ni Lemon.

Ngiti ang naging reaksyon ko rito. Magandang simula ito dahil nanalo kami.

Habang nagsasaya ang mga kasama ko ay napako ang tingin ko sa screen. Doon ko nakita ang susunod na maglalaban. The Beast and-

The Deities.

Natauhan din si Gin nang makita rin ang nakalagay sa screen.

"Oi, oi. Base sa narinig kong usap-usapan kanina ay ang Beast ang pumangalawa sa Avelites nakaraang taon," kumento ni Law.

Tila nagbago ang mga ekspresyon ng mga kasama ko. Kung kanina ay nagsasaya sila ay ngayon pare-pareho silang naging seryoso. Mukhang hindi talaga basta-basta sa kanila ang mga Deities.

All of our eyes were locked on the field. Matapos umalis nina August sa field ay dumating na ang susunod na maglalaban. Unang pumwesto sa gitna ay ang taga-Beast. Sigurado akong taga-Beast ito dahil hindi ko siya nakitang kasama nina King kanina.

Mukhang masyadong malaki ang tiwala niya sa sarili dahil kahit wala pa ang taga-Deity sa gitna ay nauna na niyang sinummon ang familiar niya.

Kasunod ng pag-summon niya ay ang biglaang paggalaw nang kaunti ng lupa. Kahit hindi ito gaano kalakas ay sapat na ang paggalaw nito para maramdaman namin. Kasabay n'on ay ang ngising hindi mawala sa labi ng taga-Beast. Hindi ko tuloy mapigilang mairita sa itsura niya.

Pagtapos ng paggalaw ng lupa ay ang pagtaas ng tubig sa dagat. Doon ko nakita ang dahilan kung bakit mataas ang tiwala ng taga-Beast sa sarili niya.

Naramdaman ko ang pagbigat ng hininga ko nang lumabas ang ulo nito sa dagat. For fucking pete's sake, it's so freaking huge.

That Beast's member's familiar is no other than the Megalodon.

Hindi ko mapigilang matakot sa itsura nito. No wonder sinummon kaagad siya ng taga-Beast. Gusto niyang ipamukha sa amin na walang makatatalo sa familiar niya.

Not even... the Deities.

Sa kabila ng mga reaksyon namin ay naagaw ng atensyon ko ang itsura ni Gin. Walang gana itong nakatingin sa Megalodon na para bang hindi siya natatakot.

What the... fuck?

Doon ko lamang din napansin ang pagdating ng representative ng Deities. The girl with a blue hair. Iyong babaeng nakikipag-away sa registrar. Kung hindi ako nagkakamali ay Aqua ang pangalan niya.

Hindi ko mapigilang mapahanga dahil nagagawa pa rin nitong maglakad sa gitna ng field ng walang takot. Kahit na hindi hamak na mas malaki sa pwesto niya ang Megalodon.

Paano niya magagawang labanan 'yan?

Imbis na kabahan sa nakita ay kumurba pa ang labi ni Aqua na kinanuot ng noo ng taga-Beast. Pagkatapos n'on ay hindi na rin pinatagal ni Aqua ang paghihintay dahil sinummon na rin niya ang familiar niya.

"Eh? So she's not scared of the sea anymore huh? That'll make her more frightening," bulong ni Gin habang nakangusong nakatingin kay Aqua.

Kasunod n'on ay ang biglaang paggalaw ulit ng lupa. Hindi katulad kanina ay hindi hamak na mas malakas ang paglindol ngayon. Unti-unti ring bimibitak ang iilang hagdanan sa stadium. Kasabay n'on ay ang biglaang pagkulog.

My eyes widened and my jaw drop. Doon ko nakita ang unti-unting paglitaw ng isang halimaw sa dagat. I suddenly felt the chills down in my spine. Hindi ko mapigilang manginig habang unti-unting lumalabas ang katawan nito. Hindi lamang ako kung hindi na rin ang mga gifted sa Stadium.

Pero iilan sa kanila ay hindi na natatakot sa halimaw na unti-unting lumilitaw. Kabilang na rito si Gin na kaswal na nakatingin dito.

"Tsk, there she goes. The God's favorite," sarkastikong aniya.

Napanganga na lamang ang ako sa naging reaksyon ng Guild's Master namin. Lahat kami rito ay hindi mapigilang matakot habang parang bata lamang siya na naiinggit.

"Tsk. Ano pa ba ang inaasahan mo sa 7 crowns at queen ng Deities," muling aniya.

"The Leviathan is just like a pet to her."

29. Third round

Iilan lamang ang mga nanatiling kalmado sa kabila ng paglitaw ng haliwaw ng dagat. Kabilang na roon ang Guild's Master namin. Katulad ko ay hindi rin gaanong pinapahalata nina Law ang kaba.

Kabaliktaran naman namin si Zeldrick na parang tanga at sigaw nang sigaw.

"Tangina, ang ingay mo!" naiinis na sambit ni Lemon sa kasama.

Hindi tumigil sa pagsigaw si Zeldrick kaya walang nagawa ang mga kasama ko kung hindi takpan na lamang ang mga tenga nila.

Muling napunta ang atensyon ko sa field. Hindi maipagkakaila ang takot ngayon ng taga-Beast. Hindi maitatangging walang-wala ang laki ng Megalodon sa Leviathan.

Mas lalo na lamang nag-panic ang mga tao nang nagsimulang dumagundong ang halimaw ng dagat. Kahit ang walang paki na si Gin ay biglang naging seryoso ang ekspresyon.

"Oi, oi. Seryoso ba 'yan, tangina damay tayo riyan." Rinig kong sambit ni Law.

Naging alerto ako sa sinabi niya at agad kong pinagmasdan ang dagat. Nagsisimula ng tumaas ang lebel ng tubig at unti-unti ng umaangat ang mga alon.

Napunta ang tingin ko sa representative ng Deities at mukhang wala itong balak na pahintuin ang familiar niya.

Ngunit bago pa maging seryoso ang lahat ay nabigla kaming lahat nang may sumulpot sa gitna ng field at malakas na binatukan si Aqua.

"Bwisit kang bata ka! Papatayin mo ba lahat ng nandito?!"

There was a sudden silent, everyone was dumbfounded. Pare-parehong napanganga ang mga tao sa stadium sa ginawa ni Xilah sa estudyante niya.

"I'm sorry! Suko na kami! Sa inyo na ang puntos!" sambit ni Xilah at sinimulan na nitong hilahin pabalik si Aqua na kamot-kamot ang ulong nabatukan.

Hindi kaagad naka-react ang announcer na nabigla sa nangyari. Kahit kami rin ay hindi inaasahan na pipigilan ni Xilah ang laban.

Nang matauhan ang announcer ay inannounce na nito na nanalo ang Beasts. Pero sa kabila ng panalo nila ay hindi pa rin makagalaw sa pwesto niya ang lalaki.

Gin laughed. "Stupid Queen."

"Whoo!! Natapos na rin sa wakas. Natakot ba kayo?!"

Tila nabuhayan na ng loob si Zeldrick at naging masigla na ito. Hindi man lang siya nahiya sa inakto niya kanina. Mukha siyang tanga.

Tumagal pa ng ilang laban ng mga familiars bago natapos ang second round. Nakahinga na nang

maluwag ang mga kasama ko nang matapos ito.

Hindi rin nagtagal ay bumalik na si August sa pwesto namin at sinalubong ito ng yakap ni Zeldrick. I saw August blushed pero kaagad din nitong tinulak papalayo si Zel.

"Ano ba! Mas lalo akong napapagod sa'yo," giit nito na kinasimangot ni Zeldrick.

"Tsk! Ang tagal ng laban mo! Kung ako sana ang nando'n ay hindi iyon gano'n katagal!"

Kararating pa lang ni August at nagsimula na naman silang magtalo ni Zeldrick. Hindi na ito pinansin ng mga kasama ko dahil wala naman ng bago. Napunta sa screen ang lahat ng atensyon namin.

"Hello, everyone!! Congratulations sa mga nagkaroon ng points this round! Sa mga hindi naman pinalad ay don't worry dahil magsisimula na ang next and last round!"

Nanatili kaming nakinig sa announcer na ineexplain ang susunod na round. Ito na ang pinakahinihintay namin—ang last round.

"But before I start the explanation, I would like to introduce to you our special guests who will watch the last round!"

Napuno ng palakpakan ang stadium nang bigla na lamang bumukas ang pinakamalaking pinto sa dulo ng field. Pumasok dito ang isang grupo ng mga gifteds. Kabilang na rin si Helena.

"Everyone! The three respected leaders and Principals of the Academies! Together with the officials!"

Nagsimulang maglakad ang mga officials patungo sa kanilang mga espesyal na upuan. Nakita kong tinapunan kami ng tingin at ngisi ni Helena bago ito pumunta sa upuan niya.

"Kinakabahan tuloy ako sa third round. Manonood pa sila," kumento ni Lemon.

"Now then! Ipaliliwanag ko na ang third round!"

Habang nagsasalita ang announcer ay nag-iba ang nasa screen.

"Sa third round ay by members rin ang labanan. Meron kaming listahan ng kada members sa guild at iraraffle namin ito para malaman kung sino-sino ang mga maglalaban sa iba't ibang guild," panimula ng announcer.

"The rules are simple. Once na matalo ang member niyo sa isang guild ay hindi na ito pwedeng makipaglaban pa sa guild na iyon. Instead, sa ibang guild na lang siya maaring makalaban."

"For example, naglaban ang members ng Guild A at Guild B. Nanalo sa laban si Guild B. That means, ang member ng Guild A na nakipaglaban sa Guild B ay hindi na maaring lumaban pa sa ibang members ng Guild B. Pero maari pa itong makipaglaban sa Guild C at iba pa."

Ipinakita sa screen ang example na Guild A, Guild B, at Guild C.

Naintindihan namin ang pagpapaliwanag ng announcer. Mukhang nagkaroon na naman kami ng disadvantage dahil sa bilang namin. Kapag natalo ang isang member namin sa isang guild ay ibig sabihin hindi na ito pwedeng lumaban sa guild na iyon. Ibig sabihin, dapat ibang member na ang lalaban sa guild na iyon ulit.

"Don't worry! Once na matalo ang member niyo ay maari pa itong makalaban sa ibang guild. Though, mas maganda kung mananalo na kaagad kayo para maari pang makalaban ang member niyo sa guild na 'yon."

Nanatili akong nag-isip nang mabuti tungkol sa laban. Kung sakaling unang round pa lang ay nakaharap ko na ang Deities at natalo ako, ibig sabihin ay hindi ko na makahaharap pa ang mga Deities sa susunod na mga rounds.

"Katulad ng sa second round. Kada panalo ng member ay isang puntos sa guild. The highest points will be the S class guild this year!"

"As always, any weapons are allowed. Pati na rin ang mga hayop as long as it's not your familiar."

Nabigla ako nang biglang naglabas ng isang maliit na bell ang announcer.

"All you need to do is to get the bell from your opponent. Sa oras na makuha niyo na ito ay kayo na ang panalo. Or, kapag hindi na kaya pang lumaban ng opponent niyo o in-admit nito ang defeat!"

Pare-pareho kaming nabigla nang bigla na lamang tumayo si Gin habang nag-eexplain pa rin ang announcer.

"Oi, oi. Gin, saan ka pupunta?" tanong ni Law.

"Just doing the condition."

Kumunot ang mga noo namin sa sinagot niya. Tuluyan ng umalis sa pwesto namin si Gin at hindi na lang namin ito pinansin. Baka may pinapagawa lang sa kaniya.

"Goodluck participants! Makikita niyo ang pagkasusunod-sunod ng laban at ang mga magiging laban ninyo sa screen."

Nagbago na naman ang nakalagay sa screen. Napunta ang lahat ng tingin namin sa mga nakalagay rito.

"But before the actual round. Pakikitaan muna tayo ng special fight ng dalawang special gifteds!"

Pare-pareho kaming natigilan sa sinabi ng announcer. Parang meron na kaming ideya kung sino ang mga tinutukoy nito.

"From the Generation of Prodigies!"

"The King and The Executioner!"

Napanganga na lamang kami nang sumulpot sa gitna ng field sina Gin at King.

"Come to think of it, may condition rin pa lang pinagawa sa Deities para pasalihin sila," kalmadong sambit ni Elroy.

Napaawang ang bibig ko sa narinig. Hindi na lang talaga ako makapaniwala sa ginawa nila.

Fuck, seryoso?! Maglalaban sila?

"Well then! May the best Guild wins!"

Matapos sabihin iyon ng announcer ay umalingawngaw ang napakalakas na tunog sa stadium hudyat na simula na ang laban. Kasunod nito ay ang hiyawan at sigawan ng mga nanonood.

Kasabay ng pagkakaba ko ay hindi ko rin mapigilang ma-excite. Kung tutuusin ay ngayon ko lang makikita ang gift ng dalawang 'yon.

Gaano kaya kalakas ng mga gift nila?

Habang naghihintay ng mangyayari ay bigla na lamang akong pinagpawisan.

Ako lang ba o parang... biglang uminit?

Mas lalo akong naguluhan nang makita kong nakatayo lang sa gitna sina Gin at King.

Hindi pa ba sila magsisimula?

"Puta ang init." Rinig kong sambit ni Zeldrick.

Hindi ko ito masisisi dahil sobrang init nga. Bakit bigla na lang uminit?-

Natigilan ako sa pag-iisip nang mapunta ang tingin ko sa langit.

Kinusot ko pa ang mga mata ko para malaman kung namamalikmata lang ba ako. Pero imbis na mawala ay unti-unti itong nagiging palapit nang palapit.

A fucking meteor is falling.

30. The King and the Executioner

Siguro nga ay hindi ko talaga matatakasan ang kamatayan dito sa bwisit na event na 'to. Nagsimula sa Spiders, sumunod ang first round kung saan muntik na kami ni Elroy, tapos kakakita ko lang kanina n'ong halimaw sa dagat...

Tangina, ngayon naman isang bulalakaw?!

Hindi ko mapigilang mapanganga sa bulalakaw na malapit ng bumagsak sa stadium. Hindi ko alam kung kakayanin ko pang mag-regenerate kapag nabagsakan ako niyan.

Kabaliktaran ng reaksyon ko ay kalmado lamang ang mga kasama ko. Lalo na si Zeldrick na kinabigla ko.

What the heck?!

"Oi, oi. Masyado na atang sobra 'yang gawa ni Gin," walang ganang sambit ni Law.

"What do you expect? Si King ang kaharap niya," sagot ni August.

Namimilog ang mga mata kong napatingin sa kanila. That meteor is... Gin's freaking gift?!

Nagsimula ng mag-panic ang mga tao sa stadium. Napunta ang tingin ko sa mga Deities kung saan kampante lang din sila katulad ng guild ko.

The heck?! Hindi ba sila kinakabahan?! Patay ang Guild's Master nila kapag natamaan niyan! Hindi lamang si King kung hindi lahat ng nandito!

Tila bumibigat na ang paghinga ko dahil hindi ko na mapigilan ang pagkakaba ko. Nang tignan ko ang dalawang magkaibigan sa gitna ng field ay kaswal lang na silang nakatayong dalawa.

Fuck! Ayoko pa mamatay!

I felt my eyes changed when I saw the meteor is about to hit the stadium—making sure that I'll at least, survive. Pero bago pa tuluyang tumama ito ay lumabas ang mga itim na usok galing kay King.

Sa kabila ng liwanag mula sa kalangitan, parang naging gabi ng ilang segundo. Unti-unti itong nabuo at humarang sa meteor.

A fucking black hole.

Para akong mawawalan ng malay dahil ramdam ko ang pagpigil ko ng hininga sa mga nangyari.

Those freaking two... are monsters.

Natigil sa pag-panic ang mga tao nang pumasok na sa black hole ang meteor at nawala ito. Habang ang iilan naman ay nanatiling nakatulala sa mga nangyari, katulad ko ay hindi rin sila makapaniwala sa nakita.

So, this is... the Generation of Prodigies?

Punong-puno ng paghanga ang pagtingin ko sa kanila. I can't even imagine those two teaming up. Siguradong walang makatatalo sa kanila.

Tila nagbago ang ekspresyon ng dalawa at parehong kumurba ang mga labi nila.

"So you're already strong enough to drop a meteor, huh Gin?" nakangising sambit ni King.

"Come on Keon, you didn't told me that you can control your gift now," sagot ni Gin.

Bumigat ang tensyon sa dalawa. Kasabay n'on ay ang pagbigat din ng mga pakiramdam namin. The pressure is getting more suffocating, and they're getting more intimidating.

"Oi, oi. The're getting hyped," kalmado ngunit nag-aalalang sambit ni Law.

Kapansin-pansin na rin ang unti-unting pagbitak ng lupa sa field. Kasabay n'on ay ang paggalaw ng lupa.

Fuck, madadamay pa kami!

Pare-pareho na kaming nakaramdam ng kaba. Akmang magsisimula na sina Gin at King nang bigla na lamang itong natigilan. Hindi lamang sila kung hindi pati na rin kami.

Time... stopped.

Kasunod n'on ay ang pagbaba ng isang batang babae sa field. Helena is casually walking towards the announcer. Pagpunta niya sa harap nito ay kinuha niya ang mic mula rito.

Bago magsimulang magsalita ay huminga muna nang malalim si Helena.

"Mga hangal!"

Nag-echo ang maliit at matinis niyang boses sa stadium, na sinabayan pa ng matinis na tunog galing sa speakers.

Halos mabingi ako sa lakas ng sigaw nito. Ngunit hindi ko naman magawang takpan ang mga tenga ko dahil hindi ako makagalaw.

"Walang matitira sa stadium kapag nauna kayong maglaban! Kung gusto niyong magpatayan ay pagkatapos na ng event!" seryosong sambit ni Helena.

"Start the third round!"

Pagtapos magsalita ni Helena ay hinagis niya ang mic. Saktong paghagis niya ay nagsimula na ulit gumalaw ang mga bagay. Pati na rin kami ay nakagalaw na rin.

Nakahinga nang maluwag ang mga kasama ko dahil sa sinabi nito. Hindi lamang sila kung hindi halos lahat ng gifted dito sa stadium ay laki ang tuwa nang malaman na hindi na matutuloy ang laban nina Gin.

Kabaliktaran namin ay bakas ang pagkainis sa mukha ng dalawang magkaibigan. I can't blame them. Matagal nilang hinintay ang panahon nito tapos hindi lang natuloy. Pero kung ako rin naman ang masusunod ay ayoko ring madamay sa laban nila.

"Ehem, ehem. Sorry for the inconvenience," sambit ng announcer.

"Dahil inutos ng Principal, magsisimula na tayo sa pangatlong round."

Habang nagsasalita ang announcer ay pumunta na pabalik sa amin si Gin. Bakas sa mukha nito ang pagkadismaya at inis.

"Cheer up Gin! Pwede niyo pa namang ituloy 'yon!" Pagpapagaan ng loob ni Lemon dito.

Napaismid na lamang si Gin at padabog itong umupo. He freaking looks like a child when pouting. Hindi mo aakalain na kaya lang naman niyang magpabagsak ng bulalakaw.

"Okay, participants! Para sa first battle, maari na kayong pumunta sa field!"

Nakuha ng announcer ang atensyon ko at agad akong napatingin sa screen upang makita kung sino ang unang maglalaban. Tila nawala ang pagmamaktol ni Gin nang makita kung ano ang nakalagay sa screen.

The first battle is Tres from the Frosters and-

Alvis from the Deities.

Napunta ang lahat ng atensyon ng mga kasama ko sa gitna ng field. Maski ako ay napunta rin kaagad ang atensyon ko roon.

Doon ko nakita ang pagpunta ng dalawang lalaki. A guy with a blonde hair from the Frosters, and the guy with a jet black hair from the Deities. They are just casually walking towards the field.

Kung hindi ako nagkakamali ay isang rookie si Alvis. Unang tingin pa lamang ni Gin sa mga rookie ng Deities ay sinabi na niyang hindi ordinaryo ang mga iyon.

Hindi ko mapigilang mapalunok nang malalim habang hinihintay na magsimula ang laban nila.

I'm excited to see what kind of rookies does Deities have.

31. The Rookie

Kapwang may bell sa bewang ang dalawang myembro ng magkabilang guild. Lahat ng atensyon ng mga gifted sa stadium ay nasa kanila. Paniguradong gusto rin nila makita kung anong klaseng gift meron ang dalawa.

Umalingawngaw ang pito ng annoucer hudyat na simula na ang laban. Both of the guild's member's eyes changed.

Hindi ko masyadong makita ang kulay ng mga mata nila dahil masyadong malayo, pero alam kong nagbago na ito dahil pareho nila kaagad ginamit ang mga gift nila.

Tres' gift is ice and Alvis is-

Lightning?!

Napagtanto ko na lamang kung sinong God ang may kapangyarihan ng kidlat.

It's no other than Zeus. No wonder why, sinabi ni Gin na hindi basta-basta ang mga rookie ng Deities.

Nagsimula ng umatake si Tres kay Alvis habang walang ibang ginawa si Alvis kung hindi umiwas. Hindi ko maipagkakailang kasing bilis ng kidlat si Alvis. Ibig sabihin lang n'on ay sadyang malakas si Tres dahil nagagawa nitong makahabol sa bilis ng taga-Deities.

Napansin kong hindi umaatake si Alvis at ang sadyang pakay lang talaga nito ay ang bell ni Tres. Their fight is too exciting to watch at natagpuan ko na lamang ang sarili kong hindi kumukurap.

Tuluyang naging yelo ang field dahil sa mga atake ng taga-Frosters. Sa kabilang banda ay walang hirap itong nasisira ni Alvis dahil sa mga kidlat niya.

Sobrang bilis ng laban nila na para bang isang kurap mo lang ay marami na ang mami-missed mo. Base rin sa galawan ni Tres ay marami na itong experience dahil nagagawa nitong makahabol at atakihin si Alvis. Habang hindi naman halatang isang rookie lamang si Alvis dahil sa galaw niya.

"Oi, oi. Hindi na nakakahabol ang mata ko." Rinig kong sambit ni Law sa tabi ko.

Ilang minuto ang tinagal ng laban nila pero ni isa sa kanila ay wala pang galos na natatamo.

Walang ibang ginawa si Alvis kung hindi umiwas lang. Bakit ba ayaw niya umatake?

"Tsk, ano ba ang gustong ipamukha ng Deity na 'yan? Kaya niyang talunin ang mga gifteds dito ng hindi gumagamit ng ability?" iritadong sambit ni Zeldrick.

Hindi ko matatangging tama ang sinabi niya. Iilang myembro na nga lang ang sumali sa Deities tapos hindi pa nila gagamitin ang ability nila sa pakikipaglaban? Gano'n na lang ba kababa ang tingin nila sa amin?

Hindi lamang kami ang mga nakapansin n'on kung hindi pati na rin ang ibang guilds. Pansin kong nagsisimula na rin silang mainis sa Deity na lumalaban at nagsimula na silang magbulungan.

Nang nagsisimula ng magreklamo ang ibang mga guilds ay pare-pareho silang natigilan nang huminto

sa pakikipaglaban si Tres.

Tila ang bigat ng paghinga nito at hindi na niya magamit ang ability niya. Pare-pareho kaming nabigla sa nangyari.

What the fuck... happened?

"Looks like someone is already at his limits," walang kaemo-emosyong sambit ni August habang nakatingin kay Tres.

Eh?! Pero mukhang okay pa siya kanina! Paano biglang nangyari 'yon?

Habang iniisip ko kung paano nangyari 'yon ay nakuha ng atensyon ko ang pagbabago ng mga ekspresyon ng mga kasama ko. Agad akong napatingin sa tinitignan nila at halos manlumo rin ako sa nakita ko.

Ilang daang palaso ang nasa itaas ng field. They're all made of lightning—Alvis' ability.

"Mukhang ito ang hinihintay niya," kumento ni Lemon.

Hindi ko mapigilang mapahanga at matakot at the same time. Hindi na magawang makatayo ni Tres o gamitin man lang ang gift niya. Habang ilang daang palaso ang naga-abang sa itaas niya at kahit anong oras man lang ay pwedeng bumagsak.

"Fucking Keon, does that looks like a freaking rookie to you?" nakasimangot na sambit ni Gin. As usual, mukha na naman itong bata na naiinggit.

Pero totoo naman ang sinabi niya. Hindi mukhang rookie si Alvis. Those hundreds of arrows requires a huge amount of power. Yet, walang bakas ng pagkapagod ang mukha ni Alvis.

Bago tuluyang bumagsak ang mga palaso ay sarili na mismong sumuko ang taga-Frosters. Dahil sa pagsuko nito ay inanunsyo ng announcer na Deities ang panalo. That makes them the first winners of the third round.

Habang nagpapalakpakan ang mga ibang guilds ay naramdaman ko ang pagbigat ng tensyon sa guild namin. Doon ko napansin na naging seryoso na ang mga ekspresyon ng mga kasama ko.

Hindi ko mapigilang mapangisi sa mga reaksyon nila. Mga batang ayaw magpatalo.

"Unang matatalo ay siya ang maglilinis sa buong guild ng dalawang linggo," seryosong sambit ni Gin sa amin.

Walang isang umangal sa amin at pare-pareho kaming tumango sa sinabi niya. Kahit hindi ko mapigilang kabahan dahil sa mga Deities ay hindi ko rin maitatangging nae-excite ako.

Knowing that the opponent is strong makes me hyped up. At sigurado akong gano'n din ang mga kasama ko.

Lumipas ang ilang oras at ilang labanan bago makuha ang lahat ng atensyon namin sa guild ng nakalagay sa screen. Ang unang makikipaglaban sa Guild sa amin.

Zeldrick from the Grim Reapers and Jea from the South Cave.

Mukhang isang open guild ang makakalaban ni Zeldrick.

"Hoy ayusin mo ha! Baka naman magpatalo ka dahil babae ang kalaban mo," sambit ni Lemon dito.

Tawa ang sinagot ni Zeldrick bago nito dalhin ang mga weapons na gagamitin niya. "Nah, si August nga nasasapak ko eh."

Tumaas ang kanang kilay ni August sa narinig. "At kailan? Tangina kung ikaw kaya-"

Hindi na naituloy ni August ang sasabihin niya nang tumakbo na papunta sa field si Zeldrick. Napaismid na lamang ito sa ginawa ng ka-partner niya.

"Oi, oi. Panoorin niyo na lang 'yong mokong," walang ganang sambit ni Law habang nasa field ang tingin.

Sinunod namin ang sinabi niya at napunta ang mga atensyon namin kay Zeldrick at sa kalaban niya. Nagsimula ng pumito ang announcer at labis ang ipinagtaka ko nang walang ginawa ang dalawa.

Tila naghintayan pa sila kung sino ang unang gagamit ng gift.

"Argh! Freaking asshole!" naiinis na sambit ni August.

Ilang minuto pa siguro ang lumipas bago nainip ang kalaban namin at nauna na itong gumamit ng gift.

I saw her eyes changed. Kasabay n'on ay ang biglaang pagsulpot ng mga ugat sa field.

Natauhan kaagad si Zeldrick dito at agad na iniwasan ang mga ugat na nagsimulang umatake sa kaniya. But the jerk didn't had time to take some cannon balls that he'd brought.

Pare-pareho na lamang kaming napasinghap nang nahuli ito ng isa sa mga ugat.

"Freaking stupid!"

32. Losing is not an option

Napaismid na lamang ang mga kasama ko sa nangyari kay Zeldrick. Pinairal na naman nito ang kayabangan niya at tuluyan na itong napalibutan ng mga ugat.

"Fucking asshole," iritadong sambit ni Lemon.

Tila nawalan na kami ng pag-asa nang hindi na ito makagalaw sa gitna ng field. Bakit pa kasi nakipaghintayan pa siya?!

"Looks like there's already someone who'll clean the Guild," bulong ni Elroy.

Napaismid na lang ako nang nagsimula ng maglakad ang kalaban ni Zeldrick papalapit sa kaniya upang kunin ang bell niya. Mukhang masyado akong nagtiwala kay Zeldrick. I overestiated him. Kahit sa laban ay sadyang kupal-

"Winner! Zeldrick from the Grim Reapers!"

Natigilan ako sa pag-iisip nang marinig ko ang sinabi ng announcer. Agad napunta ang tingin ko sa field at hindi ko mapigilang mapanganga. My eyes slowely widened as I can't help but to get confused.

Masayang naglakad pabalik sa amin si Zeldrick—hawak-hawak ang bell ng kalaban.

"P-Paanong?" hindi makapaniwalang sambit ko.

Kumurba ang labi ni Zeldrick bago itapat sa pagmumukha kong ang bell na hawak-hawak niya.

"Piece of cake," aniya.

Nawala ang ngisi nito sa labi nang malakas itong binatukan ni August. "Stupid jerk!" nanggigigil na sambit ni August dito.

"H-Hoy ano ba?! Nanalo naman ako ah!" giit ni Zeldrick habang hawak-hawak ang ulo niya.

"Eh ano pa 'yong pakana mo ha?! Papansin ka talaga!"

Napasinghap si Zeldrick dito. "I just want to see her gift first! Para alam ko kung gagana ang gift ko!" pagpapaliwanag niya.

Natauhan ako sa sinabi niya. I forgot Zeldrick's gift. The ability to control any metal...

"Tsk, 'yong mga weapons na dinala ko ay palamuti lang. Hindi 'yon kasama sa plano ko." Napakamot siya sa ulo niya.

"Taking her bell is just a piece of cake. Pero depende 'yon sa gift niya, kaya kailangan ko munang makita," nakasimangot na dagdag niya.

"Nang makita ko ang gift niya ay tumuloy ako sa plano ko. She literally made things easier for me. Siya na mismo ang lumapit sa akin. Tuloy, tulad niya ay naguguluhan rin ang mga nanonood. That means, hindi pa rin nila alam ng tuluyan ang kakayahan ko."

My mouth remained open. Hindi ko mapigilang humanga kay Zeldrick. Gaano ba kalayo ang na-predict niya at umayon ang lahat sa kagustuhan niya?

This freaking jerk is really scary in the field. Lalo na kapag pinapagana niya ang utak niya.

"He may not look like it... but Zeldrick's IQ is over 200," walang ganang sambit ni Law sa tabi ko. Nakasalumbaba siyang nakatingin sa field.

"Si Zeldrick ang utak ng guild. Kadalasan sa kaniya lumalapit si Helena para sa pagplano ng mga team missions. Though, mas pinapairal niya palagi ang kayabangan niya. But still, isa sa dahilan ang talino niya kaya siya naging isang Grim Reaper."

Napanganga na lamang ako sa narinig at muling napunta ang tingin ko kay Zeldrick na tuwang-tuwa sa bell na hawak niya. Bumalik ang alaala ko sa unang laban namin at ang kailan na laban namin na tinalo niya 'ko.

I thought that he was just a stupid jerk na hindi marunong magseryoso. Pero nagkakamali ako. Ibig sabihin lamang n'on ay hindi ko pa nagagawang makalaban si Zeldrick gamit ang totoong lakas niya.

To be honest, hindi ko pa rin nakikita ang buong lakas ng mga kasama ko. The reason why they're the Grim Reapers—the reason why Helena and the Portugals' acknowledge them.

They're really-

"Oi, oi. It's not the time to be amazed. It's your turn."

Natigilan ako sa pag-iisip nang muling nagsalita sa tabi ko si Law. Natauhan ako sa sinabi niya at agad akong napatingin sa screen.

Scarlet from the Grim Reapers and-

Nickle form the Coders.

Naalala ko kung sino ang babae na 'to. Isa siya sa mga nakilala ko kanina bago magsimula ang event.

"Good luck Scarlet!" sambit ni Lemon nang makita rin ang nakalagay sa screen.

Hindi ko pinatagal ang pagtunganga ko at agad na 'kong tumayo upang bumaba sa field. Hindi pa 'ko tuluyang nakalalayo ay may pahabol na sinabi si Law.

"Good luck, hood."

I suddenly felt something strange. Naramdaman ko ang pag-init ng pisngi ko.

What the heck? It's just only two words! Ano ba itong nangyayari sa akin?!

Iniling ko ang ulo ko at pinagpatuloy ko ang pagbaba sa hagdan. Hindi ngayon ang oras para mag-isip ako ng kung ano-ano. Kailangan kong mag-focus sa laban.

Nang makarating ako sa field ay hinarang muna ako ng announcer upang ilagay ang bell sa bewang ko.

"Good luck!" aniya.

Nang malagay na niya ang bell sa bewang ko ay dumeretso na 'ko sa gitna ng field kung saan naghihintay sa akin si Nickle.

"I didn't expect na ikaw ang makakalaban ko. Wala sanang samaan ng loob," sambit niya sa akin. She fixed her glasses.

Kumurba ang labi ko sa sinabi niya. "Yeah, right. Wala sanang samaan ng loob."

Umalingawngaw ang tunog ng pito ng announcer. Kasunod n'on ay ang agadang pagbabago ng mata ni Nickle.

Her eyes-

Turned... sand?

Hindi kaagad ako nakapag-react sa paggamit niya ng gift niya at natauhan na lamang ako nang nagsimulang magtipon-tipon ang mga buhangin sa field.

Tsk, masyado siyang nagmamadali. Gano'n na lang niya ba 'ko gustong talunin?

"I'm sorry, Scarlet. Hindi ako pwedeng matalo rito," seryosong sambit niya sa akin.

Nagsimulang pumunta sa akin ang mga buhangin. Hinanda ko ang sarili ko nang tuluyan na itong makalapit sa akin. Hindi ko pa alam kung ano ang kakayahan ng mga buhangin na ito-

Natigilan ako nang naghugis kamay ang buhangin at hinatak nito ang paa ko. Hindi ko nagawang makaiwas at natagpuan ko ang sarili kong hila-hila ng buhangin.

Isa pang kinabahala ko ay ang nangyari sa paa ko nang madikitan ito ng buhangin. Unti-unti itong natuyo na para bang wala ng laman.

Dahil sa nangyari ay kusang gumalaw ang mga paa ko upang sipain ang humahatak sa akin. Dahil sa lakas ng pagkasisipa ko ay nawarak ang hugis kamay na buhangin.

Mas lalo kong nakita ang itsura ng paa ko ng nang mahawala na ang mga buhangin dito. Sobrang naging tuyo ito na parang buto na lang ang natira.

"I told you. Iyan ang mangyayari sa'yo kapag pinagpatuloy natin 'to. I'm sorry, I really need to win. Ibigay mo na ang bell mo," seryosong sambit ni Nickle.

I can see her determination in her eyes... at the same time, she doesn't want to hurt me more.

Tumagal ng ilang segundo bago ako sumagot dito. Unti-unting kumurba ang labi ko kasabay ng pagbabago ng mga mata ko.

Kapwa natigilan si Nickle pati na rin ang mga nanonood. Hindi ko masisisi ang reaksyon nila dahil bibihira naman talaga ang mga gift na katulad sa akin.

Nakaramdam ako ng pag-iinit, pero hindi nakakapaso. Kasabay ng paggamit ko ng gift ko ay unti-unti na ring bumalik sa rati ang paa ko.

Nagtama ang mga mata namin ng babaeng kaharap ko. Naapatras siya nang kaunti.

"I'm also sorry too Nickle. But losing is not an option."

33. Encounter

Everyone was shocked and amazed at the same time. Hindi nila inaasahan na isang takeover type ang gift ko.

"Tsk. A takeover huh," iritadong sambit ni Nickle.

Naging alerto si Nickle sa mga kilos niya. Ngayong nakita na niya ang gift ko ay hindi pwedeng umatake na lang siya ng basta-basta.

Kinuha ko ang chansa na 'yon para mag-isip ng strategy. Mayroon akong advantage dahil sa regineration ability ko. Pero tatlong beses ko lamang maaring gamitin 'yon kada gamit ko ng gift, at ginamit ko na ang isa.

Pero hindi 'yon alam ng kalaban ko. Ang alam niya lang ay kaya kong mag-regenerate. Kaya panigurado akong hindi na ito aatake ng hindi pinag-iisipan. Ibig sabihin ay nasa akin ang advantage na iyon dahil hindi kaagad ako mauubusan ng lakas.

Mas mabuti na ring nakita na rin ng iba ang gift ko para malaman nila na hindi gagana sa akin ang mga pisikal na atake. Tanging mga myembro lamang ng guild ko ang nakakita at nakakaalam ng kahinaan ko. At 'yon ay ang mabilis akong nauubusan ng lakas.

Now all I have to do is to think on how can I take her bell without showing any of my weaknesses. Kailangan kong ipakita sa lahat ng nandito na wala akong kahinaan.

"Now you've already seen my gift, bakit hindi na lang ikaw ang sumuko, Nickle?" nakangising sambit ko kay Nickle.

Isang ismid lang ang sinagot niya sa akin. My first strategy is to pressure my opponent by showing my gift. Nang sa gano'n ay siya na mismo ang sumuko.

Hindi nagpatinag si Nickle at sinubukan ako nitong atakihin ulit. Using sands, hugis mga bala naman ang ginawa nito at tinama niya ito sa akin.

Pero hindi katulad ng inaasahan niya ay hindi ko iniwasan ang mga atake niya, bagkus ay sinalo ko ang mga ito. Ang mga bala na tumama sa akin ay unti-unting nilamon ng apoy. Ni walang isang bakas ng sugat ang nangyari sa akin.

I saw the frustration in my opponent's face, nang makita niyang wala man lang epekto ang mga atake niya. Mas lalong kumurba ang labi ko.

"It's useless," nakangising sambit ko rito.

Sa likod ng ngisi ko ay hindi ko mapigilang kabahan. Ginamit ko na ang pangalawang regeneration ko. Kapag pumalpak ang plano kong pasukuin siya ay malilintikan ako kapag naglaban kami.

I should make her give up and avoid any fights.

"Sasayangin mo lang ang lakas mo. Mas mabuting sumuko ka na lang. Pwede ka pa namang bumawi sa ibang guild. 'Wag mo ng pahirapan ang sarili mo," seryosong ani ko.

Napaismid sa sinabi ko si Nickle at tila nagbago ang ekspresyon niya.

"I can't afford to lose in any members of the Grim Reapers..."

"Until I can fight her."

Natigilan ako sa sinabi niya.

Mayroon siyang gustong makalaban sa guild namin? Pero bakit? At sino?!

"So until then, I'll win!"

Natigilan ako sa pag-iisip nang muli akong atakihin ni Nickle. Napaismid na lamang ako at iniwasan ito.

Bwisit! Palpak ang first strategy ko!

I bit my lower lip. I don't have a choice then. Kahit balak ko itong gamitin sa mga Deities ay wala akong choice kung hindi gamitin ito. Para na rin hindi nila malaman ang kahinaan ko. Tatapusin ko na agad ito.

"Tsk. I'm sorry Nickle, I need to win too."

Naramdaman ko ang pagbabago ng buo kong katawan. Napalibutan ako ng apoy na hindi nakakapaso, bagkus ay nakakagaan ng pakiramdam.

Tuluyan na 'kong naging phoenix. It's the same ability that I used when I fought Zeldrick.

Nabigla si Nickle sa biglaang pagbabago ko at hindi ito kaagad naka-react. Kinuha ko ang chansa na iyon para lumipad papunta sa kaniya.

Tila naging desperado na siya at kahit anong klaseng atake ay ginawa niya sa akin. Ngunit walang tumalab ni isa sa kanila at tumagos lang ang mga ito sa akin.

Natigilan na lang siya nang tuluyan na 'kong napunta sa harap niya. She didn't got a chance to react. I changed in my human hands and took her bell.

Kasunod n'on ay ang pag-anunsyo ng announcer na ako ang panalo.

Ramdam ko ang pagbigat ng paghinga ko nang i-cancel ko ang gift ko. Bwisit, kaya akong gamitin ang ability na 'yon.

Tila napunta ang tingin ko kay Nickle na bakas sa mukha ang pagkainis. Mahigpit ang pagkasasara nito sa kamao niya at pinipigilan niyang umiyak. Hindi ko mapigilang mapaisip kung sino ang gusto niyang makalaban sa guild ko at ano ang dahilan.

"Bumalik na kayo, magsisimula na ang susunod," sambit ng announcer.

Hindi ko na nagawang tanungin si Nickle nang nauna na itong bumalik. Tanging pagsunod na lang ng tingin ko sa kaniya ang nagawa ko. Imbis naman na bumalik ako sa pwesto namin ay lumabas muna ako ng stadium upang makakuha ng maiinom. Pumunta ako sa pasilyo kung saan merong drinking water fountain.

Nakaramdam ako ng pagkauhaw dahil sa laban.

Nang matapos kong uminom ay kaagad din akong bumalik sa entrance ng stadium. Habang naglalakad pabalik ay natigilan ako nang may nakasalubong akong babae. She looks like she's on her mid 40s.

She's wearing a formal attire, and her long brown hair is in waterfall braid. Hindi maipagkakaila ang kagandahan niya.

Hindi ko alam kung bakit biglang nagbago ang pakiramdam ko at wala akong magawa kung hindi titigan lamang siya. For pete's sake, I'm always lost for words every time I see gorgeous people.

Nang mapansin niya 'ko ay kumurba ang labi niya sa isang ngiti.

Nakaawang ang bibig ko nang lumapit siya sa akin. Natauhan na lang ako nang inabutan niya 'ko ng panyo. Doon ko napansin na nabasa pala ang damit ko nang uminom ako sa fountain.

Naramdaman ko ang pamumula ng pisngi ko bigla. Nakakahiya!

"T-Thank you po," sambit ko rito.

Isang ngiti ang sinagot niya sa akin. "What's your name?" tanong niya.

"A-Ah, Scarlet Ma'am!" biglaang sagot ko. Hindi ko maintindihan ang sarili ko kung bakit bigla akong naging balisa.

She smiled. "Oh, good luck, Scarlet. Do your best."

Hindi ko nagawang makasagot sa kaniya dahil nanatili akong nakatingin sa mukha niya. Muli na lang akong natauhan nang may isang lalaking tumakbo papunta sa amin at tinawag ang babaeng kaharap ko.

"Miss Portugal! Need daw po kayo!" sambit ng lalaki habang tumatakbo papunta sa amin.

"Oh, sorry!" sagot ng babae rito at muli akong tinapunan ng tingin. "Well then, good bye!" nakangiting aniya bago tuluyang umalis.

Hindi pa rin mawala ang tingin ko sa kaniya hanggang sa mawala siya sa paningin ko.

"W-Who's that?" tanong ko sa lalaking tumawag sa kaniya.

Tinignan ako ng lalaki na para bang may mali sa sinabi ko. Magkasalubong ang kilay niya at nakakunot ang noo.

"That's Miss Prisma Portugal! Duh! Ang asawa ng principal ng Nocturne Academy!"

34. Rebound Eyes

"Saan ka nanggaling, Apple head?"

Bungad sa akin ni Zeldrick nang makabalik ako sa pwesto namin. Magkakrus ang braso niya at walang ganang nakatingin sa field.

"A-Ah, uminom lang."

"Tagal mo. Hindi mo man lang nagood luck si Law," walang ganang aniya.

Umangat ang dalawang kilay ko sa narinig. Doon ko lang napansin na wala na sa pwesto niya si Law. Agad napunta ang tingin ko sa field kung saan nagsisimula ng pumwesto sa gitna ang lalaking hinahanap ko.

Nang tignan ko ang screen ay roon ko nakita na si Law na pala ang susunod.

Law from the Grim Reapers and-

Varis from the Spiders.

Napaawang ang bibig ko sa nabasa. Law's opponent... is from the Spiders. Hindi na ito tulad nang laban ni August na familiar lang. Totoong laban na ito.

Sigurado akong nakuha na rin namin ang pansin ng mga Spiders dahil sa pagkapanalo ni August laban sa kanila. Paniguradong hindi nila basta-basta tatapusin ang laban hangga't hindi malala ang natatamo ni Law.

Hindi ko mapigilang kabahan. Paano kung-

"Oi, oi. Masyado kang nag-aalala, hood," sambit sa akin ni Zeldrick.

Kasunod n'on ay ang pagtawa niya. Ginaya niya ang pananalita ni Law. He glanced at me. "Sigurado akong 'yan ang sasabihin sa'yo ng kupal na 'yon kapag nakita ka niya," dagdag niya.

Muling bumalik ang tingin niya sa field. "Don't worry, apple head. No matter who it is, it's Law that we're talking about. Hindi basta-basta natatalo 'yon." Pagpapagaan ni Zeldrick ng loob ko.

Sinunod ko ang payo niya at inalis ang pag-iisip sa utak ko. Umupo na lamang ako sa bench at pinagmasdan ang magiging laban.

Ngunit hindi pa tumatagal ng ilang segundo ang panonood ko ay agad nawala ang pagpapakalma ko sa sarili ko nang makita ang makakalaban ni Law. Namimilog ang mga mata kong nakatingin dito. Isa itong malaking tao na may dala-dalang malaking palakol.

Unti-unting napaawang ang bibig ko sa nakita. Mas lalo akong kinabahan nang makitang ni walang isang dala si Law na weapon.

Tangina, nasaan na 'yong suitcase na dinala niya?! Para saan 'yon, palamuti lang?!

Tila bumigat ang paghinga ko nang umalingawngaw ang tunog ng pito ng announcer hudyat na simula

na ang laban. Lahat ng tingin ng mga kasama ko ay nasa gitna ng field.

After the signal, Varis form the Spiders attacked first. Kumunot ang noo ko nang mapansin na nagbago na ang mata niya pero wala itong ability na pinapakita. Sa kabilang banda ay sinimulang iwasan ni Law ang mga atake niya.

Why won't Law... use his gift instead?

Laki ang tuwa ko nang mapansin na nagbago na ang mga mata ni Law. Sinalo niya ang atake ni Varis at hinawakan ang palakol nito. Hinintay kong masira ang malaking palakol pero imbis na mangyari 'yon ay nanlumo na lamang ako nang makita dumudugo ang kanang braso ni Law.

Pare-parehong napaawang ang mga bibig ng mga kasama ko. Sabay-sabay kaming napasinghap.

"W-What the fuck happened?" hindi makapaniwalang sambit ni Zeldrick.

"L-Law's gift didn't worked?" dagdag ni Lemon.

Maski ako ay naguguluhan rin. Kakayahan ni Law na sirain ang kahit anong bagay na hawakan niya. Kung gano'n, bakit hindi gumana?

"Oh, that's the infamous Rebound Eyes, huh?" kumento ni Gin habang nanonood. Nakasalumbaba siya at walang ganang nakatingin sa naglalaban.

Nakuha niya ang mga atensyon namin. Rebound eyes?

"Anong ibig mong sabihin, Gin?" giit ni August.

Gin heaved a sigh first before answering. "Kilala ang gift na 'yon sa mga Spiders, ang gift na kaya raw na ipantapat sa Stone Eyes ni Xilah. Ang kakayahan na ibalik ang epekto ng gift sa may-ari nito," pagpapaliwanag niya habang nanatiling nakatingin sa laban.

"But unlike Xilah na gumagana sa mga counter type at mga familiars, ang rebound eyes ay nagagamit naman sa mga counter at control type. It's a troublesome gift for gifteds," dagdag niya.

Natigilan ang mga kasama ko sa nalaman. Bumakas ang pagkairita ni August sa mukha niya.

"Then why didn't you told Law?! Alam mo naman pala?!" giit niya.

Nanatili akong nakatingin dito habang punong-puno siya ng emosyon. That's when I realize while watching August. She must really like Law. Ibang-iba ang nararamdaman niya para kay Law kumpara sa akin. Hindi ko tuloy mapigilang mag-isip.

Mas worth it ba 'ko bilang isang partner ni Law? Kung si August kaya ang kasama ni Law sa unang mission namin, hindi masasaktan si Law katulad ng nangyari no'ng kasama niya 'ko?

"It's not my fault. Alam ko lang na merong gano'ng gift sa Spiders. Pero hindi ko alam kung kanino," seryosong sambit ni Gin.

"At isa pa, hindi iyan mangyayari kung hindi pinairal ni Law ang kayabangan niya at pinatagal niya pa ang paggamit ng gift niya. Kung hindi niya pa hinintay na gamitin ng kalaban niya ang gift nito ay maca-cancel niya ito kaagad," dagdag niya.

Hindi nagawang makasagot ni August sa sinabi ni Gin. He has a point. And knowing Law, panigurado ngang katulad ng ginawa ni Zeldrick ay hinintay niya munang gamitin ng kalaban niya ang gift nito.

But unlike Zeldrick, walang plano si Law. Gusto niya lang makita ang gift ng kalaban para may thrill. Sigurado akong malaki na ang tiwala ni Law sa gift niya kaya hindi na siya natatakot pa sa ibang gift... not knowing the ability of his opponent.

Wala kaming nagawa kung hindi panoorin lang umiwas sa pag-atake ni Varis si Law. Hindi ko mapigilang mapaismid habang pinapanood ito. Tila nangangati ang mga kamay kong gumalaw at gusto kong tulungan si Law. Pero alam kong hindi iyon maari. Ang kailangan ko lang gawin ay pagkatiwalaan siya.

He's my partner after all. I know he can do it—I know he can.

Tumagal ng ilang minuto ang laban at bakas sa mukha ng dalawang naglalaban ang pagod. Wala ring tigil sa pagdurugo ang kanang braso ni Law.

Kanina pa naiirita sa gilid ko si August habang nanonood. While Zeldrick kept teasing her. But still, bakas sa mukha ni Zeldrick ang pagkalungkot. Isinisiwalang bahala lamang niya ito sa pamamagitan sa pang-aasar kay August.

Hindi ko masisi si Zeldrick. Sigurado akong mahalaga para sa kaniya si August, kahit siya mismo ay hindi pa nare-realize 'yon. Pero darating-

"L-Law!"

Natigilan ako sa pag-iisip nang marinig ko ang nag-aalalang boses ni Lemon. Natauhan ako at muling napunta ang tingin ko sa field.

Parang binuhusan ng malamig na tubig ang buo kong katawan nang makita kong napaluhod si Law at nakayuko. Nanghihina na siya at hindi na niya magawang makatayo.

Sa kabilang banda ay papalapit na sa kaniya ang kalaban dala-dala ang malaking palakol nito. Unti-unting bumilis ang tibok ng puso ko habang pinapanood ang mga nangyayari.

Hindi na magawang makatingin man lang ni Law kay Varis habang papalapit na ito nang papalapit sa kaniya.

Natauhan na lang ako nang makita kong bumwelo si Varis para atakihin si Law gamit ang palakol. Hindi ko alam kung anong pumasok sa isip ko at natagpuan ko na lamang ang sarili kong napatayo at tinawag ang pangalan niya.

"Law!"

Parang bumagal ang oras nang tuluyan ng bumagsak ang palakol. Ngunit bago pa ito tuluyang tumama kay Law ay nagawa niya itong hawakan.

Hindi katulad ng nangyari no'ng nauna ay hindi bumalik ang epekto kay Law ng gift niya. Bagkus ay unti-unting nawarak ang palakol nang hawakan niya ito.

Pare-parehong natigilan ang mga nanonood sa nangyari. Maski ang mga kasama ko ay napatulala rin. Maliban kay Gin na nakakurba ang labi.

"Though, malakas nga ang gift na Rebound ay wala itong epekto sa oras na hindi mo nakikita ang mata ng may-ari nito," nakangising sambit ni Gin.

"Mukhang napagtanto na rin 'yon ni Gago."

35. A partner's role

Unti-unting nawarak ang palakol ni Varis na hindi rin nito inaasahan. Tila bumaliktad ang takbo ng laban. Ngayong napagtanto na ni Law ang kahinaan ng kalaban ay wala na sa kaniyang epekto ang gift nito. Madali niya itong na-cancel at nawalan na ng pag-asa si Varis.

Kasabay ng nangyari ay ang pagkawala ng tinik sa lalamunan ko. Nakahinga ako nang maluwag nang nagawang lusutan ni Law ang laban na ito.

Matapos magamit ulit ni Law ang gift niya ay hindi rin nagtagal ang laban. Matapos ba naman ipakita ni Law ang kakayahan niya ay kusang sumuko na ang myembro ng Spiders. Wala siyang laban sa partner ko.

What do they expect? Law is an heir of Cronus. He's on the same league of Helena—walang makatatalo sa kaniya.

Nang in-announce ng announcer ang winner ay hindi rin nagtagal ay bumalik rin si Law sa pwesto namin.

"Law-"

"Law! Okay ka lang?!"

Natigilan akong tawagin si Law nang mauna si August na salubungin ito. Agad nitong nilapitan si Law at tinignan ang sugat na natamo niya.

Wala akong nagawa kung hindi iasa na lang sa kaniya ang paggamot kay Law at nanatili akong tahimik sa pwesto ko. Kapwa ko ay hindi rin nakaimik sa pwesto niya si Zeldrick.

"Law naman! Mag-iingat-"

"I'm fine, August. Thank you," pagsingit ni Law.

Natigilan si August sa sinabi niya. Pasimple ring inalis ni Law ang pagkahahawak ni August sa kaniya at tahimik itong umupo sa tabi ko.

Naiwang nakatayo si August nang iwan nito ni Law. Hindi rin nagtagal nang matauhan siya at walang kaemo-emosyong bumalik ito sa pwesto niya.

"Why are you so mean?" mahinang sambit ko kay Law.

I don't know if I'm being plastic or not. Pero hindi ko maitatangging hindi ako nakaramdam ng kaunting saya nang tabuyin ni Law si August.

"She just wants to help you," dagdag ko.

Napaismid si Law sa sinabi ko. Nabigla ako nang nakasimangot siyang humarap sa akin.

"Jeez," he said while pouting.

"That's my partner's job."

My eyebrows slowely rose. Tila nag-init ang pisngi ko sa sinabi niya at agad akong napaiwas ng tingin. Damn, what's with him?!

"Tsk, kung ayaw mo eh 'di okay-"

Hindi na naituloy ni Law ang sasabihin niya nang hawakan ko ang braso niyang dumudugo.

I felt my eyes changed. Nang hawakan ko ang parte kung saan nasugatan si Law ay unti-unti itong sumara.

Naiwang nakaawang ang bibig niya sa ginawa ko. Hindi siya makapaniwala sa nangyari.

"H-Hood, you can do that?"

Napaismid ako sinabi niya. "I'm a phoenix, remember?" sarkastikong sagot ko. Kasunod n'on ay ang pag-iwas ko ng tingin dito.

"I-Ikaw ang unang taong pinakitaan ko ng kakayahan ko na 'yan. I-I don't have someone I should heal before anyways... you're my first partner after all."

"Sorry kung hindi ko nagawa 'to no'ng first mission natin. Naubusan kasi ako ng lakas no'n."

Hindi kaagad nakasagot sa sinabi ko si Law. Habang nanatiling nakaiwas ang tingin ko sakaniya. Muli na lang akong napatingin dito nang tumawa siya. Kasunod n'on ay ang pagkakunot ng noo ko.

"W-What?" may tonong tanong ko.

Nagpigil siya ng tawa at deretso siyang tumingin sa akin. Our eyes met, suddenly making my heart skip a beat.

"Hindi ako sanay na ganiyan ka, hood. But I like that cute side of yours."

Naramdaman ko ang muling pag-init ng pisngi ko at muli akong umiwas ng tingin sa kaniya. "S-Shut the fuck up, lunatic!"

Tawa ang sinagot ni Law na kinasamangot ko. Napaismid ako rito at napunta ang tingin ko sa screen.

Nawala ang pagkainis ko kay Law nang mapunta ang lahat ng atensyon ko sa screen. Napansin din niya na napunta ang atensyon ko rito kaya napatingin din siya rito.

Napaawang ang bibig niya nang makita ang nakalagay sa screen.

Ang unang myembro namin na makikipaglaban sa Deities.

August from the Grim Reapers and-

Helix from the Deities.

Pare-parehong natigilan ang mga myembro ng guild namin nang mabasa ang nakalagay sa screen. Habang tahimik na tumayo si August upang pumunta sa field. Dala-dala lamang nito ang nag-iisang armas na dinala niya. A scythe.

Natauhan si Zeldrick nang dumaan sa harapan niya si August.

"A-Ah, August." Bakas sa mukha niya ang pag-aalala.

Imbis na kabahan ay isang matamis na ngiti ang pinakita ni August kay Zeldrick.

"Don't worry! He's only a rookie, I can handle him." She winked, trying to lighten up the mood.

Matapos niyang sabihin 'yon ay nagsimula na siyang bumaba ng hagdan papunta sa field. Naiwang nakatunganga ang nag-aalalang mukha ni Zeldrick.

"Oi, oi. Iyan ba dapat ang magiging reaksyon ng partner ng makikipaglaban?" walang ganang sambit ni Law.

"Atleast cheer her up. Hindi 'yong pinapakita mong nag-aalala ka. Para namang pinapamukha mo na mahina si August," dagdag niya.

Kumunot ang noo ni Zeldrick sa sinabi ni Law at matalim siyang tinignan. "My partner is not weak," aniya.

"Then why are you acting like that?"

Natigilan si Zeldrick sa narinig at agad siyang natauhan. Tumayo siya sa upuan niya at huminga nang malalim bago sumigaw.

"Good luck, August! Kick his ass!" malakas na sigaw ni Zeldrick.

Napunta ang tingin ng mga tao sa amin. Nagtakip ng mukha si Gin at Elroy habang walang tigil sa pagtawa si Lemon.

Napalingon sa amin si August nang marinig ang sigaw ni Zeldrick. Kasunod nito ay ang pagkurba ng labi niya at pagtaas niya ng hinlalaki.

"Wala talagang hiya," bulong ni Elroy.

"That's why I like you, Zel!" natatawang sambit ni Lemon.

"I don't know him!" sambit ni Gin.

Napasinghap si Law sa tabi ko na sinundan ng pagkurba ng labi niya.

"That's more like it."

36. The strongest Heir

Nagsimula ng maglakad papunta sa gitna ng field si August at hindi nawawala ang mga tingin namin sa kaniya. Lalo na si Zeldrick na para bang hindi na kumukurap.

Nauna itong makarating sa gitna ng field. Kasunod niya ay ang pagdating na rin ng myembro ng Deities.

Unang tingin pa lang ay masasabi ko na hindi kami magkakasundo nito. Halata pa lang sa hindi mawalang ngisi niya habang naglalakad. Panigurado akong kasing ugali nito ni Zeldrick.

Nang pareho ng nakapuwesto sa gitna ng field ang dalawang maglalaban ay umalingawngaw na ang pito ng announcer.

Hinanda ni August ang armas na dala-dala niya at pumwesto ito ng pangdepensa. Sa kabilang banda ay naginat-inat pa sa gitna ng field ang myembro ng Deities na nangangalang Helix.

Hindi ito pinalagpas ni Zeldrick na bakas na naman sa mukha ang pagkairita. "Aba gago 'yon ah! Inaasar niya ba si August?!" naiinis na sambit niya.

Maski ako ay napaismid sa inakto ng taga-Deities. Kanina ko pa nakikita ang mga laban nila pero ngayon lang ako nairita sa myembro nila. Parang minamaliit niya si August.

Bakas din ang pagkairita sa mukha ni August. Marahil dito ay hindi na niya hinintay si Helix at nauna na siyang umatake.

Binuwelo ni August ang armas niya kasabay ng pagbabago ng mga mata niya.

Natauhan sa ginawa niya si Helix at nagawa nitong iwasan ang atake. Pero wala siyang kaalam-alam sa gift ng kasama namin.

Using August's gift, she changed the movement of the scythe towards Helix. Tila hindi ito inaasahan ni Helix at hindi niya ito nagawang iwasan. Dahilan ng pagtama ng scythe sa braso niya at ang pagdugo nito.

"Yes! You got him, August!" Zeldrick cheered.

Kumurba ang labi ni Zeldrick sa nagawa ng partner niya. Ngunit agad din itong nawala sa sumunod na nangyari.

Pare-parehong napaawang ang mga bibig namin nang lumiwanag sa field. Biglang tumaas ang temperatura sa paligid nang lumabas ang puting apoy sa kamay ni Helix. Sa parehong pagkakataon na pag-iwas sa atake ni August ay nagawa niya itong atakihin gamit ang mga apoy.

Kasabay ng pagbagsak ni Helix ay ang pagtilapon rin ni August nang iwasan ang atake niya. Parehong nakatanggap ng atake ang dalawa.

Naunang napatayo si Helix na hawak-hawak ang braso niyang dumudugo. Sa kabilang banda ay nahihirapang tumayo si August na ginamit ang scythe niya bilang suporta.

Pare-pareho kaming nanlumo nina Law nang makitang sunog ang kanang bahagi ng balikat ni August hanggang sa kamay niya.

"A-August," nag-aalalang sambit ni Lemon.

Bakas ang pagkaalala ng mga kasama ko. Lalo na ang lalaking nasa gilid ko na walang imik. Mahigpit ang pagkasasara ng kamao ni Zeldrick habang nakapako ang tingin sa partner niya.

I bit my lower lip. Alam ko ang nararamdaman ngayon ni Zeldrick dahil ganito rin ang naramdaman ko no'ng gano'n rin ang posisyon ni Law.

"An heir of Hephaestus, huh?" kumento ni Gin habang pinapanood ang laban.

"And he uses white fire," dagdag ni Elroy.

Pinagmasdan nang mabuti ng dalawa ang gift ni Helix. Muling napunta ang tingin ko kay August. Hindi nito alintana ang nasunog niyang balat bagkus ay mukha na naman siyang aatake.

Katulad niya ay hindi rin pinansin ni Helix ang dumudugo niyang braso. Nagawa pa niyang ngumisi na mas lalong kinairita ni Zeldrick.

The two of them got ready to launched their attack. Nauna muling umatake si August dala-dala ang armas niya.

Hindi hinayaan ni Helix na makalapit si August at inatake niya ito ng mga bolang gawa sa apoy.

Little that he knew the true ability of August's gift. Magiging malaki niyang pagkakamali ang pakikipaglaban kay August ng long range.

Nang malapit na ang mga bolang apoy kay August ay sunod-sunod itong bumalik papunta kay Helix. The fire changed its direction—she repelled it.

Natigilan si Helix sa ginawa niya at huli na nang matauhan siya. Hindi na niya nagawang iwasan ang mga atakeng siya mismo ang gumawa.

The next thing we knew, Helix was already in fire.

Nanatiling nakatayo si August at hinihintay nito ang susunod na mangyayari. Katulad niya ay hindi rin mawala ang mga tingin ng mga tao sa lalaking umaapoy.

Pigil hininga naming hinihintay ang mga nangyayari. Nang balak na sanang i-announce ng announcer na si August ang panalo ay tila huminto ito.

Pare-parehong natigilan ang mga tao sa stadium. Nang makita ko ang reaksyon ni Gin at Elroy na pinagmamasdan ang gift ni Helix ay parehong napaawang ang mga bibig nila.

Hindi ko masisisi ang reaksyon nila dahil maski rin ako ay hindi makapaniwala sa nakikita ko.

Parang mababulag ang mga mata ko dahil sa liwanag.

A normal fire is 600-800° celsius.

The white fire that Helix is using is 1300-1500° celsius.

Bibihira na ang makakita ng gano'ng apoy. Pero ang kaninang puting apoy na ginagamit ni Helix ay unti-

unting nagbago.

A blue?—no...

It's a violet fire.

Kahit sobrang layo ng agwat namin ni Helix ay nararamdaman ko ang init ng apoy nito. Pansin ko rin ang unti-unting pagtunaw ng mga railings malapit sa Field.

Maski ang iilang gifteds na nakaupo malapit sa harap ay sinimulan ng gamitin ang mga gift nila para lamang hindi madamay sa init ng gift ni Helix.

Walang makagawang magsalita sa mga kasama ko. Kahit si Zeldrick ay nanatiling tahimik rin sa nakikita.

Paano ba naman kasi?

Matatanggap ko pa kung asul na apoy ang nagawang ilabas ni Helix. Even though blue fire is already 1400-1650° celsius.

But seriously? Violet-

That fire is over 71000 degrees or over a 40000° celsius.

It's almost 40 times hotter than white fire.

Habang nakatingin sa lalaking dahilan ng biglaang pag-init ng paligid ay roon ko lang napagtanto na nanginginig na pala ang mga kamay ko.

Agad ko itong tinakpan at pilit na pinahinto.

Fuck. Hindi ako makapaniwala na galing sa isang rookie ang kapangyarihan na 'yon. For pete's sake, pareho lang kaming rookie.

Alam kong nauna silang mag-aral sa akin pero parang imposible namang ganiyan na kaagad kalaki ang pagitan namin...

It almost feels like they've been through a lot.

Nanatili kaming nakatulala sa gitna ng field at natauhan na lamang kami nang magsalita ang tahimik na si Gin.

"Freaking Keon. Ano ba ang pinagdaanan ng mga rookies na 'yan?" sarkastikong bulong ni Gin. Nanatili siyang nakasalumbaba at walang ganang nakatingin sa ibaba.

Segundo lang ang tumagal, unti-unting kumurba ang labi niya sa isang ngisi. The excitement in his eyes is visible—he's amused.

"Looks like we've just witnessed the strongest Heir of Hephaestus."

37. Fooled

Walang nakagawang maka-react sa mga tao sa stadium sa nasaksihan. Hindi ko lubos maisipan ang nararamdaman ngayon ni August lalo na't nasa harapan niya lamang ang lalaking naging sentro ng atensyon ngayon.

Hindi rin nagtagal ay tuluyan ng nawala ang malalaking lilang apoy at bumalik ang mga ito kay Helix. Nilamon nito ang naunang puting apoy na sumunog sa kaniya.

Pare-pareho naming hinanda ang mga sarili namin sa susunod na mangyayari. Bakas na sa mukha ni August na nawalan na siya ng lakas na muling lumaban pa.

Hindi ko siya masisisi. Kung ako lang din ang makakita ng gano'ng gift ay manliliit ako sa sarili ko.

Akmang magtataas na ng kamay si August upang sumuko nang unahan ito ni Helix.

Tila napaawang ang mga bibig namin sa ginawa niya. Rinig ang pagsinghap ng mga nanonood. Lalo na si August na literal na napanganga sa inakto ng kalaban.

Nakangising nagtaas ng kamay si Helix. Medyo namumutla at malalim ang mga mata, pero hindi nawawala ang kisig sa mukha.

"Hays, I give up!"

Tumagal ng ilang segundo bago naproseso ng mga tao ang sinabi nito. Kani-kaniya sila ng reaksyon sa sinabi niya. Pero nangingibabaw ang kay August na sinugod si Helix at kinuwelyuhan siya.

"B-Brat! Are you freaking mocking me?! Ginagawa mo ba akong tanga?!" giit niya.

Hindi inalintana ni Helix ang sinabi niya, bagkus ay hindi pa rin nawawala ang ngisi niya sa labi.

"Jeez, don't touch me. My girl is watching."

Mas lalong napaawang ang bibig ni August sa sinagot nito. Namumula na siya sa galit. Akmang sasampalin niya na sana si Helix nang nagsalita ulit ito.

"I don't have any powers left, miss. To be honest, sa oras na bitawan mo 'ko ay hindi ko na sigurado kaya pang tumayo," seryosong sambit ng lalaking kaharap niya.

I knew that there was something wrong after he used the violet fire...

Natigilan si August sa sinabi niya. Natauhan siya rito at dahan-dahang binitawan ang kwelyo ni Helix.

Muntik ng matumba si Helix nang ginawa iyon ni August pero nagawa pa rin nitong makatayo.

"Hehe, I'm sorry. I really wanted to fight with you more. Pero hindi ko pa kayang controlin mabuti ang ability na ginamit ko. Naubos tuloy ang lakas ko," natatawang ani ni Helix.

Nang natauhan ang announcer ay agad nitong in-announce na nanalo si August dahil sa pagkusa ni Helix sa pagkakatalo. Pagtapos n'on ay dumating ang iilang myembro ng Deities upang alalayan si Helix sa pagbalik sa upuan nila.

Tila napako ang tingin ko sa isang babaeng kasama sa pagtulong kay Helix. A girl with a brown hair and fair skin. Hindi ko alam kung bakit iba ang naramdaman ko nang magtama ang tingin namin.

As if I'm looking at... Helena and Law.

Hindi rin nagpahuli si Zeldrick at kasama si Lemon ay pinuntahan rin ng mga ito si August upang alalayan na bumalik.

Hindi nawala ang tingin ko sa babaeng taga-Deities at natauhan na lamang ako nang dumating na sa pwesto namin sina August. Doon ko napansin kung gaano kalala ang natamo niyang pinsala sa laban nila ni Helix.

"Bwisit! Bakit ba kasi walang medics man lang dito?!" naiinis na sambit ni Zeldrick.

Nagawa pa ring tumawa ni August sa sinabi niya at pilit nitong tinatago ang sakit. "O-Okay lang ako."

Napaismid ako sa sinagot niya. Kahit saan ko tignan ay alam kong hindi siya okay.

Tumayo ako sa pagkakaupo at tinulak ko papalayo si Zeldrick upang umupo sa pwesto nito.

Aangal pa sana siya pero agad siyang natigilan nang makita ang ginagawa ko. I felt my eyes changed.

I felt the warm and familiar feeling in my hands. Unti-unti kong ginamot kahit pa paano ang mga sugat ni August. Umapoy nang kaunti ang braso niya pero hindi siya nakararamdam ng paso o sakit, kabaliktaran ay unti-unting gumaan ang pakiramdam niya.

Kahit hindi ko nagawang isara nang tuluyan ang mga sugat niya ay nabawasan ko naman kahit pa paano ang sakit nito at napaliit ko ang pinsala.

Naiwang nakaawang ang mga bibig ng mga kasama ko nang matapos ako sa ginagawa ko. Lahat sila maliban lang kay Law na nakita na ang kakayahan ko.

"W-Woah," namamanghang reaksyon ni Zeldrick.

"Wow! You're amazing Scarlet!" dagdag ni Lemon.

Isang ngiti ang sinagot ko sa kanila at pinatakip ko kay Lemon ang mga sugat ni August na hindi tuluyang nagsara.

"T-Thank you," mahinang sambit ni August na nahihiya akong tapunan ng tingin.

Napabuntong-hininga ako rito at napangiti. Hindi ako sanay na pinasasalamatan ako ni August.

Nagsimula na ulit ang susunod na battle at ilang oras din ang lumipas bago maging isang myembro ulit ng Grim Reapers ang susunod na lalaban.

"Yey! Ako na!" masiglang sambit ni Lemon nang makita ang pangalan nito ang nakalagay sa screen.

Kabaliktaran nito ay hindi ko nagawang makangiti man lang na siya na ang susunod. Isang Deity muli ang kalaban niya.

It's him again... the rookie with the gift of the God of thunder.

Muli kong naalala ang unang laban nito. Baliwala itong nakagawa ng ilang dosenang palaso. Hindi ko magawang kabahan para kay Lemon.

Sa kabilang banda ay parang baliwala lamang kay Lemon ang kalaban niya dahil hindi pa rin nawawala ang ngiti niya sa labi. Mas lalo akong nanghina nang makitang si Chelsea lamang ang dala-dala niya papunta sa field.

"L-Lemon, wait-"

Sinubukan kong tawagin si Lemon nang pigilan ako ni Law.

"Oi, oi. Let her be."

Napaawang ang bibig ko sa sinabi niya.

"W-What the fuck? Seryoso ka? Sa tingin mo mananalo si Lemon gamit lang ang pusa niya?" giit ko.

Napabuntong-hininga si Law sa sinabi ko at hindi ako sinagot. Napaismid ako sa ginawa nito at tinuon ko na lang ang pansin ko sa field.

Umalingawngaw na ang pito ng announcer at sinimulan na 'kong kabahan. Bumigat bigla ang paghinga ko at nakararamdam ako ng tensyon.

Jeez, bakit si Chelsea pa kasi ang dinala ni Lemon? She can use any other animals for pete's sake!

Tila napansin ni Gin na hindi ako mapakali kaya sinibukan nito akong pakalmahin.

"Relax, Scarlet. She may not look like it but she's still your senior," aniya.

Hindi gumaan ang loob ko sa sinabi niya bagkus ay mas lalo pang kumunot ang noo ko.

"Relax?! She can control any animals! She just can't win using a cat!" giit ko.

Hindi ko na pinansin si Gin at tinuon ko na lang ang tingin ko sa field. Nagsisimula ng maglaban ang dalawa pero ang ikinabahala ko ang unang atake ni Alvis.

Mukhang hindi katulad no'ng nauna niyang laban na pinatagal niya ang balak niya ngayon. It looks like... he'll finish the battle with just one attack.

Alvis made a huge spear made of lightning and pointed it at Lemon. Nanlumo ako nang makitang walang bakas sa mukha ni Alvis na pahihintuin niya ang atake niya.

Isa pa sa ikinaawang ng bibig ko ay hindi man lang gumalaw sa pwesto niya si Lemon. Bagkus ay binitawan lang nito si Chelsea at nakangiting inabangan ang atake ni Alvis.

What the heck?!

Wala sa sarili akong napatayo. Parang bumagal ang oras nang pinakawalan ni Alvis ang sibat papunta kay Lemon. Tanging pagpikit nang mariin ang nagawa ko.

Ilang segundo rin ang tumagal bago ko nagawang imulat ang mga mata ko. Nagkaroon ng sandaling katahimikan—parang walang humihinga sa stadium.

Para akong binuhusan ng malamig na tubig nang makitang nakatarak sa dibdib ni Lemon ang sibat.

"L-Lemon!" nauutal na sambit ko.

What the fuck?! Akala ko bawal ang pumatay rito?!

Akmang pupunta na 'ko sa field nang pigilan ako ni Law. Agad niyang hinawakan ang braso ko.

"Oi, oi. Hood, chill," walang kaemo-emosyong sambit ng kasama ko.

Napaawang ang bibig k. "A-Anong chill ha?! Hindi mo-"

Hindi ko na naituloy ang sasabihin ko nang tapunan ko ng tingin si Lemon. Labis akong nagtaka nang makitang tumatayo ito. Hindi ako makapaniwala na may lakas pa siyang tumayo at ni isang dugo ay walang tumutulo sa butas niyang dibdib.

"Woah! That rookie is good! Akalain mong napansin niya na agad ang totoong katauhan ni Lemon?" namamanghang sambit ni Zeldrick.

My forehead furrowed and I gave him a confused look.

Totoong... katauhan?

"Lemon is not an heiress of Artemis," sambit ni Gin habang nakatingin sa field.

"Her gift is not controlling any animals that she touched," dagdag niya.

"She likes pranking new comers using her gift. In short, you've been fooled," kumento ni Law.

Prenteng sumandal sa upuan si Gin, hindi nawawala ang tingin sa laban. "Lemon is not a girl that likes sweets and playing dolls."

"She sold her body to the demons in exchange for revenge."

"Lemon Kievah Charlotte is a cat that controls human puppets."

37.5 The puppet master

12 YEARS OLD LEMON'S POV

Palihim akong nakasilip sa bintana at pinananood ang mga batang kasing edad ko na naglalaro. Hindi ko mapigilang mainggit sa kanila.

"Hays, kawawa naman ang nag-iisang anak ng pamilyang charlotte 'noh? Sa kabila ng yaman nila ay walang doktor na nagawang magpagaling sa anak nila." Rinig kong sambit ng katulong sa labas ng kwarto ko.

"Hoy! Tigilan mo nga 'yan! Magagalit sa'yo si madam kapag narinig ka! Halika na't ipagpatuloy na lang natin ang trabaho," suway rito ng isa pang katulong.

Napaismid ako sa narinig ko. Nakaramdam na naman ako ng lungkot at napatingin sa sarili ko sa salamin.

Pinanganak akong may malubhang sakit sa balat. Hindi ko magawang lumabas ng bahay dahil sa oras na tumama ang sikat ng araw sa balat ko ay maaring ikamatay ko. Kaya lahat ng bintana sa bahay namin ay pinasadya talaga para sa akin.

Kasabay ng kawalan ko ng kakayahang lumabas ay sa buong buhay ko rin, hindi ko magawang makalad. Kaya wala na ring bago kung makalabas man ako.

Ngunit sa kabila ng mga sakit ko ay hindi ko nagawang mawalan ng libangan. Mula nang magkaisip ako ay tinuruan na 'ko ng aking ama na gumawa ng mga manika o mga puppet. Kilalang isang magaling na marionette ang ama ko rito sa syudad.

Lalo pang naging masaya ang paggawa ng mga puppet dahil sa kakaibang kakayahan ko. Ang sabi ni ama ay sa kaniya ko raw ito nakuha.

Isa akong tagapagmana ni Glycon at may kakayahan akong kumontrol ng kahit anong manika o puppet. Kaya kong manipulahin ito na parang isang totoong tao kung saan nakararamdam, nakakakita, nakaaamoy, nakaririnig, at nagkakaroon sila ng panlasa.

Sila na ang mga naging kaibigan ko mula ng bata pa 'ko. Pati na rin ang alaga kong puting pusa na iniregalo sa akin ni mama noong ika-pitong taong gulang ko.

"Miss Kievah, nandiyan na po ang inyong ama," tawag sa akin ng katulong.

Labis ang tuwa ko at agad akong lumabas ng silid. Mabilis kong pinaandar ang wheel chair ko papunta sa salas kung saan nag-aabang sa akin si ama.

"Ama!" masayang sambit ko.

Sinalubong ako nito ng isang mahigpit na yakap. "Pasensya ka na kung natagalan ako Kievah. 'Wag ka mag-alala, mayroon akong regalo sa'yo."

Lumawak ang ngiti ko sa sinabi nito. Doon ko napansin na mayroong isang malaking kahon sa likod niya.

"Ano po 'yan?" marahang tanong ko.

Isang ngiti ang sinagot sa akin ni ama at inilipat niya ang kahon sa harap niya.

Tila nanlaki ang mga mata ko at napaawang ang bibig ko nang buksan niya ang kahon. Bumungad sa akin ang isang manika na kamukhang-kamukha ko.

"Nagustuhan mo ba?" nakangiting sambit ni ama.

Hindi ko nagawang makasagot sa kaniya, bagkus ay nilapitan ko ang manikang kaharap ko.

Hindi ako makapaniwala sa nakikita ko. Parang ako talaga ang manika. Kasing laki ko ito at detalyadong-detalyado ang mukha. Nang hinawakan ko rin ang manika ay para talagang itong isang tao.

"P-Para sa akin po ito?" hindi makapaniwalang sambit ko.

Isang tango ang sinagot sa akin ni ama na kinasaya ko lalo. Muli ko itong niyakap nang mahigpit.

Nang muli kong tapunan ng tingin ang manika ay nakaisip ako ng ideya. Naramdaman ko ang pagbabago ng mga mata ko.

Nang muli ko itong buksan ay bumungad sa akin ang totoong katawan ko at si ama. Hindi ako makapaniwala sa nagawa ko. Nagawa kong kontrolin ang manika na para bang katawan ko.

Naiwang nakaawang ang bibig ni ama sa nakita. Sa kabilang banda ay hindi ko mapigilan ang saya ko.

Nagagawa kong makatayo at maglakad. Gamit ang manika na ito ay parang may normal akong katawan. Tila isa akong ordinaryong bata.

Magmula no'n ay lagi ko ng ginagamit ang kakayahan ko. Natagpuan ko na lamang ang sarili kong laging lumalabas ng bahay gamit ang katawan ng manika at nakikipaglaro sa mga bata.

Hindi ko maisusukat ang saya na nararamdaman ko. Para bang hindi ko narasan na mapag-isa sa kwarto ko na tanging mga laruan lang ang kaibigan.

"Tara Keivah!" pag-aaya sa akin ng kaibigan ko.

Nakangiti akong tumango rito at sumunod sa kaniya. Hinawakan nito ang kamay ko upang hilahin ako papalapit sa kaniya.

"Tara-"

Tila natigilan ang kaibigan ko nang maputol ang kamay ko. Hindi lamang siya ang nakakita kung hindi lahat ng kalaro namin. Bakas ang takot sa mga mukha nila na para bang nakakita sila ng halimaw. Dahan-dahan silang napaatras papalayo sa akin.

"S-Sandali lang-"

"D-Demonyo!"

Nahinto ako sa kinatatayuan ko. Nagsimulang magsitakbuhan papalayo ang mga kalaro ko at naiwan akong nakatayo sa gitna ng parke. Unti-unting nagdilim ang paningin ko at nang muli kong inimulat ang

mga mata ko ay nasa kwarto na ulit ako.

Bumalik na ulit ako sa katawan kong nasa wheel chair. Unti-unti akong nakaramdam ng lungkot at nagsimula ng magsituluan ang mga luha ko.

Nag-aalalang pumasok sa kwarto ko si ama nang marinig ang pag-iyak ko. Tanging pagyakap na lang ang nagawa niya para sa akin.

Matapos no'n ay ginawan ulit ako ng isang manika ni ama. Ngunit hindi na katulad nang nauna ay iba na ang itsura nito.

"Makalipas siguro ng limang taon ay ganiyan na rin ang itsura mo Kievah," nakangiting sambit sa akin ni ama.

Wala kaemo-emosyon akong tumingin sa manika na ginawa niya. Hindi ko maitatangging kamukha ko nga ito ngunit mukha itong mas matanda kaysa sa akin.

"Ang ibig niyo po bang sabihin ay limang taon pa ang kailangang lumipas bago ko magagawang makalabas ulit?" walang kaemo-emosyong tanong ko.

Natigilan sa sinabi ko si ama at hindi ito nagawanag sumagot. Naramdaman ko na naman na tutulo ang mga luha ko kaya kaagad ko itong pinigilan.

"Magpapahinga na po ako. Magandang gabi."

Hindi ko na ito hinintay pang sumagot at dumeretso na kaagad ako sa kwarto ko. Doon ako nagsimulang umiyak at hindi ko namalayan na nakatulog na pala ako.

Naalimpungatan ako ng madaling araw at napabangon. Tila nabigla ako nang makarinig ng kalabog sa salas.

Hindi ako nagdalawang isip na sumakay sa wheel chair at lumabas ng kwarto. Tahimik akong pumunta sa salas upang tignan kung ano ang dahilan ng kalabog.

Nang makarating ako sa salas ay parang binuhusan ako ng malamig na tubig nang makita ang bumungad sa akin. Naliligo sa sariling dugo ang mga magulang ko at iilang katulong namin.

Hindi kaagad ako nakagalaw sa pwesto ko at hindi ko magawang makapaniwala sa nakikita ko.

"Hoy! May bata rito!" Rinig kong sambit ng lalaki sa likod ko.

Natauhan ako sa sinabi niya at agad kong pinatakbo ang wheel chair ko. Ngunit hindi pa 'ko nakagagalaw ng tuluyan nang pigilan nito ang wheel chair ko dahilan ng pagbagsak ko sa sahig.

"Anong gagawin natin diyan?" tanong ng lalaki sa mga kasama nito.

"Bahala kayo, basta ligpitin niyo pagkatapos."

Puno ng takot ko silang tinignan, pero wala silang naramdaman.

Ang walang tigil na pag-iyak ko na lamang ang naalala ko sa nangyari no'ng gabi na 'yon. Sa murang edad ay narasan ko ang impyerno.

Matapos nila 'kong babuyin ay hindi sila nag-aksaya ng oras upang tapusin ang paghihirap ko. Bagkus ay dinala nila 'ko sa bakuran kasama ang mga bangkay ng magulang ko at nilibing ako ng buhay.

Para akong lumuluha ng dugo habang nararamdaman ko ang lupang hinukay nila at hinahagis sa akin. Sa huling sandali ay inalala ko ang mga mukha ng mga lalaking sumira sa buhay ko.

Gamit ang buong lakas ko ay nagawa kong magsalita.

"B-Babalik ako. Kahit anong mangyari. Kahit anong kapalit. Papatayin ko kayo."

Tuluyan na 'kong natabunan ng lupa at nahihirapan na 'kong makahinga. Doon ko napagtanto na katapusan ko na talaga. Iaasa ko na lamang sa karma ang mga sinabi ko.

"Gusto mo pang mabuhay?"

Natigilan ako sa pag-iisip nang makarinig ako ng boses. Kahit nasa ilalim na 'ko ng lupa ay naririnig ko ito nang maliwanag.

"Gusto mo bang makabawi sa mga ginawa nila sa'yo?"

Hindi ko alam kung saan nanggaling ang boses. Ngunit sa kabila n'on ay nagawa ko itong sagutin sa isip ko.

Oo! Gusto ko pang mabuhay! Babawi ako sa kanila. Ipararanas ko rin sa kanila ang impyernong naranasan ko!

Akala ko no'ng una ay nasisiraan na 'ko ng bait dahil kinakausap ko lamang ang sarili ko. Pero nagawa kong marinig muli ang boses na nanggaling sa kung saan.

"Kapalit ng katawan mo. Hahayaan kitang mabuhay."

Hindi ako nagdalawang isip sa sinabi niya at agad akong pumayag. Ang naalala ko na lang na sumunod na nangyari ay unti-unting nasunog ang katawan ko.

Nang muli kong inimulat ang mga mata ko ay nasa loob ako ulit ng bahay namin. Bilog pa rin ang buwan at malalim ang gabi. Katulad pa rin ng huli kong nadatnan.

Ang tanging nagbago lamang ay ang katawan ko. Hindi ko magawang makontrol nang maayos ang mga kamay at paa ko. Napansin ko ring nagbago ang paningin ko.

Naging matalas ang pangdinig at pang-amoy ko, iba rin ang mga nakikita ko. Nagagawa ko ng makalakad—pero gamit ang kamay at paa.

Doon ko napagtanto kung ano ang nangyari. Nawala ang katawan ko at nawalan ng mapupuntahan ang kaluluwa at katauhan ko. Kaya napunta ito sa nag-iisang may buhay sa loob ng bahay.

Nasa katawan ako ngayon ng puti kong pusa. Kay Chelsea.

Sinubukan kong maglakad sa bahay at nakaramdam ako ng lungkot. Panigurado akong sa oras ngayon ay nasa likod ng bakuran ang bangkay ng pamilya ko.

Ni hindi ko man lang mapunasan ang sarili kong mga luha.

Habang naglalakad at nag-iikot ay napako ang tingin ko sa huling bagay na ginawa sa akin ni ama—ang manikang ginawa niya sa akin.

Tila nakaramdam ako ng kung ano sa katawan ko at naramdaman ko ang pagbabago ng mga mata ko.

Hindi ako makapaniwala na nagawa kong gamitin ang kakayahan ko kahit nasa katawan ako ng pusa. Sa kabilang banda ay nakaramdam ako ng saya at tila nag-init ang katawan ko.

Gamit ito ay magagawa kong makabawi para sa pamilya ko.

Simula no'n ay hinanap ko ang mga kalalakihan na sumira ng pamilya ko. Gamit ang manikang ginawa ni ama ay nagawa kong manipulahin ang mga taong nakapaligid sa akin. Dala-dala ang puting pusa na totoong katawan ko.

Walang nakagawang makapansin ang totoong katauhan ko. Tila nabubulag sila sa panlabas na katauhan ko na hindi naman totoo.

They see me as an innocent... young... and easy to manipulate brat.

Ilang taon ang lumipas at nagawa kong hanapin ang mga lalaking pumatay sa mga magulang ko. Wala akong maikukumpara sa saya sa naramdaman ko nang maibalik ko sa kanila ang mga naranasan ko.

Tanging isa na lamang ang natitira sa listahan ko at papunta na 'ko sa destinasyon niya... nang may nakilala ako sa daan.

Naglalakad ako nang may nasangga akong batang babae.

"Ops, sorry!" nakangiti kong sambit dito.

Pilit akong ngumiti. Pero labis ang ipinagtaka ko nang nanatili itong nakatingin sa akin. Isisiwalang bahala ko na sana siya nang natigalan ako sa unang mga salitang lumabas sa bibig niya.

"What's her name?"

Natigilan ako ng ilang segundo bago ako nakasagot.

She's... asking the name of the cat? What a weird brat.

Inalis ko sa utak ko ang iniisip ko at kagaya nang nakaugalian ay nakangiti akong sumagot dito.

"Oh! She's Chelsea-"

"I'm not talking to you," pagsingit ng bata.

Hindi ako nakaimik sa sinabi niya. Nang muli ko itong tignan ay hindi ito nakatingin sa akin. Bagkus ay nakatingin ito sa puting pusa na hawak ko, ang totoong ako.

Deretso itong nakatingin sa pusa at itinuro ako.

"What's her name? Your puppet?" pag-uulit na tanong niya.

Tila naestatwa ako sa kinatatayuan ko. Parang bumagal ang pagtakbo ng oras at naramdaman kong

paiyak na 'ko.

Ito ang unang beses na may nakapansin sa totoong katauhan ko. Ang totoong katawan ko

Mula nang makilala ko siya ay nagbago ang buhay ko. Hindi ko na nagawang puntahan pa ang lalaking hinahanap ko.

I forgot my revenge...

Ang mabigat at ang nakaraan kong pilit akong hinihila pababa—ay nagawa kong bitawan.

Isinama ako ni Helena sa paaralan niya. Ipinangako niya sa akin na maghahanap siya ng paraan upang ibalik sa rati ang katawan ko.

Simula no'n ay ipinangako ko sa sarili ko na babawi ako sa ginawa sa akin ni Helena. Sa kaniya ko iaalalay ang buhay ko na natagpuan niya.

38. Difference

Napaawang ang bibig ko sa sinabi ni Gin. Kapwa ko ay nabigla rin ang mga nanonood—pare-parehong nakaawang ang mga bibig. Hindi ako makapaniwala sa nalaman ko.

Lemon... is a cat?

"P-Pero pwede ba 'yon? I mean, alam ba ng announcer na isang puppet lang ang lumalaban?" tanong ko.

"Of course, any gifteds are free to join. At isa pa, puppets are considered as a weapon," sagot sa akin ni August.

Nanatiling nasa field ang tingin ko. I can't believe it. All this time, isang puppet lang ang kinakausap ko?

Ni hindi ko man 'yon napansin. I mean, she looks real! Like a living person!

Hindi ako makapaniwala na nagawang malaman 'yon ni Alvis. Kaya ba wala siyang takot na atakihin si Lemon dahil alam niyang puppet lamang ito?

Nalipat ang tingin ko kay Chelsea—I mean, Lemon. Kaswal na nakaupo ito sa field, pinagmamasdan ang laban. Mahirap paniwalaan na isang tao ang katauhan ng pusang iyon. Naalala ko ang unang pagkikita namin.

Si Lemon na pala ang kausap ko no'n at hindi si Chelsea.

Muling napunta ang tingin ko sa puppet. Nabigla ako nang tanggalin nito ang mga kamay niya at bumungad ang matutulis na metal sa loob nito.

"Lemon spent her years in the Academy in upgrading herself, her puppet rather. Para magamit niya ito sa mga mission," biglaang sambit ni Elroy habang nanonood.

Maliban kay Gin ay siya ang pinakamatagal na nakasama ni Lemon sa amin. At pati na rin ang pinakanakakakilala sa kaniya.

He's the partner of Lemon afte rall.

Nagsimula ng maglaban ang dalawang myembro ng magkaibang guild. Hindi ko maitatangging hindi hamak na mas magaling ang combat skills ni Lemon sa akin, maski kay Law at Zeldrick na nakalaban ko na.

Bakas sa mukha ni Alvis na nahihirapan siya kay Lemon. Hindi lang sa nagagawa nitong sabayan ang bilis niya, hindi niya rin ito magawang saktan. Dapat na niyang asahan iyon dahil hindi hamak na isang puppet ang kalaban niya.

Pigil hininga ang laban nilang dalawa. Ngayon ko nakita kung paano makipaglaban si Lemon at anong klase siya pagdating sa field.

Her combat skills, are so far the best skills I've ever seen since the start of this event. Para lang siyang sumasayaw—isang manikang kontroladong-kontrolado ng marionett.

The fight was already at its climax when both of the participants made their final attack. Alvis made a sword made of lightning. On the other hand, Lemon removed both of her legs showing the blades inside of it.

Natagpuan ko na lamang ang sarili kong hindi kumukurap. Nang sumugod ang dalawang magkalaban ay masyadong mabilis ang pangyayari at hindi 'to nasundan ng mga mata namin.

Hinintay namin kung sino ang unang babagsak. Doon ko nakita na unti-unting naging pula ang T-shirt ni Alvis. Walang tigil ang paglabas ng dugo niya sa kanang braso. Sa kabilang banda ay tuluyan ng bumigay ang katawan ni Lemon. Naputol ang dalawang blade sa kamay nito at tuluyan na itong bumagsak.

Hindi napigilan ng mga nanonood ang paghiyaw na para bang isang palabas ang pinanood namin.

Napasinghap na lamang ako sa nangyari. Mukhang kahit si Lemon ay walang laban-

"Winner, Lemon from the Grim Reapers!"

Tila natigilan ako sa sinabi ng announcer. Agad na napunta ang tingin ko sa field. Paanong nanalo kami? Bumigay na si Lemon-

Nasagot ang katanungan ko nang makita ko ang puting pusa na may subo-subo na bell. Doon ko napagtanto ang nangyari. Hindi lamang ang puppet ang kalaban ni Alvis kung hindi ang may-ari nito mismo.

And that is... the white cat.

Mukhang kinuha nito ang bell ni Alvis ng hindi man lang namin napapansin. Kumurba ang isang ngiti sa labi ko. Lemon is really something.

"Yes! That's our senior!" sigaw ni Zeldrick.

Hindi nagtagal ay bumalik sa pwesto namin si Lemon. Merong butas sa dibdib nito at puro crack ang katawan niya. Dala-dala rin niya ang puting pusa.

"Yoh!" masiglang sambit niya.

She doesn't look like she's hurt at all—which is hindi naman talaga.

"Hehe, did I do well?" nakangiting tanong niya sa akin.

Isang ngiti ang pinakita ko rito at isang tango. "You did great, Lemon."

"Yey!" Masayang reaksyon niya.

Inilapit niya ang mukha niya sa akin na kinabigla ko. "I didn't want to show it to you yet, Scarlet." She pouted.

"Gusto ko sanang i-surprise ka. Like, biglang mapuputol ang ulo ko." She chuckled.

Hindi ako nakaimik sa sinabi niya. I'm already freaking surprised. Surprised enough that I still can't believe it.

"Anyways." Nalipat ang tingin ni Lemon sa isa sa mga kasama ko. "Elroy, pwede mo ba 'kong samahan? Mag-aayos lang ako."

Agad na tumango si Elroy rito. Nagpaalam silang dalawa sa amin at parehong lumabas ng stadium.

Kahit na nakita na ng dalawang mata ko ang totoong katauhan ni Lemon ay hindi pa rin talaga ako makapaniwala.

Ibinaling ko na lamang ang tingin ko sa screen upang makita ang susunod na laban. Nagbago ang nakalagay sa screen at bumungad sa amin ang susunod na laban.

Para akong binuhusan ng malamig na tubig nang makita kung sino ang susunod na maglalaban. Si Law ulit...

Law from the Grim Reapers and-

Cleofa from the Deities.

Napunta rin ang tingin ni Law sa screen at hindi man lang ito nagpakita ng reaksyon.

"Oi, oi. Jeez, I don't want to fight a woman," walang ganang aniya.

"Ulol. Duwag ka lang eh!" pang-aasar ni Zeldrick.

Isang ismid ang sinagot dito ni Law bago tumayo. "Tsk. I guess I'll let her use her gift first then I'll use mine. Kapag nakita niya na walang chansa ang gift niya sa akin ay paniguradong susuko na siya. In that way, I won't have to beat a woman," walang ganang aniya.

Nagsimula na itong maglakad kaya may pahabol akong sinabi. "G-Good luck, Law!" sambit ko. Hindi ko ito nagawang i-cheer kanina dahil nahuli ako.

Isang ngiti ang sinagot sa akin ni Law bago ito nagpatuloy sa paglalakad. Nang makarating na siya sa field ay roon ko lang din nakita kung sino ang myembro ng Deities na makakalaban niya.

Bumigat ang pakiramdam ko nang makita ang babaeng nakapako ang tingin ko kanina. Hindi ko alam kung bakit bigla akong kinabahan sa laban nila.

I feel uneasy... and anxious.

Umalingawngaw ang pito ng announcer hudyat na simula na ang laban. Kagaya ng sinabi ni Law ay hinintay niyang gamitin ng babae ang gift niya.

Hindi ako mapakali sa pwesto ko at patuloy akong kinakabahan. Natagpuan ko na lamang ang sarili kong tumayo at sumigaw.

"Law, use your gift!" sigaw ko.

Napatingin sa akin si Law dahil sa sinabi ko. Akala ko ay nagawa ko itong balaan ngunit nahuli na 'ko.

Naunang gamitin ng babae ang gift niya.

Her eyes changed.

The same as Law's.

39. The Gifts of Cronus

Hindi ako makapaniwala sa nakikita ko. That girl from the Deities has the same eyes as Law's—she's also an heiress of Cronus.

Doon ko rin napansin na magkaiba ang dalawang mata niya. Her right eye turned clock and her left eye turned-

Green?

Kapwa ko ay nagbago rin ang mga ekspresyon ng mga kasama ko. Specially Gin.

"Oh, an heiress of Cronus... huh?" Seryoso siyang nakatingin sa field, matalim ang tingin. "Looks like Law is out," dagdag niya.

Kumunot ang noo ko sa sinabi niya. Ang ibig niya bang sabihin ay matatalo si Law?

"What do you mean? Law is also an heir of Cronus!" giit ko.

Nanatiling nakatingin sa field si Gin at hindi ako tinapunan ng tingin. "The moment when one of them already used their gift, the defeat of the other one is already inevitable," walang ganang sagot niya.

"Gano'n ang takbo ng laban kapag mga tagapagmana ni Cronus ang pinag-uusapan.".

Hindi ako nakasagot sa sinabi niya. Muling nalipat ang tingin ko sa field. Tila hindi rin inaasahan ni Law ang gift ng makakalaban niya. Ngunit ang labis na ipinagtaka ko ay hindi pa rin nito ginamit ang gift niya.

What the heck?! Nakita na niya ang gift ng taga-Deity! Bakit hindi pa niya gamitin ang gift niya?!

Nawala ang pagrereklamo ko sa isip nang nagsimula ng umatake ang Deity. Kung hindi ako nagkakamali ay Cleofa ang pangalan niya.

Sinimulan na nitong atakihin si Law. Sa kabilang banda ay tanging pag-iwas lamang ang ginagawa ng kupal na partner ko. What the heck is he doing?!

Ngayon ko lang nakitang ganito mahirapan si Law pero hindi niya pa rin ginagamit ang gift niya. Bagkus ay naglabas siya ng baril sa bulsa niya at sinimulan na niyang paulanan ng bala si Cleofa.

"Look at that jerk. Akala ko ba hindi siya papatol sa babae?" kumento ni Zeldrick.

Maski ako ay naguguluhan din. Bakit hindi gamitin ni Law ang gift niya tulad ng pinlano niya?

At isa pa, ginamit na ni Cleofa ang gift niya pero wala pa rin ako nakikitang pagbabago o bakas ng paggamit niya nito.

Nanatiling umiiwas si Law sa mga atake ni Cleofa. She's not even using a weapon. Bakit hindi na lang siya pigilan ni Law?

Muling nagpaputok ng baril si Law at pare-pareho kaming nabigla nang tumama ito kay Cleofa.

"W-What the fuck?! That jerk-"

Hindi na naituloy ni Zeldrick ang sasabihin niya nang makitang sinalo ni Cleofa ang bala. Pare-pareho kaming natigilan sa mga pwesto namin sa ginawa niya.

Just by touching the bullet, the bullet was easily destroyed. It's like...

Law's gift.

"So that was the third gift of Cronus huh?" sambit ni Elroy. Hindi namin napansin na nandito na pala sila ni Lemon. Muling bumalik sa rati ang katawan ni Lemon na para bang walang nangyari.

"Third gift?" marahang tanong ni Zeldrick.

"Yeah, we already heard of it. Pero ngayon pa lang namin nakita," pagsingit ni Lemon.

"The ability adoption," dagdag niya.

Nakuha ng sinabi niya ang atensyon ko. Ability adoption?

"The ability to take someone's gift and use it," sambit ni Gin nang mabasa ang ekspresyon ko.

Napaawang ang bibig ko sa sinabi nito at muli kong tinuon ang atensyon ko sa field. So, that woman... has the ability to take others gift?

"Hays, if only Law used his gift first. He could've won," walang ganang sambit ni Lemon.

Hindi ko na pinakinggan ang mga sinasabi nila at nanatiling nasa field ang atensyon ko. Napalunok ako nang malalim. Bakas sa mukha ni Law na nahihirapan na siya. Tanging paghigpit na lamang ng pagkasasara sa kamao ko ang nagawa ko. Gusto kong tulungan si Law...

Ilang minuto rin ang tinagal ng laban nila. Katulad ni Law ay bakas na rin sa mukha ni Cleofa ang pagod. Huminto ito sa pag-atake kay Law na habol-habol ang hininga.

Nakita kong bumuka ang bibig ni Cleofa pero hindi ko magawang marinig o mabasa man lang ang sinasabi niya.

The last thing we knew, Law was already at the ground. Holding his chest.

Kaswal na naglakad si Cleofa papunta kay Law at kinuha ang bell nito. Kasunod n'on ay ang pag-announce ng announcer na ang mga Deities ang nanalo.

Natagpuan ko na lamang ang sarili kong bumababa sa field upang puntahan si Law. Nang lapitan ko ito ay habol-habol niya ang hininga niya.

"L-Law, okay ka lang?" nag-aalalang sambit ko.

Hindi nagawang makasagot ni Law sa sinabi ko. Bagkus ay napaismid ito sa sarili niya. Natigilan ako sa pwesto ko nang makitang nagbago ang ekspresyon niya. Walang imik itong bumalik sa pwesto namin.

Sumunod ang sunod na laban at nanatiling tahimik si Law sa tabi ko. Hindi ko alam kung anong nangyari at hindi ko rin alam kung ano ang sasabihin ko para gumaan ang loob niya.

"Uhm." I glanced at him. "Law-"

"That girl."

Hindi ko na naituloy ang sasabihin ko nang unahan niya ako. Nawala na ang nakakatakot na ekspresyon ni Law kanina at mukhang bumalik na siya sa rati. Napunta ang tingin niya sa field.

"She told me that I still can't use my gift to the fullest."

Natahimik ako sa sinabi niya. Iyon ba ang sinabi sa kaniya ni Cleofa?

"She defeated me by using my own powers."

Napatingin siya sa mga kamay niya. He clicked his tongue—irritated to himself. "Using my gift, she manipulated the air surrounding me and made me lose my breath," walang kaemo-emosyong sambit ni Law.

Natigilan ako sa sinabi niya. Hindi ko alam na pwedeng mangyari 'yon gamit ang gift ni Law. Maski si Law na matagal na ring may-ari ng gift na 'yon ay hindi alam. Yet, ang gifted na ngayon pa lamang nakilala ni Law at nalaman ang gift niya ay nagawa 'yon.

Napunta ang tingin ko sa mga Deities. To be exact, kay Cleofa. Sino ba sila? Hindi hamak na kapwa kong mga rookies lamang sila.

Ano ang pinagdaanan nila... para ma-control ng ganyan ang mga gift nila?

Tumagal ng ilan pang mga laban bago ko makita muli ang pangalan ko sa screen. Parang natuyo ang lalamunan ko nang makita kung sino ang makakalaban ko.

Oo, gusto kong may makalaban na Deities... pero mukhang sobra naman ata ang makakalaban ko ngayon.

Sinabi kong tatanungin ko siya kung bakit niya kami tinulungan kapag nagkita ulit kami. Mukhang ito na ang chansa ko.

I'm fighting no other than Zail from the Deities.

40. Phoenix and Raven

Wala akong imik na pumunta sa field. Para bang hindi ko naririnig ang mga tunog sa stadium. Doon ko na lang napagtanto na mula nang makita ko kung sino ang makakalaban ko ay kanina ko pa pinipigilan ang hininga ko.

Nang makarating sa field ay bumungad sa akin ang makakalaban ko na naunang makapunta rito kaysa sa akin.

"Let's have a fair fight," walang kaemo-emosyong sambit niya.

Hindi ko siya sinagot, bagkus ay napalunok na lamang ako nang malalim. Umalingawngaw ang pito ng announcer at hinanda ko na agad ang sarili ko. Agad kong ginamit ang gift ko at pumwesto ako ng pangdepensa.

Naghahanda pa lang ako ay natigilan ako nang makitang wala na sa harapan ko si Zail.

Mabilis kong inilibot ang tingin ko sa field upang hanapin ito pero hindi ko pa naiikot ang tingin ko ay parang bumagal ang oras. Naramdaman ko na lang ang unti-unting pagsakit ng tagiliran ko at ang pagtilapon ko sa gilid.

Agad kong kinontrol ang pagtilapon ko at nagawa kong tumilapon ng nakatayo. Sobrang bigat ng paghinga ko nang mapagtanto ko ang nangyari.

Zail just freaking kicked me! From my freaking side!

Tangina, paanong nangayari 'yon?! Bigla na lamang siyang napunta sa gilid ko ng hindi ko napapansin?!

"You can heal your self, right? Bale hindi ko kailangang magpigil," sambit ni Zail sa akin.

Napaismid ako sa sinabi niya at pinalitan ko ng pakpak ang mga kamay ko. Fuck. Kailangan kong malaman kung paano niya nagagawa 'yon kung hindi ay wala akong magagawa sa mga atake niya.

I started flying without taking my eyes off him. Sinisigurado kong hindi siya mawawala sa paningin ko-

Napaluwa ako ng dugo nang makaramdam ng sipa sa likod ko, dahilan ng pagtalsik ko sa baba.

Paanong?!

Nang muli kong hanapin si Zail ay napunta na ito sa harap ko. Napasinghap ako at namilog ang mga mata.

That's freaking stupid! I was flying! I'm in the air! How can he?-

Natigilan ako sa pag-iisip nang mapagtanto ko kung ano ang gift niya.

"You finally realized it?" ani ni Zail.

"Yes, my gift is teleportation."

Napaismid ako rito at pinunasan ang dugo sa labi ko. Ginamit ko ang gift ko upang pagalingin ang tagiliran at likod ko.

Imbis na ipakita ang pagkairita ko sa lalaking kaharap ko ay nagawang kumurba ng labi ko.

"So what? It's freaking my turn, jerk."

I spread my wings and got ready to fly. At the same time, I changed my feet into claws. Without thinking twice, I launched towards Zail.

Kagaya ng inaasahan ay nawala ito sa pwesto niya. Mabilisan kong binasa ang galaw niya at natagpuan ko ang sarili kong nagdepensa sa gilid ko.

Saktong pagdepensa ko ay ang pagsulpot ni Zail na naghahanda ring sipain ako. Dahil nagawa kong unahan siya ay hindi ako nagdalawang isip na hatakin ang paa niyang sisipa sa akin at ihagis siya pababa.

Hindi pa tuluyan na bumagsak si Zail ay nagawa nitong baguhin ang pwesto niya. Kaya nakatayo itong bumagsak.

"Eh? Nice landing," nakangisi kong sambit dito.

Sa tingin niya ba ay siya lang ang pwedeng mang-asar sa aming dalawa?

I changed my wings and claws back to normal and landed in front of Zail.

Napaismid ako nang makitang halos walang galos siyang natamo sa ginawa ko. This jerk is really tough. I can't let this fight last longer.

Naghanda na 'ko sa susunod kong atake pero bago pa man ako bumwelo ay nawala na agad sa harapan ko si Zail. Agad akong naging alerto at pinakaramdaman ang paligid.

Nakaramdam ako ng paggalaw sa gilid ko dahilan ng pagbabago ng mga kamay ko. I immediately changed my arms into wings and changed my location.

Habang nasa ere ay kumurba ang labi ko sa isang ngisi nang makitang tama nga ang hinala ko. Pumunta kanina sa gilid ko si Zail upang atakihin ako pero nagawa kong basahin ang galaw niya at naiwasan ko 'yong mangyari. Hindi niya ko matatamaan-

Natigilan ako sa pag-iisip at nawala ang ngisi ko sa labi nang agad na nawala si Zail sa pwesto niya.

That's freaking impossible—hindi ko pa nga nagagawang kumurap nang makapunta siya roon tapos mawawala siya-

Nakaramdam ako ng paghawak sa binti ko at madiin itong hinawakan. Narinig ko ang pag-crack ng buto ko at ang pagbaluktot ng paa ko.

Agad kong kinagat ang dila ko para pigilan ang sarili ko sa pagsigaw sa sakit.

Bumalik sa rati ang mga kamay ko at bumagsak ako sa lupa. Puta, ang sakit!

Sunod-sunod ang pagtulo ng mga pawis ko habang hawak-hawak ko ang baluktot kong paa. Nagtutubig

na rin ang mga mata ko at magkasalubong ang kilay. Muling napunta ang tingin ko kay Zail na walang kaemo-emosyong nakatingin sa akin.

That freaking bastard!

"Looks like you can read my attacks," aniya.

Nanatiling matalim ang tingin ko rito habang unti-unti kong inaayos ang mga bali kong buto.

"But what's the sense if you're not fast enough and can't avoid them?" sarkastikong dagdag niya.

Nag-igting ang panga ko sa narinig at lalong humigpit ang pagkasasara ng kamao ko

"At base rin sa mga galaw mo. Mukhang may hangganan din ang gift mo," walang ganang sambit ni Zail.

Natigilan ako sa sinabi niya. Fuck. Sa dami-raming oras na mabibisto ang kahinaan ko ay ngayon pa.

"Mukhang hindi mo magagamit ang regeneration powers mo sa lahat ng oras. Dahil kung oo ay hindi ka na mag-aaksaya ng oras upang iwasan ang mga atake ko."

Napaismid ako sa sinabi ng lalaking kaharap ko. Tangina. Hindi lang ang kakayahan ni Zail ang nakakatakot sa field kung hindi pati na rin ang pag-iisip niya.

"Let me guess. 5- oh nah. Maybe 3 times?"

Napalunok ako nang malalim nang mahulaan ni Zail kung ilang beses ko lamang maaring magamit ang kakayahan ko. Pilit kong pinakalma ang sarili ko at hindi ko pinahalata na tama ang hula niya.

Tuluyan ng naayos ang bali kong buto sa paa at nagawa ko ng tumayo. Kasabay ng pagtayo ko ay ang pagkurba ng labi ko. Hindi ko hahayaan na paikutin niya sa palad niya ang laban na 'to.

"Woah, as expected. Sabihin na nating tama ka na may hangganan nga talaga ang kakayahan ko," pangunguna ko.

Dahan-dahan kong tinanggal ang bell sa bewang ko at inilagay ito sa kanang kamay ko. If he wants it then come and get it.

"Pero hindi mo pa nakikita ang lahat ng kakayahan ko Deity. Don't be full of yourself," dagdag ko.

Huminga ako nang malalim at pinakalma ang sarili ko. Naramdaman ko ang pag-aapoy ng buong katawan ko.

It feels warm...

I didn't changed into a whole phoenix—my body stayed the same.

But my whole body is in fire, like a phoenix.

This is it. I'm giving it my all with this attack.

41. The right hand

Gamit ang natitirang lakas ko ay nagawa kong paapuyin ang buo kong katawan. Just like when my whole body turns into a phoenix, I'm invincible. Ang pinagkaiba nga lang ay hindi ako naging literal na phoenix ngayon.

Mukha ring seseryosohin na 'ko ni Zail. He took a knife from his pocket and his expression changed. We're both getting ready for our next attack.

Akmang mauuna na 'ko sumugod nang nawala sa paningin ko si Zail. Agad akong naging alerto sa ginawa niya.

Nakaramdam ako ng paggalaw sa likod ko at imbis na kumilos ay sinalo ko ang atake niya. Tumagos lang ang patalim ni Zail sa akin na kinabigla niya. Kinuha ko ang chansa na 'yon para hawakan ang kamay niya at sapilitan na binali ito.

I saw Zail flinched and I took that chance to take his bell. Ngunit mabilis na siyang naka-react at nawala sa harapan ko.

Nalipat si Zail ilang metro ang layo sa akin hawak-hawak ang kamay nitong na-dislocate ang buto. Napasinghap ako nang walang kaemo-emosyong niyang binalik ang ayos ng kamay niya.

Malalim na ang paghinga ko at pakiramdam ko ay kahit anong oras ay mawawala na ang epekto ng gift ko.

Kailangan ko ng tapusin ito.

Naghanda na 'ko sa susunod kong atake. Katulad ko ay naghanda na rin si Zail. Nakapako ang tingin ko sa kaniya at labis kong pinakaramdaman ang mga kilos niya.

Sabay kaming sumugod sa isa't isa at habang papalapit sa akin si Zail ay nawala siya. Agad akong naging alerto at mabilis kong nabasa ang galaw niya.

Sumulpot ito sa gilid ko at bumwelo siya sa pag-atake. Hinanda ko ang kamay ko para sa patalim niya at nang sinubukan niya 'kong saksakin ay agad ko itong sinalo.

Akala ko ay nagawa kong pigilan ang atake ni Zail sa akin pero agad akong natauhan nang makita ang kaliwang paa niyang malapit ng tumama sa akin.

Alam kong hindi ko na ito magagawang iwasan kaya buong lakas ko ring ginamit ang kaliwang paa ko upang sipain siya.

Pareho kaming tumilapon ni Zail nang makatanggap kami ng parehong atake sa isa't isa. Naramdaman ko ang sakit ng tagiliran ko. Doon ko napagtanto na hindi na tuluyang gumagana ang kakayahan ko at malapit ng maubos ang lakas ko.

Hindi ko pinatagal ang pagkabagsak ko at agad akong tumayo. Kinuha ko ang pocket knife ko sa ilalim ng skirt ko na lagi kong dala. Tatapusin ko na ito sa susunod ko na atake.

Kapwa ko ay agad ding bumangon si Zail. Dumura ito ng dugo at pinunasan ang labi niya.

I suddenly felt the chills in my spine. I don't know why.

Para bang ito ang naramdaman ko no'g una kaming nagkita ni Law—it feels like I'm gonna die.

Iniling ko ang ulo ko at inisinawalang bahala ang nasa isip ko. Naghanda na 'ko sa susunod kong atake. Sabay kaming sumugod ni Zail at parehong nakatutok ang mga patalim namin sa isa't isa.

Sobrang bilis ng pangyayari at hindi kaagad nakahabol ang mga mata ko. The next thing I knew, Zail's shoulder was bleeding. Natamaan ko ito ng patalim ko.

Sa oras na 'yon ay tanging pagngiti na lamang ang nagawa ko. Doon ko nakita kung gaano kalaki ang pagitan ng lakas namin ni Zail.

Nagawa ko siyang puruhan sa balikat. Ngunit sapat na ang putol kong kanang kamay para malaman kung sino ang mas malakas sa amin.

Zail didn't took my bell. He took my whole arm where my bell was.

Pinorposeso pa ng utak ko ang mga nangyari at natauhan na lamang ako nang in-announce ng announcer ang panalo.

Walang tigil sa pagdugo ang kanang kamay ko pero wala akong makaramdam na sakit. Sobrang bigat ng paghinga ko ngayon at hindi ko maipaliwanag ang nararamdaman ko. Masyadong mabilis ang pangyayari.

"Here," sambit ni Zail sa akin.

Lumapit ito sa pwesto ko at casual na sinauli ang putol kong kamay.

"Kaya mo namang ibalik sa rati, hindi ba?" dagdag niya.

Napaismid ako sa sinabi niya bago ko kunin ang putol kong kamay. Hindi ko alam kung nang-aasar ba 'to si Zail o ganito ba talaga ang ugali niya.

"Oh, papunta na ang mga kasama mo," walang ganang sambit niya habang sa hindi kalayuan sa likod ko.

"Well then, see yah."

Nag-akma siyang tumalikod nang mabilis akong nagsalita na kinatigil niya. May naalala akong itanong sa kaniya.

"Why did you helped us back then?" marahang tanong ko. Gusto kong malaman kung ano ang dahilan kung bakit niya kami tinulungan no'ng first round.

He stopped for a couple of seconds, eyes on me. He then turned his back on me before answering. "Hindi na masaya kung first round pa lamang ay talo na kayo, hindi ba? We need to see if the Grim Reapers were really that strong," watatawang sagot niya.

Kumunot ang noo ko sa sinabi niya. Is he mocking us?

Balak ko na sana itong murahin nang may pahabol siyang sinabi.

"But it looks like the rumors were true. Nakakatakot ang mga gifteds sa guild niyo, even though most of you haven't used your gifts to the fullest yet." I heard him chuckled.

"Helena's kids are full of monsters. Paano pa kaya kung nagamit niyo na ng buo ang mga gift niyo? Sasapawan niyo si Executioner niyan."

I saw his side smile. I was lost for words, dumbfounded.

Nagsimula na siyang maglakad papalayo nang muli siyang huminto na para bang may nakalimutan na sabihin.

"Nga pala, I had fun fighting you phoenix, it's an honor." I saw slightly bowed—showing respect.

Naiwang nakakunot ang noo ko sa sinabi ni Zail. Ni hindi man lang ako nakasagot sa sinabi niya. Hindi ko maintindihan ang ibig niyang sabihin. Natauhan na lamang ako nang makaramdam ng paghawak sa likod ko.

"S-Scarlet! Okay ka lang?" nag-aalalang bungad sa akin ni Lemon.

Nabigla ako nang makita ko siya sa likod ko. Hindi lamang siya kung hindi lahat ng mga kasama ko ay pinuntahan ako sa field. Even Gin.

"Tsk. What Raven did was too much. Hindi man lang siya nagpigil," sambit ni August. Kahit hindi nito masyadong pinahalata ang inis niya ay bakas pa rin sa mukha niya na nainis siya sa ginawa sa akin ni Zail.

"What are you waiting, hood? Want me to fix your arm?" giit ni Law.

Natauhan ako sa sinabi niya at doon ko lang natandaan na putol pala ang kamay ko. Agad kong cinancel ang gift ko at ginamit ito ulit upang ibalik sa rati ang kamay ko.

"You okay, Scarlet?" tanong ni Gin.

Hindi ako kaagad nakasagot sa kaniya. Pasimple akong umiwas ng tingin at mapait na napangiti.

"Y-Yeah, I'm sorry I lost, Gin.".

I heard him sigh. Marahan niyang hinawakan ang balikat ko. "It's okay. In fact, you did great. Isa ng malaking achievement ang masugatan si Zail. I mean, he's next to strongest after King," pagpapagaan ni Gin sa loob ko.

Natigilan ako sa sinabi niya. Umangat kaagad ang dalawang kilay ko.

Zail?!

"To be honest, hindi ko pa nagagawang talunin si Zail sa mga laban namin noon," natatawang sambit ni Gin. He then stopped and paused.

"Well, hindi ko naman iyon matatawag na laban dahil pina-prank ko lang siya at imbis na sa kaniya mangyari ang prank ko ay sa akin bumabalik."

Napisamangot ako sa sinabi niya at napabuntong-hininga.

"Anyways, tara na. Bumalik na tayo sa pwesto," pag-iiba ng Guild's Master namin.

Sumunod sa kaniya ang mga kasama namin pero nanatili akong nakatayo sa pwesto ko.

"Uhm, wait. Lalabas muna 'ko saglit sa stadium," pagpapaalam ko.

Isang tango ang sinagot nila sa akin at nagsimula na silang bumalik sa pwesto namin.

"Gusto mong samahan kita?" tanong ni Law.

Umiling ako sa sinabi niya. "Mabilis lang ako," sagot ko.

Agad akong naglakad papunta sa exit sa stadium. Nakaramdam ako ng pagkauhaw sa laban at balak kong uminom sa labas.

Nang makapunta ako sa hall sa labas ng stadium ay natigilan ako nang bigla na lamang lumamig ang pakiramdam ko. Kasabay n'on ay ang pagtaas ng mga balahibo ko nang maalala ko ang pakiramdam na ito. Unti-unting namilog ang mga mata ko nang nakaramdam ako ng tensyon.

"Having fun, Scarlet?"

Napalingon ako sa babaeng nagsalita. Tila nanlumo ako nang makilala kung sino ito.

The heiress of Boreas. A one digit code like me.

V08. Viola.

42. Intentions

Hindi ako makapaniwala sa nakikita ko. Nanghina ang buo kong katawan nang magtama ang mga tingin namin ni Viola.

"V-Viola," hindi makapaniwalang sambit ko.

Prente itong nakasandal sa pader at nasa bulsa ang mga kamay. "Long time no see, S03," nakangising sambit niya.

Hindi pa rin pinoproseso ng utak ko ang nangyayari at hindi kaagad ako nakaimik sa sinabi niya.

"W-What are you doing here?" tanong ko.

She tilted her her and she gave me a threatening look. "How about you? What are you doing here?" balik niya sa akin.

Umalis ito sa pagkasasandal sa pader at naglakad papalapit sa akin.

"I-I'm doing my job," taas noong sagot ko. Pilit kong pinapakalma ang sarili ko.

"What job?" Pinagtaasan ako ng kilay ni Viola. "To hang out with Helena's kids?" sarakstikong aniya. Matalim siyang tumingin sa akin.

I clicked my tongue. "Shut the fuck up, Viola. You know why I'm here. Kasama ito sa plano ko.'

Kahit sobrang bilis ng pagtibok ng puso ko ay pinakita ko ang pagiging kalmado ko sa babaeng nasa harap ko.

Tuluyan ng lumapit sa akin si Viola. Nabigla ako nang pagtaasan niya 'kong kamay. Mariin akong napakagat sa ibabang labi at napaismid. Inaasahan ko ang pagsampal niya sa akin... ngunit natigilan ako nang nakaramdam ako ng mahigpit na yakap.

"A-Addi's back, Scarlet..."

Her voice was soft and warm—enough to melt my heart.

Parang tumigil ang mundo ko sa sinabi niya. Tila naestatwa ako sa kinatatayuan ko at walang boses na lumalabas sa bibig ko.

Addi is... back?

"D-Did you also know? About Papa?" dagdag ni Viola.

Tuluyan na 'kong nanghina sa sinabi niya. "W-What do you mean?" tanong ko.

Inalis ni Viola ang pagkakayakap sa akin at tumingin ito nang deretso sa mga mata ko. "Papa's plans... the true personality of the man whom we believed in."

Napaawang ang bibig ko sa sinabi niya. Nangungusap ang mga mata kong nakatingin sa kaniya. Natagpuan ang sarili kong napahawak sa magkabilang balikat ni Viola.

"T-Tell me, walang nangyaring masama sa inyo, hindi ba?! Si Papa, wala siyang sinaktan, hindi ba?!" sunod-sunod na sambit ko. Tumaas ang tono ng pananalita ko.

Bumigat ang paghinga ko at hindi ko mapigilang kabahan. Kapag may nakaalam pa ng totoong katauhan ni Papa ay hindi namin alam kung ano ang pwedeng gawin niya.

Nagbago ang ekspresyon ni Viola sa sinabi ko at naramdaman ko na lang ang hapdi ng pisngi ko nang sampalin niya ako. Kasunod n'on ay ang unti-unting pagpatak ng mga luha niya.

"Y-You knew Scarlet! Then why didn't you tell us?! You're trying to solve this by yourself?! Gano'n ba talaga kataas ang tingin mo sa sarili mo?!"

I can see the mixed emotions in her eyes. Hatred... deceived... sadness—and guilt.

Hindi ako nakasagot sa sinabi niya. Hindi 'yon ang gusto kong iparating... ang gusto ko lang ay hindi sila mapahamak.

"Addi told us... we met her. All of the one digit codes. Hindi alam ni Papa na bumalik si Addi pati na rin ang mga ibang codes. Kaya 'wag mo silang alalahanin," aniya.

Nakahinga ako nang maluwag sa sinabi ni Viola. Mabuti naman at wala pa ring alam ang ibang codes. Mas mabuti ng gano'n para na rin sa kaligtasan nila.

"We all believed her... except for one."

Natigilan ako, muling lumakas ang pagtibok ng puso ko. Hinintay ko ang sasabihin ni Viola at hinanda ko ang sarili ko.

"Code L04. Liev."

Para akong nabingi sa narinig. Natigilan ako sa sinabi niya at agad kumunot ang noo ko. "L-Liev? Imposible 'yon! Sa ating lahat ay si Liev mismo ang mas kapani-kapaniwalang magtitiwala kay Addi!" giit ko.

Matagal ko ng kilala si Liev. Siya ang madalas na nakakasama ko sa mga mission. Sa aming lahat ay ang siya ang may pinakamalaking tiwala sa mga kasama namin. Sigurado akong maniniwala siya kay Addi kapag sinabi niya ang totoong katauhan ni Papa!

Umiling sa sinabi ko si Viola. "Siya ang nagsabi sa amin na 'wag kaming maniniwala kay Addi. Siya pa mismo ang nagpaalis kay Addi nang nagsabi ito ng masama kay Papa," sagot niya.

Napaawang ang bibig ko sa sinabi ni Viola. He did that?!

Napaiwas ng tingin ang kaharap ko at napaismid. "Anyways. Nandito lang ako para malaman kung may alam ka na rito. Magtataka si Papa kapag matagal akong nawala."

Hindi ako nakaimik nang tinalikuran niya 'ko at hindi man lang hinintay ang mga sasabibin ko.

"Just to tell you, S03. I always believe in what I see. Kahit totoo ang sinabi ni Addi ay hindi ako basta-basta maniniwala hangga't hindi ko pa ito nakikita," pahabol na sambit ni Viola.

"I have my ways in doing things. The same as the others. Kung totoo ngang ganong klaseng tao si Papa-"

"I don't know what I'll do."

She didn't waited for me to explain or answer. Hindi niya na 'ko nilingon nang nagsimula siyang maglakad papalayo. Ilang hakbang pa lang ang nagagawa ni Viola nang huminto siya na para bang may nakalimutan na sabihin.

"I want to warn you. Remember, S03. Papa is always watching you."

"You've done enough Scarlet, at least let us help. Though, wala naman akong paki kung ano man ang mangyari sa'yo pero sigurado akong malukungkot ang mga bata sa base kung meron man.... So, don't die."

As if our conversation didn't happened, she continued walking without saying any word. Tuluyan ng naglakad papaalis si Viola hanggang mawala siya sa paningin ko.

Naiwan akong nakatayo sa gitna ng pasilyo. Tanging paghigpit ng pagkasasara ng kamao ko ang nagawa ko. Napalunok ako nang malalim at mariin na napakagat sa ibabang labi.

I need... to move now.

Natauhan ako nang marinig ang hiyawan sa loob ng stadium. Para bang nakalimutan ko ang pinunta ko sa labas at agad akong bumalik sa pwesto namin.

"Oh, what took you so long?" bungad sa akin ni Law nang makabalik ako.

Hindi kaagad ako nakasagot sa tanong niya at pasimple akong umiwas ng tingin. "A-Ah, nag-CR din kasi ako," pagdadahilan ko.

Tahimik akong umupo sa tabi nito at nanood ng laban sa field.

"Oi, oi. Okay ka lang?" sambit ni Law nang mapansin na tahimik ako.

Umangat ang dalawang kilay ko nang tignan ko siya. I tried my best to stop myself from stuttering as I fake a smile. "Yeah, guess I'm just tired..."

Parang sobrang tuyo na ng lalamunan ko at nahihirapan akong magsalita. Isama mo pa ang panghihina ko dahil sa naging laban namin ni Zail. Parang kahit anong oras ay mawawalan ako ng malay.

"Did you had have fun, kids?" sambit ng isang batang babae.

Sabay-sabay kaming napatingin sa likod namin at agad na napatayo. Kapwa ko ay nabigla rin ang mga kasama nang makita si Helena sa likod namin.

"You did great!" nakangiting bungad niya.

All of us are dumbfounded. Imbis na matuwa ay pare-parehong nakasimangot ang mga kasama ko.

"Really?" sarkastikong sambit ni Lemon.

"Come on. What's with the look?" pang-aasar ni Helena. "Anyways, your job here is done. I want all of you to go to Rosa," deretsong dagdag niya.

Sabay-sabay kaming napasinghap at pare-parehong napaawang ang mga bibig namin sa sinabi niya.

"Oi, oi. Are you serious? What about the event?" giit ni Law.

"Oh, don't worry. Nakausap ko na ang organizers, sabi ko ay mag d-drop out na kayo," kaswal na sagot ni Helena.

Nagbago ang mga ekspresyon ng mga kasama ko. Tulad nila ay kumunot ang noo ko sa sinabi ng batang kaharap namin.

"What the hell? Then why did we go here in the first place?!" inis na sambit ni Zeldrick.

Pinagtaasan siya ng kilay ng Principal. "Because it's my decision. Any problem with that?" ma-awtoridad na sagot ni Helena.

Walang nakasagot sa mga kasama ko. Pare-pareho kaming walang imik.

"I own Rosa. Tanging ang mansyon ko lamang ang nakatayo sa bayan na iyon," pangunguna ng Principal.

"I'll go and meet you there later," dagdag niya.

Hindi na kami nito hinintay na makasagot at agad niya kaming tinalikuran. As if telling us that she won't listen to any of our complains.

Bago siya makaalis ay may pahabol siyang sinabi.

"Oh, I almost forgot." Nilingon niya kami.

"Kayo lang ang pinapunta kayo ro'n. If you see someone, no matter who they are or from what guild they're from—kill them."

"That's an order."

43. Rosa Town

Wala kaming choice kung hindi sumunod kay Helena. Pare-pareho kaming nakasakay ngayon sa kalesa papunta sa Rosa. Ang bayan kung saan si Helena lamang ang nakatira.

Katabi ko si Law at Zeldrick sa upuan. Dulot na rin siguro ng pagod ay hindi ko namalayan na nakatulog na pala ako sa byahe

Nagising ako nang makaramdam ako ng pagyugyog sa akin.

"Oi, oi. Hood, wake up." Rinig kong sambit ni Law.

Dahan-dahan kong inimulat ang mga mata ko at bumungad sa akin malapit na mukha ni Law. Napalunok ako nang malalim nang naramdaman ko ang pag-init ng pisngi ko.

Doon ko napagtanto na nakasandal pala ako sa kaniya buong byahe. Agad akong natauhan at bumangon sa pagkasasandal.

"O-Oh, sorry."

Tawa ang sinagot sa akin ni Law at pareho kaming bumaba sa kalesa. Pagkababa ko ay bumungad sa akin ang isang magubat na lugar. Inilibot ko ang tingin ko at tanging mga puno lamang ang nakikita ko. Hindi na 'ko nagtaka kung bakit hanggang bungad lamang ng tunnel kami naihatid ng kalesa.

"What the fuck? Ano 'to? Bahay lang ni Principal Helena ang may patag?" pagrereklamo ni Zeldrick.

"No wonder why she's the only one living here in this city," dagdag ni August.

Wala kaming nagawa kung hindi mapabuntong-hininga na lamang at tumigil sa pagrereklamo. Imbis na magreklamo kami ay tinabi na lamang namin ang mga lakas namin sa paglalakad papunta sa tirahan ni Helena.

Pare-pareho kaming naglalakad sa gitna ng gubat na mukhang walang katapusan. Mukhang hindi ata-

Natigilan ako sa pag-iisip nang makarinig kami ng pagsabog sa hindi kalayuan. Nagkatinginan kami ng mga kasama ko at alam na namin ang gustong ipahiwatig ng isa't isa.

Helena told us that we're the only ones that should be here. Kung may iba kaming makita rito ay kailangan namin silang ligpitin—and that's an order.

"Let's split. Lemon, Elroy, come with me. Sa kabila 'yong iba," ma-awtoridad na sambit ni Gin.

Sabay-sabay kaming tumango sa sinabi niya at agad na naghiwalay. Kasama ko sina Law, Zeldrick, at August.

Papunta kami sa direksyon kung saan namin narinig ang pagsabog.

Naaninag na namin ang pwesto kung saan nangyari ang pagsabog. Nagsenyasan kami ng mga kasama ko at naghiwalay kami upang palibutan ang pwesto nito.

Malapit na 'ko makarating nang matigilan ako nang makaramdam ng kung ano sa paa ko. Agad akong

napatingin dito at nabigla ako nang makitang isang kahoy ito.

Isang kahoy na nagawang palibutan ang mga paa ko.

"Hood!" Rinig kong tawag ni Law.

Agad akong napalingon sa pwesto niya at sumalubong sa akin ang isang babaeng sumusugod papunta sa akin.

I felt my eyes changed. Using my claws, I destroyed the wood that's holding me down.

Hinanda ko ang sarili ko ang sarili ko sa pag-atake ng babae nang bigla na lamang itong napunta sa isang bula. Nabigla ako sa nangyari at nalipat ang tingin ko sa babaeng gumawa nito.

Kahit hindi ko siya nakitang lumaban kanina sa event ay hindi ako nagkakamaling isa siyang Deity. Isa siya sa mga rookies na nakita ko.

Anong ginagawa niya rito?

Hindi ko pa nagagawang magtanong ay natigilan ako nang may ibang taong umatake sa akin. Hindi ako makapaniwala nang makilala ko ito.

Alvis?!

Napaawang ang bibig ko nang makilala ko siya. W

What the fuck?! Why are they attacking me?!

"Applehead!" Rinig kong tawag ni Zeldrick.

Kahit nahihirapan akong lingunin si Zeldrick ay nagawa ko siyang tignan. Tumatakbo ito papunta sa akin at may mga ilang dosenang metal ang sumusunod sa kaniya.

Alam ko na ang gusto niyang iparating. I changed my arms into wings and I flew away from Alvis.

Kasunod ng ginawa ko ay ang pagpunta ng mga metal papunta kay Alvis. Akala ko ay matatamaan na siya nito ngunit madali niya itong naiwasan.

"Law!" Rinig kong tawag ni August. Tumatakbo na rin ito papalapit sa amin ngunit agad itong natigilan nang tila lumambot ang lupang tinatapakan niya dahilan ng paglubog niya.

Pare-parehong napunta ang tingin namin sa lalaking gumawa n'on at tulad ng reaksyon ko kanina ay gan'on rin ang naging reaksyon ko ngayon.

Nakikilala ko ang lalaking gumawa n'on. Kung hindi ako magkakamali ay siya si Zeke galing sa Coders mula sa Solar Academy.

Labis na 'kong naguguluhan sa mga nangyayari. What the heck is happening?! Anong ginagawa nila rito at bakit nila kami inaatake?!

Akala ko ay magkasama ang Coders at Deities pero nawala ang paghihinala ko nang inatake ng babaeng rookie galing sa Deities si Zeke. Tulad ng nangyari sa babaeng sumugod sa akin kanina ay tila

napunta rin sa isang bula si Zeke.

"You're open," sambit ng isang lalaki sa bandang gilid ko.

Natigilan ako sa pag-iisip at natauhan ako nang makitang nasa gilid ko na muli si Alvis. He tried to attack me using a blade made from a lightning when it suddenly disappeared.

Napunta ang tingin ko kay Law na gamit-gamit na ngayon ang gift niya at cinancel ang gift ni Alvis.

"Now, Zeldrick!" sambit ni Law.

Mabilis na kumilos si Zeldrick at nagsimula ng lumipad kay Alvis ang mga metal nang bigla na lamang itong sunod-sunod na bumagsak.

Napasinghap ako sa nangyari at napaismid si Law.

"What the fuck are you doing, Zel?!" reklamo ni Law.

Maski si Zeldrick ay nabigla rin sa nangyari. Bigla na lamang tumigil ang paggamit niya ng gift niya at muling bumalik ang mga mata niya sa rati.

Nasagot ang mga katanungan namin nang makita namin ang isa pang Deity. As far as I can remember, her name was Cleofa.

Gamit-gamit nito ang gift niya. She freaking stole Zeldrick's gift.

Nagsimula ulit na magsilutangan ang mga metal ni Zeldrick ngunit imbis na kay Alvis ay sa akin na ito nakatutok.

"Fuck! Get her, Law!" sambit ni Zeldrick kay Law.

Hindi nag-aksaya ng oras si Law na pinakamalapit sa pwesto ni Cleofa. Hindi inalis ni Law ang gift niya kay Alvis at sumugod na ito.

Nang akala namin ay magagawang lapitan ni Law si Cleofa ay bigla na lamang itong natigilan nang may puting apoy na humarang dito.

"No uh. Who told you that you can touch my girl?" nakangising sambit ng bagong dating na lalaki.

Nakakurba ang labi ni Helix na humarang sa harap ni Cleofa. Napasinghap si Law sa sinabi niya at itinapat ang kamay niya sa dibdib ni Helix.

"Don't freaking make me do it.

Imbis na kabahan ay nagawa pang tumawa ni helix. Napaismid si Law sa ginawa nito at tuluyan niyang ginamit ang gift niya kay Helix.

Hinintay naming mabutas ang dibdib ni Helix ngunit walang nangyari. Bagkus ay natauhan ako nang muli akong tutukan ni Alvis ng isang patalim gamit ang gift niya.

Napaawang ang bibig ko sa nangyari. Pero paanong?-

Cinancel na ni Law ang gift niya!

Napunta ang tingin ko kay Law at nanlumo ako nang makitang bumalik sa rati ang mga mata niya.

But how?! Cleofa is using her gift against Zeldrick!

Paano niya nagawing i-adopt din ang gift ni Law?!

"My girl was training for months," natatawang sambit ni Helix na para bang nababasa ang mga nasa isip namin.

"Who told you that Cleofa can only adopt one gift at a time?"

44. Leveling

Tanging pag-awang na lamang ng bibig ang naging reaksyon ko sa sinabi ni Helix. Natauhan ako nang maramdaman ko ang dulo ng patalim ni Alvis sa leeg ko.

We're fucked up.

Akala ko ay katapusan na namin nang bigla na lamang bumigat ang pakiramdam ko. Hindi lamang ako kung hindi pati na rin si Alvis at ang iba pang mga nandito.

"Look what happened," sambit ng babaeng bagong dating.

Agad kong nakilala kung sino ito. She's the Guild's Master of the Coders, Eslin.

"Mukhang nauto tayo ng big time," dagdag ng lalaking kasunod nito. Gin!

"Hays, I'm sorry. I should've known," sambit pa ng isang lalaki. King...

Hindi na 'ko nagtaka kung bakit bigla na lang bumigat ang mga pakiramdam namin. Hindi hamak na tatlong Guild's Master lang naman ang dumating.

"W-What the fuck is going on, Gin?!" giit ni Zeldrick.

Napabuntong-hininga si Gin at napailing. "Chill, we'll explain. Sa ngayon, itigil niyo muna 'yang mga ginagawa niyo," sagot ng Guild's Master namin.

Pare-parehong natauhan ang mga kasama ko at agad itong nagsiayos. Inalis ni Alvis ang patalim na nakatutok sa akin, nawala sa bula ang dalawang coders, nakaalis sa lupa si August, at huminahon sina Helix, Cleofa, at Law.

"Looks like pare-pareho tayong pinapunta rito ni Principal Helena," panimula ni Eslin.

"Anong ibig mong sabihin ha?" tanong ni Zeke. Pinupunasan niya ang sarili niyang basang-basa.

"Just like you guys, pinapunta rin kami rito ni Principal Helena," sagot ni Gin.

"Yeah! We saw your Guild's Master!" pagsingit ni Lemon na bigla na lamang sumulpot sa likod ni Gin kasama si Elroy.

"And just like what she've told you, she also told us the same," kalmadong sambit ni King.

"That we're the only ones here, and kill whoever we see," pagsingit ni Aqua na bigla ring sumulpot sa kung saan kasama si Zail.

"I guess she's testing us," dagdag ni Nickle na bigla ring sumulpot sa tabi ni Eslin.

Napasinghap ako sa mga sinabi nila.

For pete's sake! Muntik na kaming magpatayan! Ano ba talaga ang nasa isip n'ong Helena na 'yon?! May sira ba talaga ang utak niya?!

"Oh? Looks like you're already all here!" Rinig naming sambit ng isang batang babae.

Pare-parehong napunta ang mga tingin namin sa batang babaeng bagong dating. Nakangiti itong nakatingin sa amin na para bang hindi niya kami inutusan na patayin ang isa't isa.

She showed a smirk, looking down at us.

"Let's go to my mansion then."

????????

Hindi nagpaliwanag man lang sa amin si Helena. Bagkus ay pare-pareho niya kaming dinala sa mansyon niya. Kumpleto kaming mga Grim Reapers, ang mga Deities na nakilala namin sa event, at ang Coders kabilang si Eslin, Nickle, Zeke, at isa pang babae.

Napunta kami sa isang patag na lugar sa bayan. Sa gitna n'on ay isang malaking mansyon. Mukhang totoo nga ang sinabi ni Zeldrick na ang tirahan lamang ni Helena ang nag-iisang patag na lugar dito.

Pumasok kami sa mansyon ni Helena at ni isang tao ay walang bumati sa amin. Hindi ako makapaniwala na sa laki ng tirahan niya ay siya lamang mag-isa ang nandito.

Tumungo kami isa sa mga silid kung saan may malawak na lamesa at maraming upuan.

"Make yourselves at home," nakangiting sambit ni Helena bago umupo sa pinakagitnang upuan.

Kani-kaniya kaming umupo sa mga upuan at hinintay ang sasabibin nito.

"First of all, I would like to thank you all for coming herem" panimula ni Helena.

"Sadya akong humingi ng tulog sa tatlong Academies. The Deities from the Nocturne, the Coders from the Solar, and of course, the Grim Reapers from my school," dagdag niya.

Nanatili kaming nakinig sa mga sinasabi niya.

"1 month from now, we're going to have a big task. Hindi lamang ito problema ng Lunar Academy kaya gusto ko ang partisipasyon ng ibang paaralan," pagpapaliwanag ng Principal.

"I still can't tell you what it is yet. But 1 week before the operation, sasabihin ko sa inyo ang plano at kung tungkol saan ito. Maasahan ko ba ang partisipasyon ninyo?"

Pare-parehong tumango ang mga Guild's Master ng mga guild sa sinabi niya. Kasunod ng ginawa nila ay ang biglaang pagsulpot ng isang kasunduan sa sinabi ni Helena.

It's the symbol of alliance from the different guilds from the three different Academies.

"Very well, I want you all to stay here for a while. Feel free to do anything you want. You may all dismissed," sambit ni Helena.

Nagsimula ng tumayo ang mga Deities at Coders at naglakad papalabas. Ngunit nanatiling nakaupo ang mga Grim Reapers.

Tuluyan nang nakalabas ang iba at tila napuno ng katahimikan ang paligid. Walang nagsalita o kumibo

ni isa.

"So? Why are you still here?" pagbasag ni Helena sa katahimikan.

Pare-parehong nagbago ang mga ekspresyon ng mga kasama ko.

"Oi, oi. What was that about?" panimula ni Law.

"Are you saying that you don't trust us in this mission, Principal?" giit ni August.

"Bakit nandito pa ang ibang guild?" dagdag ni Zeldrick.

Bumigat ang tensyon sa silid. Ramdam ko ang matatalim na tingin ng mga kasama ko sa batang nasa gitna. Ngunit sa kabila nito ay nagawang tumawa ni Helena.

"So you're telling me that you can do this mission alone?" natatawang aniya.

Biglang nagbago ang ekspresyon ng batang kaharap namin. "You can't even take care of the rookies of the Deities," seryosong dagdag niya.

Napunta ang tingin niya kina Law, Zeldrick, at August.

"You're already seniors. Yet, wala kayong nagawa sa apat na rookies man lang."

Hindi nagawang makaimik nina Law sa sinabi nito.

"Law, you're also an heir of Cronus, right?" sarkastikong dagdag ni Helena.

Napaismid si Law sa sinabi niya at napaiwas ng tingin. Wala siyang nagawa kung hindi mapayuko.

"That girl, Cleofa. Nagawa niya lang magamit ang gift niya noong nakaraang apat na buwan pa lamang," muling sambit ng batang kaharap namin.

Namilog ang mga mata ko. Pare-pareho kaming natigilan sa sinabi nito. Lalo na si Law na nagbago ang ekspresyon. Hindi ako makapaniwala na apat na buwan pa lamang nagagamit ni Cleofa ang gift niya.

Sigurado akong sobrang bigat ng nararamdaman ni Law ngayon. Matagal na niyang nagagamit ang gift niya pero nagawa pa rin niyang matalo sa isang rookie.

"They're just a bunch of rookies. Yet, they've already been able to undergo Leveling," dagdag ni Helena.

My forehead furrowed and I gave her a confused look.

Leveling?

"Leveling is a phase for gifteds. Isa itong stage kung saan nagagamit ng isang gifted ang gift niya ng higit pa sa lakas nito. I guess you already saw it, right?"

Sumagi sa isip ko ang ginawa ni Cleofa kanina. Nagawa nitong i-adopt ang gift ni Law at Zeldrick ng sabay. Pati na rin ang ginawa ni Helix no'ng event kung saan nagbago ang mga apoy niya.

"You know why? It's because they've already been through enough. They've already knew the nearly

death experience." Sumalumbaba si Helena sa lamesa, ang tingin niya ay nasa aming lahat.

"That's why I asked them to be here. You have at least a month. Show me what you got."

She showed us a teasing smile... slowly followed with a proud look.

"I told you didn't I? I chose you. You're the Grim Reapers."

She glanced at me for a second.

"Believe me or not, even I, can't stop you when you undergo Leveling."

45. Pride

Nakangising tumayo si Helena at naglakad papunta sa harap ng pinto.

She glanced at us, hands behind her back. "Well of course, nakadepende pa rin sa inyo 'yan. Do what you want. See you in a month," sambit niya bago tuluyang umalis ng silid.

Naiwan kaming mga Grim Reapers sa silid at walang ni isa sa amin ang kumikibo. Tanging pagbuntong-hininga na lang ang naging reaksyon ni Gin nang tumayo na rin siya.

"You heard the Principal. Do you whatever you want. May pupuntahan lang ako," aniya.

Nauna siyang lumabas ng silid na tahimik na sinundan nina Elroy at Lemon.

"Magpapahinga na muna ako," walang ganang sambit ni August at lumabas na rin ito ng silid.

"Yeah, me too," dagdag ni Zeldrick na sumunod sa paglabas.

Naiwan kaming dalawa ni Law dito loob. Kanina pa siya walang imik dahil sa mga sinabi ni Helena.

"Law-"

"Mauuna na rin ako, hood," walang kaemo-emosyong sambit ni Law.

Hindi ko na naituloy ang sasabihin ko nang tumayo siya nang hindi ako tinatapunan ng tingin at lumabas ng silid. Tanging ako na lamang ang natira rito sa loob.

Nakabibingi ang katahimikan at bumaba ang tingin ko. Dahil wala rin akong balak na gawin dito ay lumabas na rin ako.

Sumalubong sa akin ang dalawang bilog na buwan na nakasilip sa bintana nang makalabas ako ng silid. Napabuntong-hininga ako sa mga nangyari ngayong araw. Sigurado akong pagod na rin ang mga kasama ko.

Helena's words must have hurt them... specially the new seniors.

I guess I should start doing something too. Because her words are not just for them—but for me too.

Naglakad ako sa mahabang pasilyo sa mansyon ni Helena. Malapit na 'kong kumaliwa sa isang pasilyo nang matigilan ako sa narinig ko.

"Anong meron sa'yo?" sambit ng isang pamilyar na lalaki.

"Meron sa'yo na wala sa akin?" dagdag nito.

Kusa akong huminto sa paglalakad. Natauhan ako kung sino ang nagsasalita—walang iba kung hindi si Law. Pasimple akong sumilip at nakita ko kung sino ang kinakausap niya. It's no other than the Deity, Cleofa.

"What do you mean?" marahang tanong ni Cleofa.

Napaismid si Law sa sinabi nito at nagbago ang ekspresyon niya. "Oi, oi. You're an heiress of Cronus like me right? Then why did I lost?" walang kaemo-emosyong sambit niya.

"You're just like me... we're just the same. So why?" pag-uulit ni Law.

Tumagal ng ilang segundo bago nakasagot si Cleofa sa sinabi niya.

"Why won't you ask yourself... ano ba ang meron sa akin na wala ka?" balik ni Cleofa kay Law.

Nagbago ang ekspresyon ni Law sa sinabi niya. Hindi kaagad siya nakasagot.

"Law, right?" muling sambit ni Cleofa.

"Law, do you have someone to protect?"

Cleofa glanced at Law. Nagsimula itong maglakad papunta sa bintana at tinalikuran ang lalaking kausap niya.

Kumunot ang noo ni Law sa narinig at agad na tumango. "Of course, I do!"

"Are you willing to do anything just for them?" pag-uulit ni Cleofa.

"Of course!" muling sagot ni Law. Unti-unting tumaas ang tono ng pananalita niya.

"Even if... you'll end up dying?"

Hindi nagdalawang isip si Law na sagutin ang tanong niya. "I'm freaking ready to die if it's for them!" taas noong sagot niya.

There was a sudden silence. Nagbago ang ekspresyon ni Cleofa at muli nitong hinarap si Law. I was stunned, seeing the emotions in her eyes... the moonlight touching her skin from the window, her brown hair shining like gold.

"Then that what makes us different."

Her voice blended with the wind.

Law's forehead furrowed. Mas lalong naguluhan ito sa sinabi niya.

"Oi, oi. What are you talking about? You're not ready to die even if it's for someone special to you?" tanong niya.

"Yes," deretsong sagot ng babaeng kausap niya. "Iniisip mo lang ang pagligtas mo sa kanila. Pero nainisip mo ba ang mararamdaman nila kapag nawala ka?" seryosong dagdag ni Cleofa.

Tila natigilan si Law sa sinabi niya.

"Akala ko rin no'ng una ay okay lang na maililigtas ko sila kapalit ng buhay ko." pangunguna ni Cleofa.

"Pero naranasan ko ng mapunta sa sitwasyon nila. Ang buhay ko kapalit ng buhay nila," dagdag niya.

Muling bumalik ang tingin ni Cleofa sa labas ng bintana.

"Masakit maiwan, Law. Sigurado akong kapag narinig ng mga kasama mo 'yang sinasabi mo ay hindi sila matutuwa."

Unti-unting kumurba ang labi ni Cleofa sa isang ngiti.

"Don't tell me that you're willing to die for them. Tell me that you're willing to live, and fight together with them."

"Your life is also precious as their lives."

Hinarap ni Cleofa si Law at naglakad papalapit sa kaniya. Dahil sa pagitan ng tangkad nila, nakaangat ang tingin ni Cleofa rito.

"Well then... do you want to undergo leveling with me, heir of Cronus?"

Inabangan ko ang sasabihin ni Law nang mabigla ako nang may humawak sa balikat ko. Napasinghap ako at para akong aatakihin sa puso dahil sa gulat pero nagawa kong pigilan ang sarili ko na gumawa ng kahit anong tunog.

"Yoh! You're Scarlet, right? From the Grim Reapers?" nakangiting sambit ni Aqua.

Bigla na lamang itong sumulpot sa gilid ko dahilan ng pagkabigla ko. Napansin nitong nakatingin ako sa pasilyo kaya napasilip din siya.

"Oh, buti na lang wala ang kupal na Helix," natatawang aniya.

Kumunot ang noo ko sa sinabi niya. "Huh? They're just freaking talking. Hindi gano'ng klaseng lalaki si Law," giit ko.

Natawa si Aqua sa reaksyon ko. "I'm just kidding," natatawang sambit niya.

Napaatras ako nang inilapit niya ang mukha niya sa akin. "So what are you going to do, Scarlet? Do you want to undergo leveling?"

Hindi kaagad ako nakaimik sa sinabi niya. Mukhang nakapagdesisyon na si Law, ngunit hindi iyon gano'n kadali para sa akin.

Napaiwas ako ng tingin, dahilan para malaman ni Aqua ang desisyon ko. She heaved a sigh, smiling.

Lumayo siya sa akin at umupo sa isang bintana malapit sa amin.

"You and Law are both monsters. Anong naisip ni Gin at pinagsama kayong dalawa?" natatawang sambit ni Aqua.

"You're going to be freaking unbeatable."

Napaismid ako sa sinabi niya at naglakad ako sa bintana kung saan siya nakaupo. Napasalumbaba ako rito at napatingin sa labas.

"Coming from you. Ni hindi ko pa nga nakikita ang gift mo pero nagawa mo ng panginigin ang buong katawan ko sa pag-summon mo pa lang ng familiar," walang ganang sambit ko.

"You, King, and Zail... are the true monsters."

Muling natawa si Aqua sa sinabi ko. Napunta sa dalawang buwan ang mga tingin niya.

"But time will come... my strongest ice will be easily melted by Helix' fire. Raven's speed won't be able to catch up to Alvis' light. And the King's power can be easily taken and controlled by Cleofa."

"The Generation of Prodigies are over. At hindi hamak na mas nakakatakot ang mga papalit." Isang ngiti ang pinakita sa akin ni Aqua nang tapunan niya 'ko ng tingin.

"But it has already been several decades.... Yet, the phoenix still lives," bulong niya.

Kumunot ang noo ko sa sinabi niya. "Ha?" marahang tanong ko.

Tanging pag-iling ang sinagot sa akin ni Aqua bago bumalik ang tingin niya sa dalawang buwan.

"Ang sabi ko, darating ang araw na matataasan niyo rin si Gin..." She chuckled.

Pareho kaming nakasilip sa bintana ni Aqua nang bigla na lamang may lalaking sumulpot sa harapan namin.

"Boo!"

Pareho kaming napasinghap sa biglaang pagsulpot ni Zail sa bintana. Nakasabit siya mula sa bubong.

"Sinong sinasabi mong hindi ko masusundan ha, Aqua?" tanong nito.

Nakasimangot na nakatingin si Zail kay Aqua nang mapunta sa akin ang tingin niya.

"Oh, you're with the phoenix."

"What the fuck are you doing, Zail?!" inis na sambit ng katabi ko.

Pagtawa ang sinagot ni Zail dito. "Kanina pa kita hinahanap. Hinahanap tayo ni Keon, gusto atang takasan 'yong pangungulit ni Gin. Tara na," aniya.

"Tsk! Kaya kong pumunta mag-isa kay Keon. Pwe!" sagot ni Aqua kay Zail. Inis siyang bumaba sa bintana at naglakad papalayo sa amin.

Sinundan siya ng tingin ni Zail habang nakasimangot. "Sungit," he scoffed.

Tumalon na rin siya papasok sa bintana at nag-akmang susunod sa kasama niya nang magsalita ako.

"H-Hey!" pagpigil ko.

Napunta ang tingin sa akin ni Zail at hinintay ang sasabihin ko. I was suddenly lost for words. Bigla ko na lang siyang pinigilan kahit wala pa 'kong naiisip na sasabihin sa kaniya.

I bit my lower lip. Bumaba ang tingin ko at humigpit ang pagkasasara ng kamao.

"W-Will you... help me undergo leveling?" marahang tanong ko.

Hindi ko alam kung anong pumasok sa isip ko at si Zail pa ang nagawan kong hingan ng tulong.

Pero kapag naalala ko ang ginawa ni Law ay hindi ko mapigilan ang sarili kong gawin ito.

He swallowed his pride for the sake of being stronger—for the sake of protecting us.

Sino ba naman ako para hindi rin iyon gawin?

"Oh... wala naman sa 'king problema," sagot ni Zail.

Nabigla ako sa narinig. Mabilis na umangat ang tingin ko at nakataas ang dalawang kilay ko na tumingin sa kaniya. Hindi ko inaasahan na papayag siya kaagad.

Nagtama ang mga tingin namin ni Zail. "But I don't know if you can take my way of training..."

His expression suddenly changed. Sumakto ang pagtakip ng mga ulap sa dalawang buwan dahilan kung bakit dumilim ang pasilyo.

The look on his glowing eyes and his lips slowly carving into a grin... I felt the chills down my spine and the pressure pulling me down.

So... this is... a member of the Generation of Prodigies.

"I mean, I'm not a senior. And not an ordinary master..."

This man is second to King...

"At isa pa, we're completely opposite.... Phoenix means reborn,"

"And raven means death."

46. Training

"I'm sorry. Kinuha ko siya sa'yo. Patawarin mo 'ko."

*"Patawarin mo 'ko ******."*

Nagising ako nang tumama sa mukha ko ang sikat ng araw mula sa bintana. Mabilis kong inalala ang naging paniginip ko.

Hindi ito ang unang beses na mapaniginipan ko siya. Ang babaeng may itim na buhok at patuloy na humihingi ng tawad. Para kanino ba siya humihingi ng tawad?

Kahit hindi ko mapigilang mapaisip ay isiniwalang bahala ko na muna ang panaginip ko.

Bumangon ako sa higaan at agad na nag-ayos. Ngayon ang araw na tutulungan ako ni Zail na mag-undergo sa leveling.

Lumabas ako ng kwarto ko upang pumunta sa labas. Habang naglalakad sa pasilyo ay nabigla ako nang may biglang lumabas sa isa sa mga silid sa mansyon.

"S-Sir Cael," biglaang sambit ko. Akala ko ay kami lang nandito.

"Oh, Scarlet. Ikaw pala," nakangiting aniya nang makita ako.

"Ano pong ginagawa niyo rito?" marahang tanong ko.

"Ah, minsan ay rito rin kasi ako nag-iistay dahil isa ako sa mga opisyales ng paaralan. Pero aalis ako ngayon, meron kaming meeting nga mga officials," sagot ni Sir Cael.

Sabay kaming naglakad sa pasilyo papunta sa labas. Hindi pa ako gaanong kapamilyar sa mga pasikot-sikot dito dahil sa laki ng mansyon ni Helana. Dumaan kami ni Sir Cael sa isang hindi pamilyar na pasilyo.

"Shortcut 'to," nakangiting sambit ni Sir Cael sa akin.

Naglakad kami sa mahabang pasilyo at bigla na lamang napako ang tingin ko sa isang malaking painting na nakasabit sa mataas na pader ng mansyon ni Helena.

Painting ito ng tatlong tao. Si Helena, isang lalaking may pulang buhok, at isang pamilyar na babae.-

Ang babaeng nasa panaginip ko.

Napansin ni Sir Cael na nakapako ang tingin ko sa painting at tumingin din siya rito.

"That was painted 116 years ago..." nakangiting aniya habang nakatingin sa painting.

Natigilan ako sa narinig. 116 years ago?! Ilang taon na ba si Helena?

At isa pa, bakit kamukhang-kamukha ng babaeng kasama niya sa painting ang babaeng nasa panaginip ko?

"Sino ang mga kasama ni Helena?" tanong ko. Tila napuno ako ng kuryosidad ngayon.

"Ah, Senior Evan Portugal and his wife..."

"Scarlet Portugal."

My eyes widened and both of my eyebrows rose. The lady has the name as me.

"Oh, pareho pala kayo ng pangalan," natatawang sambit ni Sir Cael nang mapagtanto rin nitong magkapangalan kami.

Lumapit ito sa painting at hinawakan ito. He flashed a smile.

"Sila ang unang Portugal na nakilala ni Helena. Ang tumayo ng tatlong paaralan."

"Dahil sa sobrang lalim ng pagsasamahan nila ay hanggang ngayon ay nanatiling nasa tabi ng mga Portugal si Helena. Every portugal calls her our Guardian."

Nanatili akong nakinig sa mga sinasabi niya. Hindi ako makapaniwalang matagal ng nabubuhay si Helena.

Bakit sobra-sobra naman ang pagiging katapatan niya sa mga Portugal at kahit isang siglo na ang lumipas ay nanatili siyang nasa tabi ng mga ito?

"Anyways, tara na. Baka hinihintay ka na ng mga kasama mo," pag-iiba ni Sir Cael.

Natauhan ako sa sinabi niya at agad akong sumunod sa kaniya sa paglalakad.

Bago ako tuluyang makalayo ay muli kong tinapunan ng tingin ang painting. Hindi ko maintindihan ang nararamdaman ko pero kapag tintignan ko ang painting na iyon ay hindi ko mapigilang malungkot.

Nakarating kami ni Sir Cael sa labas ng masyon at bumungad sa akin ang nakasamingot na si Zail kasama ang saling-kitkit na si Aqua.

"Well then, good bye, Scarlet! Good luck!" pagpapaalam ni Sir Cael bago kami mag-iba ng daan. Nakangiti akong kumaway sa kaniya habang naglalakad.

Sumalubong kaagad sa akin ang magkadikit na kilay ng isang lalaki. "What took you so long?" pagrereklamo ni Zail.

Hindi ako nito hinintay na makasagot. Bagkus ay hinawakan nito ang balikat ko at hinawakan ang kamay ni Aqua. Nabigla ako sa ginawa niya at hindi ko pa nagagawang magtanong nang biglang nagbago na ang mga mata ni Zail.

Nang kumurap ako ay bumungad sa akin ang ibang tanawin. Natagpuan ko na lang ang sarili kong nasa dulo ng isang matarik na bangin.

"W-What the fuck," hindi makapaniwalang sambit ko.

"Okay, this is our first training," pangunguna ni Zail.

"Use your gift, and fly above that cliff for three hours," dagdag niya.

Napaawang ang bibig ko sa sinabi ni Zail. "What the heck?! Three hours?! Ni hindi ko nga kayang gamitin ang gift ko mahigit ng isang oras!" giit ko.

He gave me a lazy look—as if saying that he doesn't give a fuck. "Then it's not my problem. Just tell me if I'm just wasting my time here," walang kaemo-emosyong sambit aniya.

Hindi ako nakaimik sa sinagot niya. Napaismid na lang ako bago bumwelo.

I felt my eyes changed.

I changed my arms into wings and flew above the cliff. Hindi ako pwedeng magreklamo kay Zail dahil tinutulungan niya lang ako. Dapat kong gawin ang lahat ng makakaya ko.

Pero kahit saan ko tignan ay hindi hamak na sobra ito para sa unang training.

"It doesn't matter if you have an amazing gift. Walang kwenta 'yan kapag hindi mo naman kayang gamitin nang matagal," muling sambit ni Zail/

Napaismid ulit ako sa sinabi niya at nanataling lumilipad sa itaas ng bangin. Kung gusto kong maging malakas ay dapat kayanin ko ito.

I continued flying with my wings. Ramdam ko ang pagtama sa akin ng hangin pero patuloy akong pinagpapawisan.

Ilang oras ang lumipas at nakaramdam na 'ko ng panghihina.

"Ilang oras pa?" marahang tanong ko kay Zail. Nanatili silang dalawa ni Aqua sa ibaba at kaswal na nakasandal sa puno, pinapanood ako.

Kumunot ang noo ng kausap ko. "Huh? Wala pang 30 minutes nang ginamit mo ang gift mo," walang ganang sagot ni Zail.

Napaawang ang bibig ko sa sinabi niya. Pakiramdam ko ay ilang oras na ang lumipas dito sa taas. Hindi na kakayanin ng lakas ko.

Agad akong bumaba sa pwesto nina Zail at cinancel ang gift ko. Fuck, pakiramdam ko ay kahit anong oras ay mawawalan ako ng malay.

"What the heck are you doing?" giit ni Zail.

"Bawal bang magpahinga man lang?" pabalang na sagot ko.

Napaismid siya sinabi ko bago umiling. "Mukhang sobra nga siguro ang unang training natin."

Lumiwanag ang eskpresyon ko sa sinabi niya. Sa wakas at napagtanto niya rin!

"Aqua, tara," sambit ni Zail kay Aqua.

Nang makalapit si Aqua sa amin ay hinawakan muli ni Zail ang kamay nito at ang balikat ko. Kumunot ang noo ko sa ginawa niya pero tulad nang unang nangyari ay bago ako magtanong ay tuluyan ng nagbago ang mga mata ni Zail.

Nang muli kong imulat ang mga mata ko ay nasa ibang lugar na naman kami. Napayakap ako sa sarili ko nang makaramdam ng malamig na paghampas ng hangin.

Napaawang ang bibig ko nang mapagtanto ko kung nasaan kami. Puno ng puti ang paligid at walang ikukumpara ang lamig. Tangina...

"We're on south pole," kaswal na sambit ni Zail.

Hindi ko na alam kung ano pa ang magiging reaksyon ko. Mukhang may galit sa akin si Zail at gusto niya akong patayin.

"Survive here for 3 days. Babalikan ko kayo makalipas ng tatlong araw. 'Wag kang mag-alala, kasama mo naman dito si Aqua para masigurado namin na hindi ka mamamatay," pagpapaliwanag niya.

Hindi gumaan ang loob ko sa sinabi niya. Nalintikan na nga ba. Bakit ba kasi ako humingi ng tulong kay Zail?

He then smirk before glancing at me for the last time.

"Well then, good luck."

47. Survival

Naiwang nakaawang ang bibig ko nang tuluyan ng nawala sa harapan namin ni Aqua si Zail.

Literal na humampas ang malamig na hangin sa pagkawala niya. We're the only ones left... in this huge and cold place.

Isa pang hindi ko mapaniwalaan ay ang reaksyon ni Aqua. Kung ako ay halos manigas na sa sobrang lamig ay baliwala lamang ang temperatura sa kaniya.

She's just standing here, in this frozen land—fucking unbothered.

"W-What the fuck How can we survive here without shelter and food?" giit ko. Nakatupi ako at yakap-yakap ang sarili. Every time I open my mouth, a fog comes out.

Napunta ang tingin sa akin ni Aqua na parang may mali akong sinabi. Kumunot ang noo ko sa reaksyon niya.

"What do you mean... we?"

I looked at her, dumbfounded.

She touched my shoulder, as if trying to cheer me up. "I'm only here to make sure that you won't die, okay? Hindi kita tutulungan mag-survive."

Napaawang ang bibig ko sa sinabi niya. As if she just told someone who's been shot by a gun to stop dying.

Hindi nakatulong ang sinabi niya!

"Well then, goodl uck Scarlet!" Aqua smiled, raising her thumb. "Darating ako kapag hindi mo na talaga kaya."

Hindi ako nito hinintay na makasagot nang bigla na siyang kumaripas ng takbo sa nagniniyebeng daanan. Hindi ko siyang nagawang habulin dahil ni hindi man lang ako makagalaw sa pwesto ko sa sobrang lamig.

Sa pangalawang pagkakataon, literal na humampas ang malamig na hangin nang hindi ko na makita pa si Aqua at naiwan ako nang tuluyan.

Bwisit!

Naramdaman ko ang pagbabago ng mga mata ko at unti-unting umapoy ang katawan ko. Kahit pa paano ay nakaramdam ako ng init sa katawan ko sa kabila ng nagyeyelong lugar na 'to.

Sigurado akong mabilis mauubos ang lakas ko kapag ginawa ko ito pero wala akong ibang choice. Dapat mahanap ako ng matutuluyan ko rito sa loob ng tatlong araw.

Ilang minuto pa lang ako naglalakad dito sa gitna ng nagniniyebeng lugar at wala akong matanaw na kahit ano. Walang kahit anong puno ang nagagawang mabuhay sa malamig na lugar na ito kaya sigurado akong mahihirapan akong makahanap ng matutuluyan.

Napaismid ako habang naniningkit ang mga mata, nahihirapan na imulat 'to nang maayos.

If I can't find a shelter, then I'll make one.

Naghanap ako ng lugar kung saan hindi basta-basta makikita. Sa maraming bato-bato. Mahirap na at baka maging hapunan ako ng mga kung anong nandito.

Using my bare hands, I made an igloo by myself. Halos maiyak ako sa sobrang hapdi ng mga kamay ko. Hindi ko pwedeng gamitin ang gift ko dahil matutunaw ang yelo.

Ilang oras din ang itinagal bago ako nakagawa ng isang igloo na sapat lang para sa akin. Agad kong ginamit ang gift ko upang gamutin ang nagdurugo kong mga kamay. I kept shivering and my hands are still numb. But still, the important this is that I already have a place to stay.

Sapat na ito para may matuluyan ako. Kahit pa paano ay hindi ako masyadong lalamigin.

Now all I need to do is to find food. First is water, kung gusto ko ng tubig na hindi ko ikamamatay ay ang best choice ko ay ang mga yelo rito. Hindi ako pwedeng uminom ng tubig sa dagat.

It's safe to drink sea ice because when seawater freezes to form sea ice, the salt is squeezed out and moves down into the water.

Ang problema lang ay kung paano ko iyon tutunawin. Hindi pwedeng gift ko lang ang gagamitin ko dahil mamatay na 'ko't lahat-lahat at hindi pa rin ako nakaiinom.

Walang kahoy rito na magsisilbing panggatong ko. Kailangan ko ng bagay na magsisilbing pamalit ko sa kahoy.

Napaismid ako sa inis nang wala akong maisip na kahit ano. Sa ngayon ay kukuha muna ako ng mga bato sa pangpang.

I felt my eyes changed and I changed my arms into wings. Agad akong lumipad sa itaas at hinanap ang pangpang.

Habang lumilipad ay hindi ko maiwasang lamigin pa lalo. Tangina talaga...

Nakikita ko na ang pangpang at napaismid ako nang makitang napupuno ito ng mga penguin. But at the same time, pumasok sa isip ko ang isang ideya. Mabuti na rin at nandito sila.

I hid my presence as I land not too close to them. Sunod-sunod silang nagsilangoy sa dagat at sa oras na bumalik sila ay may mga dala silang isda.

Alam kong nakakahiyang isipin na magagawa kong magnakaw ng isda sa isang hayop pero wala silang magagawa kung ayaw nilang sila mismo ang kainin ko.

Kinuha ko ang isang malaking oportunidad at sa oras na nakakita ako ng isang malaking isdang huli ay hindi ako nagdalawang isip na kunin ito.

Hindi ako nahirapang kunin ang isda dahil hindi hamak na mas malakas ako. Balak sanang kainin 'to ng penguin pero naunahan ko siya at nakuha ko ito.

It kept making penguin noises, as if it's cursing me with their language. Napangiwi akong lumayo sa kaniya.

No hard feelings, bird.

Nang makuha ko ang isda ay agad akong kumuha ng iilang bato at agad na umalis sa pangpang.

Muli akong bumalik sa igloo na ginawa ko at inayos ang mga batong kinuha ko. Tangina, nakakainis. Hindi ko alam kung paano ako makakakuha ng-

"Yow!" biglaang sambit ng isang babae.

Para akong aatakihin sa puso nang makita si Aqua na nakasilip sa loob ng igloo.

I gasped. "What the fuck?! Saan ka nanggaling?!"

Pagtawa ang isinagot sa akin ni Aqua bago maghagis ng iilang kahoy at mga sea weeds sa loob ng igloo. Madulas-dulas pa ang mga sea weeds na dinala niya.

Namimilog ang mga mata kong nakatingin sa mga dinala niya. "S-Saan mo nakuha 'to?" hindi makapaniwalang sambit ko.

Walang gana niyang iwinasiwas ang kamay niya. "Nah, that's not important. Naisip ko lang baka kailanganin mo."

Napanganga ako sa sinabi niya. I looked at her, dumbfounded.

Her face then lightened as she wave her hand. "Anyways, good luck ulit. Bye!"

Hindi na niya 'ko hinintay na makasagot at agad akong iniwan ni Aqua.

Ngunit hindi katulad ng ginawa ko no'ng una na hinayaan lang siya, ay agad akong lumabas ng igloo upang sundan siya.

Dapat kong malaman kung ano pinaggagawa niya at kung saan siya pumupunta.

Pagkalabas ko ng igloo ay walang bakas na nanggaling si Aqua rito. Napaismid na lang ako. Masyado siyang mabilis kumilos!

Nagbago ang mga mata ko. I changed my arms into wings and started flying. Naniningkit ang mga mata ko nang inilibot ko ang paningin ko. Wala akong makitang kahit anong gumagalaw sa gitna ng nagniniyebeng lugar na ito.

Dinala ako ng paglilipad ko sa pangpang at napaawang ang bibig ko sa nakita ko mula sa itaas.

Aqua is swimming in the ocean. Sa dagat kung saan kasama niyang lumulutang ang mga naglalakihang yelo at kasabay niyang lumalangoy ang iba't ibang klaseng naglalakihang isda.

I was lost for words, seeing how wide and deep the ocean is from above—she literally looks like an ant swimming.

I don't know if I'm looking at her full of amazement... or terror.

Aqua is really... a freaking monster.

Doon ko napag-isipan na swerte na 'kong si Zail ang hinilingan ko ng tulog. Kung hindi ay baka kasama ako ni Aqua na lumalangoy ngayon.

Dahil sa nakita ko ay napagpasyahan kong bumalik sa tinutuluyan ko at hayaan na lang kung anong trip ni Aqua. Basta ay maasahan ko siya kapag kailangan ko na talaga ng tulong.

Nang makabalik ako ay agad kong inayos ang mga kakailangin ko para maka-survive rito ng tatlong araw.

Sapat na sa akin ang isang malaking isda na nakuha ko kanina para hindi magutom ngayong araw. Pero kailangan ko ng gumawa ng sarili kong paraan para makakain ako bukas.

I'll need to hunt tomorrow for my food. I'll make sure to survive here in 3 days.

Hindi ako laging aasa kay Aqua at gagawa ako ng sarili kong paraan para mabuhay rito.

I'll finish this training and get stronger.

48. Awakening

Kinabukasan ay hinanda ko ang mga kakailanganin ko para sa pagkuha ng pagkain.

Kahit umaga na ay walang pinagbago ang lamig dito. Tangina talaga ni Zail, bakit pa kasi rito pa sa south pole niya pa 'ko naisipang dalhin. And for pete's sake, kaya niyang magteleport ng ganito kalayo?!

Lumabas ako ng igloo at nagsimulang maglibot. Hindi katulad ng north pole ay kakaunti lamang ang klase ng mga hayop dito. At isa sa mga pinasasalamat ko ay walang mga polar bears.

My best choice to get food is fishing. Pero hindi ako basta-basta makakakuha ng isda rito.

Hindi ako katulad ni Aqua na lalangoy sa napakalamig na dagat. Sigurado akong iyon ang ikamamatay ko.

Napunta ang paglalakad ko sa pangpang at doon ko nakita ang mga ibon na kumukuha ng mga isda sa dagat.

They were using their claws to hunt in the air.

Tila natauhan ako sa nakita ko at nakaisip ako ng ideya. My face lightened in an instant, I plastered a smirk.

If I can't swim, then I'll fly.

I felt my eyes changed. I changed my arms into wings and legs into claws.

Kagaya ng ginagawa ng mga seabirds ay sumabay ako sa kanila kapag susulong sila sa tubig. Labis ang saya ko nang magawa kong makakuha ng isda.

Nagpatuloy ang panghuhuli ko at ilang isda rin ang mga nakuha ko. Sapat na ito para makakain ako buong araw. Kapag nagawa kong maka-survive hanggang bukas ay magagawa kong tapusin ang unang training ko kay Zail.

Dahil sa lamig dito ay madalas kong nagagamit ang gift ko. Lumipas ang araw at wala masyadong nangyari. Hindi rin nagpakita sa akin si Aqua buong araw.

????????

Maaga akong nagising kinabukasan at bumalik ako sa pangpang upang humuli ulit ng isda. Ngunit hindi ko inaasahan ang bumungad sa akin nang makarating ako sa pangpang.

Isang babaeng walang malay ang nasa batuhan. Hindi kaagad pinroseso ng utak ko ang nakita ko at naunang gumalaw ang katawan ko.

Agad kong nilapitan ang babae at tinignan kung humihinga pa ito. Laking tuwa ko nang may pulso pa siya at agad kong ginamit ang gift ko para painitin ang katawan niya.

Doon ko napansin na puro kaliskis ang katawan niya.

Kinurap ko ang mga mata ko at nang muli ko itong minulat ay wala na ang mga kaliskis. What the heck?

Namamalik mata lang ba 'ko?

Iniling ko na lang ang ulo ko at inalis ang pinag-iisip ko. Mas mahalaga ngayon ang lagay niya. Agad ko siyang dinala sa igloo para uminit ang katawan niya kahit pa paano.

Ang dami ng tanong sa isipan ko at dumagdag pa ang babaeng 'to.

Unang-una sa lahat ay saan siya nanggaling?! At paano niya nagawang maka-survive sa lugar na ito lalo na't galing siya sa sobrang lamig na dagat?!

Hindi kaya... si Aqua ang nakakita sa kaniya at niligtas siya? Tapos inilagay niya sa pangpang para ako ang mag-alaga?

Napahawak na lamang ako sa sintido ko nang wala na 'kong maisip na kahit ano pang paraan kung paano siya napunta rito.

Tsk, basta! Ang mahalaga ay buhay siya.

Ilang oras ang lumipas at hindi pa rin nagkakaroon ng malay ang babae. Kinakabahan na 'ko nang sobra dahil namumutla na ang kulay niya.

Mukhang mamamatay pa ata 'to...

Agad akong lumabas ng igloo at gamit ang lahat ng makakaya ko ay malakas akong sumigaw.

"Aqua!" I shouted.

Naghintay ako ng ilang minuto para hintayin si Aqua pero hindi ito dumating.

Akala ko ba darating siya kapag kaylangan ko ng tulong?

Fuck! Bwisit!

Muli akong bumalik ng igloo at nanlumo na lamang ako nang makitang mamamatay na ang apoy na ginawa ko. Nalintikan na, wala ng kahoy.

Kasabay n'on ay ang pagbigat ng hininga ng babaeng tinulungan ko. Shit!

Mabilis akong nataranta. Hindi ako nagdalawang isip at ginamit ko ang gift ko. Ako ang nagsilbing apoy niya para painitin siya.

Pero walang nagbago sa lagay niya. She needs a warm place and a freaking doctor.

Sinubukan kong pagaanin ang kalagayan niya pero wala akong kaalaman sa panggagamot. Tanging pagsara lamang ng sugat ang alam ko. Bwisit talaga.

Okay na sana 'tong training na 'to dahil nagawa kong maka-survive hanggang ngayon. Bakit ba naman kasi rito pa napadpad ang babaeng 'to?

Napaismid ako sa sarili ko. Gustong-gusto kong matapos ang training na ito.

Pwede kong hayaan lamang ang babaeng mamatay kung gugustuhin ko. Wala namang bago roon...

Pero heto ako ngayon at namomroblema kung paano ko maiiligtas ang buhay niya. Ni hindi ko nga man lang siya kilala.

I guess this is what they call a character development huh?

Napaismid na lang ulit ako. Kasunod n'on ay ang unti-unti kong pagkaramdam ng init sa katawan ko.

Nagsimula akong pawisan, na sinabayan ng mabigat at mabilis na pagtibok ng puso ko.

Muli kong naramdaman ang pagbabago ng mga mata ko. Pero hindi tulad ng nakasanayan ay literal na naramdaman kong umaapoy ang mga mata ko.

Mariin akong napakagat sa ibabang labi at mariin na napapikit.

Agad akong napahawak sa nagniniyebeng lupa nang sumakit ito. Kasunod n'on ay ang pagkarinig ko ng kung ano sa labas.

Agad na kumunot ang noo ko nang makarinig ako ng mga tunog ng naghahampasang dahon sa labas ng igloo. Mabilis akong napamulat.

Kunot noo akong lumabas ng igloo at nabigla ako nang makita si Zail at si Aqua na nakatulala. Pareho silang nakatalikod sa akin at nakatungtong sa mga naglalakihang bato na nakapalibot sa igloo.

Naguguluhan akong napalingon at napatingin sa tinitignan nila at hindi ko rin maiwasang mapanganga sa nakikita ko.

"T-This is fucking impossible," hindi makapaniwalang sambit ni Aqua.

Hindi nakasagot si Zail sa sinabi nito at nanatili itong nakatingin sa paligid. Katulad niya ay hindi ko rin mapigilang hindi makapaniwala.

Unti-unting namilog ang mga mata ko, at parang huminto sa paggalaw ang oras sa eksaktong oras na 'to. Kinusot ko ang mga mata ko upang malaman kung nananaginip lang ba 'ko o namamalikmata.

Pero nang muli kong imulat ang mga mata ko ay walang nagbago sa tanawin. Totoo ang mga nakikita ko.

"H-Hey, what the fuck?!" pag-uulit ni Aqua. Hindi pa rin ito naniniwalang totoo ang mga nakikita niya.

"Y-You're freaking kidding me! Paano niya nagawa ito? The last time this happened was million years ago!"

"The scientist discovered a 260 million fossil forest! Imposibleng magagawa niyang buhayin ulit 'yon!"

Boses lang ni Aqua ang naririnig namin.

Hindi ko siya masisisi dahil kapwa niya ay hindi rin ako makapaniwala. Lalo na't wala pang buhay ang nagagawang saksihan itong nakikita namin.

"But you can see it too... right?" Nanatiling nakatingin si Zail sa tanawin.

"This... is real."

South pole. A place where there are only snow and ice. A place where no living human can live in.

A place where there are no other natural significant features, no mountains sticking through ice, and no solid ground.

Is now full with huge trees that died million years ago.

49. Progress

Pare-parehong nakaawang ang mga bibig namin sa nakikita. Ang puting lugar na napalilibutan ng puti at mga yelo ilang segundo pa lang ang nakalilipas—ay napalilibutan na ngayon ng mga puno.

Did I... do this?

"Zail, kapag humingi ka sa akin ng tulong ay siguraduhin mo namang sinasali niyo 'ko sa usapan," biglaang sambit ng isang babae.

Natauhan kami nina Zail nang magsalita sa likod namin ang babaeng tinulungan ko. Walang gana niyang kinukusot ang mga mata niya na para bang bagong gising lang.

Wait... what?! Akala ko ba ay nanghihina na siya?!

"O-Oh, sorry. I forgot about you, puma," sagot ni Zail nang matauhan ito.

Nakasimangot na nakatingin sa amin ang babaeng tinulungan ko at tinawag ni Zail na puma.

Pero agad na nagbago ang ekspresyon niya nang makita ang pagbabago ng tanawin.

Her forehead furrowed. "Wait, what? Tineleport mo ba kami?" nagtatakang aniya.

Aqua sighed. "We're still in south pole, Kyera."

There was a sudden silence. Puma—or Kyera just stood, dumbfounded. Kaunting nakaawang ang bibig niya habang pinoproseso pa ang narinig.

Slowly, her eyes widened and her mouth fell open.

"W-WHAT THE FUCK?!"

Hindi nakaimik ang dalawang kasama namin sa reaksyon niya dahil gano'n din ang naging reaksyon namin kani-kanina lang.

Malalim nang huminga si Zail habang napapailing. "Tsk, anyways, I'll call Helena. Sa kaniya ko na ipapayos ito. Mahirap na baka may makakita pa," pag-iiba niya.

Mabilis niyang nakuha ang atensyon ko. Kumunot ang noo ko sa sinabi niya. "Wait! Naguguluhan ako. What did just happened? And itong babaeng 'to? Kilala niyo siya?" sunod-sunod na tanong ko.

Zail glanced at me with his tired ang lazy eyes, as if he's getting tired to handle all of this at once. "Sa una mong tanong, wala rin akong alam diyan. And yes, we know her. She's from our Academy, at humingi ako ng tulong sa kaniya. You know, to make your training interesting," walang gana niyang sagot.

My eyebrows rose and my jaw dropped. Namomroblema ako kanina kung paano ililigtas ang babaeng ito, tapos kasama lang pala sa training?!

"Oh, so this is the girl huh?" Sumali sa usapan si Kyera na naglakad papalapit sa akin. She glanced at me with a smirk on her face. "Thank you for saving me, though hindi naman talaga ako mamatay,"

natatawang aniya.

Hindi ko nagawang matawa sa sinabi niya dahil halo-halo na ang nararamdaman ko ngayon. Hindi ko alam kung ano ang uunahin kong isipin.

Iyong training ba? Kung bakit sila nandito? O ang biglaang pagsulpot ng mga punong 'to?

Muli kong narinig ang pagbuntong-hininga ni Zail. "Okay! Let's go back," biglaang aniya.

Kusang umangat ang dalawang kilay ko. "W-Wait! How about my training?!" tanong ko.

He looked at me with his tired eyes—lips slowly carving a smile.

"Congrats. You made it in the first training. You did a great job."

????????

Sabay-sabay kaming tineleport ni Zail pabalik sa Rosa town at hindi namin pinag-usapan ang nangyari sa south pole.

Sinabi sa akin ni Zail ay huwag ko munang babanggitin iyon sa iba at sinunod ko ang sinabi niya.

Pagkabalik ay natagpuan ko na lamang ang sarili kong dumeretso sa kwarto ko at natulog. Ni hindi man lang ako kumain o nakipagkumustahan sa mga kasama ko at natulog ako kaagad.

Parang sobrang tagal kong hindi nakahiga sa kama. Sobrang sarap sa pakiramdam na hindi ako namomroblema sa lamig. The soft bed and pillows really took all of my body pain away. Agad akong nakatulog nang mahabang oras.

Kinabukasan ay bumalik na sa Nocturne Academy si Kyera at agad kaming bumalik sa pagte-training ni Zail. Muli kaming bumalik sa una naming pinuntahan no'ng training. Ang lugar kung saan may matarik na bangin. Hindi na sa amin sumama si Aqua.

Kagaya nang unang pagsubok sa akin ni Zail ay gano'n rin ang ginawa ko ngayon. I need to use my gift for 3 hours.

Habang nagte-training ako ay humiga sa ilalim ng puno si Zail at pumikit. "Wake me up when it's already time," walang ganang aniya.

Tanging pag-ismid ang naging reaksyon ko sa sinabi niya. I felt my eyes changed. I changed my arms into wings and flew above the cliff.

Hindi katulad nang nauna ay nagagawa ko ng lumipad ng paikot-ikot ngayon sa taas ng bangin. Dahil dito ay mas nagawa kong pagmasdan ng mabuti ang tanawin.

Kumpara sa naunang beses na ginawa ko 'to ay mas malaya akong nakalilipad ngayon. I didn't even thought about draining my energy and strength—I just continued flying.

To the point that I didn't even noticed the time...

"Freak! Go down!" Rinig kong sambit ni Zail.

Natauhan na lang ako nang tawagin niya 'ko at pababain. "What the heck are you doing?! I told you to wake me up!" giit niya.

Kumunot ang noo ko sa sinabi niya. "But-"

"I've been asleep for five hours!"

Umangat ang dalawang kilay ko at napaawang ang bibig ko sa sinabi niya.

Five hours?! Ni hindi ko man lang napansin na lumipas na pala ang limang oras!

Hindi man lang ako nakaramdam ng pagod sa paglilipad at paggamit ng gift ko.

Zail hissed, followed by a teasing look. "Oh, looks like you can use your gift freely now." He smirked.

Naramdaman ko ang labis na pagkatuwa sa sinabi niya. Hindi kaagad ako nakasagot dahil sa halo-halong saya at pagka-excite.

Hindi ako makapaniwala na kaya ko ng gamitin ang gift ko nang matagal ngayon. It's all thanks to him and Aqua.

"Okay, let's go," biglaang sambit ni Zail. Pinagpagan niya ang sarili niya dahil sa tagal niyang pagtulog.

"Ano na ang susunod na gagawin ko?" tanong ko.

Imbis na sagutin ako ay kumurba ang labi niya kasabay ng paghawak niya sa balikat ko. Nabigla ako nang bumalik kami sa Rosa town sa isang iglap.

Nagtataka akong napatingin sa paligid. Bakit kami bumalik dito?

Hindi ko pa nagagawang magtanong ay bigla na lamang may mga gamit na napunta sa harapan ni Zail. Rinig ko ang pagtama ng mga bakal sa lupa at ang kaunting pag-usok nang bumagsak ito.

Zail just teleported some chains and collars.

Walang kahirap-hirap niyang kinuha ang isa at ipinakita sa akin.

"Wear this for a week."

Tumingin ako rito na para bang may mali sa sinabi niya. "What the hell? Am I slave or something?" giit ko.

Bakit ko naman susuotin 'yang mga bakal na 'yan?

Napabuntong-hininga si Zail sa sinabi ko at sapilitang hinila ang kamay ko. Aangal pa dapat ako nang bigla niyang sinuot sa akin ang isang collar.

Tila naradamdaman ko ang pagbali ng kamay ko at agad akong bumagsak dahil sa bigat ng bakal sa kamay ko. Hinila ako ng pwersa pababa.

"Hey, you're overreacting. It's only 1.5 tons," kaswal na sambit ni Zail na mababa ang tingin sa akin.

Napaawang ang bibig ko at namimilog ang mga mata kong umangat sa kaniya.

What the fuck?! Only 1.5 tons?! For pete's sake, halos kasing bigat na 'yon ng sasakyan!

Muli akong nilagyan ni Zail sa kabilang kamay. Hindi pa rin ako nakagagalaw at mas lalo akong napabagsak sa lupa. As if a huge creature is pinning both of my arms down.

"Masasanay ka rin. Bukas ikaw na mismo ang maglagay sa magkabilang paa mo. Tapos sa susunod na araw ay sa leeg mo naman," muling sambit ni Zail.

Nakangiti siyang kumaway sa akin habang naglalakad papalayo. He didn't even helped me get up.

"Bye! See you in a week!" He showed me a teasing smile before disappearing in a snap.

Naiwan ako rito sa daanan na nakadapa. Tangina, ni hindi ko man lang magawang itayo ang sarili ko dahil sa sobrang bigat ng mga nasa kamay ko.

Bago ko sinubukang tumayo ay ginamit ko muna ang gift ko upang ayusin ang mukhang nabali ko atang buto.

Pinilit kong itayo ang sarili ko pero nanatiling nakasalampak sa sahig ang mga kamay ko. Ni hindi ko man lang ito magawang hilahin.

Gamit ang buo kong lakas ay sinubukan kong galawin mga kamay ko at tumayo. Nagawa kong makatayo at pakiramdam ko ay mapuputol ang mga kamay ko sa sobrang bigat. Bwisit na Zail 'yon. Sadyang malaki talaga ang galit niya sa akin.

Kahit mahirap ay sinubukan kong maglakad. Daig ko pa ang pagong sa sobrang bagal ko. Pakiramdam ko ay kahit anong oras ay bibigay ang mga braso ko.

Hindi ko man lang mapunasan ang mukha ko sa walang tigil na pagpatak ng mga pawis.

This training sure feels like hell. But I'm going to make sure that all Zail's hard work in training me will pay off. He's having fun teasing me, so I'll take all of his challenge and beat them all.

This training will not go into waste.

50. Outcome

Apat na araw na ang lumipas nang magsimula ang pangalawa kong training kay Zail. Unti-unti na 'kong nasasanay sa mga bakal na nasa kamay, paa, at leeg ko. Paano ba namang hindi eh maski pagtulog ko ay suot ko ito.

Papunta ako sa gym dito sa mansyon ni Helena. Hindi ibig sabihin na hindi ko kasama si Zail ay hihinto na 'ko sa pagkilos. Mula nang magsuot ako ng mga pampabigat ay pinilit ko ang sarili kong gumalaw-galaw.

"Oh? Applehead? Anong 'yang suot mo? New trend ba 'yan?" natatawang sambit ni Zeldrick nang madaanan ko siya sa pasilyo.

Napaismid ako sa sinabi niya at naramdaman ko ang pag-init ng ulo ko. Matalim ko siyang tinignan. Hindi ako sumagot, bagku ay lumapit ako sa kaniya at hindi ako nagdalawag isip na tapakan ang paa niya.

Napaawang ang bibig ni Zeldrick nang bumaon ang paa ko sa paa niya. Napasigaw sa sakit si gago.

"Pota, ang bigat!" halos maiyak na sambit ni Zeldrick.

Inirapan ko siya bago daanan. Serves you right, jerk.

Tanging si Zeldrick lamang ang madalas na nakikita ko rito mansyon. Hindi ko alam kung anong klaseng training ang ginagawa n'ong gagong 'yon.

Mula nang manggaling ako sa south pole ay hindi ko pa rin nakikita sina Law. Mukhang sa ibang lugar sila nag-training.

Nang makarating ako sa gym ay pumwesto ako sa harap ng punching bag at pinagsusuntok ito. Gagawin ko ang lahat para lumakas pa ako lalo. Sa susunod na pagkikita namin ni Law ay ibang-iba na kami mula sa huli naming pagkikita.

????????

It has been a week since my second training happened. Ngayon ang araw na muli kaming magkikita ni Zail. Lumabas ako ng mansyon at naabutan ko siyang hinihintay ako sa labas.

"Oh, you look great. Akala ko ay buong linggo ay nakahiga ka lang at hindi gumagalaw," pang-aasar na bungad niya sa akin.

Napasimid ako sa sinabi niya. Isang linggo kaming hindi nagkita tapos 'yon ang bungad niya sa akin.

"So, what should I do next? Dadagdagan mo ba ang bigat nito?" tanong ko.

Tawa ang sinagot ni Zail sa sinabi ko na kinunot ng noo ko. Sisimulan ko na dapat magreklamo nang biglang nawala siya sa harapan ko.

Naramdaman ko ang pagsulpot nito sa gilid ko kaya agad kong sinangga ang atake niya. Mariin akong napakagat sa ibabang labi at kaunti akong napaatras nang sinangga ko ang suntok niya gamit ang dalawang braso ko.

"Hindi ba obvious? Titignan natin kung nag-improve ka ba," nakangising sambit ni Zail.

Ismid ang sinagot ko rito bago ko maramdaman ang pagbabago ng mga mata ko. Muling nawala sa harapan ko si Zail kaya mabilis kong hinanda ang sarili ko at pinakiramdaman ang paligid.

Inilibot ko ang tingin ko at hindi ko siya mahanap. Natauhan na lang ako nang biglang dumilim sa itaas na para bang may humarang sa sinag ng araw.

Doon ko nakita si Zail na papunta sa akin mula sa itaas. Bigla na lamang siya nagkaroon ng matulis na bakal sa kamay at itinutok ito sa akin.

Imbis na iwasan ay sinalo ko ang atake ni Zail. Tumagos ang bakal na hawak niya sa balikat ko. Kinuha ko ang chansa nang ma-stuck ito at sinubukan kong atakihin si Zail pero mabilis itong nawala ulit.

"Hays, hindi mo pa rin ba 'ko mahabol?" pang-aasar sa akin ng kasama ko.

Tumalim ang tingin ko at napasimangot ako. Palipat-lipat ang tingin ko sa kaniya dahil palipat-lipat din siya ng posisyon na kinaismid ko.

I bit my lower lip when he stopped teleporting—far enough from me. I looked at him dead in the eye.

"Why not try removing the weights?" muling sambit niya. Kumurba ang labi niya sa isang ngisi nang isenyas niya sa akin ang mga suot-suot kong pampabigat.

Napaismid ako at sinunod ko ang sinabi niya at unti-unting tinanggal ang mga pampabigat sa akin. Dalawa sa kamay at paa, at isa sa leeg.

Tila nanibago ang katawan ko nang matanggal ito. I got used in using force to make any simple move. Hindi ako sanay na magaan ang katawan ko.

"Let's try again. Shall we?" muling sambit ni Zail.

Hindi pa 'ko nakaka-react sa sinabi niya nang bigla siyang nawala ulit sa harapan ko. Agad akong naging alerto.

Naramdaman ko ang paggalaw sa likod ko kaya agad akong kumilos. Nabigla ako nang naunang gumalaw ang katawan ko kesa sa isip ko.

And before I knew it, bago magawang makapag-teleport ni Zail sa likod ko ay sumakto ang sipa ko sa pagsulpot niya.

Nabigla si Zail sa nangyari at hindi kaagad naiwasan ang atake ko. Wala siyang nagawa kung hindi tanggapin ito.

Nang napaatras si Zail dahil sa impact ng sipa ko ay mabilis akong sumugod sa kaniya.

Sobrang gaan ng katawan ko ngayon at sobrang dali lang sa akin na gumalaw. Pero kahit nadadalian ako ay hindi nawawala ang mga pwersa sa atake ko.

I don't know why but I can't stop myself from smiling. This... it feels good!

Mabilis akong nakapunta sa harap ni Zail at sa unang pagkakataon, bago niya magawang makapag-

teleport ulit ay nagawa ko siyang sapakin.

Muntik ng matumba si Zail sa ginawa ko at napadura ito ng dugo.

"Dapat pala 0.5 ton lang ang pinasuot ko sa'yo. Tangina, ang bigat ng sapak mo," natatawang aniya habang pinupunasan ang dugo niya sa labi.

My eyebrows rose and my mouth fell open. Hindi ako makapaniwala sa nagawa ko. Napunta ang tingin ko sa mga kamay ko.

Nagawa kong pahintuin ang teleportation ni Zail... nagawa ko siyang atakihin.

Tanging pagtakbo lamang ang ginamit ko at hindi ko pa ginagamit ang gift ko. Yet, I manage to keep up with him.

"Looks like I've woken up a monster," nakangising sambit ni Zail.

I can see the look in his eyes... excitement, thrilled, and satisfied.

I'm filled with excitement and thrilled too.

Nagpatuloy ang training namin ni Zail. Minsan ay sumasama sa amin si Aqua para manood o tumulong.

And before we knew it, two weeks have passed. Tapos na ang tatlong linggong training namin at ito na ang araw na sasabihin sa amin ni Helena ang operation at plano.

"Thank you very much. Hindi ko alam kung paano ko masusuklian ang ginawa ninyo para sa akin," pagpapasalamat ko kina Zail at Aqua.

Nakaharang ako sa daanan nila at nakayuko sa kanila. I'm showing them my deepest respect and gratitude.

"No prob. Parang nakapag-training din naman ako," walang ganang sagot sa akin ni Zail.

"Tara na, baka nando'n na mga kasama mo," dagdag ni Aqua.

Dinaanan nila 'ko habang nanatili akong nakayuko. Kahit anong sabihin nila. Sobrang laki ang pasasalamat ko sa kanila.

Even if they said it's not a big deal—for me, it's more than enough.

Nang tuluyan na silang makadaan sa 'kin ay itinaas ko na ang ulo ko at agad na sumunod sa kanila.

Papunta kami sa office ni Helena kung saan kami huling nagsama-sama. Naunang pumasok sina Aqua at Zail sa loob.

Nang papasok na 'ko ay natigilan ako nang may nakasabay akong pumasok.

Nagkatinginan kami ni Law sa harap ng pintuan. Halos isang buwan din kaming hindi nagkita.

Ngayon nakita ko na ulit siya ay masasabi ko ng sobra-sobra ang nilakas ni Law mula no'ng huli naming pagkikita. His aura and presence feels different... it's the same one I felt when I first met Cleofa—or even

stronger.

Ang balita ko ay hindi lamang si Cleofa ang kasama niya mag-training kung hindi pati na rin si Eslin. Ang Guild's Master ng Coders.

"Long time no see, hood. Did you missed me?" nakangising sambit ni Law.

Naramdaman ko ang pag-init ng pisngi ko kaya agad akong umiwas ng tingin sa kaniya. "Shut the fuck up. Busy ako sa training, ni hindi ka nga man lang pumasok sa isip ko," sagot ko.

I heard him chuckled. "Aww that's bad. Lagi pa naman kitang nasa isip," aniya.

Nabigla ako sa sinabi niya at agad na napunta ang tingin ko sa kaniya. Anong ibig niyang sabihin?-

"I mean, sa'yo ko gustong unang i-test ang natutunan ko," natatawang dagdag niya.

Nawala ang kung anong nasa isip ko sa sinabi niya at napasimangot ako. "Lunatic," sambit ko bago pumasok sa loob.

He chuckled before following me. Sumalubong sa amin ang mga pamilyar na mukha na parang sobrang tagal naming hindi nakita.

Nang makumpleto kami sa loob ay agad din pumasok si Helena. Umupo ito sa pinakagitnang upuan at pare-pareho kaming pinagmasdan.

"Looks like you've gotten stronger huh?" She smirked—with a proud look on her face.

"Well then, let's start the operation plan."

•••

51. Operation

Lahat ng atensyon namin ay napunta kay Helena. May inalapag itong isang mapa sa lamesa. Pare-parehong napunta rito ang mga tingin namin.

"One week from now, we'll have our operation," panimula niya. "Bago ko sabihin ang plano, sasabihin ko muna ang pakay natin."

Tumayo siya mula sapagkakaupo at lumapit sa isang white board sa likod ng pwesto niya. Inikot niya 'to dahilan para makita namin ang nakadikit dito. Para akong binuhasan ng malamig na tubig nang makita ang letrato na nakadikit sa white board.

Mabilis namilog ang mga mata ko at bumigat ang pakiramdam ko.

That is-

"Griko L. Munar—alias 'Papa'," pagpapakilala ni Helena sa taong nasa letrato.

Hindi ako makagalaw sa pwesto ko. Litrato 'yon ni Papa... ang lalaking nagpadala sa akin dito.

Mariin akong napahawak sa ibabang suot ko sa ilalim ng lamesa. Pasimple akong napakagat sa ibabang labi.

"Suspect for child kidnapping. Kumikidnap siya ng mga batang gifteds at pinapalaki itong mga mamamatay tao," pagpapaliwanag ni Helena.

"Ginagamit niya ang mga gifteds na 'yon para lumalim ang koneksyon niya sa underground association," dagdag niya.

My expression became dull. Sunod-sunod nagsibagsakan ang mga pawis ko kahit hindi mainit sa kwarto. Hindi pumapasok sa isip ko ang mga sinasabi niya. Nararamdaman ko ang panginginig ng mga kamay ko.

"Pero wala pa ring sapat na impormasyon kung ano nga ba ang pinaplano ni Papa. Ang nakalap lang naming impormasyon ay ang magiging operation natin ngayon."

"One week from now, makikipagkita si Papa sa isa sa mga wanted criminal sa underground association. It's no other than alias Joker."

Muling lumapit sa amin si Helena at may binilugan ito sa mapa.

"Dito makikipagkita si Papa kay Joker. At dito rin natin sila ia-ambush."

Pare-parehong tumango ang mga kasama ko nang maintindihan ang sinabi niya.

Ngunit sa kabilang banda ay nanatili akong tulala. Nahihirapan akong huminga dahil sa bigat ng pakiramdam ko.

"Paano ang mga gifteds na kinuha ni Papa? Paano kapag sumagabal sila sa plano?" marahang tanong ni Eslin. Umangat ang tingin niya kay Helena.

"No need to hold back. They're already criminals anyways. Ang number one priority natin ay ang mahuli si Papa at si Joker," walang kaemo-emosyong sagot ni Helena.

Para akong binuhusan ng malamig na tubig sa narinig. Nanlumo ako sa sinabi niya.

Sina Liev—madadamay sila...

"P-Pero 'yon ang tinuro sa kanila ni Papa! Paano kung hindi naman nila 'yon ginusto?" sambit ko.

Pare-parehong napunta ang mga atensyon nila sa akin nang magsalita ako. I suddenly reacted without thinking twice.

Tila nagbago ang ekspresyon ni Helena nang humarap siya sa akin. I was taken aback, seeing the look on her eyes.

"Only loyal dogs will listen and stay with their master no matter what. Pero kahit ang aso ay may isip at nagkakoroon sila ng pag-iisip na kumilos mag-isa."

"Darating ang araw na magkakaisip ang mga batang kinuha ni Papa... at kapag mas pinili pa rin nilang sumunod kay Papa ay wala na silang ipinagkiba pa sa kaniya."

Helena's words stabbed me like they're knives. Hindi ako nakaimik sa sinabi niya. Inalis niya ang tingin niya sa akin at muling humarap sa mga kasama ko.

"That's all. Maghanda kayo para sa susunod na linggo."

Seryoso kaming tinignan ni Helena, puno ng awtoridad ang mga salitang binitawan niya. For the last time, I saw her glanced at me before leaving the room.

Naiwan akong naestatwa sa kinauupuan ko habang nagsimula na ring umalis sa silid ang mga kasama ko. Bumaba ang tingin ko at walang tigil sa panginginig ang mga kamay ko.

My mind became blank. Para bang naghalo-halo at nakabuhol-buhol ang mga salitang binitawan ni Helena sa utak ko.

Masyadong biglaan ang nangyari para maproseso kaagad ng utak ko. Sa parehong pagkakataon, ayoko 'tong tanggapin.

Hindi... pwede...

Hindi... pwede-

"Hood, are you okay?" marahang tanong ni Law.

Natauhan ako nang hawakan niya ang braso ko. Mabilis na nagtama ang mga mata namin nang umangat ang tingin ko sa kaniya.

When our eyes met—the thoughts in my mind became clear. Doon nag-sink in sa utak ko ang mga nangyari.

Napakagat ako sa ibabang labi at inalis ko ang pagkahahawak ni Law sa akin. He was taken aback by my reaction. Pero hindi na niya nagawang makapagsalita pa nang agad akong tumayo at lumabas ng

silid. Dere-deretso akong smunod kay Helena ng hindi nagsasalita.

Sumalubong kaagad sa akin ang madilim na pasilyo na naliliwanagan lang ng silaw ng buwan. Mabilis akong tumakbo sa mahabang pasilyo.

Dinala ako ng mga paa ko sa likod ng mansyon ni Helena. Naabutan ko siyang nakatayo sa labas at nakatalikod sa akin—nakaharap sa isang malaking puno sa likod ng mansyon niya. Para bang hinihintay niya akong dumating.

"May tanong ka pa ba tungkol sa misyon ngayon, Scarlet?" sarkastikong aniya.

Napaismid ako sa narinig at magkasalubong ang kilay ko nang tignan siya. "Alam mo hindi ba? Alam mong isa ako sa mga batang kinuha ni Papa!" giit ko.

Walang kaemo-emosyong humarap sa akin ang batang kaharap ko. Our eyes met. Her blue eyes are shining under the moonlight, together with her golden blonde hair.

"At ano naman kung alam ko?" balik niya sa akin.

"What are you going to do?" dagdag niya.

Hindi kaagad ako nakasagot sa sinabi niya. Unti-unting humigpit ang pagkasasara ng kamao ko at napakagat ako sa ibabang labi ko, sa puntong nagsisimula na itong magdugo.

"Kagaya ng sinabi ko sa'yo kanina, Scarlet. May sariling isip ka na. Alam kong alam mo ang totoong kulay ng lalaking itinuring niyong ama," walang kaemo-emosyong sambit ni Helena.

"Alam kong hindi ka gano'n katanga para manatiling sunod-sunuran ni Papa."

Nanatili akong tahimik sa kinatatayuan ko at napayuko. Hindi ko magawang makasagot na para bang natuyo ang lalamunan ko. Tila sunod-sunod pumapasok ang mga pagdadalawang isip sa utak ko.

"But if you want,"

"You're free to go."

I was taken aback by what she said. Agad na umangat ulit ang tingin ko at nagtama ang mga mata namin. Walang kabuhay-buhay ang mga mata niyang nakatingin sa akin.

"Go and tell your boss about our operation..."

"Leave and betray your friends. That's what's your plan in the first place. Right?"

Natigilan ako sa sinabi niya. Sunod-sunod kong naalala ang mga pinagsamahan namin ng mga myembro ng guild. Halos dalawang buwan pa lamang kami nagsasama-sama pero hindi ko inaasahan na ganito kalalim ang magiging pwesto nila sa puso ko.

Itinatak ko sa utak ko umpisa pa lang. Hindi dapat ako malapit sa kanila. Dahil hindi naman iyon ang dahilan kung bakit nandito ako... darating ang araw na tatraydurin ko rin sila.

Pero bakit ganito ang nararamdaman ko ngayon?

Iniisip ko pa lang ang gagawin ko... sobra na 'kong nasasaktan.

I can't imagine their reactions if they found out that I betrayed them...

His reaction...

Law's reaction...

"Let me ask you, Scarlet."

Nanatiling magkatama ang mga tingin namin ni Helena nang humapas ang hangin na sinabayan ng dilaw niyang buhok at pula na akin.

"Am I really the enemy here?"

Nagkaroon ng sandaling katahimikan, ang tunog lang ng paghampasan ng mga puno ang nagsilbing ingay.

Hindi ko magawang makasagot sa sinabi niya. Kahit hindi ko maibigkas ang mga salita ay alam ko ang sagot sa tanong niya.

Helena is not my enemy...

Papa is...

"Make your choice. Right here, right now."

"Are we really going to be enemies? Or you will join us?"

Napako ang tingin ko sa kaniya nang iangat niya ang kamay niya at ilahad niya ito sa akin.

"Once again... like the first time we've met... I'm asking you again." She gave me comforting—soft smile.

"Be my student Scarlet. I won't let anything happen to you. Nor to those who you care for."

Halo-halo ang mga nararamdaman ko ngayon. Hindi ko namalayan na tumutulo na pala ang mga luha ko.

Not because I'm sad...

It's because I'm so freaking happy.

I don't deserve such kind words. Specially from someone who I tried to kill.

Pinunasan ko ang sunod-sunod na pagtulo ng luha ko. Hindi ko na alam ang gagawin ko.

If I don't do my job, my family will suffer the consequences.

But can I do that?

Betray my guild?

Leave my first partner?

And kill the person who accepted me after all the things I've done?

"H-Helena..." Sa kabila ng mga pag-aalinlangan ko, nagawa kong magsalita.

Is this really... the right decision?

Unti-unti akong lumapit kay Helena upang hawakan ang kamay niya. Kasabay ng paglapit ko ay ang dahan-dahan na pagkuha ko sa pocket knife sa ilalim ng skirt ko.

Walang tigil ang pagtulo ng luha ko nang makalapit ako sa kaniya at ang pagtutok ko sa kaniya ng patalim.

Hindi inaasahan ni Helena ang ginawa ko. Unti-unting tumulo ang mga dugo.

"I'm sorry... this is my choice," naiiyak na sambit ko.

52. Betrayal

Hindi makapaniwala si Helena sa ginawa ko. Kitang-kita sa mga mata niya ang kaba at pagkabigla.

"W-What are you doing?" naguguluhang sambit niya.

Nakatutok sa kaniya ang patalim ngunit hindi ito sa kaniya nakaturok. Bagkus ay walang tigil ang pagdugo ng kamay ko nang harangan ko ang patalim bago ito tumama kay Helena.

"I-I said, what are you doing Scarlet-"

Wala pa ring tigil ang pagtulo ng mga luha ko nang hugutin ko ang patalim sa kamay ko. Hinawakan ko ang kamay ni Helena at inalagay rito ang patalim.

"He's always watching me," mahinang sambit ko.

Sa kabila ng pagtulo ng mga luha ko ay nagawa kong ngumiti. Muling nagtama ang mga tingin namin ni Helena, at sa huling pagkakataon, naging tapat at totoo ako sa kaniya.

"Thank you for your offer... but maybe next time, Principal."

Bago magawang makasagot si Helena ay naramdaman ko ang pagbabago ng mga mata ko. I immediately changed my arms into wings and started flying.

Agad akong lumipad pataas ng hindi lumilingon. Mabilis akong umalis sa mansyon ni Helena at sa Rosa town.

I'll end this all by myself... ako ang tatapos kay Papa.

Habang lumilipad ay hindi pa rin humihinto ang pagtulo ng mga luha ko. Hindi mawala sa isip ko ang mga salitang binitawan ni Helena.

Kung hindi lang siguro ako lumaking isang mamamatay tao... kung napunta lang ako sa normal na pamilya.

If only I hadn't been S03.

Maybe I'm officially a Grim Reaper now and a student of Helena.

????????

Ilang oras ang tumagal bago ko natanaw ang base. Hindi man lang ako nakaramdam ng pagod sa paggamit ko ng gift nang matagal.

Hindi ko mapigilang ngumisi. It's all thanks to Zail.

Cinancel ko ang gift ko nang matagpuan ko ang sarili ko sa harapan ng base. Tila bumigat ang paghinga ko nang pumasok ako rito.

Agad akong nagtaka nang walang mga batang sumalubong sa akin. Maski sina Liev o ang mga one digit codes ay hindi ko rin makita.

It's quiet... too quiet.

Dinala ako ng mga paa ko sa tapat ng pintuan ng isang silid. Ang silid na ipinagbabawal na papuntahan sa amin ni Papa.

Umangat ang tingin ko rito, sa hindi malamang dahilan—kinakabahan ako. Dahan-dahan kong binuksan ang pinto at bumungad sa akin ang isang malaking silid na walang kalaman-laman. Sobrang dilim ng paligid at tanging liwanag lang ng buwan ang nagsisilbing ilaw ko.

"Oh! Welcome home, my child!" Rinig kong sambit ng isang pamilyar na boses.

Unti-unting nagbukas ang mga ilaw at sumalubong sa akin ang mga kagamitan na hindi ko pa nakikita noon. This place looks like a laboratory.Bumungad na rin sa akin ang lalaking kinamumuhian ko sa itaas ng isang etablado sa gitna ng silid.

Nakangiti si Papa nang magsalita pero agad itong naglaho nang makita ako.

"Eh? Nasaan na 'yong ulo ni Helena?" tanong niya.

Napaismid ako sa bungad sa sambit nito sa akin. "Hindi ka man lang ba masaya na buhay pa 'kong nakabalik?" sarkastikong sagot ko.

Sumimangot sa sinabi ko si Papa at inalis nito ang tingin niya sa akin na para bang hindi na niya 'ko nakikita.

"Nasaan sina Liev? Ang mga bata?" tanong ko.

Hindi kaagad ako sinagot ni Papa. Mayroon itong ginagawa na kung ano sa taas ng entablado. As if he's experimenting or something like that.

"Bakit mo naitanong? Hindi mo naman nagawa ang kasunduan—walang aalis," matigas na sagot niya.

Humigpit ang pagkasasara ng kamao ko. Naramdaman ko ang pagbabago ng mga mata ko sa sinabi nito.

"Hindi mangyayari 'yon kung papatayin kita," walang kaemo-emosyong sambit ko.

Nagkaroon ng sandaling katahimikan nang tapunan niya 'ko ng tingin. Isang tawa ang sinagot sa akin ni Papa. He doesn't look bothered at all after seeing me change my eyes.

"Tinuruan ba kitang sagutin ako ng ganiyan, S03?" natatawang aniya. Muling napunta ang tingin niya sa ginagawa niya.

"Porke natuto ka lang nang kaunti ay nakalimutan mo na ang pinanggalingan mo?" sarkastikong dagdag niya.

Napalunok ako nang malalim sa sinabi niya at mas lalong humigpit ang pagkasasara ng kamao ko.

"Sabihin mo kung nasaan sila. At hindi ko patatagalin ang pagpatay sa'yo."

Napunta ang tingin ni Papa sa akin. Tila nagbago ang ekspresyon niya nang magtama ang mga mata namin. His cold gaze met mine as he look down on me.

"Ano ba ang sinabi sa'yo ni Helena? Bakit ganiyan ka magsalita sa akin?"

Nilakasan ko ang loob kong humakbang. "Hindi mo na ko mauuto sa mga mabubulaklak mong salita. Sabihin mo na kung nasaan sina Liev," giit ko.

Kaswal na pinagpag ni Papa ang mga kamay niya bago bumaba sa entablo at unti-unting lumapit sa akin. Humakbang ako paatras at nagsimulang umapoy ang katawan ko.

"Subukan mong lumapit sa akin. Ubos ang buhay mo," mariin na sambit ko.

Natigilan si Papa sa biglaang pag-apoy ng katawan ko. Tinignan niya 'ko ng puno ng paghanga.

But he's not looking me like a proud father seeing his child master her gift. Rather, a psychotic scientist, seeing his experiment was a success.

"Napakaganda talaga ng gift mo Scarlet," sambit nito habang pinagmamasdan ang pagbabago ng anyo ko.

"Sayang nga lang... hindi ko ito lubusan na nagamit."

Muling nagbago ang ekspresyon ni Papa na agad na kinaalerto ko. Muli sana akong aatras pero hindi ko inaasahan ang sumunod na nangyari. Nakaramdam ako ng pagturok ng karayom sa leeg ko.

Napasinghap ako nang parang kinagat ng langgam ang leeg ko. Mabilis ko itong hinawakan at napangiwi ako.

Nanlumo na lang ako nang unti-unting nawala ang pag-apoy ng katawan ko at bumalik sa rati ang mga mata ko.

Hindi ko... magamit ang gift ko.

Mabilis na napunta ang tingin ko sa taong gumawa n'on sa akin. Agad akong napalingon at napaatras.

Para akong binuhusan ng malamig na tubig nang makilala ko ang lalaking tumurok ng karayom sa akin. Namimilog ang mga mata ko nang magtama ang mga tingin namin.

"S-Sir... Cael."

Isang ngiti ang ipinakita sa akin ni Sir Cael bago niya 'ko daanan at umakyat sa entablado kasama si Papa. Para bang hangin lang ako na kasama nila sa kwarto.

"P-Paanong- b-bakit?" naguguluhang sambit ko.

Hindi ako makapaniwala sa nakikita ko. Hindi pa napoproseso ng utak ko ang nangyayari.

Anong... ginagawa rito ni Sir Cael? Hindi ba dapat... ay kasama niya si Helena para sa pagplano sa operation?

"Oh, don't worry Scarlet. Apat na oras lang ang talab ng gamot na 'yan. Tuturukan na lang ulit kita mamaya," nakangiting sambit ni Sir Cael. He has an innocent smile like he usually has...

Nanlumo ako sa sinabi niya. Tuluyang nanghina ang katawan ko.

"B-Bakit? A-Anong ginagawa mo rito? S-Si Papa... siya ang huhulihin natin," muling ani ko. Nangungusap akong tumingin sa kaniya.

"Dapat ay nanatili ka na lang sa mansyon ni Helena at hinintay ang operation. Masyado kang nagmamadaling mamatay," walang ganang sambit ni Sir Cael. Sinamahan niya si Papa sa pag-asikaso ng ginagawa niya.

My eyes slowly widened, dumbfounded and confused. Natigilan ako sa sinabi niya.

Anong... ibig niyang sabihin?

"Ako ang nagbigay ng impormasyon tungkol kay Griko. Hindi totoong magkikita sila ni Joker. Busy kayang tao 'yon," natatawang muling sambit ni Sir Cael.

Unti-unting napaawang ang bibig ko sa sinabi niya. "B-Bakit? Bakit magkasama kayo? Bakit mo... tinraydor si Helena?" halos maiyak na sambit ko.

"Oh, come on. Wala akong galit kay Helena, okay? To be honest, naging mabuti siya sa akin," nakangiting sagot ni Sir Cael.

"But having her around is a huge pain in the ass. Hindi namin maisasatupad ang plano kung nandyan siya."

Kumunot ang noo ko sa sinabi niya.

Naguguluhan ako....

Hindi ko maintindihan ang gusto niyang iparating.

"Kaya kami magkasama ni Griko—or should I say Papa, is because we have the same goal."

Humarap sa akin si Sir Cael. He still has the innocent and soft smile he had.

"To destroy the Portugals'."

53. An ally

Hindi ako nakaimik sa sinabi ni Sir Cael. Hindi kaagad pinroseso ng utak ko ang mga salitang binitawan niya. Parang bumagal ang pagtakbo ng oras at may may matinis na tunog ang dumaan sa tenga ko dahilan ng pagkabingi ko ng ilang segundo.

Des...troy?

"That's why we need to dispose Helena. I already told you didn't I? Helena is the guardian of the Portugals'," nakangiting dagdag ni Sir Cael.

Wala akong reaksyon na mapakita—hindi ko alam ang mararamdaman ko. Hindi ko magawang makapaniwala sa mga salitang lumalabas sa bibig niya.

"B-But you're also a portugal, right?!" naguguluhang sambit ko.

Hindi ko lubos maisip kung bakit gustong gawin 'yon ni Sir Cael!

He smirked. "Yes... pero sa pangalan lang," sagot niya. "We don't have the same blood flowing in our veins—I'm adopted."

Natigilan ako sa sinabi niya. Dumudugo na ang palad ko sa higpit ng pagkasasara ng kamao ko.

That's... not a fucking acceptable reason!

Balak ko pa sanang magsalita nang biglang humarap sa akin si Papa, may hawak na baril at nakatatok sa akin. "Come on, Scarlet. Abala ka eh. May ginagawa pa kami," aniya.

Tumalim ang tingin ko rito. Kahit hindi ko nagagamit ang gift ko ay hindi ko magagawang matakot sa kaniya.

"Sa tingin mo ba sa kabila ng training ko ay hindi ko kayang iwasan 'yan? Mas mabilis pa 'ko sa bala," taas noong sagot ko.

Imbis na mabahala ay kumurba ang isang ngisi sa labi ni Papa. Imbis na itutok sa akin ang baril ay itinutok niya 'to sa isang monitor sa loob ng silid.

Tila nanlumo ako nang makita kung sino ang mga nandoon. Sama-sama sina Viola at ang iba na nakaupo sa isang silid na para bang walang alam na sa mga nangyayari.

"Susunod ka... hindi ba, Scarlet?"

Naestatwa ako sa kintatayuan ko. Hindi ko nagawang makasagot sa sinabi ni Papa.

Natauhan na lang ako nang makaramdam ako ng malamig na bakal sa dalawang pulso ko. Napalingon ako sa lalaking naglagay ng posas sa akin. Hindi ko magawang makapaniwala nang makilala ko siya.

Isa siya sa mga nakilala ko sa event. Isang estudyante rin ng Lunar Academy...

"R-Ronan?" hindi makapaniwalang sambit ko.

Isang ngisi ang pinakita niya sa akin bago tuluyang posasan ang dalawa kong kamay.

"Magpahinga ka muna, anak. Marami pang gagawin si Papa," nakangiting sambit sa akin ni Papa.

Hindi ko pa nagagawang makasagot dito nang hilahin na 'ko paalis ni Ronan. Ang nakakurbang ngisi ni Papa ang huli kong nakita bago ako tuluyang hilahin palabas. Inilibas ako ni Ronan sa silid at hinila sa pasilyo.

Napaismid ako at pilit na inaalis ang pagkahahawak niya sa akin. Pilit ko siyang nililingon mula sa gilid ko.

"What the fuck are you doing?! Wala kang utang na loob kay Helena!" giit ko sa lalaking kasama ko. Hindi ako makapaniwala na nagawa niyang traydurin si Helena.

Natawa si Ronan sa sinabi ko. "Si Sir Cael ang nagdala sa akin sa Academy. Lahat kaming mga myembro ng Graven Guild ay nasa kaniya lang ang katapatan."

"Anong pakielam ko sa Principal?" nakangising sagot niya.

Nandilim ang paningin ko sa sinabi niya. Balak ko na sanang maglaban nang tuluyan nang bigla niya 'kong tutukan ng baril sa noo.

"Don't push your luck, Grim Reaper. Tandaan mo, ikaw ang dehado rito," seryosong pagbabanta niya.

Diniinan niya ang pagkakatutok sa akin ng nguso ng baril na kinaismid ko. Hindi ako nakasagot sa kaniya.

Dinala ako ni Ronan sa isang madilim na silid at tinulak niya 'ko rito papasok.

"Babalik ako mamaya para turukan ka ulit. Diyan ka muna," nakangising sambit ni Ronan bago isara ang pinto. Narinig ko ang paglock nito sa labas.

Tanging pagdabog na lamang ang nagawa ko. Bwisit!

Agad kong binali ang hinlalaki ko at walang hirap na tinanggal ang posas. Sinubukan kong sumilip sa maliit na butas sa pinto upang maghanap ng paraan para makaalis ako rito.

Hindi pwedeng tumunganga lang ako rito. Kailangan kong hanapin sina Liev at balaan ang mga tao sa Rosa.

Kinalikot ko ang doorknob ng pinto ngunit walang nangyari. Nasa labas ang lock nito.

"It's no use. I already tried it." Rinig kong sambit ng isang babae sa sillid.

Nabigla ako sa narinig ko. Doon ko napagtanto na hindi lang ako ang tao sa loob ng silid. I didn't even felt a presence. Hindi ko masyadong maaninagan ang kasama ko pero alam kong babae 'to dahil sa pananalita at boses niya.

"Nahuli ka rin?" natatawang sambit ng babae.

Kumunot ang noo ko sa sinabi niya. "Anong ibig mong sabihin? Nahuli ka rito?" balik na tanong ko.

Narinig ko ang pagtawa ng babaeng kasama ko sa sinabi ko. "Parang gano'n na nga," sagot niya.

Lumapit ako sa pwesto niya at tumabi rito. "Bakit ka nandito?" marahang tanong ko.

Hindi ko alam na meron pa lang ibang tao ang gustong bumawi kay Papa—ang gustong kalabanin siya.

Narinig ko ang malalim na pagbuntong-hininga ng babae. "Sa totoo lang, ibang bagay ang pinunta ko rito," aniya.

"Pumunta ako rito dahil may nakalap akong impormasyon na rito raw ginagawa ang mga Feroids." dagdag niya.

Kumunot ang noo ko sa narinig. "Feroids?"

"Yeah, that's what I call them. Isang klaseng gamot na panlaban sa mga gifteds. Isang gamot na hindi mo magagamit ang gift mo kapag naturukan ka."

Nakuha ng sinabi niya ang atensyon ko. "Y-You mean?-" hindi makapaniwalang sambit ko.

"Yes. Tinurukan ka rin nila, hindi ba?" pagkumpirma ng babae, na parang nababasa ang nasa isip ko.

Natigilan ako sa sinabi niya. Na-encounter ko na rin ang gano'ng gamot noon sa misyon namin ni Law. Ang ipinagkaiba nga lang ay nasa bala ito ng baril.

"Ang una lang talaga ay sa mga bala lang ito pwedeng ilagay. Pero mukhang nakahanap sila ng paraan para hindi gumamit ng bala," muling sambit ng babae.

"Damn it. Sumuway ako sa leader namin at pumunta rito ng mag-isa para alamin kung paano nila ginagawa 'yong mga gamot na 'yon. Pero mukhang kumukuha lang din sila ng supply," naiinis na dagdag niya.

Hindi kaagad ako nakasagot sa sinabi niya. Wala akong kaalam-alam na may koneksyon si Papa sa underground association. Paniguradong doon nila nakukuha ang mga Feroids na binabanggit ng babaeng kasama ko.

"Ikaw? Anong ginagawa mo rito?" biglaang tanong ng babae.

Hindi ako nagdalawang isip na sabihin sa kaniya ang dahilan. Mula sa pagiging myembro ko ng guild sa Lunar Academy, pagpunta ko rito, at ang totoong binabalak nina Papa at Sir Cael.

Rinig ko ang pagkabigla ng babae sa sinabi ko. Malakas ang pagsinghap niya at parang na-iimagine ko na kaagad ang reaksyon niya.

"W-What the fuck?!" Naririnig ko ang pagsabunot niya sa sarili.

"Shit! Mukhang big deal 'tong napasukan ko. Tangina, nandito lang ako para sa gamot. Bakit ang pagsira sa mga Portugal ang naabutan ko?" She clicked her tongue.

"I can't just freaking stay here!"

Naramdaman kong tumayo ang babae mula sa pagkakaupo. Rinig ko ang pagbigat ng hininga niya.

"B-Bakit bigla kang nagkaganiyan?" naguguluhang sambit ko.

I know that what I said are a big deal, but I didn't expect her to over react!

"F-Fuck. Maraming paraan ang paggamit sa Feroids. It's either iturok sa'yo nang deretso o ang paggamit ng bala na meron nito at baralin ka," pangunguna ng babae.

"But as you can see, I'm freaking smart! Literally smart!" naiinis na dagdag niya.

My forehead furrowed. Hindi ko maintindihan ang mga sinasabi niya. Anong... gusto niyang iparating?

"Nagawa kong makaalam ng iba pang paraan para gamitin ang Feroids, nang hindi gamit ang bala o karayom."

"And meron silang gifted dito na kayang kunin ang kaalaman ng isang tao sa loob ng tatlong oras."

Doon ko napagtanto ang gusto nitong sabihin. Umangat ang dalawang kilay ko. Naramdaman ko ang paghinto siya sa paglalakad-lakad at ang pagharap niya sa direksyon ko.

"The the reason why they haven't killed me yet is because they want my knowledge."

Napatayo ako sa pwesto ko nang matauhan ako. "And ... they can use that against the guilds," walang kaemo-emosyong sambit ko.

Walang nagawa ang babae kung hindi mapasigaw na lang sa sobrang irita. "Fuck! I fucked up! Hindi ako pwedeng tumunganga lang dito. Hindi ko hahayaang gamitin nila ang kaalaman ko sa kagustuhan nila," desididong sambit ng babae.

Natahimik siya ng ilang segundo para mag-isip. Bago muling magsalita na nakakuha ng atensyon ko.

"Hey..."

"Wanna team up with me?"

Mabilis niyang nakuha ang atensyon ko.

"Alam kong gusto mo rin silang pigilan. Let's get out of here."

Naramdaman ko ang paglapit niya sa akin. Kaunti ko ng naaninagan ang mukha niya dahil katapat lang namin ang maliit na butas sa pinto.

"What's your name?"

I can already see her brown eyes, tan skin, athletic body, ashe blonde hair...

"I-I'm Scarlet. A former Grim Reaper from the Lunar Academy," pagpapakilala ko.

And a black bandana?

"Good, aalis tayo rito pareho, Scarlet. By the way,"

Inilahad ng babae ang kamay niya sa akin.

"Nice to meet you. I'm Taliyah. An Avelite from the Nocturne Academy."

54. Origin

Nabigla ako nang magpakilala ang babaeng kasama ko. Unti-unting napaawang ang bibig ko sa sinabi niya.

"Y-You're an Avelite?" hindi makapaniwalang sambit ko.

Ngumiti si Taliyah at tumango. "Nabanggit mo sa akin na may kasama kayong mga Deities hindi ba? I guess sila King 'yon?" tanong niya.

Dahan-dahan akong tumango sa tanong niya. Hindi pa rin ako makapaniwala na isang Avelite ang kasama ko.

"Nice. You pretty have a great ally there."

"Anyways. Kailangan na nating makatakas dito. Walang mangyayari kung mananatili tayo rito sa loob," pag-iiba niya.

Akmang ilalabas na dapat ni Taliyah ang kamay niya sa maliit na butas ng pinto nang may narinig kaming yapak sa labas.

Mabilis kaming napaatras ni Taliyah sa pinto. Tila bumigat ang paghinga ko habang papalapit nang papalapit ang mga yapak.

Pareho naming hinintay ni Taliyah na may sumilip sa butas sa pinto ngunit wala kaming nakita. Bagkus ay unti-unti itong bumukas.

Sinalubong kami ng liwanag na nagpaningkit nang kaunti sa mga mata ko. Nang tuluyan na itong nag-adjust ay unti-unti namin nakita kung sino ang nagbukas.

Naramdaman ko ang paggaan ng loob ko nang makilala ang lalaking nagbukas ng pinto. Mabilis nagtama ang mga mata namin at agad ko siyang sinalubong ng niyakap.

"L-Liev!" halos maiyak na sambit ko.

Naramdaman ko ang pagyakap sa akin pabalik ni Liev. Hindi ko maipaliwanag ang saya ko nang makita ko siyang ligtas.

Bumitaw ako sa pagkakayakap at agad na hinabol ang mga tingin niya. "P-Paanong?- Bakit ka nandito?" naguguluhang sambit ko.

Marahan niyang hinawakan ang magkabilang balikat ko. "Shh. Kailangan niyo ng umalis dito," mahinahong sagot niya.

Kumunot ang noo ko sa sinabi niya. "Anong ibig mong sabihin? Hindi mo ba nakikita ang ginagawa ni Papa?!"

Malalim na huminga si Liev bago sumagot sa akin. Nangungusap ang mga mata niyang tumingin sa akin. "Wala kang magagawa rito, Scarlet. Nandito ang mga myembro ng Graven guild. Bantay sarado nila sina Papa. Hindi mo sila matatalo kung hindi mo gamit ang gift mo," mariin na sagot niya.

"So fucking what?! Anong ginagawa mo Liev?! Bakit mo sinusunod si Papa?!" giit ko. Tumaas ang tono ng pananalita ko at nagkasalubong ang dalawa kong kilay.

No'ng una ay hindi ko kayang maniwala na hindi naniwala si Liev kay Addi. Pero dahil sa nakikita ko ngayon ay mukhang totoo nga ang sinabi ni Viola.

Hindi kaagad nakasagot sa sinabi ko si Liev. Hinawakan nito ang magkabilang pisngi ko at dumeretso ang tingin niya sa mga mata ko.

"Trust me, Scarlet. I hate him more than you do. But like what you did, I'm also doing this for the family." His face softened—my expression changed.

Natigilan ako sa sinabi niya at hindi ko nagawang makaimik.

"He made you go in the Lunar Academy, right? Alam mo namang hindi kita hahayaan na pumunta do'n mag-isa. So I tried to convince Papa to let me go to. But during the process. Hindi ko inaasahan na malalaman ang totoong katauhan niya," pagpapaliwanag ni Liev.

"Sinubukan kong magbulag-bulagan at sundin siya, Scarlet. For the family... for you," dagdag niya. Marahan niyang nilagay sa likod ng tenga ko ang hibla ng buhok ko.

Tila lumambot ang puso ko sa sinabi niya. Pero kahit naiintindihan ko ang gustong iparating ni Liev ay agad akong napailing sa sinabi niya.

"I'm sorry, Liev. If you're doing it for the family, then this is for them too. Magkaiba nga lang ang paraan natin," deretsong sagot ko. Inalis ko ang pagkahahawak niya sa akin at umiwas ako ng tingin.

"Thank you for helping us. Puntahan mo na lang ang mga codes."

Akmang dadaanan ko na si Liev nang hawakan nito ang braso ko.

"Fuck. Bakit ba ang kulit mo? Paano ba kita mapapabayaan lang?" iritadong sambit niya.

Kumurba ang labi ko sa sinabi niya. "I guess you can't, L04." I smirked.

Napaismid si Liev sa sinabi ko at binitawan ang braso ko. "Tsk. I'll tell Viola. Susunod kaming mga one digit codes. Don't do anything reckless," ma-awtoridad na sambit niya. Inabutan niya 'ko ng isang baril.

Muli akong napangiti sa sinabi niya. "Of course, hindi ako mamamatay. I'm a phoenix, remember?" nakangising sagot ko.

"At isa pa..." I paused for a moment.

Hindi ko maintindihan kung bakit bigla na lang sumagi sa isip ko ang mga mukha ng mga tao sa guild.

Specially him—my partner.

"May gusto pa 'kong balikan."

Lumabas na 'ko sa silid kung saan naghihintay sa akin si Taliyah na naunang lumabas.

"Ang tagal niyong magdrama," nakasimangot na sambit niya.

"Anyways, hahanapin ko ang lab nila dito or what. I'll make an antidote. Do what you need. But make sure, 'wag kang kikilos ng hindi nag-iisip."

Agad akong tumango sa sinabi niya. Nagtinginan kami ni Taliyah at alam na namin ang gustong sabibin ng isa't isa. Pareho kaming naglakad sa magkabilang dereksyon.

Kung Lab ang hinahanap niya ay sa akin sina Papa at Sir Cael.

Hindi ko na kailangang problemahin pa ang mga codes dahil kasama na nila si Liev. Kailangan kong magtiwala sa kaniya.

Ilang pasilyo akong nagpasikot-sikot bago nakarating sa silid na hinahanap ko. Ang silid na pinanggalingan ko kanina kung nasaan sina Papa.

I erased my presence when I entered the room. I made sure that no one can feel my presence.

Just like what Papa taught us—as assassins.

Nang makapasok ako sa silid ay agad na napako ang tingin ko sa lalaking may inaasikaso. Nakatalikod ito sa akin at hindi nararamdaman ang presensya ko.

Dahan-dahan akong lumapit dito at itinutok ko ang baril sa ulo niya. Tila natauhan siya sa ginawa ko at dahan-dahan na tinaas ang kamay niya at unti-unting humarap sa akin.

Bumungad sa akin ang mukha ni Sir Cael na mabilis kong matalim na tinignan.

"P-Paano ka nakatakas?" kalmadong tanong niya, pero sa bakas sa boses niya ang kaba.

Hindi ko ito sinagot. Bagkus ay inilapit ko pa lalo sa noo nito ang nguso ng baril.

"Nasaan si Papa?" walang kaemo-emosyong tanong ko.

Hindi pa nagagawang makasagot ni Sir Cael ay nakarinig na 'ko ng isang kasa ng baril.

Napunta ang tingin ko sa lalaking nakatayo sa isang entablado na may hawak na baril at nakatutok sa akin.

"Bakit mo 'ko hinahanap, anak?" nakangising sambit ni Papa.

"Sinabi ko na sa'yo hindi ba? Mas mabilis pa 'ko sa bala," walang takot na sagot ko.

Imbis na kabahan ay natawa si Papa sa sinabi ko. Kumunot ang noo ko sa naging reaksyon niya.

Nabigla ako nang maramdaman ang pag-init ng kamay ko. Agad kong nabitawan ang baril na unti-unting natutunaw.

Hindi ako makapaniwala nang magtama ang mga mata namin ni Sir Cael.

His eyes changed—like a lava.

Kumurba ang isang ngisi sa labi niya sa naging reaksyon ko. "Sa tingin mo ba ay ikaw lang ang takeover type rito, Scarlet? If you're a phoenix, I'm a lava. The heat itself," nakangising aniya.

Dahan-dahan akong napaatras sa sinabi niya. Hindi ko siya magagawang lapitan kung hindi ko gamit ang gift ko.

"Bakit ka pa ba tumakas, Scarlet? Nagiging mabait na nga si Papa sa'yo at hindi ko pa rin kinikitil ang buhay mo," walang kaemo-emosyong sambit ni Papa.

Napaismid ako sa sinabi niya. "Then why don't you try shooting me? Bastard," taas noong sagot ko.

Bakas ang pagkairita ni Papa sa sagot ko. Muli niyang itinutok sa akin ang baril at akmang kakalabitin na niya ang gatilyo nang mabilis na sumingit si Sir Cael.

"Stop!" giit nito.

Pareho kaming napatingin ni Papa sa sinabi niya. Tila kumunot ang noo ni Papa sa sinabi ng kasama niya.

"We can still use her," seryosong dagdag ni Sir Cael.

Naguluhan si Papa sa sinabi nito at mas lalong kumunot ang noo. "Anong ibig mong sabihin?"

Kumurba ang labi ni Sir Cael at unti-unting lumapit sa akin. Nagtama ang mga mata namin at bumigat ang pakiramdam ko.

"Hindi ka ba napapaisip, Scarlet?" Sir Cael gave me a menacing look. "Kung saan nanggaling ang gift mo?"

Kunot noo akong napatingin sa kaniya. Naguguluhan ako sa sinasabi niya. Nanatiling nakasunod ang mga mata ko sa bawat pag-apak na kaniyang ginagawa.

Sinubukan niyang lumapit sa akin at hawakan ang pisngi ko pero agad akong umiwas sa kaniya. Mas lalong kumurba ang labi niya sa isang ngisi nang makita ang naguguluhan at naiinis na ekspresyon ko.

"Hindi ka ba nagtataka kung bakit pinili kang buhayin ni Helena noong gabing nagkita kayo?" muling sambit ni Sir Cael.

Natigilan ako sa kinatatayuan ko sa sinabi niya. Anong... gusto niyang iparating?

"I already told you twice, right?" He leaned closer to me—still has a smirk on his face. "Helena is the guardian of the Portugals'."

"It has already been a century since the first Portugals' that Helena met died."

"And ever since then, the gift of Scarlet Portugal also vanished."

Hindi ko magawang makaimik sa mga sinasabi ni Sir Cael. Hindi maproseso ng utak ko ang mga salitang binibitawan niya.

"Kahit nakukuha ng isang anak ang gift ng mga magulang niya ay walang nakakuha ng gift ni Scarlet Portugal sa loob ng isang siglo." Bumaba ang tingin sa akin ni Sir Cael.

Parang nakikita ng mga mata niya ang buong katauhan ko.

"But after a century.... The first child of Ethan Portugal and Prisma Portugal, the Principals of Nocturne Academy, had the same gift."

His smirk slowly turned into a grin, a sinister one.

"The ability of the mythical creature—the Phoenix."

Unti-unting namilog ang mga mata ko habang dahan-dahan akong natatauhan.

"Do you get it now?"

"You have the blood of a Portugal flowing in your veins."

55. The past

Pareho kami ng naging reaksyon ni Papa. Kapwa kaming hindi makapaniwala sa mga narinig.

Anong ibig sabihin ni Sir Cael?

Isa... akong Portugal?

"A-Anong pinagsasabi mo, Cael?!" hindi makapaniwalang sambit ni Papa. Katulad ko ay mukhang wala rin 'tong alam sa mga nangyayari.

Imbis na sumagot ay tanging pagtawa ang ginawa ni Sir Cael.

"Lintik! Anong sinasabi mong Portugal 'to?!" giit ni Papa. Bakas sa mukha niya ang pagkairita habang dinuduro ako ng baril.

"Wala kang binanggit sa akin nang dinala mo 'yan dito!" dagdag niya.

Nakuha ng sinabi niya ang atensyon ko.

Dinala? Si Sir Cael... ang nagdala sa akin dito?

"Bakit? Malaki naman ang naging pakinabang niya sa'yo hindi ba?" sagot ni Sir Cael kay Papa.

Napaismid si Papa sa sinagot niya na mukhang hindi nakumbinse.

Muling napunta sa akin ang atensyon ni Sir Cael. Kumurba ang labi niya nang magtama ang mga tingin namin.

"Naguguluhan ka ba ngayon, Scarlet?" He smirked.

Hindi ko ito sinagot at matalim itong tinignan.

"Totoo ang narinig mo. Ako ang nagdala sa'yo rito."

"Isang taon ka pa lang nang tagumpay kitang nakuha sa inyo ng hindi nila nalalaman. Ang alam nila ay matagal ka ng patay."

Muli siyang naglakad papalapit sa akin.

"Kung hindi dahil sa akin, hindi mo 'to mararanasan ngayon. Buhay prinsesa ka sana."

"Nagagalit ka na ba sa akin?"

Napaismid ako sa sinabi niya at naramdaman ko ang pagkulo ng dugo ko.

Kahit hindi ko pa nagagamit ang gift ko ay hindi ako nagdalawang isip na hawakan ang braso nito. Sinundan niya lang ng tingin ang kamay ko—hindi siya nakaramdam ng kaba o takot.

Naramdaman ko ang paglapnos ng balat ko nang dumikit ang kamay ko sa braso ni Sir Cael.

"Oh, sa tingin mo ba ay kaya mo 'kong saktan ng wala ang gift mo?" natatawang aniya.

Hindi ako nagpatinag sa sinabi niya. Bagkus ay diniinan ko pa ang pagkahahawak ko sa braso niya. Kusang nawala ang ngisi niya sa labi nang unti-unting bumaon ang kamay ko at narinig namin ang tunog ng buto niya.

I saw Sir Cael flinched. Mabilis nitong inilayo ang braso niya sa kamay ko.

Doon ko nakita ang halos matanggal ko ng balat sa palad dahil sa init ng katawan ni Sir Cael.

Hindi ko maitatangging galit ang dapat na mararamdaman ko ngayon kay Sir Cael. Siya ang naglayo sa akin sa totoo kong pamilya at siya ang dahilan kung bakit nararanasan ko ito.

Pero hindi galit ang nararamdaman ko ngayon...

"Hindi ako nagagalit sa'yo," walang kaemo-emosyong sambit ko.

Kapwa kumunot ang mga noo ni Papa at Sir Cael sa sinabi ko.

"Instead, I pity you."

Deretso kong tinignan sa mga mata ang lalaking kaharap ko. "You tried everything. Kahit wala na kayong tinirang kahihiyan sa mga sarili niyo." Pilit akong ngumisi. "But you won't be able to destroy the Portugals'."

"Ni hindi niyo man lang mahahawakan si Helena. Masyado niyo silang minaliit."

Bakas ang pagkairita sa mukha nila sa sinabi ko. Agad akong sinugod ni Sir Cael at sinabunutan ako.

"Ang lakas ng loob mo. Eh kung putulin ko kaya 'yang ulo mo at gawing regalo sa mga magulang mo?" seryosong sambit nito.

Mariin akong nakahawak sa buhok ko habang naniningkit ang mga mata. Sa kabila ng sakit na nararamdaman ko, nagawa pang kumurba ng labi ko sa sinabi niya at dinuraan siya sa mukha.

"Imbis na magyabang ka, bakit hindi mo gawin?" pang-aasar ko.

Mas lalong nainis sa sinabi ko si Sir Cael. Naramdaman ko ang paghawak ng isang kamay niya sa likod ko at ang unti-unting pagsunog ng balat ko.

Napasigaw ako sa sakit. Parang binubuhusan ako ng kumukulong mantika sa likod at nalalapnos ang balat ko.

"Ang daming satsat niyan. Tuluyan na natin," pagsali ni Papa.

Itinutok nito sa akin ang baril at naghanda itong kalabitin ito. Tanging paglunok lang nang malalim ang nagawa ko.

Hindi ko magagawang iwasan ang bala kung nakahawak sa akin si Sir Cael. Hindi ko rin ito pwedeng saluhin dahil hindi ko pa rin nagagamit ang gift ko kaya siguradong patay ako.

Naramdaman ko ang pagbigat ng paghinga ko habang hinihintay na pumutok ang baril. Akmang

kakalabitin na ni Papa ang gatilyo nang biglang nasira ang baril.

Pare-pareho kaming nabigla sa nangyari. Kasunod n'on ay ang pagkawala ng mainit na palad ni Sir Cael sa likod ko.

Doon ko nakita ang mga mata niya. Sir Cael's eyes turned back to normal.

"Oi, oi." Rinig naming sambit ng isang lalaki.

Naramdaman ko ang unti-unting pagtulo ng mga luha ko nang makilala ang lalaking nasa bungad ng pintuan.

"What the fuck are you doing to my partner?" iritadong sambit ni Law.

His eyes are now clock. Hindi ako makapaniwala na nagawa niyang sirain ang baril ni Papa ng hindi man lang ito hinahawakan.

"Hindi ba next week pa raw ang operation, apple head?" walang ganang sambit ni Zeldrick na sumunod kay Law.

"Hays, ang kulit. What a pain in the ass," reklamo ni August.

"Nandito na kami Scarlet!!" masiglang sambit ni Lemon habang hawak-hawak ang pusa nitong si Chelsea.

"Are you okay?" tipid na tanong ni Elroy.

"Yosh. Because of this, si Scarlet ang maglilinis ng guild for a month. Walang magrereklamo," kaswal na sambit ni Gin.

Sunod-sunod na tumulo ang mga luha ko. Hindi ako makapaniwalang pumunta sila rito.

They came... my guild came.

Hindi kaagad naka-react sina Papa at Sir Cael sa biglaang pagdating ng mga Grim Reapers.

Natauhan na lamang ang mga ito nang biglang napaluhod sa harap ko si Sir Cael. Tila may pwersang humihila sa kaniya pababa.

Napunta ang tingin ko kay Gin na unti-unting naglalakad papalapit sa amin. His eyes changed. He's using his gift of gravity.

"Ay, ay, ay. Looks like we've got a familiar face here," sambit ni Gin nang magtama ang mga tingin nila ni Sir Cael.

"What do you think you're doing to my guild member, Sir Cael?"

His voice was calm, but threatening. Now that Sir Cael is in the ground, Gin is looking down at him with a menacing look—using his cold and dead eyes.

Imbis na sumagot ay napaismid si Sir Cael sa sinabi nito. Nagawa pa niyang ngumisi kahit hindi na niya magawang bumangon patayo.

"What are you doing here? Can't you see? This girl is a traitor. Ano pang pakielam ninyo sa kaniya?" nakangising sambit ni Sir Cael.

Nagbago ang ekspresyon ni Gin sa sinabi niya. Kasunod n'on ay ang pagturo niya sa likod ko.

Doon ko napagtanto na nasira ang tela sa likod ng damit ko dahil sa pagsunog ni Sir Cael sa balat ko kanina.

Revealing my tattoo...

"It doesn't matter if you can't see it, as long as we can." Gin smirked, as if he knew why my tattoo is in my back.

"And as long as you have that tattoo. No matter what. You're still one of us."

56. One of us

Tanging pag-ismid ang sinagot ni Sir Cael sa sinabi ni Gin. Akmang hahawakan na dapat ni Gin si Sir Cael nang makaramdam kami ng mga presensya sa silid.

Doon namin nakita na pinalilibutan na kami ng mga gifteds mula sa Graven Guild.

Muntik ng matamaan si Gin ng isang palaso dahilan ng pag-atras nito. Dahil sa ginawa niya ay hindi namin namalayan na may isang mabilis na gifted ang kumuha kay Sir Cael sa harapan ko.

"Fools. Nagmamadali ba kayong mamatay?" biglaang sambit ni Papa.

Napunta ang lahat ng atensyon namin dito. Napunta sa tabi niya si Sir Cael na agad na ginamot ng isang gifted mula sa Graven Guild.

"Wala akong pake kung hindi kayo basta-bastang mga gifteds. Dito kayo mamamatay," nakangising dagdag ng lalaking nakatayo sa entablado.

Naramdaman namin ang mga matatalim na tingin ng ilang dosenang mga gifteds na nakapalibot sa amin.

Habang pinagmamasdan ko sila ay nakaramdamn ako ng dalawang kamay sa magkabilang balikat ko.

"Stay with me," sambit ni Law habang sinusuotan ako ng isang jacket.

Napunta ang tingin ko sa kaniya habang nanatiling nasa mga kalaban ang atensyon niya. "Heal yourself when you got your gift back," dagdag niya.

Napangiti ako sa ginawa niya at muling napunta ang tingin ko sa mga gifted na nakapalibot sa akin.

As if I'll wait for my gift to come back. I can fight without it.

Pare-pareho kaming naging alerto nang sunod-sunod na sumugod ang mga gifted sa amin. Mabilis na nagsikilos ang mga kasama ko.

Habang nakikipaglaban sila ay mayroong baril na hinagis sa akin si Zeldrick. "Come on, show me what you got, apple head," nakangising sambit niya.

Kumurba ang labi ko sa sinabi niya at mabilis na kinasa ang baril. Hindi lang ako tatayo rito.

Ilang minuto pa lamang ang lumipas mula nang magsimula kaming maglaban pero parang ilang oras na ang dumaan. Hindi nauubos ang mga myembro ng Graven.

Kahit nagagawa pa ring tumawa at ngumisi ng mga kasama ko ay hindi maitatangging bakas sa mga mukha nila ang pagod.

Lalo na si Law na walang tigil ang paggamit ng gift. Not only that he can destroy anything without even touching them, he can also cancel five gifts at the same time. Masyado ng maraming lakas ang nauubos nito dahilan ng pagbigat na ng mga paghinga niya.

I also know that his strong gift also has some drawbacks.

"Sayang naman at hindi niyo sinama ang Principal niyo. Para naman sabay-sabay kayong mamatay," nakangising sambit ni Papa.

Pare-parehong napunta ang mga matatalim na tingin ng mga kasama ko rito. Ngunit ang pinakanangibabaw sa kanilang lahat ay ang Guild's Master namin.

Kasabay ng matatalim na tingin ay kumurba pa ang labi ni Gin sa sinabi ni Papa.

"Oh come on, Helena is a busy person you know? And besides, we can handle it ourselves," nakangising aniya.

Nagbago ang ekspresyon ni Papa sa sinabi niya. Ngayon ko lang nakita ang ekspresyon niyang gano'n. He glowered and gritted his teeth.

"Walang hiya ka talagang bata ka," seryosong sambit ni Papa.

Natigilan ako sa sinabi niya. Nanggagalaiti si Papa habang nakatingin kay Gin.

Sa kabilang banda ay walang bakas sa mukha ni Gin na may pake ito. Bagkus ay nagawa pa niyang tumawa na mas lalong kinairita ni Papa.

"Wala kang utang na loob! Mas pipiliin mo pa ang babaeng iyon kaysa sa totoo mong ama?! Ang nag-iisang magulang mo?!"

Naestatwa ako sa kinatatayuan ko sa narinig ko. Unti-unting umawang ang bibig ko sa sinabi niya.

"Binigay ko sa'yo ang lahat! G01!" ani ni Papa.

Para akong binuhusan ng malamig na tubig sa narinig. Napunta ang tingin ko kay Gin na nagbago ang eksrepsyon nang banggitin ni Papa ang G01.

"Kung hindi lang si mama ang nagpangalan sa akin ay matagal ko ng pinalitan ang pangalan ko," walang kaemo-emosyong sagot ni Gin. "Don't freaking call me G01, bastard."

Nanatili akong nakatulala. Hindi ako makapaniwala sa mga naririnig ko. Gin is the number one code. Tila sumagi sa isip ko ang kwento sa akin ni Gin dati.

Ang kwento niya tungkol sa nakaraan niya at sa ama niya. Hindi pumasok sa isip ko na ang lalaking tinutukoy niya ay si Papa. Kung gano'n ay ang tatay niyang walang gift ay si Papa.

Buong buhay ko ay hindi ko inakalang wala pa lang gift ito. Kaya siguro ganito siya sa amin... ginamit niya kami.

"And don't call yourself my father," iritadong dagdag ni Gin.

"Helena is the only parent I have."

Napaismid si Papa sa sinabi niya at mas lalong bumakas sa mukha niya ang galit. Nagsilabasan ang mga ugat nito sa leeg dahil sa inis.

"Kill them!"

Muli kaming sinugod ng panibagong mga gifteds mula sa Graven guild. Wala talaga silang katapusan.

Habang nakikipagpalitan ako ng bala ay naramdaman ko ang pagkirot ng palad at likod ko. Muli kong naalala na nalapnos na pala ang balat ko rito. Wala pa rin itong tigil sa pagdurugo.

"Scarlet!" Rinig kong tawag ni Lemon.

Agad akong napalingon sa kaniya nang tawagin niya 'ko. Mabilis itong naglakad papalapit sa akin sa kabila ng pakikipaglaban ng mga kasama namin.

Nang makalapit siya sa akin ay nabigla ako nang buksan nito ang tyan niya kung saan bumungad sa akin ang isang first aid kit.

"Use it," nakangiting sambit sa akin ni Lemon. Binigay niya sa akin ang first aid kit at muli itong bumalik sa pakikipaglaban.

Tanging pagngiti na lamang ang nagawa kong isagot dito. Hindi ko pinataggal ang pagtunganga ko at mabilis kong nilinis ang sugat ko at tinakpan ito.

Ngayon ko lang naransan na gamutin ang sugat ko dahil hindi ito nangyayari sa akin.

Hindi ko alam kung ilang oras pa ang kailangan bago bumalik ang gift ko. Kailangan ko na ito ngayon at sigurado akong malaki ang magiging tulong nito.

Nang matapos kong takpan ang sugat ko ay agad kong kinuha ulit ang baril at naghandang lumaban.

Ngunit natigilan ako nang makitang umaatras ang mga gifted na kalaban namin. Pare-parehong kumunot ang mga noo namin sa ginawa nila.

Kasunod n'on ay ang pagsuot ni Sir Cael ng isang gas mask.

Labis kaming naguluhan sa mga ginawa nila at natauhan na lamang kami nang may usok na lumabas sa mga vent sa silid.

Sumagi sa isip ko ang mga sinabi sa akin ni Taliyah. Ang ibang paraan na paggamit ng mga Feroids...

Mabilis akong natauhan sa naalala ko.

Balak ko na dapat balaan ang mga kasama ko nang matigilan ako.

Hindi lamang ako ngunit lahat ng mga kasama ko.

Tumutulo ang dugo sa bibig ni Gin at may nakaturok na kutsilyo sa sikmura niya.

Masyadong mabilis ang pangyayari at hindi namin ito inaasahan. Ang mas lalo naming hindi kayang paniwalaan ay ang gumawa nito.

"E-Elroy..." hindi makapaniwalang sambit ni Lemon.

Umalingawngaw ang malakas na tawa ni Papa. Napunta ang tingin ko rito na walang tigil sa pagngiti.

"A job well done!" aniya.

"Your task is now done, E02."

56.5 A brother

9 YEARS OLD ELROY'S POV

"Bata, tigil!" Rinig kong sigaw ng mga lalaking humahabol sa amin.

Hindi ko ito pinakinggan. Bagkus ay mas binilisan ko pa ang takbo ko.

Kahit buhat-buhat ko ang apat na taon kong kapatid ay hindi ako huminto man lang para magpahinga. Kailangan namin makaalis dito.

Ang sabi nila sa akin ay gagamutin nila ang kakaibang sakit ng kapatid ko. Pero imbis na gamutin ay kung ano-anong eksperimento ang pinaggagawa nila sa kaniya.

"K-Kuya." Rinig kong sambit ni Aren.

Nasulyap ako sa kaniya nang mabilis habang tumatakbo. "Shh. Magtiis ka muna, iaalis ka na ni kuya rito."

Hindi kalaunan ay nagawa naming makatakas ng kapatid ko. Kahit hindi kami nakalayo masyado ay sapat na ito para hindi nila kami matunton.

"K-Kuya, nagugutom ako," nanghihinang sambit ni Aren.

Namumutla na ang kulay niya at mukhang kahit anong oras ay mawawalan na siya ng malay. Nataranta ako sa inakto niya at mabilis akong napatayo.

"S-Sige. Diyan ka lang ha? M-Maghahanap lang ako ng makakain," pagpapagaan ko ng loob sa kapatid ko.

Inayos ko ang telang nakataklob sa kaniya na nagsisilbi niyang kumot. "Babalik si kuya. Hintayin mo lang ako," muling sambit ko bago tuluyang umalis.

Mabilis akong tumakbo papalabas ng gubat upang makahanap ng makakakain. Nakarating ako sa isang maliit na bayan.

Pasimple akong naglakad sa harapan ng isang nagtitinda ng tinapay at mabilis na dumukot ng iilan dito.

"H-Hoy! Magnanakaw!" sigaw ng tindero.

Agad akong kumaripas ng takbo. Nagsimula akong habulin ng iilang sibilyan sa bayan.

Napaismid ako nang matagpuan ang sarili ko sa isang dulo ng kalye. Wala akong matataguan o pwedeng takbuhan man lang.

"Diyan ka lang, bata!" sambit ng sibilyan na humahabol sa akin.

"Isa kang peste. Mababulok ka ngayon sa kulungan," dagdag ng isa.

Unti-unti silang naglakad papalapit sa akin, dahan-dahan akong napaatras. Doon ko naramdaman ang pagbabago ng mga mata ko. Inilabas ko sa bulsa ang mga laruan kong sundalo na gawa sa kahoy.

Nang inilabas ko ito ay tila naging kasing laki sila ng tao at pinrotektahan nila ako. Bakas ang takot sa mga mukha ng mga humabol sa akin.

Kinuha ko na ang chansang iyon para makatakas. Mabilis akong bumalik sa pwesto kung saan ko iniwan si Aren.

Hindi nagtagal ang pagtakbo ko nang naaninagan ko na ang pwesto kung saan ko iniwan ang kapatid ko. Ngunit para akong binuhusan ng malamig na tubig nang makitang tanging ang tela na lamang ang naiwan sa pwesto.

Nabitawan ko ang mga dala kong tinapay at mabilis na pinuntahan ang pwesto. Agad akong nataranta nang wala akong makitang bakas ng kapatid ko.

"Aren!" sigaw ko sa gitna ng gubat.

Inilibot ko ang tingin ko para hanapin ang kapatid ko ngunit wala akong makita. Bumigat ang paghinga ko at para akong masisiraan ng bait.

Siya na lang ang meron ako. Hindi siya pwedeng mawala-

"Kuya!" Rinig kong sambit ng isang pamilyar na boses.

Agad akong napalingon sa batang tumawag sa akin. Nabigla ako nang makita si Aren at isang matandang lalaki.

Kaswal nitong buhat-buhat ang kapatid ko na may hawak na mansanas.

"A-Aren," bulong ko.

"Ikaw ba ang nakatatandang kapatid ng batang ito?" nakangiting tanong sa akin ng lalaki.

Dahan-dahan akong tumango sa sinabi niya. Hindi ko alam kung bakit... pero kinakabahan ako at hindi mapanatag ang loob ko.

"Nakita ko siyang mag-isa lang dito. Kaya akala ko ay wala siyang kasama," muling sambit ng lalaki.

Dahan-dahan niyang ibinaba si Aren at hindi pa rin nawawala ang ngiti niya sa labi.

"Wala ba kayong kasama?" marahang tanong ng lalaki.

Umiling ako sa tanong niya. Parang walang salitang makalabas sa bibig ko.

"Kung gano'n, gusto niyo bang sumama sa akin?" nakangiting tanong niya. Napunta ang tingin niya sa nakababata kong kapatid.

"Nakikita kong may malubhang sakit ang kapatid mo... hindi makabubuti sa kaniya na nandito siya," dagdag niya.

Hindi ako nakasagot sa narinig. Hindi ko maitatangging tama ang sinabi niya. Kailangang gumaling ni Aren...

"Pwede kayong sumama sa akin. Ako ang mag-aalaga sa inyo. Matutulungan ko rin ang kapatid mo,"

nakangiting sambit ng lalaking kaharap ko.

"You can call me Papa."

????????

Sinama kami ni Papa sa tirahan niya. Kagaya ng sinabi niya ay ginagamot niya si Aren.

Marami rin akong batang kasama rito. Pero ang mariin na ipinagbabawal sa akin ni Papa na makihalubilo sa kanila. Hindi raw nila dapat malaman ang katauhan ko at kung sino ako.

E02 ang ipinangalan sa akin sa akin ni Papa. Hindi raw ako katulad ng ibang mga bata rito at espesyal daw ako. Iba ang trato niya sa akin.

Pitong taon ang lumipas nang mapunta ako rito kay Papa. Sanay na 'ko sa mga trabahong ipinapagawa niya sa akin. Nagawa ko ng maka-adjust sa mga pagbabagong nangyari sa buhay ko.

Pero ang nag-iisang hindi nagbago ay ang kalagayan ni Aren. Imbis na bumuti ang pakiramdam niya ay mas lalo pa itong lumala.

"S-Saan niyo dadalhin ang kapatid ko?!" giit ko sa mga nannies nang alisin nila sa kwarto si Aren.

Imbis na sila ang sumagot sa akin ay si Papa na biglaang pumasok sa kwarto.

"Come on, Elroy. Dadalhin namin sa isang espesyalista si Aren. Para sa kaniya rin ito," pagpapaliwanag niya sa akin.

Hindi ako nakuntento sa sagot niya at kumunot ang noo ko. "Espesyalista? Saan?! Hindi kami pwedeng maghiwalay!" giit ko.

Pilit akong pinakalma ni Papa. "Mas mabuti ng hindi mo alam Elroy. Alam mo namang katulad mo ay kakaiba rin ang gift ng kapatid mo. Para rin ito sa kaligtasan niya."

"Pero..." Biglaang nagbago ang tingin sa akin ni Papa, bigla akong kinabahan.

"May trabaho akong ipagagawa sa'yo. Kapag nagawa mo iyon ay papayagan kitang bumisita sa kapatid mo."

????????

Sinunod ko ang misyon na ipinagawa sa akin ni Papa. Ang maging espiya sa loob ng paaralan ni Helena. Ang babaeng sagabal sa plano niya.

Pumasok ako sa Lunar Academy. At sa hindi inaasahan ay napunta ako sa Grim Reapers. Ang guild na si Helena mismo ang bumuo.

Isa akong rookie at walang kaalam-alam. Napares pa 'ko sa isang manikang babae na walang ibang bukang bibig kung hindi ang mga matatamis na pagkain.

No'ng una ay akala ko ay hindi ko siya makakasundo. Dahil ang pinakaayoko sa lahat ay ang maingay.

Pero habang tumatagal ay nasanay rin ako.

Hindi ko napansin na hinahanap-hanap ko na rin araw-araw ang boses niya at ang pang-aasar niya sa akin. And that continued for three years.

For me, it was a paradise. Parang nakalimutan ko ang mga hirap na pinagdaanan ko dahil sa kanila.

But I know it won't last forever...

"Patayin mo si Gin," sambit ni Papa sa kabilang linya ng telepono.

Para akong binuhusan ng malamig na tubig sa sinabi niya. "H-Ha?! Akala ko ba pagiging espiya lang ang pinunta ko rito?!" giit ko.

Narinig ko ang paghinga nang malalim ni Papa sa kabilang linya, naiirita. "Tanga ka ba? Iyang batang 'yan ang nagsisilbing kanang kamay ni Helena. Magiging malaking problema 'yan sa plano ko," mariin na sagot niya.

Napaismid ako sa sinabi niya. "H-Hindi. Sa iba mo na lang ipagawa ang trabaho," pagmamatigas ko.

"Ang kapal naman ng mukha mo. Matapos kitang kupkupin?" naiinis na sambit ni Papa.

"Patayin mo si Gin. Kung ayaw mong makitang bangkay na lang ang maabutan mo kapag nagkita kayo ng kapatid mo."

57. The unexpected traitor

Nanlumo ako sa sinabi ni Papa. Walang tigil ito sa pagpalakpak sa ginawa ni Elroy.

Pare-parehong hindi makapaniwala ang mga kasama ko sa ginawa niya. Tila napaluhod si Lemon sa ginawa ng ka-partner niya.

"W-What—Why?" naguguluhang sambit ni Lemon.

Walang salitang binigkas si Elroy at nanatili itong walang kaemo-emosyon. Tuluyan ng kumalat ang usok sa silid at bumalik sa rati ang mga mata ng mga kasama ko. Nawalan ng buhay ang manikang si Lemon at napunta ang lahat ng control sa pusa nitong si Chelsea.

"W-What the fuck are you doing?!" hindi makapaniwalang sambit ni August. Agad itong lumapit kay Gin na may nakatarak na kutsilyo sa sikmura. Walang tigil ang paglabas ng mag dugo sa sikmura nito.

Nanatili akong naestatwa sa kinatatayuan ko at hindi ko na alam ang gagawin ko. Nararamdaman ko ang walang tigil na panginginig ng mga kamay ko habang nakatingin kay Gin. Unti-unting nanlalabo ang mga mata ko at parang umiikot ang paningin ko.

Hindi ko pa nararanasan masaktan hanggang sa mapunta ako sa Lunar Academy.

Doon ko naranasang magkasugat at makita ang sarili kong dugo...

Pero hindi ko inaasahan na mas masakit kapag nakita mong umaagos ang dugo ng kasama mo. Ito ang pinakamasakit na naramdaman ko.

Tila natauhan na lang ako nang kinuwelyuhan ni Zeldrick si Elroy. Nag-iigting ang bagang nito at nanlilisik ang mga mata.

"W-What the fuck are you doing, Elroy?!" giit ni Zeldrick.

Nanatiling walang kaemo-emosyon sa mukha si Elroy. Parang nawalan na ng buhay ang mga mata niya nang nagawa niyang saksakin si Gin.

"F-Fuck!" naiiyak na sambit ni August habang sinusubukang pigilan ang pag-agos ng dugo mula sa sikmura ni Gin.

Lumapit na rin dito ang puting pusang si Chelsea na hindi man lang magawang mahawakan ang Guild's Master namin.

Walang tigil ang panginginig ng mga kamay ko at hindi ko magawang makagalaw sa pwesto ko. Nagsimulang magsituluan ang mga luha ko.

Unti-unting nagdidilim ang paligid...

Gin...

Biglang kumalabog ang pinto at bumalik ang mga gifteds mula sa Graven Guild. May mga suot-suot silang gas mask.

Sunod-sunod nila kaming pinagdadadampot. Sinabukang lumaban ng mga kasama ko kahit wala silang gift na gamit. Pero sa huli ay mas lalo lamang lumala ang mga pinsala namin.

"Layuan niyo 'ko! Papatayin ko kayo!" seryosong sambit ni August na hindi gumagalaw sa pwesto niya at patuloy na tinatakpan ang sugat ni Gin.

Sinubukang atakihin ng mga myembro ng Graven si August ngunit mabilis na sinalo ni Zeldrick ang mga atake nila.

"H-Hoy, Zeldrick!" nag-aalalang sambit ni Law. Bakas sa mukha niya ang pagkainis at hindi na rin niya alam ang gagawin.

Hindi ko na alam kung anong uunahin ko. Kung tutulong ba 'ko sa pagpigil sa mga kalaban namin o ang pagligtas sa buhay ni Gin. Walang ni isa sa amin ang kayang gumamit ng gift.

Talo... na kami.

Natigilan ako sa pag-iisip nang makarinig ako ng isang putok ng baril. Nabigla ako nang makitang may hawak na baril si Papa at nakatutok sa akin. Ngunit imbis na ako ang tamaan—sinalo ni Law ang bala.

"O-Oi, oi... stop standing there, hood." Pilit na ngumisi si Law.

Nanlumo ako nang matumba siya sa harap ko. Agad ko itong sinalo at doon ko nahawakan ang malagkit na likido sa likod niya.

Nanginginig ang mga kamay ko nang mahawakan ang dugo ni Law.

Mas lalong dumilim ang paningin ko. Tuluyang dumilim ang paligid at nawalan ako ng paningin.

Hin...di pwede...

Hindi...

Kasabay ng pagbagsak ng mga luha ko ay ang biglaang pagsulpot ng apoy sa dilim. Unti-unti itong lumakas, at sa muling pagkakataon—bumalik ang paningin ko.

Nagsimula ang pag-apoy ng katawan ko. Napuno ng apoy ang paligid. Tila nasunog ang mga balat ng mga gifted na umatake sa amin.

Sa kabilang banda ay napalilibutan din ng mga apoy ang mga kasama ko. Pero imbis na masunog ay unti-unting gumaling at sumara ang mga sugat nila.

Pare-pareho silang nabigla sa nangyari. Hindi ko inaasahan ang nagawa ko. Hindi ko alam kung ilang oras pa ang talab ng Feroids sa akin ngunit nagawa ko pa ring gamitin ang gift ko.

"G-Gin!" Rinig kong sambit ni August.

Agad akong napatingin sa pwesto ni Gin at laking tuwa ko nang makitang tuluyang nagsara ang sugat niya. Bakas sa mukha niya ang pagkabigla sa nangyari.

Habang hindi ko mapigilan ang saya ko ay nakaramdam ako ng yakap mula sa harap. Doon ako natauhan na hawak-hawak ko pala si Law.

"That's my hood." Rinig kong bulong ni Law sa akin.

Inalis nito ang pagkakayakap niya sa akin at bumungad sa akin ang nakakurbang labi niya. He showed me a soft smile—a proud look.

Napunta ang tingin niya kay Gin na nanatiling nakasalampak sa sahig.

"Oi, oi. How long will you stay like that, Executioner?" giit ni Law kay Gin.

"If you'll continue that. I'm going to be the Guild's Master," nakangising dagdag nito.

Napaismid si Gin sa sinabi niya at kumurba ang labi. Tumayo ito at nag-inat-inat—parang walang nangyari.

"Hays. That caught me off guard," he casually said. "Gano'n pala pakiramdam ng masaksak. Thank you for the experience, Elroy."

Nabigla si Elroy sa sinabi niya at muling nabuhayan ng diwa. Hindi niya inaasahan ang naging sagot ni Gin.

"G-Gin-"

Elroy was about to talk when our Guild's Master interrupted him. "Hey, you really didn't think that a stab can kill me, right?" he tried to lighten up the mood.

Elroy is still dumbfounded, eyes are about to cry.

Gin smiled, a soft one. "It's not a big deal, Elroy."

Mas lalong namuo ang mga luha sa mga mata ni Elroy. Agad na bumaba ang tingin niya at napayuko ang ulo.

Nalipat ang tingin sa amin ni Gin. "Yosh, Grim Reapers, mukhang marami-rami pang natitira," aniya habang pinagmamasdan ang hindi maubos-ubos na gifted na nakapalibot sa amin.

"Si Scarlet lang ang kayang gumamit ng gift sa atin. Pero magpapatalo ba tayo?" nakangising dagdag niya.

Pare-parehong naghanda at pumwesto ang mga kasama ko. Kabilang na rin ako.

"Of course not. Right?" sagot ni Gin sa sarili niya.

Muli kaming sinugod ng mga gifteds. Ngunit hindi katulad ng kanina ay walang makagamit ng mga gift sa mga kasama ko. Pero hindi iyon naging hadlang sa laban. Kahit walang gift ay kaya nilang makipagsabayan sa mga kalaban.

Nagawa ng gumaling ng mga sugat na natamo namin kanina, maliban sa walang gift, we're on a good condition.

Hindi ko mapigilang mapangisi. We're the Grim Reapers after all.

Habang patuloy ako sa pakikipaglaban ay tila napako ang tingin ko sa isang kalaban naming gifted.

Mayroon itong malaking palaso at hinahanda na niya itong papuntahin sa pwesto namin.

Nanlumo ako nang mapagtanto ko kung sino ang target niya. Nakatutok ang malaking palaso sa puting pusa na walang kaalam-alam. Ang totoong katawan ni Lemon.

Tuluyan ng pinakawalan ng kalaban namin ang palaso. Parang bumagal ang oras habang papunta ito kay Lemon. Mabilis kong binalian ang kalaban na kaharap ko para puntahan ang puting pusa.

Alam ko sa sarili ko na hindi ako aabot. Pero wala akong magawa kung hindi ibigay ang lahat para mahabol ang palaso.

Tuluyan ng nakalapit ang palaso sa amin. Unti-unting namilog ang mga mata ko nang papalapit ito nang papalapit... pero nabigla ako nang makita kung kanino ito tumama.

Hindi sa puting pusa...

Tumagos ang malaking palaso sa dibdib ni Elroy. Pare-pareho kaming natigilan sa mga pwesto namin. Lalo na ang puting pusa na nasa harapan nito.

Kahit may tumutulong dugo sa bibig ay nagawang ngumiti sa amin ni Elroy. Dahan-dahan siyang napaluhod, mga mata ay pilit na minumulat.

"If the circumstances were different.... We could've been friends," nahihirapang aniya.

"I'm sorry for betraying you. I'm sorry for being so stupid."

Kahit nahihirapan ay nagawa nitong hawakan ang ka-partner niyang nakasama sa tatlong taon. Hinawakan ni Elroy ang puting pusa sa harapan niya.

"I'm sure that you'll be able to get your body back," nakangiting sambit nito kay Lemon.

"If I've met you sooner. Things would possibly be different. Thanks for the three years. So long, partner." Huling salitang binigkas ni Elroy bago ito tuluyang tumumba.

58. The Principal

Walang nagawang makagalaw sa aming lahat. Tila parang bumagal ang takbo ng oras nang bumagsak si Elroy at may nakatarak na palaso sa dibdib nito.

Hindi namin pinansin ang mga gifted na sumusugod sa amin. Bagkus ay napunta ang lahat ng atensyon namin kay Elroy.

"H-Hoy! Fuck!" sambit ni Zeldrick nang matauhan ito. Madali siyang lumapit kay Elroy at kay Lemon.

"Jerk, wake up! Bubugbugin pa kita sa ginawa mo!" giit ni Zeldrick.

Nanlumo na lamang ako nang hindi ko makitang humihinga si Elroy. Kahit pa trinaydor niya kami at isa siyang code ay hindi ko kayang magawang magalit sa kaniya.

I'm also a traitor and I'm also a code.

But just like what Gin said.... He's still one of us.

Hindi man lang makapaglabas ng emosyon ang naging partner ni Elroy sa loob ng tatlong taon. Hindi magamit ni Lemon ang gift niya at hindi niya man lang mahawakan ang partner niya. Tanging paglapit lamang ang nagawa ng puting pusa sa lalaking wala ng buhay.

"Y-You bastard!" inis na sambit ni Law habang nakatingin sa gifted na nagpatama ng palaso.

Muli na dapat kaming susugurin ng mga kalaban nang pare-pareho silang natigilan. Hindi lamang sila kung hindi pati na rin kami.

Time stopped.

Huminto ang lahat sa paggalaw at walang makagawa ng kahit anong tunog. Ang tanging naririnig lang namin ay ang mga yapak ng isang tao sa pasilyo at papasok sa silid na kung saan kami.

Bumungad sa amin ang taong nasa kabila ng pagtigil ng oras. A little girl with a blonde hair. Holding a cup of tea.

The Principal is here.

Walang kaemo-emosyon itong pinagmasdan ang paligid. Tila napako ang tingin niya sa gurong trumaydor sa amin.

"Tsk. Tsk. Tsk," walang ganang sambit ni Helena.

Mababa ang tingin niya kay Sir Cael—para bang inaasahan na niya ang lahat ng 'to.

"Dumating na pala ang araw na tatraydurin mo ako, Cael?" walang kaemo-emosyong sambit ni Helena.

Nalipat ang tingin niya sa aming mga Grim Reapers. Specially at Elroy.

"Dinamay niyo pa ang mga estudyante ko. Walang hiya," kalmado ngunit ma-awtoridad na sambit ni Helena.

With just a snap of her fingers, everything started to move on their own. Nabigla kami nang mag-isang gumalaw ang mga katawan namin.

Binalik ni Helena ang oras...

Huminto ito sa oras na malapit ng tamaan ng isang palaso si Elroy.

Tahimik na pumunta sa pwesto namin si Helena para kunin ang palaso bago pa ito tumama kay Elroy.

"Y-You don't have to do it. P-Principal," nahihirapang sambit ni Elroy na kapwa ko ay hindi rin makagalaw.

"Imbecile," maiksing sagot ni Helena. Hindi niya sinasalo ang mga nangungusap na tingin ng lalaking kaharap niya, ang tingin niya ay nasa palaso.

"Nakita ko na kung nasaan si Aren. Ano sa tingin mo ang mukhang maihaharap ko sa kaniya kapag namatay ka," dagdag niya.

Nakita ko ang pagbabago ng ekspresyon ni Elroy sa sinabi niya. The same reaction he had when Gin survived his stab.

Umalingawngaw ang malakas na tawa ni Sir Cael sa silid. Kahit hindi nito nagagawang makagalaw ay may lakas ng loob pa rin itong tumawa.

"I-Iyan ang kahinaan mo, Helena. Masyado ka ng nagpadala sa mga estudyante mo kahit mga peste sila," aniya.

"Alam kong alam mong isang peste 'yang batang 'yan. Pero pinili mo pa ring manatili 'yan sa puder mo sa loob ng tatlong taon. Isa kang tanga," dagdag niya.

Na kay Elroy ang tingin niya at nakakurba ang labi.

Walang kaemo-emosyong tumingin sa kaniya si Helena at baliwalang binali ang palaso gamit ang isang kamay.

"Ikaw ang tanga, Cael." The Principal gave him a cold look. "Ikaw nga, hinayaan kong manatili sa puder ko kahit alam kong peste ka."

"Halos kriminal lahat ng mga estudyante ko bago sila pumasok sa paaralan ko. Wala ng bago sa akin ang mga batang katulad niya," pagtatanggol niya kay Elroy.

Napunta ang tingin ko kay Elroy na nagpipigil ng luha ngayon. Katulad ko ay sigurado akong ginamit lang din siya ni Papa. Pero hindi niya nagawang manlaban at nanatili siyang naging sunod-sunuran dito.

Dahan-dahang naglakad si Helena papalapit sa entablado kung nasaan sina Sir Cael at Papa. Sa kabila ng tangkad niya at taas ng entablado, parang siya ang nasa itaas ngayon at nakatingin sa ibaba.

"Maling tao ang kinalaban niyo," pagbabanta ni Helena.

With just those words, the tension filled the room. It's suffocating—intimadating... and the fact that it all came from a small girl.

Napaismid sa sinabi nito si Sir Cael at hindi nagawang makasagot. Sa kabilang banda ay may lakas pa ng loob si Papa na pagsalitaan si Helena.

"Bakit mo ba ito ginagawa, Helena? Kung pumanig ka sa amin ay ikaw ang magiging pinakamakapangyarihan," biglaang sambit ni Papa.

Napunta sa kaniya ang tingin at atensyon ni Helena.

"Hindi mo kailangang maging sunod-sunuran sa mga Portugal. Hindi hamak na mas malakas ka sa kanila," nakangising dagdag niya.

Nag-init ang ulo ko sa sinabi niya. Ang lakas ng loob niyang magsabi pa ng ganiyan kahit nasa ganitong posisyon na siya.

"Oo nga, Helena. Sigurado akong nagsasawa ka na rin sa mga Portugal. Isang siglo mo na silang pinagsisilbihan," pagsingit ni Sir Cael.

"Sumama ka sa amin at babawiin natin ang kalayaan mong kinuha sa'yo ng mga Portugal," dagdag nito.

Hindi kaagad nakasagot si Helena sa mga sinabi nila. Bumigat ang pakiramdam ko sa naging reaksyon niya.

Alam kong hindi gano'ng klaseng tao si Helena na magpapauto sa mga mabubulaklak na salita. Pero hindi ko mapigilang kabahan dahil hindi hamak na katotoohanan ang mga sinabi nina Papa at Sir Cael.

Isang daang taon ng naninilbihan at nanatiling nasa tabi ng mga Portugal si Helena. Ngunit wala na ang dalawang unang Portugal na nakilala niya at nakasama niya. Wala na siyang matibay na koneksyon sa amin at wala na siyang dahilan para pa manatiling nasa tabi namin.

"Patay na si Evan at Scarlet Portugal, Helena. Hindi mo na kailangang manatili pa sa tabi ng mga Portugal. Wala ka ng dahilan para pa ipagtanggol sila," nakangising sambit ni Papa.

Sobrang bilis ang naging paghinga ko nang nanatiling tahimik si Helena sa mga pinagsasabi nila.

Hin...di niya naman siguro kami iiwan...

Hindi ba?

"Anong masasabi mo, Helena? Hindi namin kayo idadamay ng mga estudyante mo. Para rin sa'yo ay kami na ang tatapos sa mga Portugal," muling ani ni Sir Cael.

Ilang minuto ang tumagal bago umalingawngaw ang malakas na tawa ni Helena. Pare-pareho naming hindi inaasahan ang reaksyon niya. Muling napunta ang tingin niya sa dalawang lalaking nasa etablado.

"Ang lakas naman ng loob niyong sabihin 'yan kahit kayo ang dehado ngayon." Kumurba ang labi niya sa isang ngisi.

Nagbago ang ekspresyon niya. Once again, with just a snap of her fingers, everything started to move again. Pero wala kaagad nakagalaw sa mga posisyon nila dahil sa pagkabigla.

"Mali ata ang pagkaiintindi niyo," nakangising sambit ng Principal.

"I'm not just their Guardian or a Principal," dagdag niya.

Umangat ang tingin ni Helena. This happened for a couple of times already—the look on her face that I can't explain, which makes me just stare at her, stunned.

"Of course, it's my duty to protect them." She plastered a smile—a proud one, as if it's an honor.

"I'm Helena Portugal. An adopted sister of the first Portugal I've met, Evan Portugal."

59. The cursed gifted

Pare-parehong napaawang ang mga bibig namin sa narinig. Hindi maproseso ng utak ko ang sinabi ni Helena.

Tama ba ang pagkakarinig ko?

Isang... Portugal si Helena?

Natauhan na lamang kami nang may sumabog sa dulong bahagi ng silid. Sunod-sunod na nagsipasok ang iba pang mga gifted mula sa Graven Guild at iilang gifted na naging kakampe ni Papa sa trabaho.

"S-Shit!" biglaang sambit ni Law.

Pare-pareho silang naging alerto nang sumugod sa amin ang mga gifteds.

"Hoy, Elroy! Kunin mo si Lemon! Yari ka talaga sa 'min pag hinayaan mong masaktan 'yan!" sumbat ni Zeldrick.

Mabilis na sumunod si Elroy sa sinabi niya at binuhat ang puting pusa. Naghanda na sila sa pag-atake ng kalaban ngunit nanatiling nasa batang babae ang mga mata ko.

Umaakyat siya entablado kung saan naghahandang tumakas sina Sir Cael at Papa.

Hindi ako makagalaw sa pwesto ko at nanatiling nakapako ang tingin ko kay Helena.

Nabigla ako nang parang bumagal ang oras at tanging si Helena lamang ang nakikita ko. Kinurap ko ang mga mata ko at nang muli ko itong minulat ay nagbago na ang tingin ko sa paligid.

Sumalubong sa akin ang palubog na araw. The sky is orange, blue, violet, red, and yellow. I felt the wind touching my skin. I'm in the middle of... a sunflower field.

Right in front of me... is a woman.

Isang pamilyar na babae—ang babaeng nasa panaginip ko.

Isa sa mga naunang Portugal na nakilala ni Helena.

Scarlet Portugal.

Napalingon siya sa akin, humampas muli ang hangin na sinabayan ng mahabang itim na buhok niya. Tumatama sa likuran niya ang sinag ng palubog na araw, dahilan kung bakit nangingibabaw siya sa gitna ng mga sunflowers dito.

Nakangiti siyang lumapit sa akin ngunit hindi mapagkakaila ang lungkot sa mga mata niya.

Hinawakan niya ang pisngi ko at deretsong tumingin sa mga mata ko.

"Tell her I'm sorry. Tell Helena, I'm sorry," sambit ng babaeng kaharap ko.

Natigilan ako sa sinabi niya at kumunot ang noo ko.

All this time...

Kay Helena siya humihingi ng tawad?

Pero bakit?-

Nawala ang tanong sa isip ko nang biglang tapikin ni Scarlet ang noo ko.

Parang sasabog ang utak ko sa sunod-sunod na pagpasok ng mga impormasyon at mga imahe.

Nakikita ko sila...

Ang iilang mga memorya ni Helena noong ilang dekada na ang lumipas. Ang mga nangyari sa kaniya noon.

Hindi isang batang babae si Helena dahil ginusto niya. Kung hindi dahil hindi na siya tumanda mula nang magamit niya ang gift niya.

Helena can control time—but her time itself had already stopped.

Kasabay nang paghinto ng oras ni Helena ay ang pagbura ng existence niya sa mundo. Tila nawala ang lahat ng alaala ng mga taong malalapit sa kaniya tungkol sa kaniya.

And one of them is Evan Portugal.

The husband of Scarlet Portugal.

Hindi ko mapigilang maiyak sa mga nakikita ko. Alam ko na kung bakit hindi ko mapigilang malungkot kapag nakikita ko ang painting nina Helena sa mansyon niya.

Helena didn't treated Evan Portugal as her adopted brother.

She loved him. A kind of love that lasted for a hundred years.

Nakikita ko ang iilang mga alaala ni Helena mula nang bata pa lamang siya. Ang alaala niya kasama si Evan Portugal.

Si Helena ang unang babaeng pinangakuan ni Evan ng kasal. Ang babaeng pinangakuan niyang makakasama niya habang buhay.

Ngunit nagbago 'yon nang mabura ang lahat ng alaala niya tungkol kay Helena... at nakilala niya si Scarlet Portugal.

Ngunit imbis na ipaalala ni Helena kay Evan ang mga pangako niya, nanatili lamang si Helena sa tabi niya kahit hindi na siya nito naalala.

Dahil alam ni Helena sa sarili niya na walang magbabago. Hindi na siya tatanda pa at mas pinili niyang palayain na lang ang nag-iisang lalaking minahal niya.

Pero hindi nawala ang nararamdaman ni Helena kahit ilang siglo na ang lumipas...

Mahal niya pa rin si Evan—mula noon, hanggang ngayon.

Sapat ng patunay ang katapatan ngayon ni Helena sa mga Portugal.

Hindi ko alam kung ano ang dahilan kung bakit siya naging Portugal at kung paano ito nangyari.

Ang alam ko lang ay iba ang pinagdaanan ni Helena sa loob ng ilang dekada. Hindi ko lubos maisip kung bakit niya pa nagagawang magpatuloy hanggang ngayon.

Muli akong natauhan nang maramdaman ko ang kamay ni Scarlet Portugal sa pisngi ko. Ramdam ko ang marahang paghawak ng malambot at mainit na palad niya.

"Tell her I'm sorry, okay? I'm sorry for taking the man she loves."

She plastered a bitter smile. Hindi ko nagawang makasagot sa kaniya nang bigla siyang nawala sa harapan ko.

Nang muli kong imulat ang mga mata ko ay bumalik ako sa pinanggalingan ko kanina. Sa gitna ng isang labanan.

Agad napunta ang tingin ko kay Helena na papalabas na ng silid upang sundan sina Sir Cael at Papa.

Hindi ko magawang makasunod dahil walang tigil ang pagsugod sa amin ng mga kalaban.

"B-Bwisit! Lugi tayo! Masyado silang marami at hindi pa tayo makagamit ng gift!" giit ni August habang pinipigilang makalapit ang isang kalaban.

"Kating-kati na 'kong pabagsakin ang mga kutong lupang 'yan!" dagdag ni Zeldrick.

Tanging pag-ismid ang nagawa ni Gin. Sa kabilang banda ay nakikipaglaban din sa kalaban si Elroy habang buhat-buhat si Lemon.

"Go, hood! Sundan mo si Helena! Kaya na namin 'to!" biglaang sambit ni Law.

Sumimangot ako sa sinabi niya. "Are you nuts?! Ako lang ang kayang gumamit ng gift sa atin tapos iiwan ko pa kayo?" giit ko.

Napaismid si Law sa sinagot ko at balak na dapat niyang magsalita nang bigla na lamang may sumulpot na itim na usok sa silid.

Pinalibutan nito ang mga kalaban na malapit sa amin at tinrap ito sa loob.

"Looks like you're having a hard time, Reapers?" Rinig naming sambit ng isang pamilyar na lalaki.

Pare-pareho kaming napatingin sa grupong bagong dating. Hindi ko masukat ang sayang naramdaman ko nang makita sina King at mga Deities dito. Kasama rin nila si Eslin at ilang Coders.

"Tsk. Who said we need help?" pagmamatigas ni Gin.

Tanging pagtawa ang sinagot sa kaniya ni King. Kasunod n'on ay ang paghagis sa amin ni Zail ng tag-iisang pills.

"Taliyah made them. Alam naming malakas kayo kahit walang gift pero siguradong kailangan niyo 'yan," walang ganang aniya.

Kumurba ang mga labi ng mga kasama ko at sabay-sabay na ininom ang gamot.

"Scarlet!" Rinig kong tawag sa akin sa kabilang bahagi ng silid.

Agad akong napalingon sa tumawag sa akin at naramdaman ko ang paggaan ng loob ko nang makita kung sino ang mga ito.

"L-Liev," halos maiyak na sambit ko.

Kasama ni Liev ang mga one digit codes. "Kasama ni Addi ang ibang mga codes! Huwag ka ng mag-alala sa kanila!" dagdag niya.

Napangiti ako sa narinig. Thank God they're safe.

"Hey, S03! Better kick Papa's ass for us!" nakasimangot na sambit ni Viola.

Kumurba ang labi ko sa sinabi niya at tumango. Tulad namin ay sinimulan na rin nilang atakihin ang mga kalaban.

"Oi, oi. Who's the guy?" biglaang sambit ni Law sa gilid ko.

Hindi ko namalayan na nakalapit na pala ito sa akin at na kay Liev ang mga tingin.

"Tsk. Looks like the jerk likes you," muling aniya.

Hindi ko mapigilang matawa sa sinabi niya. "He's just a friend," natatawang sagot ko.

"At isa pa, I already have someone I like."

Kumunot ang noo ni Law at agad siyang humarap sa akin. "Oi, oi. Who-"

Hindi na niyang nagawang makapagsalita nang takpan ko ang bibig niya.

"Shut up, Lunatic. Susundan ko na si Helena."

Napaismid si Law sa ginawa ko at inalis ang pagkakatakip ng kamay ko sa bibig niya. Napunta ang kamay niya sa likuran ko at mariin niyang 'kong inilapit sa kaniya.

Nabigla na lamang ako nang maglapit ang mga labi namin. Naramdaman ko ang pag-init ng pisngi ko sa ginawa nito at hindi kaagad ako nakapag-react.

Marahan siyang pumikit. Ramdam ko ang paggalaw ng dila niya sa loob ng labi ko, bago tuluyang alisin ang pagkakalapit ng mga labi namin.

Kumurba ang labi ni Law nang matapos niya 'kong halikan. Hindi nawawala ang mainit na tingin niya sa akin.

"I told you didn't I? I'm the wolf and you're my prey." Marahang humigpit ang pagkakahawak niya sa akin.

"You better come back, hood."

Napaismid ako sa sinabi niya na sinundan ng isang ngiti.

"Of course I will. Babawi pa 'ko sa ginawa mo, Lunatic."

After giving him a reasurring smile, I immediately left the battle field.

Tuluyan ko na silang iniwan sa silid upang sundan si Helena at sina Papa.

Tatapusin ko na ito. At walang importantengmawawala sa akin.

60. Even if it costs me my life

Tumatakbo ako sa mahabang pasilyo. Kailangan kong masundan kaagad sina Helena.

Dinala ako ng mga paa ko sa likod ng base. Kung saan naabutan ko si Helena, si Papa at Sir Cael.

Mukhang balak pa nilang tumakas dalawa ngunit hindi na nila kayang gumalaw pa. Dahil sa kakayahan ni Helena.

"Why did you followed me, Scarlet?"

Even without looking back, Helena immediately noticed my presence.

"You didn't probably thought that I can't handle them on my own, right?" dagdag niya.

Napaismid ako sa sinabi niya. Matapos ko siyang sundan dahil nag-aalala ako sa kaniya ay iyon ang ibubungad niya sa akin?

"So, alam mo na ba?" biglaang sambit ni Helena.

Nakuha niya ang atensyon ko at nabigla ako sa sinabi niya. Anong tinutukoy niya?-

"About your parents?"

I was taken aback, slightly felt an ache on my chest. Huminga ako nang malalim bago sumagot sa sinabi niya.

"Yes. I'm a Portugal. Daughter of Ethan and Prisma Portugal," taas noong sagot ko.

Kita ko ang pagkurba ng labi ni Helena sa sagot ko. "Good. Now, that answers the mystery of the night we've met, right?" nakangiting sambit niya.

Sumagi sa isip ko ang bagay na tinutukoy niya. Ang gabing tinutukoy ni Helena ay ang gabing unang beses kami nagkita. Ang dahilan kung bakit niya 'ko binuhay no'ng gabing iyon.

Ang ibig sabihin lang n'on ay mula pa lamang sa umpisa ay alam na at kilala na 'ko ni Helena.

"Bakit hindi mo sa akin sinabi? Bakit hinayaan mo 'kong maniwala sa kinalikahan ko?" tanong ko. Nangungusap ang mga mata kong nakatingin sa kaniya.

Sinagot ako ni Helena ng hindi nililingon. Nanatili siyang matalim ang tingin sa dalawang lalaking pinahihinto niya ang oras.

"Yes. I can control time. I know everything. But that doesn't mean I have a complete control in everything that is happening," deretsong sagot niya.

"There are certain rules we must follow, Scarlet."

Tumagal ng ilang segundo bago ko nagawang magsalita ulit. Unti-unti akong naglakad papalapit sa batang babaeng kaharap ko.

"When you said you were a Portugal, paano nangyari 'yon?" muling tanong ko.

Hindi ko nakita kung paano siya naging isang Portugal. At hindi ko rin lubos maisipan kung bakit pinili niyang maging kapatid na lamang ni Evan. Marami pang maaring maging paraan para manatili siyang nasa tabi nito.

Hindi kaagad nakasagot sa sinabi ko si Helena. Nang balak na niyang sumagot ay natigilan ito nang may narinig kaming tumunog sa bulsa ni Papa.

Matalim na tinignan ni Helena si Papa. Agad na napunta ang tingin at atensyon namin dito.

"M-Mukhang hindi mo tuluyang napahinto ang oras, Helena," nahihirapang sambit ni Papa.

Kahit hindi na niya kayang gumalaw ay nagawa pa rin niyang ngumisi.

"May bombang nakalagay sa bulsa ko. At hindi ito basta-bastang bomba, Helena. Kahit magawa mong pahintuin ang oras ay hindi mo kayang pahintuin ito nang matagal," nakangising dagdag niya. "Sapat na ang pagsabog na 'to para mabura ang buong bayan na malapit sa base."

Tila nagbago ang eskpresyon ni Helena sa sinabi ng lalaking kaharap at napaismid.

"H-Hoy! Nasisiraan ka na talaga! 'Wag mo 'kong idamay sa kabaliwan mo!" giit ni Sir Cael kay Papa na kapwa hindi rin makagalaw.

"Kung hindi ko maitutupad ang plano ko ay idadamay ko kayong lahat!" natatawang sambit ni Papa.

Mukhang tuluyan na itong nasiraan ng bait.

"Ano ng gagawin mo, Helena? Tumatakbo ang oras. Bakit hindi mo subukang bumalik sa nakaraan? Ay, nagawa mo na pala kanina," muling sambit ng lalaking kaharap namin.

Kumunot ang noo ko sa sinabi niya. Ano naman kung binalik na ni Helena ang oras kanina? Hindi na niya ba ito pwedeng ulitin?

"Hindi gano'n kadali ang mga kapangyarihan ko. Hindi ko na ulit basta-basta maibabalik ang oras matapos ko itong gawin," biglaang sambit ni Helena na parang nababasa ang nasa isip ko.

Muling umalingawngaw ang tawa ni Papa sa sinabi ni Helena. "Sama-sama tayong pupunta sa impyerno!"

Hindi nagawang makasagot ni Helena sa sinabi niya. Bakas sa mukha niya na nahihirapan siya sa sitwasyon ngayon.

"I-Ilalayo ko sila! Pati ang mga tao sa bayan!" sambit ko.

Imbis na sumangayon ay umiling sa sinabi ko si Helena. "No need," walang kaemo-emosyong aniya.

"Ano?! Tatanggapin niyo ba ang kamatayan niyo?" muling sambit ni Papa.

Imbis ipahalata ang kaba ay nagawang kumurba ng labi ni Helena.

Nabigla ako nang ibuka nito ang mga kamay niya. Hindi lamang ako kung hindi sina Papa at Sir Cael

din.

Tila nagkaroon ng isang malaking orasan sa tinatapakan nila.

"N-Nababaliw ka na! Ang sabi ko ay hindi mo magagawang pahintuin ang oras ng bombang 'to!" giit ni Papa.

Muling ngumisi si Helena sa sinabi niya. "Sinong nagsabing pahihintuin ko ang oras?" nakangising aniya.

"Pupunta tayo sa hinaharap...tayong tatlo lang."

Lumiwanag ang orasan na tinatapakan nila, kasabay ng pagbigat ng pakiramdam ko.

"At tayong tatlo lang din ang matatamaan ng bomba."

Natigilan ako sa pwesto ko sa narinig ko. Walang senyales na balak pahintuin ni Helena ang ginagawa niya. Mukhang seryoso siya sa plano niya.

"Hindi! Kapag nangyari 'yon ay kasama ka sa pagsabog!" giit ko.

Hindi ako pinansin ni Helena. Bagkus ay natawa pa ito sa akin.

"Oh come on, kid. When did you ever care for me?" natatawang sambit ng batang babaeng kaharap ko.

Nabigla ako at hindi ako nakasagot sa sinabi niya.

"Did you already forgot that you tried to kill me twice?" muling dagdag nito.

Nanatiling nakatalikod sa akin si Helena. Hindi ko nagagawang makita ang mukha niya ngunit alam kong nakangiti siya.

"Pero hiniling ko na nagawa mo 'kong patayin."

Hindi ako makaimik sa sinasabi niya. Naramdaman ko ang pagbigat ng paghinga ko at pagsikip ng dibdib ko.

"Damn. But still, I'm grateful that I'm still alive until this day. I guess I'm still pretty lucky to have amazing students." She laughed again.

Unti-unting umaandar ang orasan sa lapag. Tila pabilis ito nang pabilis.

Sa huling pagkakataon ay nagawa akong lingunin ni Helena. Parang bumagal ang pagtakbo ng oras, sumabay sa pag-ikot ang buhok niya.

She plastered a smile—soft, yet bittersweet.

She faced me not as a Principal, not as a Portugal...

But just someone... someone who's saying a farewell.

"But believe me, kid. Dying is my greatest dream."

Nagsimula ng maglaho ang orasan kasabay nina Helena. Nang malapit na silang tuluyan na mawala ay nabigla si Helena sa ginawa ko.

Kusang gumalaw ang katawan ko ng hindi ako nag-iisip. Niyakap ko ito nang mahigpit at sumama sa kanila papunta sa hinaharap.

"W-What the hell!-" hindi makapaniwalang sambit ng batang akap-akap ko.

Hinarap ko ito at deretso kong tinignan sa mga mata.

"Then I'll come with you! Even if dying is your greatest wish, I won't let you achieve it!"

"I'm sorry if I'm selfish! Pero hindi lang ako! Sigurado akong 'yon din ang gusto ng mga estudyante mo!"

"I'll come with you and stop you from dying no matter how many times! Even if it costs me my life!"

61. A phoenix never dies

Parang nasusunog ang mga laman ko habang unti-unti kaming pumupunta nina Helena sa hinaharap.

"You're really freaking stupid!" Rinig kong sambit ni Helena habang patuloy pa rin sa pag-ikot ang orasan sa tinatapakan namin.

Hindi nagtagal nang maramdaman ko ang paggalaw ng lupa hudyat na nakarating na kami sa dapat naming puntahan.

Nawala ang orasan sa tinatapakan namin at inilibot ko ang tingin ko.

Napaawang ang bibig ko sa tanawin na bumungad sa akin. Tila parang tambakan na ng mga basura ang naging base namin. Walang kahit anong nabubuhay ang nandito, maliban sa amin.

"Ito na ang kalagayan ng lugar na pinanggalingan natin sa loob ng isang daang taon. Ito ang nangyari nang sumabog ang bomba ni Griko," pangunguna ni Helena.

"Nasisiraan ka na talaga ng bait, Helena!" biglaang sambit ni Papa.

Nanlilisik ang mga mata nito at nag-iigting ang panga. Hindi ito makapaniwala sa ginawa ng batang babaeng kasama ko.

Muling napaismid si Papa at inilabas ang bomba sa bulsa.

"Pero ang mahalaga ay sama-sama tayo!" nakangising sambit ng lalaking may hawak ng bomba.

Sa kabilang banda ay nagsimulang tumakbo papalayo si Sir Cael na agad na pinigilan ni Helena.

"Wala kayong magagawa! Mamatay tayong lahat!" natatawang sambit ni Papa.

Unti-unting bumibilis ang tunog ng bomba hudyat na malapit na itong sumabog.

Tila bumilis ang tibok ng puso ko at hindi ko alam ang gagawin.

Sumunod ako rito para siguraduhing hindi mapapahamak si Helena. Hindi ako pwedeng tumayo lang.

Without thinking twice, I took the bomb.

I felt my eyes changed. I changed my arms into wings and started flying up in the sky.

"What are you doing, Scarlet?!" naguguluhang sambit ni Helena.

Napunta ang tingin ko sa kaniya at kumurba ang labi ko.

"Don't worry. We're going back together," nakangiting sambit ko.

Hindi nakubinse si Helena sa sinabi ko at binalak niya 'kong pahintuin ngunit mabilis ko itong pinigilan.

"Helena! Ikaw na ang bahala kay Papa at Sir Cael! Babalik ako!" determinadong sambit ko.

I stopped flying midair, just to glanced at her once again. "Don't worry..." I flashed a smile.

"A phoenix never dies."

Hindi ko na hinintay ang sagot ni Helena at mabilis akong lumipad sa itaas. Muling nagbago ang mga mata ko. Nararamdaman ko ang pag-apoy nito at ang buo kong katawan.

This is it.

I found my purpose.

I now know to whom I'm fighting for.

As code S03.

As Scarlet of the Grim Reapers.

And as a Portugal.

Mas lalong bumilis ang paglipad ko at ang pagtunog ng bomba. Hindi ko namalayan ang bilis ko at kung nasaan na 'ko napadpad. Natagpuan ko na lamang ang sarili ko sa gitna ng kalawakan.

Hindi ko magawang makapaniwala sa nakikita ko. Hindi ko inaasahan na aabot ako hanggang dito.

Even though there's no oxygen in space. I still managed to breathe.

Isa ba 'to sa mga kakayahan ng isang phoenix?

Tinignan ko ang pinanggaliangan ko. Ni hindi ko man lang masabi kung nasaan sina Helena.

Unti-unting kumurba ang labi ko. Hindi ko mapigilang mapangiti.

Napunta ang tingin ko sa bombang malapit ng sumabog.

Looks like this is it.

Tila bumagal ang oras at bigla akong nabingi—parang may matinis na tunog ang dumaan sa dalawang tenga ko. Ang huli ko na lang nakita ay ang liwanag mula sa pagsabog ng bomba.

????????

Naramdaman ko ang pag-init ng buo kong katawan. Dahan-dahan kong naimulat ang mga mata ko at bumungad sa akin ang isang maliwanag at magandang tanawin.

Patay... na ba 'ko?

Bumangon ako sa pagkahihiga at laking taka ko nang makita kong wala man lang akong natamong sugat.

"Are you awake?" Rinig kong sambit ng isang babae sa tabi ko.

Napalingon ako sa babaeng nagsalita at natigilan ako sa pwesto ko nang makilala ang babae.

Humarap sa akin ang batang babaeng may pulang buhok. Nagtama ang mga mata namin at kumurba ang labi niya bago magsalita.

"How are you... my future self?"

Hindi kaagad ako nakasagot sa tanong niya. Hindi ko alam kung totoo ba o gawa-gawa lamang ng utak ko ang nakikita ko.

"Well, if you're here, I guess you're still doing fine huh?" natatawang sagot nito sa tanong niya.

Muling napunta ang tingin ng batang babae sa tanawin.

"Kung nandito ka ay ibig sabihin ay nasagot mo na ang mga tanong sa isipan mo hindi ba?" muling sambit ng batang babae.

"Ang layunin mo at para kanino ka lumalaban."

Nanatili akong nakatingin sa kaniya—naguguluhan pa rin. "P-Patay na ba 'ko?" marahang tanong ko.

Sobra akong naguguluhan sa nangyayari. Kung patay na 'ko ay bakit nagagawa ko siyang kausapin ngayon?

Natawa ang batang katabi ko sa tanong ko.

"I thought you said that a phoenix never dies?"

Nabigla ako sa sinabi niya. "P-Paano mo nalaman 'yon?" hindi makapaniwalang tanong ko.

She smiled as she faced me once again.

"I'm always watching you."

"Just remember that I'm proud of you. And..."

"It's not your fault."

Parang nanatili sa utak ko ang huling sinabi niya. Kumunot ang noo ko rito at nagtaka. Ngunit bago ko magawang magtanong ay unti-unting nanlabo ang paningin ko.

The last thing I saw was her smile—as she watch me.

"Good luck, Scarlet." Huling sambit sa akin ng batang babae.

????????

Nagising akong habol-habol ang hininga. Sunod-sunod ang pagtulo ng pawis ko. Tila sumikip ang dibdib ko at bumigat ang paghinga ko.

Hindi ko mapigilan ang pagpasok ng mga alaala sa isipan ko. Nagsisimula na naman akong umiyak.

"Oi, oi. Hood, okay ka lang?" Rinig kong sambit ng isang lalaki.

Napunta ang tingin ko kay Law na hindi ko napansin na nakasilip na pala sa pintuan ng kwarto ko sa guild.

Nagbago ang ekspresyon nito nang mapagtanto ang nangyari. "Nanaginip ka na naman ba?" marahang tanong niya.

Hindi ko nagawang makasagot sa sinabi niya at nanatili akong tahimik. Pero alam kong alam na ni Law ang sagot.

He went closer to me. "We've already told you, right? It's not your fault." I felt his warm hands touching mine.

"Just rest, okay? Everything is going to be okay."

Hinalikan ni Law ang noo ko bago ako iwan sa silid.

Hindi man lang ako nakaimik nang umalis siya. Hindi pa rin nawawala sa isip ko ang panaginip ko.

Lalo na ang nangyari noong gabing 'yon.

It has already been a year.

Isang taon na ang lumipas mula mangyari ang gabing 'yon.

But every night, it still hunts me.

Hindi ko mapigilang mapaisip kung ano ang mangyayari kung may nagawa ako noong gabing 'yon.

Kung sumama ba'ko kay Helena sa hinaharap ay may nagawa kaya ako?

Lagi kong napapaniginipan ang mga posibleng nangyari kung sumama ako kay Helena.

Pero alam kong hindi na mangyayari 'yon dahil hindi ko iyon nagawa. No'ng gabing 'yon ay pinanood ko lang si Helena na maglaho ng parang bula kasama sina Sir Cael at Papa.

Isang taon na ang lumipas ngunit ni anino nila ay hindi namin nakita. Ang alam ko lang ay napunta sila sa hinaharap. Matapos magkaroon ng isang malaking orasan sa tinatapakan nila ay bigla na lamang silang nawala.

Epilogue

Even though it has already been a year, walang nagbago sa Lunar Academy. Nanatiling tumatanggap ng mga trabaho ang mga guilds dito.

Nagpatuloy ang paggalaw ng mga officials ng mga Academies. Nalaman nila ang katrayduran na ginawa ni Sir Cael at agad silang naghanap ng kapalit nito.

Ngunit kahit isang taon na lumipas, hindi sila naghanap ng kapalit ni Helena.

Siya pa rin ang tinuturing tagapamahala ng paaralan na ito kahit wala na kaming balita sa kaniya.

"Miss Scarlet!" Rinig kong tawag ng isang lalaki.

Napalingon ako sa pinanggalingan nito at sumalubong sa akin ang isang pamilyar na babae at lalaki.

"Oh, Aren. Bakit?" nakangiting tanong ko.

"Ngayon na po lalabas ang resulta ng pagsusulit nina Kuya at Miss Lemon! Gusto niyo po bang sumama para makita sila?" masiglang sambit ni Aren.

Hindi ako tumanggi at isang tango ang sinagot ko sa kanila. Mabilis nila 'kong dinala sa harap ng Academy kung saan nakalagay ang malaking information board.

Isang rookie si Aren ngayon sa Grim Reapers at ang babaeng kasama niya. Katulad nina Zeldrick, August, at Law ay isa na rin akong Senior.

Nanatiling Guild's Master namin si Gin. Sa kabilang banda ay parehong may kinuhang test si Lemon at Elroy para maging isang ganap na Masters.

Dumating kami nina Aren sa information board at naabutan naming nando'n na sina Elroy at Lemon, kasama ang puting pusa nito.

"Kuya!" pagtawag ni Aren kay Elroy.

Parehong napatingin sa direksyon namin sina Lemon at Elroy na may malawak na ngiti.

"Scarlet!!! Nakapasa kami!!!" masiglang bungad ni Lemon sa akin.

Tumakbo ito sa direksyon ko at mahigpit akong niyakap. "I'm already a Master!!!" nakangiting dagdag niya.

Isang ngiti ang pinakita ni Elroy sa reaksyon ng ka-partner niya. Hindi rin nito maitago ang saya dahil sa magandang balitang natanggap.

"Congratulations," nakangiting sambit ko.

Tinanggal ni Lemon ang pagkakayakap sa akin ngunit hindi pa rin nawawala ang pagkasigla nito. Bigla niyang hinila si Elroy na nakikipag-usap kina Aren.

"Pupunta kami sa Guild at sasabihin sa iba!!" masiglang sambit ni Lemon.

Hindi man lang niya kami hinintay na makasagot at kumaripas na kaagad ito ng takbo. Napabuntong-hininga na lang ako sa ginawa niya.

"E-Eh. Miss Scarlet, susunod po kami sa kanila," sambit sa akin ni Aren.

Tumango ako sa sinabi niya at pinanood silang mawala sa paningin ko.

Naiwan akong mag-isang nakatayo. Napagpasyahan kong magikot-ikot na lamang sa Academy.

Seeing this place makes me reminisce. I first thought that this place is like a prison—it turned out to be true.

I chuckled. But who would thought that this will be my new home?

Habang naglalakad malapit sa gate ay nabigla ako sa mga pamilyar na mukha na bumungad sa akin.

Mukhang paalis na sila ngunit natigilan din sila nang makita ako.

"Oh, Scarlet," bungad sa akin ni Zail. Kasama niya ang iba pang Deities.

Tanging pagngiti ang nagawa kong ipambati sa kanila. Pumupunta sila rito minsan sa Lunar Academy upang kumuha ng impormasyon at balita.

"Looks like there's still no luck huh," biglaang sambit ni King.

Isang mapait na ngiti ang ipinakita ko rito at umiling. "Y-Yeah. Wala pa ring balita," walang kaemo-emosyong sambit ko.

Narinig ko ang pagbuntong-hininga ni Cleofa at ang pag-ismid ni Helix.

"That old hag left without telling us huh?" reklamo ni Helix.

Mabilis itong sinaway ni Risca sa sinabi nito.

"But still, we shouldn't lose hope. Babalik kami ulit sa susunod," nakangiting sambit ni King.

Tumango ako sa sinabi niya at nanatiling nakatingin sa kanila habang lumalabas sa gate.

Hindi pa sila tuluyang nakalalayo nang biglang huminto sa paglalakad si Zail at humarap sa akin.

"I just think you should hear this," aniya.

He looked at me sincerely. "It's not your fault, phoenix."

I saw the sadness on his eyes before turning his back on me and continued walking.

Hindi ako nakaimik sa sinabi niya at nanatili akong hindi gumagalaw sa pwesto ko.

Napakagat ako sa ibabang labi ko. Lagi nilang sinasabi na hindi ko kasalanan. Pero alam ko sa sarili kong may pagkukulang ako.

I won't lose someone important to me my ass.

Wala nga akong nagawa noong gabing 'yon at hinayaan kong mawala sa harap ko si Helena.

"Scarlet." Rinig kong sambit ng isang pamilyar na boses.

Lumingon ako sa likod ko kung saan nanggaling ang boses. Sumalubong sa akin si Liev at ang mga one digit codes. Or should I say, members of the Warden Guild.

Pumasok sila sa Solar Academy at sumali sa isang guild doon. Ngunit nandito sila sa Lunar para tumulong pansamantala sa pagkuha ng mga impormasyon tungkol sa mga koneksyon ni Papa sa underground association.

"What's with the face, Scarlet?" sarkastikong sambit ni Viola.

Tanging mapait na pagngiti ang nasagot ko rito na kinaismid niya.

"Woah, this is the first time na hindi sumagot si Scarlet kay Viola," natatawang sambit ni Sky.

Nagsitawanan ang mga kasama namin sa sinabi nito na mas lalong kinasimangot ni Viola. Hindi ko rin napigilan na matawa.

"That's more like it," nakangiting sambit ni Liev nang makitang natawa ako.

"Don't stress yourself, phoenix. Kahit na nakakapag-regenerate ka ay hindi n'on maiiwasan ang mabilis mong pagtanda," muling kumento ni Viola.

Kumurba ang labi ko sa sinabi niya. "Yes, I won't, Viola, thanks for the tip," Nakangising sagot ko na muling kinaismid niya.

"Just call of us if you need us, Scarlet. You know where we are," nakangiting sambit ni Liev.

Pare-pareho silang nagpaalam sa akin at sabay-sabay na umalis. Muli na naman akong naiwan mag-isa.

Napagpasyahan kong bumalik na sa guild. Habang naglalakad pabalik ay nakuha ng pansin ko ang isang lalaki na nakasandal sa isang puno. Tumatama ang sinag ng palubog na araw na sumisilip sa mga dahon ng puno sa mukha niya.

"Oi, oi. Saan ka na naman galing, hood?" bungad sa akin ni Law.

Napabuntong-hininga ako sa sinabi niya. "Masama bang maglakad-lakad, ha?" balik na tanong ko rito.

Napaismid si Law sa sagot ko at umalis sa pagkasasandal sa puno.

"Mind coming with me?" he asked.

Nabigla ako nang nilahad niya ang kamay niya sa akin. Kumurba ang labi ko at hinawakan pabalik ang kamay niya. I don't have a reason to refuse.

"Light!" Law summoned his familiar.

A huge nine headed dragon appeared in the sky. The hydra.

"Para saan 'yan?" giit ko kay Law.

Nagawa ko ng makita ang familiar ni Law sa loob ng isang taon. At alam ko kung gaano manghihina si Law kapag sinummon niya ito.

For pete's sake, his familiar is the hydra.

"Why? Anong problema?" Law said while pouting.

Imbis na sagutin ang tanong ko ay nilagyan lamang ni Law ng takip ang mga mata ko at pinasakay ako sa familiar niya.

"Tsk, para saan 'to?" muli kong giit.

Narinig ko ang pagtawa ni Law habang sumasakay rin ito sa hydra. "Oi, oi. Hindi mo na ba alam ang surprises, hood?" natatawang sagot niya.

Napaismid ako sa sinabi niya. "I freaking know that, Lunatic. My freaking point is, para saan 'to?" muli kong tanong.

Tawa lamang ang sinagot sa akin ni Law at nagsimula ng lumipad ang hydra. Naramdaman ko ang marahang pagyakap niya sa likuran ko at ang paglagay ng baba niya sa balikat ko.

"You'll know it soon."

????????

Ilang minuto ang lumipas bago ko naramdaman ang pagbaba ng hydra sa lupa. Inalalayan ako ni Law na bumaba at maglakad.

"Lunatic, saan ba tayo pupunta?" giit ko kay Law. Hindi ko alam kung ano ba ang trip nitong kupal na 'to.

Hindi ako sinagot ni Law bagkus ay nagpatuloy lang kami sa paglalakad.

Bigla na lang kaming huminto sa kung saan at dahan- dahang tinanggal ni Law ang takip sa mga mata ko.

Hindi ko kaagad nagawang imulat ang mga mata ko dahil sa tagal nitong nakasara. Nang malinawagan na 'ko nang kaunti ay natigilan ako sa bumungad sa akin.

"Happy birthday, Scarlet!!!" masiglang bati sa akin ng mga pamilyar na tao.

Nasa isang malawak na garden kami. Nandito ang mga magulang ko, sina Liev, ang mga nakasama namin sa Coders at Deities, at pati na rin ang lahat ng myembro ng Grim Reapers.

"Hindi natin na celebrate last year. Pero ang sabi ng parents mo ay ngayon daw ang birthday mo," nakangiting sambit ni Law.

Hindi ko magawang maka-react sa sinabi niya at sa surpresa sa akin ng mga kasamahan ko.

"Happy Birthday, anak," pagbati sa akin nina Mama at Papa at sinalubong nila 'ko ng isang yakap.

Tila nakalimutan ko ang mga problemang pinapasan ko at gumaan ang pakiramdam ko.

Napuno ang gabi ng kasiyahan dahil sa pagdiriwang ko ng kaarawan. Pero hindi pa rin mawala sa isip ko na mayroong kulang.

"Hood." Rinig kong tawag sa akin ni Law.

Sinenyasan ako nito na sumunod sa kaniya na ginawa ko. Pumunta kami sa isang pwesto kung saan walang tao. A balcony.

Tumabi sa akin si Law at nabigla ako nang hawakan niya ang kamay ko. Sinuotan niya 'ko ng isang silver bracelet na may nakaukit na pangalan ko.

"Happy Birthday, Scarlet." He smiled.

Kumurba ang labi ko sa sinabi niya. "Thank you, Law."

Naramdaman ko ang paghigpit ng pagkahahawak ni Law sa kamay ko.

"I'm sorry... I don't want to ask you yet."

Napunta ang tingin ko sa kaniya at seryoso siyang nakatingin sa langit.

"Alam kong nakakahiya. But will you please wait for me? When everything is already alright..."

"I want to ask you to be mine."

Tila bumagal ang takbo ng oras sa paligid at naramdaman ko ang pagbilis ng tibok ng puso ko.

Kumurba ang labi ko sa isang ngiti at tumango sa sinabi niya.

Habang magkasama kami ni Law ay pareho kaming nabigla nang makarinig kami ng sigawan sa pwesto ng mga Grim Reapers.

Mabilis nitong naagaw ang atensyon namin at agad kaming pumunta sa pwesto nila. Doon namin nakita si Aren na nagbabago ang mga mata.

"W-What happened?!" nag-aalalang sambit ni Law.

"Gumagana na naman ang gift niya," sagot sa amin ni Lemon habang hawak-hawak ang kamay ni Aren.

Just like Elroy's, kakaiba rin ang gift ni Aren. He has the ability to see glimpse of the past and the future—and it's always accurate.

"A-A little girl. A little girl is coming."

Pare-pareho kaming natigilan sa sinabi ni Aren at nagbago ang mga ekspresyon.

Hindi kami nagdalawang isip at sunod-sunod kaming kumilos.

"I'm sorry, could you please look after my brother?" sambit ni Elroy sa mga Deity na kinatango nila.

Lumabas ang mga kasama ko ngunit bago pa 'ko tuluyang sumunod ay naramdaman ko ang paghawak sa akin ni Mama.

"B-Be careful, Scarlet," nag-aalalang sambit nito.

Isang ngiti ang sinagot ko sa kaniya bago ako humalik sa pisngi niya at tumango.

Mabilis akong sumunod sa labas kung nasaan ang mga kasama ko.

"Mufasa!" sambit ni Zeldrick.

"Twerky!" dagdag ni Lemon.

Nagsimulang mag-summon ng mga familiar nila ang mga kasama ko. Hindi rin ako nagpahuli at agad na sinummon si Killer.

Agad kaming umalis sa pinanggalingan namin para bumalik sa lugar na pinangyarihan noong nakaraang taon. Ang dating base namin.

Sobrang bilis ng tibok ng puso ko at hindi ko mapigilang kabahan. Hindi pa kami sigurado kung sino ang batang babaeng tinutukoy ni Aren pero hindi ko mapigilang umasa.

Sana siya ang batang babaeng tinutukoy niya...

Hindi nagtagal ay natagpuan namin ang mga sarili namin sa tapat ng dati naming base. Hindi kami nag-aksaya ng oras at mabilis kaming pumunta sa likod nito kung saan huling natagpuan si Helena.

I have high hopes.

That when the moment we reached the end of this hallway, we will see a little girl waiting for us...

Pero sa huli... ay umasa lamang kami sa wala.

Nakarating kami sa likod ng base at agad naming nilibot ang mga tingin namin ngunit wala kaming nakita. Tanging ang sinag ng dalawang buwan ang sumalubong sa amin. Tila nararamdaman ko ang pagbagsak ng mga luha ko.

"Tsk. Katangahan natin. Masyado pa tayong umasa. Wala na si Principal Helena," inis na sambit ni August.

Ngunit alam kong sa kaloob-looban niya ay umasa rin siya.

"Let's just go back," walang kaemo-emosyong sambit ni Gin. He has a cold look on his face—disappointed too.

Nagsimula ng magsibalikan ang mga kasama ko nang mapako ang tingin ko sa isang bagay.

Isang bagay na wala rito noong nakaraang taon.

A cup of tea.

Bago ko magawang magsalita ay tila huminto ang oras. Tumigil sa paggalaw ang mga puno at hindi ko

maramdaman ang paghampas ng hangin.

Pare-pareho kaming napatingin sa isang batang babae na kaswal na nakaupo sa itaas ng isang puno.

Walang pinabago ang itsura niya at ganito pa rin ang suot niya no'ng gabing iyon.

"Tsk. Tsk. Tsk. Hindi ko inakala na isang taon ko pa ulit magagamit ang kapangyarihan ko sa oras na pumunta ako ng masyadong malayo sa hinaharap," nakangising bungad sa amin ni Helena.

Nagsimula ng magsituluan ang mga luha ko at hindi ko maikukumpara ang saya na nararamdaman ko ngayon.

"I-I thought you left us," naiiyak na sambit ko.

Muling kumurba ang labi ni Helena sa sinabi at naging reaksyon ko.

"How can I leave my precious students behind?"

-END-

SPECIAL CHAPTER

Law

"Mukha kang tanga riyan." Rinig kong sambit ni Lemon sa akin.

Kanina pa 'ko pabalik-balik sa paglalakad dito sa loob ng guild. Tanging ako, si Lemon, Elroy, at Zeldrick lamang ang nandito.

"Why don't you just ask her out?" Casual na sambit ni Elroy.

"Oo nga. Bobo kase." Dagdag ni Zeldrick.

Napaismid ako sa sinabi nila. "Oi, oi. That's not that easy!" Giit ko.

Napabintong-hininga na lamang sila sa sinabi ko. Muling sumubo ng cake si Lemon, si Elroy ay nagpatuloy sa paglalaro, at si Zeldrick ay nagpapaikot ng yoyo.

"Ang hina mo naman. You already freaking kissed her, hugged her, and tell her corny stuffs. Tapos ayaw mo pang lagyan ng label?" Iritadong sambit ni Zeldrick.

"Shut up Zel! Eh bakit ikaw? Hanggang kailan ka magmamaang-maangan na wala kang gusto kay August?" Inis na sagot ko rito.

Natahimik si kupal sa sinabi ko at hindi nakasagot. Jeez, bakit ba 'ko humihingi ng advice sa mga 'to. Mas tabingi ang utak nila kaysa sa akin.

"Jeez. Your choice. Pagtatawanan ka namin ni Chelsea kapag naunahan ka." Nakangising sambit ni Lemon.

Natigilan ako sa sinabi niya at natauhan. Fuck. Merong asungot palang umaaligid sa babaeng 'yon. Bwisit!

Napasabunot ako sa ulo ko sa inis. Ano pa ba ang hinihintay ko? Nandito na si Helena! Okay na ang lahat!

Why can't I just ask her to be mine?

"Law. Hinahanap ka ni Helena." Sambit ng lalaking bagong dating.

Pare-pareho kaming napatingin kay Gin na walang ganang pumasok sa guild. Humihikab pa ito at magulo ang buhok.

Wala akong nagawa kung hindi sumunod sa sinabi niya. Tsaka ko na iisipin si hood.

Pumunta ako sa academy at pumunta sa principal's office. Nang makarating ako roon ay bumungad sa akin ang batang babae na umiinom ng tsaa.

"Yoh." Bati sa akin ni Helena.

Napabuntong-hininga ako rito bago casual na umupo sa sofa sa silid. "Oi, oi. What do you need from me?" Walang ganang tanong ko.

Ipinatong ni Helena ang mga paa niya sa lamesa at tinapunan ako ng tingin. Pagtapos ay hinagisan ako nito ng isang folder na kaagad ko ring sinalo.

"What's this?" Marahang tanong ko.

"Open it." Sagot ni Helena.

Sinunod ko ang sinabi niya at binuksan ang folder. Natigilan ako sa mga papeles na bumungad sa akin.

"Wanted, alias Joker. No name. Gift, unknown." Basa ko sa nakasulat.

"I want you to handle that mission." Casual na sambit ni Helena.

Kumunot ang noo ko sa sinabi niya. "Bakit mo pa ko pinapunta rito? Dapat kay Gin mo na lang pinasabi." Giit ko.

Hindi kaagad nakasagot si Helena sa sinabi ko at napansin kong nagbago ang ekspresyon nito.

"Because you're a heir of Cronus. Just like me." Deretsong sagot ni Helena.

Natigilan ako sa sinabi niya. Tila bumigat ang tensyon sa silid.

"While I was away for a year. Marami akong naglagpasan na mga kaganapan." Pangunguna ni Helena.

"Someone told me. A queen will soon rise. A gifted that is even stronger than us, heir and heiress of Cronus." Dagdag nito.

I suddenly felt the chills in my body. Parang natuyo ang lalamunan ko at hindi ako nakasagot.

"For the first time in my life, I doubted my own ability. Hindi ko alam kung may magagawa ako kung sakaling maging kalaban natin ang sinasabi niyang gifted." Muling sambit ni Helena.

Ngayon ko lang siya nakitang ganito ang ekspresyon. "Anong kinalaman ni Joker dito?" Marahang tanong ko.

Tumayo si Helena bago magsalita. "Joker have many connections to the underground association. Dito tayo makakakuha ng mga illegal na impormasyon na hindi natin makukuha sa legal na paraan." Sagot nito.

Kumunot ang noo ko sa sinabi niya. "But the underground association is also composed of Dark Guilds. Trabaho ng solar academy to." Giit ko.

Lumapit sa akin si Helena at deretso akong tinignan.

"That's right. Kaya nga makikipagtulungan ka sa Solar Academy." Sambit ng babaeng kaharap ko.

"The Solar Academy's job is to tame those Dark guilds. It's the school for the tamers."

Lumabas ako ng Principal's office ng malalim ang iniisip. I don't like working with the Solar Academy's students. Naalala ko ung training na ginawa sa akin ni Eslin kasama si Cleofa. Parang impyerno ang narasanan ko n'on. Tsk.

Habang naglalakad sa pasilyo ay napatingin ako sa malaking bintana sa gilid ko. Mabilis na napako ang tingin ko sa isang pamilyar na babae at lalaking nag-uusap.

Napaawang ang bibig ko nang makitang magkasama nanaman si hood at ung wala-akong-paki-sa-pangalan na lalaki.

Isa pa 'yon sa dahilan kung bakit ko sa Solar. Doon na nagaaral ang lalaking 'yan. Bakit ba punta nang punta pa 'yan dito sa Lunar?

Hindi ako nagdalawang isip at binuksan ko ang malaking bintana. Wala akong paki kahit nasa ikatlong palapag ako at casual akong tumalon sa baba.

Napunta ang atensyon sa akin ni hood at ang lalaking kasama niya dahil sa ginawa ko.

"L-Law?" Biglaang sambit ni hood.

Hindi ko ito pinansin at napunta lang ang tingin ko sa lalaking kasama niya. Walang salita na lumabas sa bibig ko nang dumaan ako sa gitna nilang dalawa.

"Law, okay ka lang? Ang taas ng tinalon mo!" Tawag sa akin ni hood.

Hindi ko pa rin ito pinansin at nagpatuloy lang ako sa paglalakad. The hell I care? Trip ko lang tumalon sa bintana.

Habang naglalakad papalayo kina hood ay naramdaman ko na ang sakit ng paa ko. Fuck. Mukhang mali ata ang pagkabagsak ko.

Ininda ko ang sakit at hindi ko ito pinahalata. Ayokong ipakitang nasaktan ako eh mababa lang naman ung tinalunan ko. Baka pagtawanan pa 'ko ng wala-akong-paki-sa-pangalan na lalaki na kasama ni hood.

Hindi pa 'ko nakakalayo sa paglalakad ay nabigla ako nang may humawak sa braso ko at inalalayan ako sa paglalakad.

"Jeez. Anong trip mo?" Iritadong sambit ni hood.

"Oi, oi. What are you doing? Kaya kong maglakad. Ang baba lang n'on eh. Makipag-usap ka lang do'n sa wala-akong-paki-sa-pangalan na lalaki." Giit ko.

Kumunot ang noo ni hood sa sinabi ko at tinapunan ako ng tingin. "Kanina pa po siya umalis mister Lunatic. Kinamusta lang ni Liev ang guild at umalis din kaagad." Sagot niya.

Umiwas ako ng tingin ko rito nang maramdaman ko ang paginit ng pisngi ko. "Tsk. Tinatanong ko ba? Anong paki ko?" Pagmamaang-mangan ko.

Ismid na lamang ang sinagot sa akin ni hood at hindi na nagsalita. Huminto kami ni hood sa tapat ng isang bench. Doon niya ko pinaupo at tinignan nito ang paa ko.

"Oi, oi. Stop it hood, nakakahiya. You don't need to do that. I'm fine." Giit ko.

Mahigpit na hinawakan ni hood ang paa ko at hindi ko mapigilang mapaaray. "Wtf?" Inis na sambit ko.

"Shut the fuck up lunatic. It's the partner's job to help her partner if he did something stupid." Walang ganang sambit ng babaeng kaharap ko.

Ismid na lamang ang ginawa ko at hindi nako sumagot pa. Hood's eyes changed and she immediately fixed my broken foot.

"Oi. Hood." Biglaang sambit ko.

Napatingin sa akin si hood habang pinapagaling ang paa ko. Umiwas ako ng tingin dito bago magsalita.

"W-Will you go out with me?" Mahinang sambit ko.

Kumunot ang noo ni hood sa sinabi ko. "Huh?" Marahang tanong niya.

"I-I freaking said. W-Will you go out with me?" Pag-uulit ko.

Hindi pa rin narinig at naintindihan ng babaeng kaharap ko ang sinabi ko.

"Freaking speak well lunatic!" Inis na sambit ni hood.

Napaismid ako sa sinabi niya at tila hindi ko na napigilan ang sarili ko.

"Be my freaking girlfriend goddamn it!" Inis na sambit ko at mabilis na hinalikan ang babaeng kaharap ko.

Hindi kaagad nak-areact si hood sa ginawa ko. Pero agad din nitong sinagot ang mga halik ko.

Nang maghiwalay ang mga labi namin ay deretso ko itong tinignan sa mga mata.

"So what's your freaking answer, Scarlet?" Giit ko.

Kumurba ang labi ni hood sa sinabi ko at muli akong hinalikan sa labi.

"I guess being the girlfriend of the destroyer isn't bad at all, Law." Sagot nito.

Hindi ko mapigilang mapangiti sa sagot niya. "Oh come on, you better be hood." Nakangising sambit ko.

"I already told you twice and I'll say it again. You're my prey. I'm the wolf and you're the little riding hood. One wrong move and I'll eat you up." Dagdag ko.

"You're now mine. And will always be."

•••

Author's note

Thank you very much for making it this far!!! Salamat sa pagbasa at pagsuporta sa Lunar Academy. Sana ay nagustuhan ninyo!!

Keep safe always!!

You can also read my other stories!!

? Nocturne Academy: School for the gifteds (Gifted series #1)

? Lunar Academy: School for the hunters (Gifted series #2)

? The forgotten Queen: The cursed gifted (Gifted Series#3)

?Mageía High: Grimoire of Astria

If you have some questions, you can always message me through wattpad or my social media accounts. Nasa description ko ung mga links.

?CHRISTMAS SPECIAL CHAPTER? PART 1

Scarlet

Malalim akong napasinghap habang yakap-yakap ang sarili ko. Kahit nakailang patong na ako ng damit at nasa loob kami ng kalesa ay nanginginig pa rin ako sa lamig.

Kada paghinga namin ay may usok na lumalabas. Bwisit...

"Oi, oi. Ano ba ang ginagawa natin?"

Nabasag ang katahimikan sa loob ng kalesa nang magsalita ang lalaking katabi ko. Tila napuno na si Law at bakas sa mukha ang inis. Kapwa ko ay yakap-yakap niya rin ang sarili niya.

"For fucking pete's sake! Tonight is Christmas eve and we're still going out for a fucking mission?!"

Umalingawngaw ang boses niya sa kalesa. Walang nagawang makasagot sa kaniya dahil lahat kami ay walang lakas dahil sa lamig.

We're on a town called, Yumaki. A town where its always snowing.

Today is December 24, tonight is Christmas eve. Pero kagaya ng sinabi ni Law, walang pasko-pasko sa amin. Kailangan naming pumunta rito para sa isang mission.

Isang tawa ang sinagot ni Lemon kay Law. Sa aming lahat ay siya lang ang normal ang pananamit dahil hindi siya tinatablan ng lamig. Bagkus ay kumakain pa siya ng ice cream.

Next to her is Elroy. Of course, freaking playing with his video games while Chelsea is sitting in his lap. Katabi niya ay si Aren na tulog at ang partner nito, si Mia, na kapwa niya ay tulog din. They're our rookies this year.

Sa kabilang banda ay katabi ko sa kabilang gilid si Zeldrick at August.

Bago na ang pinagkakaabalahan ng kupal na si Zeldrick ngayon. Nung mga nakaraang araw ay nangongolekta siya ng mga lighter.

Hindi maipinta ang mukha ko habang tinitignan siyang naglalaro ng metal lighter.

"Idiot." Rinig kong bulong ni August na sadya niyang iparanig sa lalaking katabi niya.

Natigilan sa paglalaro si Zeldrick at iritadong humarap sa ka-partner niya. "What did you just said?"

"I said that you're a freaking stupid idiot, moron."

Napabuntong-hininga na lamang ako nang nagsimula nanaman silang mag-away. Badtrip, bakit kasi rito

pa sila sa tabi ko.

Nalipat ang atensyon ko nang biglang bumukas ang maliit na bintana sa pagitan namin at sa harap ng kalesa. Kung nasaan nakapwesto ang kutsero at si Gin.

"Yosh! Kumusta kayo riyan?"

Nakasimangot akong nakatingin sa kaniya habang inililibot niya ang tingin niya sa loob. Sa aming lahat ay siya ang pinakamasigla at maayos ang pwesto sa harapan.

Napakadaya... bakit ako nandito sa likod?

"Oi, oi. Gin naman! Hindi ba pwedeng ibang araw itong mission?!" Muling giit ni Law.

Kumunot ang noo ko nang makitang tumatawa ulit si Lemon. Kung kanina ay ice cream ang kinakain niya ay isang cupcake naman ngayon.

"Law is mad because he can't take Scarlet to a date!" Natatawang sambit niya.

I saw Law blush before looking at the opposite direction. "U-Ulol."

Natatawa kaming tinignan ni Gin. "Wala tayong choice, galing sa Principal ang mission na ito. Our client is an old friend of hers. Malaki ang utang na loob ni Helena sa kaniya kaya hindi natin ito pwedeng tanggihan."

"Para saan po ba ang mission?" Biglaang tanong ni Aren na gising na.

Pare-parehong nakuha ng tanong niya ang atensyon namin.

August and Zeldrick stopped fighting, Elroy paused his game, and Lemon looked at Gin's direction.

Our guild's master's expression changed. Tila nagkaroon ng tensyon sa loob ng kalesa.

"We're here... because our client said that there are sightings of..."

"Bigfoot."

Nagkaroon ng sandaling katahimikan. Nagkatinginan kami ng mga kasama ko na kapwa ko ay hindi rin maproseso ng mga utak ang narinig.

Napaawang ang bibig ng mga rookies namin. Para bang nagising ang diwa ni Mimi sa narinig.

"B-Bigfoot?"

Ilang segundo ang tumagal bago nagsimulang magsitawanan ang mga kasama ko. Napailing na lamang ako sa naging reaksyon nila.

"Oi, oi. Seryoso ka ba riyan Gin?" Natatawang kumento ni Law.

"Bigfoot is just a legend. Aning na ata ung kliyente natin." Dagdag ni Zeldrick.

Natigilan sa pagtawa si Zeldrick nang isubo ni August sa kaniya ang hawak-hawak niyang lighter.

"And so are manticores, idiot. Saan mo ba ginagamit yang utak mo, Zel?"

Napaismid ang lalaking katabi ko bago gayahin ang pananalita ng ka-partner niya.

"I don't know all the details. Ang sinabi lang sa akin ay may laging nagpapadala ng death threats sa bahay ng kliyente natin." Muling sambit ni Gin.

My forehead furrowed and my mouth fell open. "Wth? Sinasabi mo bang sa tingin nila, si bigfoot ang nagpapadala ng mga death threats?" Marahang tanong ko.

That's freaking impossible! Kung totoo man si bigfoot ay bakit naman ito magpapadala ng death threats sa kung sino?

"Told ya, I don't know all the details. Malalaman din natin ang lahat pagdating natin doon."

Napasinghap na lamang ako sa sinabi ni Gin. Wala akong magagawa kung iyon ang sabi ng guild's master namin.

Naramdaman ko ang pagpasok ng isang kamay sa loob ng bulsa ng jacket ko. Pasimple nitong hinawakan ang kamay ko sa loob.

Sumulyap ako kay Law na para bang wala siyang alam sa ginagawa niya. Nagmamaang-maangan itong humarap sa akin.

"Oi, oi. What?"

Malalim akong napabuntong hininga at hinayaan na lang siya. Mukhang matagal pa ang byahe namin at mabuti na ring mainitan ang kamay ko.

Ilang minuto rin ang tinagal bago namin maramdaman ang paghinto ng kalesa. Sunod-sunod kaming napababa at sumalubong sa amin ang malamig na paghampas ng hangin.

Mahigpit akong napayakap sa sarili ko. Damn, I want to use my gift so bad. Pero binalaan kami ni Gin na bawal naming gamitin ang mga gift namin sa harap ng ibang tao rito.

Nang tuluyan kaming nakalabas sa kalesa ay bumungad sa amin ang isang cabin sa gitna ng nagyeyelong bayan na ito. Napapalibutan ito ng mga bundok at pine trees sa gitna ng snow.

"Angas ah, live dangerously." Natatawang sambit ni Zeldrick.

Matapos magbayad ni Gin sa kutsero ay nauna siyang pumunta sa harapan ng cabin. Hindi rin kami tumunganga roon at agad namin siyang sinundan.

"Ehem, excuse me? Miss Cora? Nandito na po kami!"

Kumatok ng ilang beses ang guild's master namin. Hindi nagtagal ay kusang bumukas ang pinto at iniluwa nito ang hindi katandaang babae.

"O-O-Oh! G-Gin!"

Napaawang ang bibig ko sa bati niya. Pero ang laki ng ipinagtaka ko nang makitang hindi man lang nag-alinlangan ang mga kasama ko na lumapit sa kaniya.

"Wah! Cora! Ang tanda mo na!" Natatawang sambit ni Zeldrick. Umapir ito sa kliyente namin at casual na pumasok sa loob.

"Hello po, tita." Pagbati ni August. Nag-bless muna ito bago pumasok sa loob.

"Wah! Cora! It's good to see you!" Masiglang bungad ni Lemon. May hawak-hawak itong box ng cake at mahigpit na niyakap ang babaeng kaharap bago sumunod sa loob.

"Yo." Elroy bowed and also went inside.

"Oi, oi. It's nice to see you." Salubong ng lalaking katabi ko.

Hinawakan ni Law ang kamay ko at hinila niya ako papalapit sa kaniya. Hindi kaagad ako nakasagot nang magtama ang mga tingin namin ng kliyente namin.

"A-Ah! Hello po!"

Isang ngiti ang ipinakita sa akin ng kliyente naming nangangalang Cora.

"H-H-Hi! T-Tuloy kayo!"

Inilahad niya ang kamay niya at pinapasok kami sa loob. Kasama kong pumasok sina Law, Aren, at Mimi.

Ordinaryong cabin ang bumungad sa amin. To be honest, it looks like a usual bahay bakasyunan. The place is really huge inside and there are different halls and plenty of rooms.

Nang makapasok kami sa loob ay pinaupo kami ni Miss Cora sa sofa sa salas. Hindi rin nagtagal ay may pumasok na lalaking mukhang kaedaran niya lang din. Mukhang ito ang asawa niya.

"Maraming salamat sa pagpunta. Pasensya na kung ngayon pa namin kayo pinapunta rito." Pangunguna ng matandang lalaki sa amin.

Nakangiting umiling si Gin. "No. Hindi naman kayo stranghero ni Miss Cora. Naging parte ng academy ang asawa niyo."

Nakuha ng sinabi ni Gin ang atensyon ko at tumaas ang dalawa kong kilay.

No wonder why they're so familiar with Miss Cora. Naging parte pala siya ng academy.

"M-M-Maraming sa-salamat t-talaga. S-Sana matulungan n-n-ninyo kami."

Umalis sa pagkakasandal sa upuan si Law. "But still, sigurado ba kayo sa nakita niyo? Are you really sure that you saw... bigfoot?" Pagsingit niya.

Nagkatinginan ang mag-asawa at malalim na napasinghap. Natigilan kami nang maglabas ng isang papel si Miss Cora at iniabot sa amin.

May nakasulat dito gamit ang isang pulang tinta.

"Ilang araw na kaming nakakatanggap ng ganiyan. Nakita namin 'yan sa harap ng pintuan. Tapos may isang malaking nilalang na puno ng buhok ang naglalakad sa hindi kalayuan."

Pare-pareho kaming napatingin sa nakasulat. Tila nagkaroon ng sandaling katahimikan at napaawang ang bibig ko.

'Yoh goh two bert DIE'

I heard Law chuckled.

"Looks like bigfoot is freaking stupid."

•••

?CHRISTMAS SPECIAL CHAPTER? PART 2

Scarlet

Nag-ayos ako ng mga gamit sa kwarto namin. Binigyan kami ng mga kwarto ni Miss Cora at kasama ko rito si August.

"Scarlet, naniniwala ka?"

Nabasag ang katahimikan nang magsalita ang babaeng kasama ko. Nalipat ang tingin ko sa kaniya na kapwa ko ay nag-aayos din ng gamit.

I paused for a second. Tila naalala ko ang tinutukoy niya. Tungkol sa death threat na natatanggap nina Miss Cora at ng asawa niya.

"I don't know. Pero mukhang hindi naman sila ung tipo na nagsisinungaling."

Malalim na napasinghap si August sa sagot ko.

Muli kaming natahimik at nagpatuloy sa mga ginagawa namin. Pero nanatiling nasa isip ko ang posibilidad na totoo o hindi ang sinasabi nina Miss Cora.

They said that they saw bigfoot. At siya raw ang nagpapadala sa kanila ng death threats.

Pero bakit? And for pete's sake, he's really bad at spelling.

Kung siya nga ang-

"AHHHHHH!"

Mabilis akong natigilan sa pag-aayos nang may narinig akong sumagaw.

Namilog ang mga mata namin ni August at agad kaming nagkatinginan. Madali naming naintindihan ang gustong ipahiwatig ng isa't isa at hindi kami nag-aksaya pa ng oras.

Nagmamadali kaming lumabas ng kwarto at pumunta sa pinanggalingan ng sigaw. Hindi lamang kami ang nakarinig nun dahil hindi lang kami ang nagsitakbuhan sa pasilyo.

Nakasalubong namin sina Zeldrick at Law na parehong papunta sa iisang direksyon.

Natagpuan namin ang mga sarili namin sa salas. Pare-pareho kaming nakatingin sa babaeng napasigaw kani-kanina lang.

"L-Lemon." Pagtawag ni Zeldrick na bakas ang pag-aalala.

Pareho naming nilapitan si Lemon na nakatalikod sa amin at nakaharap sa bukas na bintana.

"Oi, oi. Wtf happened?" Kabadong tanong ni Law.

Hindi siya sinagot ni Lemon. Bagkus ay nanginginig siyang may tinuturo sa amin.

Napalunok ako nang malalim. Ito ang unang beses na makita ko ng ganito ang senior namin.

Dahan-dahan kaming napatingin sa tinuturo niya. Mabigat ang paghinga ko at sobrang bilis ng tibok ng puso ko.

I-Is it a corpse? B-Blood?

Nang mapunta ang tingin ko sa tinuturo ni Lemon ay kusang umawang ang bibig ko.

My expression changed.

Ang tinuturo niya... ay walang iba kung hindi...

Isang kahon... isang kahon ng cake na wala ng laman.

"S-Someone stole my fucking cake..."

Doon ko napansin na hindi nanginginig sa takot si Lemon. Bagkus, sa galit.

I heaved a sigh and closed my eyes to calm myself. Narinig ko rin ang malalim na pagbuntong-hininga ng mga kasama ko.

"Bwisit! Muntik na akong atakihin, alam mo ba?!" Giit ni Zeldrick na namumutla.

"Shut the fuck up Zel! I freaking baked that cake! It's for Christmas Eve! Who the fuck ATE MY CAKE?!"

Nanggagalaiti si Lemon habang nakatingin sa kahon na wala ng laman.

This is the first time I see her like that. Damn, cakes are really troublesome.

Nabigla ako nang makaramdam ako ng paghawak sa kamay ko. Natigilan ako nang makitang si Law ito na bakas sa mukha ang pagkakaba.

Napalunok ito nang malalim bago ako hilahin papalapit sa kaniya. "L-let's go, hood. Hindi maganda ito."

Hindi nawawala ang tingin niya kay Lemon na sobrang bigat ng paghinga. Naririnig na namin ang pagsinghap niya at mahigpit ang pagkakasara ng kamao niya.

"I said..."

"Who the fuck ate my cake..."

Nagsimulang magpundi ang mga ilaw. Kinakabahan akong napatingin sa paligid.

"W-What's happening?"

Humigpit ang pagkakahawak sa akin ni Law. "Lemon didn't took a training to undergo leveling."

Napaawang ang bibig ko nang tapunan ko ng tingin si Law na seryoso ring nakatingin sa paligid.

"She freaking awakened her power... when Zeldrick and I ate her baked cupcakes."

"When she's like that.... Everything.... Everything can become her puppet."

Nagsitaasan ang mga balahibo ko sa katawan. Narinig ko ang paggalaw ng lahat ng mga gamit sa paligid namin.

The radio and the TV started talking. "WHO ATE MY CAKE!"

The tables and chairs started walking on their own. The paintings started moving and the lights kept switching on and off.

Nagsiatrasan sina Zeldrick at August kay Lemon na hindi makontrol ang kapangyarihan niya.

"F-Fuck! Sino ba kasi ang kumain ng cake?!" Iritadong humarap si August kay Zeldrick.

"O-Oh?! Bakit ako?! Mula nung kinain namin ung cupcake ni Lemon hindi na kami umulit!"

"Oi, oi. We already saw what that glutton can do. Sa tingin mo uulit pa kami?"

Napaismid si August sa sinagot ng dalawang kasama namin. Wala pa ring tigil ang pagsigalawan ng mga gamit sa paigid.

"F-Fuck, we have no choice. Zel, hanapin mo si Chelsie, patulugin niyo-"

"N-Nakita ko po ung kumuha."

Tila tumigil sa paggalaw ang mga bagay sa paligid. Nagkaroon ng sandaling katahimikan.

Pare-parehong naagaw ang mga pansin namin ng babaeng nagsalita.

Si Mia. Nakasiksik sa gilid ng isang aparador at nagtatago. Namumutla ito na para bang nakakita ng multo.

Dahan-dahan niyang tinuro ang bintanang nakabukas.

"B-B-B-Bigfoot."

Humampas ang malakas na hangin at nagsipasukan ang iilang snow mula sa nakabukas na bintana. Hindi kaagad naproseso ng mga utak namin ang narinig.

Zeldrick's eyes widened and his mouth fell open. "B-Bigfoot?"

Napako kami sa kinatatayuan namin. Natauhan na lang kami nang pumunta sa salas sina Gin at iba pa.

"Y-Yosh, anong nangyari?"

Hindi pa namin siya nagagawang masagot nang gumalaw sa pwesto niya si Lemon.

All of us who witnessed what did just happened flinched.

Bumalik na lamang kami sa katinuan nang walang ekspresyong binuksan ni Lemon ang pinto at naglakad sa labas.

"L-Lemon!" Nabiglang sambit ni Elroy. Natataranta nitong binitawan ang video game niya at agad na sumunod sa ka-partner.

"Hoy! Zeldrick! Anong nangyari?!" Muling tanong ng guild's master namin.

Hindi kaagad nakasagot si Zeldrick na nabigla pa rin sa mga nangyari. Napaismid na lamang si August bago tapunan ng tingin si Gin.

"Lemon's cake got stolen. Sinabi ni Mimi na nakita niya raw na si bigfoot ang kumuha."

Hindi kaagad nakasagot si Gin na kapwa ni Zeldrick ay napaawang din ang bibig.

"F-Fuck... yari."

Madaling nagsikilos ang mga kasama ko.

"Okay, August, Mia, and Miss Cora, stay here. Please, please, please. Make Lemon a new cake." Panimula ni Gin.

Kahit naguguluhan si Miss Cora ay pare-pareho silang tumango nina August.

Nalipat ang tingin ni Gin kay Arn at Zeldrick. "Kayong dalawa, hanapin niyo si Lemon at Elroy. Hindi kayang pigilan ni Elroy si Lemon ng mag-isa."

Sunod niya kaming tinignan ni Law. "Both of you,"

"Find bigfoot."

Nagsimula kaming mag-ayos at agad naming sinulong ang nagyeyelong bayan. Mabigat ang paghinga ko habang katabi ko si Law at nag-iikot kami sa gitna ng gubat.

Natatabunan ng snow ang paligid at wala akong ibang makitang pwedeng masisilungan.

"Where the heck-"

Natigilan ako sa pagsasalita nang maramdaman ko ang pagyakap ni Law sa likod ko. Kunot noo akong napasulyap sa kaniya.

"Oi, oi. We should just let them be, hood. It's Christmas eve.... I want to spend it with you."

My forehead furrowed and my nose crinkled. "Are you fucking serious, Lunatic?"

Humarap ako sa kaniya at sumalubong sa akin ang nakasimangot na mukha ni Law. "Nasa gitna tayo ng snow. Anong sinasabe mo riyan."

Hindi niya ako pinakinggan. Bagkus ay inilapit niya ang noo niya sa noo ko.

"But I want to be with you..."

Akmang ilalapit na ni Law ang labi niya sa akin nang parehong naagaw ang pansin namin. Pareho kaming nakarinig ng sigaw sa hindi kalayuan.

"S-Si Aren!"

Mabilis akong lumayo kay Law at pinuntahan ang lugar kung saan namin narinig ang pagsigaw. Hingal na hingal ako nang makarating dito at sumalubong sa akin si Aren na tumatakbo.

Terror overtook his face as he ran. Naiiyak na ito nang mapansin ako at mabilis siyang tumakbo papunta sa akin.

"A-Ate Scarlet! S-S-Si- S-S-Si-"

Natigilan si Aren nang mabilis siyang sinampal ng lalaking kasama ko.

"Oi, oi. Snap out of it, kid!"

"SI KUYA ZELDRICK KINUHA NG BIGFOOT!"

Para kaming binuhusan ng malamig na tubig sa narinig. Napalunok ako nang malalim bago kami magkatinginan ni Law.

I found myself flying. Alam kong pinagbawalan kami ni Gin na gumamit ng gift pero no choice na ako.

Pinuntahan ko ang kwebang itinuro sa amin ni Aren. Dito niya raw nakitang dinala si Zeldrick.

Tinignan ko ang lalaking nakasunod sa akin sa baba. Nang makita ko na ang bungad ng kweba ay bumaba ako papunta kay Law.

"He's there-"

"AHHHHH!"

Hindi ko na naituloy ang sasabihin ko nang marinig namin ang boses ni Zledrick sa loob. Nagkatinginan kami ni Law at alam na namin ang gustong ipahiwatig ng isa't isa.

Mabilis kaming tumakbo papunta sa kweba ng hindi man lang nag-uusap tungkol sa plano.

Mabigat ang paghinga ko at mabilis ang tibok ng puso ko. Parang bumagal ang oras nang makarating kami sa loob ng kweba at nang makita ang sumalubong sa amin.

Our eyes widened and our jaw dropped.

"AHHHHPIIII BIRTHDAY TO YOU!"

Natulala ako at napako sa kinatatayuan ko. Kasama ni Zeldrick ang bigfoot.

Pinapalkpakan niya ito at kinakantahan. Sa harap nila ay ang cake ni Lemon.

"W-Wtf-"

Mabilis na nakuha namin ang atensyon ni Zeldrick. "Hoy! Bakit ngayon lang kayo?!"

Iritado niya kaming hinila sa loob at pinaupo sa bato. Hindi pa rin maproseso ng utak ko ang mga nangyayari. Kapwa ko ay hindi rin maka-react si Law.

"Nasaan na ung iba?" Marahang tanong ni Zeldrick.

Hindi maipinta ang mukha ko nang magtama ang mga tingin namin. Agad ko siyang hinila papalapit sa akin.

"Wtf, grape head?! Hindi ba kanina ay namumutla ka pa nang malaman mo na totoo si bigfoot?! Anong ginagawa mo?! Bakit ka niya kinuha rito?!"

Tinignan ako ni Zeldrick na para bang may mali akong sinabi. Natigilan ako nang iharap niya sa mukha ko ang hawak-hawak niya.

Isang lighter.

"Duh. Aanhin mo ung kandila sa cake kung walang lighter?"

Napaawang ang bibig ko sa sagot niya. Pareho kaming nabigla ni Law nang iabot niya sa amin ang isang papel. Kulay pula ang tinta na ginamit sa pagsulat.

'*Yoh go two bert DIE'*

Namilog ang mga mata ko nang maalala kung saan ko nabasa ang nakasulat. Ito ung death threat.

K-Kung gano'n ay si bigfoot nga ang nagpapadala nito kina Miss Cora? Pero bakit?-

"It's an invitation."

I looked at Zeldrick, dumbfounded. A-A what?

"An invitation for his birthday. Mahina siya sa spelling dahil hindi naman siya nakapag-aral. Ang akala niya ay naintindihan nina Miss Cora ang nakasulat. Kaya nga kinuha niya ang cake dahil akala niya ay para sa kaniya."

Hindi ako nakasagot sa sinabi ng lalaking kaharap ko. Kapwa ko ay wala ring imik si Law.

Fuck...

Malalim akong napasinghap at napailing. "Nauto tayo."

I heard Law chuckled. "Well, I guess Happy Birthday."

Hindi pa ako nakakapagsalita ulit nang iharap niya ang mukha ko sa kaniya. Walang pag-aalinlangan niya akong hinalikan.

"And Merry Chirstmas, baby."

Kumurba ang labi niya sa isang ngisi na kinaismid ko.

"Yeah, yeah. Merry Christmas, Lunatic."

•••

MERRY CHRISTMAS NAKAMAS!! I WISH YOU ALL A HAPPY CHRISTMAS AND NEW YEAR!!I LOVE YOU ALL!!IKEE!!